ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING-ARAW • MAYO 2019

# Liahona



## Mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya

Hinihikayat ni Pangulong Nelson na **Hangarin** ng mga Pamilya **ang Kadakilaan**

**Sinang-ayunan ang mga General Authority at Sunday School Presidency**

**Ibinalita ang 8 Bagong Templo, ang mga Templo noong Panahon ng mga Pioneer ay Gagawan ng Renobasyon**



ANG UNANG PANGULUHAN AT KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL SA ROME ITALY TEMPLE VISITOR'S CENTER

*"Mahigit 2,000 taon na ang nakararaan, ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo, ay naglingkod sa mundo, at itinatag ang Kanyang Simbahan at Kanyang ebanghelyo. Tumawag Siya ng mga Apostol at inatasan sila na 'dahil dito magsiyaon nga kayo, at turuan ang lahat ng mga bansa' [Mateo 28:19].*

*"Sa ating panahon, ang Simbahan ng Panginoon ay ipinanumbalik. Ang Tagapagligtas ang namumuno sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Bilang makabagong mga Apostol ni Jesucristo, ibinabahagi namin ang siya ring mensahe ngayon na ibinahagi noon ng mga Apostol—na ang Diyos ay buhay at si Jesus ang Cristo."*

—Pangulong Russell M. Nelson, habang nasa Italy para sa paglalaan ng Rome Italy Temple noong Marso.

# Mga Nilalaman Mayo 2019

Tomo 22 • Bilang 5


**Sesyon sa Sabado ng Umaga**

6 **Paano Ako Makauunawa?**
*Elder Ulisses Soares*

9 **Maingat Laban sa Kaswal**
*Becky Craven*

11 **Mga Sagot sa Panalangin**
*Elder Brook P. Hales*

15 **Gawaing Misyonero: Pagbabahagi ng Nasa Puso Mo**
*Elder Dieter F. Uchtdorf*

19 **Tulad ng Ginawa Niya**
*Bishop W. Christopher Waddell*

22 **Isang Tahanan Kung Saan Nananahan ang Espiritu ng Panginoon**
*Pangulong Henry B. Eyring*

**Sesyon sa Sabado ng Hapon**

26 **Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan**
*Pangulong Dallin H. Oaks*

27 **Ulat ng Church Auditing Department, 2018**
*Kevin R. Jergensen*

28 **Ang Tunay, Dalisay, at Simpleng Ebanghelyo ni Jesucristo**
*Pangulong M. Russell Ballard*

31 **Paghahangad ng Kaalaman sa Pamamagitan ng Espiritu**
*Elder Mathias Held*

34 **Ang Mata ng Pananampalataya**
*Elder Neil L. Andersen*

38 **Pagpapakabusog sa mga Salita ni Cristo**
*Elder Takashi Wada*

41 **Pakikinig sa Kanyang Tinig**
*Elder David P. Homer*

44 **Narito, ang Cordero ng Dios**
*Elder Jeffrey R. Holland*

**Pangkalahatang Sesyon ng Priesthood**

47 **Ang Inyong Priesthood Playbook**
*Elder Gary E. Stevenson*

51 **Ang Korum: Isang Lugar na Kabibilangan**
*Elder Carl B. Cook*

54 **Magtuon kay Jesucristo**
*Elder Kim B. Clark*

58 **Ang Kapangyarihan ng Pananampalataya sa Pagsang-ayon**
*Pangulong Henry B. Eyring*

60 **Saan Ito Hahantong?**
*Pangulong Dallin H. Oaks*

67 **Maaari Tayong Gumawa nang Mas Mahusay at Maging Mas Mahusay**
*Pangulong Russell M. Nelson*

**Sesyon sa Linggo ng Umaga**

70 **Mananagana sa Pagpapala**
*Elder Dale G. Renlund*

73 **Si Cristo: Ang Ilaw na Lumiliwanag sa Kadiliman**
*Sharon Eubank*

76 **Malaking Pagmamahal para sa mga Anak ng Ating Ama**
*Elder Quentin L. Cook*

81 **Paghahanda para sa Pagbabalik ng Panginoon**
*Elder D. Todd Christofferson*

85 **Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo**
*Tad R. Callister*

88 **"Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin"**
*Pangulong Russell M. Nelson*

**Sesyon sa Linggo ng Hapon**

91 **Nalinis sa Pamamagitan ng Pagsisisi**
*Pangulong Dallin H. Oaks*

95 **Paggamit ng Ating mga Espirituwal na Kalamnan**
*Elder Juan Pablo Villar*

97 **Mabuting Pastol, Kordero ng Diyos**
*Elder Gerrit W. Gong*

101 **Handa na Matamo ang Bawat Kinakailangang Bagay**
*Elder David A. Bednar*

105 **Ang Kagyat na Kabutihan ng Diyos**
*Elder Kyle S. McKay*

107 **Magtayo ng Isang Muog ng Espirituwalidad at Proteksyon**
*Elder Ronald A. Rasband*

111 **Pangwakas na Mensahe**
*Pangulong Russell M. Nelson*

64 **Mga General Authority at Pangkalahatang Pinuno ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw**

112 **Ulat sa Estadistika, 2018**

113 **Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya**

114 **Mga Balita sa Simbahan**

127 **Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Matuto mula sa mga Mensahe ng Pangkalahatang Kumperensya**




# Ang Ika-189 Taunang Pangkalahatang Kumperensya

**Sabado ng Umaga, Abril 6, 2018, Pangkalahatang Sesyon**
Nangangasiwa: Pangulong Dallin H. Oaks
Pambungad na Panalangin:
Elder Steven E. Snow
Pangwakas na panalangin:
Elder Wilford W. Andersen
Musika ng Tabernacle Choir at Temple Square; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Richard Elliott at Andrew Unsworth, mga organista: "Tayo nang Magalak," *Mga Himno,* blg. 3; "Magpunyagi, mga Banal," *Mga Himno,* blg. 43, areglo ni Wilberg; "May Liwanag sa 'king Kalulul'wa," *Mga Himno,* blg.141, areglo ni Wilberg; "Manunubos ng Israel," *Mga Himno,* blg. 5; "Mga Bata, Diyos ay Malapit," *Mga Himno,* blg. 44. Wilberg; "Ako ay Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 189, areglo ni. Murphy; "Panginoo'y Hari!" *Mga Himno,* blg. 33, areglo ni Murphy.

**Sabado ng Hapon, Abril 6, 2019, Pangkalahatang Sesyon**
Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring
Pambungad na panalangin:
Elder Brent H. Nielson
Pangwakas na Panalangin: Lisa L. Harkness
Musika ng pinagsamang koro mula sa Brigham Young University; Rosalind Hall at Andrew Crane, mga tagakumpas; Linda Margetts at Bonnie Goodliffe, mga organista: "Halina, Hari ng Lahat," *Mga Himno,* blg. 32, areglo ni Kasen; "Ako ay Namangha," *Mga Himno,* blg. 115, areglo ni Jessop; "Praise to the Lord, the Almighty," *Mga Himno,* no. 72; "Jesus, Hamak nang Isilang," *Mga Himno,* blg. 118, areglo ni Kasen; "Jesus, Lover of My Soul," *Mga Himno,* no. 102, areglo ni Staheli.

**Sabado ng Gabi, Abril 6, 2019, Pangkalahatang Sesyon sa Priesthood**
Nangangasiwa: Pangulong Dallin H. Oaks
Pambungad na Panalanagin:
Elder John C. Pingree Jr.
Pangwakas na Panalangin:
Elder Brian K. Taylor
Musika ng pinagsamang koro ng Aaronic Priesthood mula sa mga stake sa Layton, Utah; Stephen Schank, tagakumpas; Brian Mathias, organista: "Gabayan Kami, O Jehova," *Mga Himno,* blg. 45, areglo ni Wilberg; "Mga Pagpapala ay Bilangin," *Mga Himno,* blg.147, areglo ni Kasen; "Pag-asa ng Israel," *Mga Himno,* no. 259; "Beautiful Savior," *Children's Songbook,* 62, areglo ni Schank.

**Linggo ng Umaga, Abril 7, 2019, Pangkalahatang Sesyon**
Nangangasiwa: Pangulong Dallin H. Oaks
Pambungad na Panalangin:
Elder Bradley D. Foster
Pangwakas na Panalangin: Jean B. Bingham
Musika ng Tabernacle Choir at Temple Square; Mack Wilberg, tagakumpas; Andrew Unsworth at Brian Mathias, mga organista: "Sing Praise to Him," *Hymns,* no. 70; "Saligang Kaytibay," *Mga Himno,* blg.47, areglo ni Wilberg; "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 42, areglo ni Cardon; "O mga Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 30; "Saligan ng kaligtasan," *Mga Himno,* blg.160, areglo ni Wilberg; "Magsisunod Kayo sa Akin," *Mga Himno,* blg. 67, areglo ni Wilberg.

**Linggo ng Hapon, Lunes, Abril 7, 2019, Pangkalahatang Sesyon**
Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring
Pambungad na Panalangin:
Elder Taniela B. Wakolo
Pangwakas na Panalangin:
Elder Claudio R. M. Costa
Musika ng Tabernacle Choir at Temple Square; Mack Wilberg at Ryan Murphy, Mga Tagakumpas; Bonnie Goodliffe at Linda Margetts, mga organista: "O kaylugod na Gawain," *Mga Himno,* blg. 88, areglo ni Murphy; "Magsipaglapit kay Jesucristo," *Mga Himno,* blg. 68, areglo ni Murphy; "O, Makinig, Lahat ng Bansa" *Mga Himno,* blg. 165; "I Know That My Savior Loves Me," Creamer at Bell, areglo ni Murphy; "Kailangan Ko Kayo," *Mga Himno,* blg. 54, areglo ni Wilberg.

**Makukuhang mga Mensahe sa Kumperensya**
Para ma-access ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya online sa maraming wika, bumisita sa ChurchofJesusChrist.org at pumili ng wika. Makukuha rin ang mga mensahe sa Gospel Library mobile app. Karaniwan sa loob ng anim na linggo matapos ang pangkalahatang kumperensya, makukuha rin ang mga video at audio recording sa Ingles sa mga distribution center. Ang impormasyon tungkol sa pangkalahatang kumperensya sa mga format na maa-access ng mga miyembrong may kapansanan ay makukuha sa disability. ChurchofJesusChrist.org.

**Sa Pabalat**
Harap: Larawang kuha ni Leslie Nilsson.
Likod: Larawang kuha ni Matthew Reier.

**Mga Larawang Kuha sa Kumperensya**
Ang mga larawan sa Salt Lake City ay kinunan nina Cody Bell, Janae Bingham, Mason Coberly, Randy Collier, Weston Colton, Ashlee Larsen, Leslie Nilsson, Matthew Reier, at Christina Smith.



**MAYO 2019 TOMO 22 BLG. 5**
**LIAHONA 18605 893**

Internasyonal na Magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

**Ang Unang Panguluhan:** Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring
**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, Ulisses Soares

**Patnugot:** Randy D. Funk

**Mga Tagapayo:** Brian K. Ashton, Randall K. Bennett, Becky Craven, Sharon Eubank, Cristina B. Franco, Donald L. Hallstrom, Larry S. Kacher, Erich W. Kopischke, Lynn G. Robbins

**Namamahalang Direktor:** Richard I. Heaton
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** Adam C. Olson
**Assistant ng Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Assistant sa Paglalathala:** Camila Castrillón
**Pagsulat at Pag-edit:** Maryssa Dennis, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Garrett H. Garff, Jon Ryan Jensen, Aaron Johnston, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Lori Fuller Sosa, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor ng Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, Joshua Dennis, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Emily Chieko Remington, Mark W. Robison, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Produksyon:** Ira Glen Adair, Julie Burdett, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Marrissa M. Smith
**Bago Ilimbag:** Joshua Dennis, Ammon Harris

**Direktor sa Paglilimbag:** Steven T. Lewis
**Direktor sa Pamamahagi:** Troy R. Barker

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa *Liahona* sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona,* Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (isang kataga sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, English, Estonian, Fijian, Finnish, French, German, Greek, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Italian, Japanese, Kiribati, Korean, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuguese, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Spanish, Swahili, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2019 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

**Impormasyon sa karapatang-sipi:** Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kopyahin ng mga indibiduwal ang materyal mula sa *Liahona* para sa kanilang pansarili, at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga katungkulan sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:** May 2019 Vol. 22 No. 5. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address must be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (American Express, Discover, MasterCard, Visa) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Post Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.



**Indeks ng mga Tagapagsalita**

Andersen, Neil L., 34
Ballard, M. Russell, 28
Bednar, David A., 101
Callister, Tad R., 85
Christofferson, D. Todd, 81
Clark, Kim B., 54
Cook, Carl B., 51
Cook, Quentin L., 76
Craven, Becky, 9
Eubank, Sharon, 73
Eyring, Henry B., 22, 58
Gong, Gerrit W., 97
Hales, Brook P., 11
Held, Mathias, 31
Holland, Jeffrey R., 44
Homer, David P., 41
Jergensen, Kevin R., 27
McKay, Kyle S., 105
Nelson, Russell M., 67, 88, 111
Oaks, Dallin H., 26, 60, 91
Rasband, Ronald A., 107
Renlund, Dale G., 70
Soares, Ulisses, 6
Stevenson, Gary E., 47
Uchtdorf, Dieter F., 15
Villar, Juan Pablo, 95
Wada, Takashi, 38
Waddell, W. Christopher, 19

**Indeks ng mga Paksa**

Aaronic Priesthood, 19, 47, 51
Aklat ni Mormon, 51, 81
Awa, 91
Baguhin, Pagbabago, 67
Basbas o pagpapala, mga, 70, 105
Diyos Ama, 11
Espiritu Santo, 22, 31, 38, 41
Espirituwalidad, 70, 47, 95, 107
Espirituwal na kamatayan, 85
Family history, 76, 81
Gawaing misyonero, 15, 22, 51, 76, 95
Gawain sa templo, 76, 81, 101
Halimbawa, 6
Himala, mga, 15
Ikalawang Pagparito, 81
Inspirasyon, 31, 41
Jesucristo, 6, 19, 22, 28, 34, 38, 44, 54, 67, 73, 81, 85, 88, 91, 95, 97, 101, 105, 107
Joseph Smith, 22, 85, 101
Kaalaman, 31, 41
Kabaitan, 105
Kadakilaan, 88
Kagalakan, 28, 60, 88
Kahalagahan ng sarili, 38
Kaligayahan, 9, 22
Kapanatagan, 105, Pagbabalik-loob, 19, 31, 38
Kapatawaran, 22
Kapatiran, 51
Kapayapaan, 28
Katapangan, 15
Katotohanan, 34, 107
Korum ng priesthood, mga, 47, 51
Likas na kabanalan, Banal na katangian, 60
Liwanag ni Cristo, 73
Media, 76
Ministering, 19, 28, 54, 97
Ordenansa, mga, 85, 88
Pag-aaral ng banal na kasulatan, 38
Pag-asa, 6, 91, 105
Pagbabayad-sala, 44, 85, 91, 97
Paghahanda, 101, 107
Paghahayag, 31, 38, 41
Paghihirap, 34, 73, 85
Paghuhukom, 91, 111
Pag-ibig, Pagmamahal, 11, 15, 22, 28, 58, 73, 76
Pagiging ama, 22, 58
Pagkabuhay na Mag-uli, 81, 91
Pagkadisipulo, 6, 9, 15, 28, 47, 54, 67, 107, 111
Pagkaligtas, 105
Pagkatuto, pag-aaral, 6, 28, 101
Paglilingkod, 19
Pagpapaaktibo, 19
Pagpili, mga, 60
Pagpipitagan, 44
Pagsang-ayon, 58
Pagsisisi, 22, 67, 73, 85, 91
Pagsubok, 85
Pagsunod, 70
Pagtanggap, 73
Pagtitipon, 81, 97
Pagtuturo, 6, 28, 76
Pakikipagkaibigan, 51
Pamilya, 34, 58, 76, 88
Panalangin, 11, 22, 58, 70
Pananampalataya, 6, 22, 34, 58, 70, 95, 107
Pasensya, tiyaga, 70, 105
Patotoo, 107
Pinuno ng Simbahan, mga, 58
Plano ng kaligtasan, 60
Priesthood, 54, 58, 67
Propeta, mga, 34
Sabbath, 28
Sakramento, 44
Sakripisyo, 60
Sunday School, 101
Tahanan, 22, 101, 107
Templo, mga, 22, 111
Tipan, mga, 9, 54, 73, 88, 101
Tukso, 47



# Mga Tampok na Kaganapan sa Ika-189 na Taunang Pangkalahatang Kumperensya

Mula nang sinang-ayunan si Pangulong Russell M. Nelson bilang Pangulo ng Simbahan, maraming mahahalagang pagbabago ang ipinahayag sa pangkalahatang kumperensya.

Kaya natural lamang para sa mga miyembro na umasa na may iba pang mga pagbabago sa kumperensyang ito. Ngunit ang mga pinuno ng Simbahan ay nagtuon sa ibang uri ng pagbabago—ang pagbabago na ginagawa ng Tagapagligtas sa ating mga kalooban.

### Isang Pakiusap ng Propeta

"Kapag iniuutos ni Jesus sa inyo at sa akin na 'mangagsisi,' inaanyayahan Niya tayo na [magbago]," sabi ni Pangulong Nelson.

". . . Tukuyin kung ano ang *pumipigil* sa inyo na magsisi. At pagkatapos, magbago! Magsisi! Lahat tayo ay maaaring gumawa nang mas mahusay at maging mas mahusay nang higit pa kaysa noon."

- Basahin ang paanyaya ni Pangulong Nelson na magsisi (pahina 67).
- Para sa iba pa na tungkol sa paraan kung paano matatamasa ang mga pagpapala ng kapangyarihan ng pagsisisi, tingnan ang mga mensahe nina:
  - Pangulong Dallin H. Oaks (pahina 91)
  - Pangulong Henry B. Eyring (pahina 22)
  - Tad R. Callister (pahina 85)

### Mga Pagbabago sa Simbahan

Maraming tagapagsalita ang nagbigay ng mensahe tungkol sa mga ipinahayag na pagbabago kamakailan. Hinikayat tayo ni Pangulong M. Russell Ballard na huwag kalimutan "ang mga espirituwal na layunin ng mga pagbabago . . . dahil sa pagkatuwa sa mga pagbabago mismo."

- Basahin ang paanyaya ni Pangulong Ballard na magtuon sa mga simpleng katotohanan ng ebanghelyo (pahina 28).
- Alamin mula kay Elder Jeffrey R. Holland kung paano mas pinabubuti dapat ng mga pagbabago sa iskedyul ng mga miting ang ating pagtutuon sa sakramento (pahina 44).
- Tuklasin mula kay Elder David A. Bednar ang tungkol sa mga ninanais na resulta ng pagtutuon sa nakasentro sa tahanan na pag-aaral (pahina 101).
- Tingnan ang isang pinaikling listahan ng mga ipinahayag na pagbabago mula nang sang-ayunan si Pangulong Nelson bilang Pangulo, at pag-aralan ang mga espirituwal na layunin ng mga ito (pahina 121).

### Mga Bago at Inayos na Templo

Tinapos ni Pangulong Nelson ang kumperensya sa pamamagitan ng pagpapahayag ng walong bagong templo at malalaking pagbabagong pinaplano para sa mga templong ginawa sa panahon ng mga pioneer. Ngunit binigyang-diin niya ang pangangailangan na baguhin ang ating mga sarili. "Nawa'y pagbutihin natin ang ating buhay sa pamamagitan ng ating pananampalataya at pagtitiwala sa Kanya," sabi niya.

- Basahin ang pangwakas na pananalita ni Pangulong Nelson (pahina 111).
- Hanapin ang listahan ng mga bagong templo (pahina 124)
- Alamin ang iba pa tungkol sa mga plano para sa Salt Lake Temple sa ChurchofJesusChrist.org/go/05194. [Para sa mga wika, gamitin ang news.ChurchofJesusChrist.org.] ■





Sesyon sa Sabado ng Umaga

NI ELDER ULISSES SOARES
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Paano Ako Makauunawa?

*Kapag masigasig, taos-puso, matibay, at taimtim na hinangad nating matutuhan ang ebanghelyo ni Jesucristo at itinuro ito sa isa't isa, ang mga turo na ito ay magpapabago ng mga puso.*

Mahal kong mga kapatid, napakasayang magkasama-sama tayong muli rito sa pangkalahatang kumperensya para sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa pamamahala ng ating mahal na propetang si Pangulong Russell M. Nelson. Pinatototohanan ko sa inyo na magkakaroon tayo ng pribilehiyong marinig ang tinig ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, sa pamamagitan ng mga turo ng mga taong nagdarasal, kumakanta, at nagsasalita tungkol sa mga pangangailangan sa ating panahon sa kumperensyang ito.

Tulad ng nakatala sa aklat na Mga Gawa, itinuro ni Felipe na evangelista ang ebanghelyo sa isang taga-Ethiopia na isang bating na namamahala sa lahat ng kayamanang pag-aari ng reyna ng Ethiopia.[1] Habang pabalik mula sa pagsamba sa Jerusalem, binasa niya ang aklat ni Isaias. Sa paghimok ng Espiritu, lumapit pang lalo si Felipe sa kanya at sinabi, "Nauunawa mo baga ang binabasa mo?

"At sinabi [ng bating], Paanong magagawa ko, maliban nang may pumatnubay sa aking sinoman? . . .

"At binuka ni Felipe ang kaniyang bibig, at pagpapasimula sa kasulatang ito, ay ipinangaral sa kaniya si Jesus."[2]

Ang itinanong nitong taga-Ethiopia ay isang paalala tungkol sa banal na utos sa ating lahat na hangaring matutuhan at ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo sa isa't isa.[3] Sa katunayan, sa konteksto ng pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo, tayo kung minsan ay tulad ng mga taga-Ethiopia—kailangan natin ang tulong ng isang tapat at inspiradong guro; at kung minsan ay tulad din tayo ni Felipe—kailangan nating turuan at palakasin ang iba sa kanilang pagbabalik-loob.

Ang dapat nating layunin sa paghahangad na matutuhan at ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo ay pagibayuhin ang pananampalataya sa Diyos at sa Kanyang banal na plano ng kaligayahan at kay Jesucristo at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo at magkaroon ng walang-kupas na pagbabalik-loob. Ang pagpapaibayong iyon ng pananampalataya at pagbabalik-loob ay tutulungan tayong gumawa at tumupad ng mga tipan sa Diyos, sa gayo'y lalakas ang ating hangaring tularan si Jesus at magkaroon ng tunay na espirituwal na pagbabago sa atin—sa madaling salita, ginagawa tayong panibagong nilalang, tulad ng itinuro ni Apostol Pablo sa kanyang sulat sa mga taga-Corinto.[4] Ang pagbabagong ito ay magbibigay sa atin ng mas masaya, mabunga, at malusog na buhay at tutulungan tayong magpanatili ng walang-hanggang pananaw. Hindi ba ito mismo ang nangyari sa bating na taga-Ethiopia nang malaman niya ang tungkol sa Tagapagligtas at magbalik-loob siya sa Kanyang ebanghelyo? Sabi sa banal na kasulatan, "ipinagpatuloy niya ang kaniyang lakad na natutuwa."[5]



Ang kautusan na pag-aralan at ituro ang ebanghelyo sa isa't isa ay hindi bago; palagi itong inuulit mula pa noong simula ng kasaysayan ng tao.[6] Sa isang partikular na okasyon, habang nasa kapatagan ng Moab si Moises at ang kanyang mga tao bago pumasok sa lupang pangako, hinikayat siya ng Panginoon na ipaalala sa kanyang mga tao ang responsibilidad nilang matutuhan ang mga batas at tipan na natanggap nila mula sa Panginoon at ituro ang mga ito sa kanilang mga inapo,[7] na ang marami ay hindi pa personal na naranasan ang tumawid sa Dagat na Pula o ang pahayag na ibinigay sa Bundok ng Sinai.

Ipinaalala ni Moises sa kanyang mga tao:

"Oh Israel, dinggin mo ang mga palatuntunan at ang mga kahatulan, na aking itinuturo sa inyo, upang sundin ninyo; upang kayo'y mabuhay, at pumasok, at inyong ariin ang lupain na ibinibigay sa inyo ng Panginoon, ng Dios ng inyong mga magulang. . . .

". . . Iyong [ituro] sa iyong mga anak at sa mga anak ng iyong mga anak."[8]

Nagtapos si Moises, na sinasabing, "Iyong iingatan ang kaniyang mga palatuntunan at ang kaniyang mga utos, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, upang ikabuti mo, at ng iyong mga anak pagkamatay mo, at upang iyong mapalaon ang iyong mga araw sa ibabaw ng lupaing yaon, na ibinigay sa iyo magpakailan man ng Panginoon mong Dios."[9]

Patuloy na itinuturo ng mga propeta ng Diyos na kailangan nating palakihin ang ating pamilya sa "pag-aalaga at pagpapayo ng Panginoon"[10] at "sa liwanag at katotohanan."[11] Sinabi ni Pangulong Nelson kamakailan, "Sa panahong ito na laganap ang imoralidad at nakalululong na pornograpiya, sagradong responsibilidad ng mga magulang na ituro sa kanilang mga anak ang kahalagahan ng Diyos [at ni Jesucristo] sa kanilang buhay."[12]

Mga kapatid, ang babala ng ating pinakamamahal na propeta ay isang dagdag na paalala sa ating indibiduwal na responsibilidad na hangaring matutuhan at ituro sa ating pamilya na may isang Ama sa Langit na nagmamahal sa atin at nagbuo ng isang banal na plano ng kaligayahan para sa Kanyang mga anak; na si Jesucristo, ang Kanyang Anak, ang Manunubos ng sangkatauhan; at na ang kaligtasang iyan ay nagmumula sa pagsampalataya sa Kanyang pangalan.[13] Ang ating buhay ay kailangang sumandig sa bato na ating Manunubos, si Jesucristo, na maaaring makatulong sa atin bilang mga indibiduwal at pamilya na maukit sa ating puso ang sarili nating mga espirituwal na impresyon, na tutulong sa atin na makatagal sa ating pananampalataya.[14]

Maaalala ninyo na dalawang disipulo ni Juan Bautista ang sumunod kay Jesucristo matapos marinig ang patotoo ni Juan na si Jesucristo ang Cordero ng Diyos, ang Mesiyas. Tinanggap ng mabuting mga kalalakihang ito ang paanyaya ni Jesus na "Magsiparito kayo, at inyong makikita"[15] at makasama Niya sa araw na iyon. Nalaman nila na si Jesus ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos, at sumunod sa Kanya habambuhay.

Gayundin, kapag tinanggap natin ang paanyaya ng Tagapagligtas na "magsiparito kayo, at inyong makikita," kailangan nating sumunod sa Kanya, magbasa ng mga banal na kasulatan, magalak dito, matutuhan ang Kanyang doktrina, at sikaping mamuhay na katulad Niya. At saka lang natin Siya makikilala pati na ang Kanyang tinig, batid na kapag lumapit at nanalig tayo sa Kanya, hinding-hindi na tayo magugutom o mauuhaw.[16] Mahihiwatigan na natin ang katotohanan sa lahat ng oras, tulad ng nangyari sa dalawang disipulo na nanatili sa piling ni Jesus nang araw na iyon.

Mga kapatid, hindi iyan nagkakataon lang. Ang pag-ayon natin sa pinakamatataas na impluwensya ng kabanalan ay hindi isang simpleng bagay; nangangailangan ito ng pagtawag sa Diyos at pagkatuto kung paano gawing sentro ng ating buhay ang ebanghelyo ni Jesucristo. Kung gagawin natin ito, nangangako ako na ihahatid ng impluwensya ng Espiritu Santo ang katotohanan sa ating puso't isipan at patototohanan ito,[17] na itinuturo ang lahat ng bagay.[18]

Ang tanong ng taga-Ethiopia na, "Paanong [mauunawaan] ko, maliban nang may pumatnubay sa aking sinoman?" ay may espesyal na kahulugan sa konteksto ng ating pansariling responsibilidad na isabuhay ang natutuhan nating mga alituntunin ng ebanghelyo. Sa sitwasyon ng taga-Ethiopia, halimbawa, kumilos siya ayon sa katotohanang natutuhan niya kay Felipe. Pumayag siyang magpabinyag. Nalaman niya na si Jesucristo ang Anak ng Diyos.[19]

Mga kapatid, kailangang makita sa ating mga kilos ang ating natututuhan at itinuturo. Kailangan nating ipakita sa kanila sa ating pamumuhay ang ating mga paniniwala. Ang pinakamagaling na guro ay isang magandang halimbawa. Ang pagtuturo ng isang bagay na talagang isinasabuhay natin ay makakagawa ng kaibhan sa puso ng ating mga tinuturuan. Kung gusto natin na masayang pakaingatan ng mga tao, kapamilya man o ibang tao, ang mga banal na kasulatan at ang mga turo ng mga buhay na apostol at propeta, kailangan nilang makita na nalulugod ang ating kaluluwa sa mga ito. Gayundin, kung nais nating malaman nila na si Pangulong Russell M. Nelson ang propeta, tagakita, at tagapaghayag sa ating panahon, kailangan nilang makita na nagtataas tayo ng kamay para sang-ayunan siya at matanto na sumusunod tayo sa kanyang inspiradong mga turo. Sabi nga sa isang bantog na kasabihan ng mga Amerikano, "Mas mahalaga ang ginagawa ng isang tao kaysa kanyang sinasabi."

Itinatanong siguro ng ilan sa inyo sa sarili sa sandaling ito mismo, "Elder Soares, matagal ko nang ginagawa ang lahat ng ito at sinusundan ang huwarang ito bilang indibiduwal at bilang pamilya, pero sa kasamaang-palad, lumayo na sa Panginoon ang ilan kong mga kaibigan at mahal sa buhay. Ano ang dapat kong gawin?" Para sa inyo na nakadarama ngayon mismo ng kalungkutan, sakit, at siguro'y panghihinayang, dapat ninyong malaman na sila'y hindi pa lubos na nawawala dahil alam ng Diyos kung nasaan sila at binabantayan sila. Tandaan, mga anak din Niya sila!

Mahirap unawain ang lahat ng dahilan kung bakit tinatahak ng ilang tao

ang ibang landas. Ang pinakamagandang magagawa natin sa mga sitwasyong ito ay mahalin at yakapin lang sila, ipagdasal ang kanilang kapakanan, at humingi ng tulong sa Panginoon na malaman kung ano ang gagawin at sasabihin. Taos-pusong magalak na kasama nila sa kanilang mga tagumpay; kaibiganin sila at hanapin ang mabuti sa kanila. Hindi natin sila dapat kaagad na sukuan kundi pag-ingatan ang ating mga relasyon sa kanila. Huwag silang iwaksi o husgahan kailanman. Mahalin lang sila! Itinuturo sa atin ng talinghaga tungkol sa alibughang anak na kapag natatauhan ang mga anak, kadalasa'y gusto nilang umuwi. Kapag nangyari iyan sa mga mahal natin sa buhay, puspusin ng habag ang inyong puso, lapitan sila, yakapin sila, at hagkan sila, tulad ng ginawa ng ama ng alibughang anak.[20]

Sa huli, patuloy na mamuhay nang marapat, maging mabuting halimbawa sa kanila ng inyong pinaniniwalaan, at lumapit sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Alam Niya at nauunawaan ang ating matitinding kalungkutan at pasakit, at pagpapalain Niya ang inyong mga pagsisikap at dedikasyon sa inyong mga mahal sa buhay hindi man sa buhay na ito, sa kabilang buhay. Tandaan lagi, mga kapatid, na ang pag-asa ay isang mahalagang bahagi ng plano ng ebanghelyo.

Sa maraming taon ng paglilingkod ko sa Simbahan, nakita ko ang matatapat na miyembro na patuloy na iniaangkop ang mga alituntuning ito sa kanilang buhay. Ito ang nangyari sa isang nag-iisang magulang na tatawagin kong "Mary." Ang malungkot, nagdaan si Mary sa nakapanlulumong diborsyo. Sa panahong iyon, kinilala ni Mary na ang magiging pinakamahalaga niyang mga desisyon na patungkol sa kanyang pamilya ay espirituwal. Patuloy bang magiging mahalaga sa kanya ang pagdarasal, pag-aaral ng banal na kasulatan, pag-aayuno, at pagsisimba at pagdalo sa templo?

Noon pa ma'y tapat na sa pananampalataya si Mary, at sa kritikal na sandaling iyon, nagpasiya siyang kumapit sa alam na niyang totoo. Nakatagpo



siya ng lakas sa "Ang Mag-anak:Isang Pagpapahayag sa Mundo," na kabilang sa marami pang kahanga-hangang alituntunin, ay nagtuturo na ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan" at turuan silang laging sundin ang mga kautusan ng Diyos.[21] Patuloy siyang naghanap ng mga sagot mula sa Panginoon at ibinahagi ang mga ito sa kanyang apat na anak kapag magkakasama sila. Madalas nilang pag-usapan ang ebanghelyo at ibahagi ang kanilang mga karanasan at patotoo sa isa't isa.

Sa kabila ng mga kalungkutang pinagdaanan nila, nagkaroon ng pagmamahal ang kanyang mga anak sa ebanghelyo ni Cristo at ng hangaring maglingkod at ibahagi ito sa iba. Tatlo sa kanila ang tapat na naglingkod sa full-time mission, at ang bunso ngayon ay nasa South America. Ikinuwento ng kanyang panganay na babae, na nag-asawa na at matibay ang pananampalataya, "Hindi ko nadama kailanman na mag-isa kaming pinalaki ng aking ina dahil lagi naming kasama ang Panginoon sa aming tahanan. Nang magpatotoo siya sa amin tungkol sa Kanya, sinimulan ng bawat isa sa amin na idulog sa Kanya ang sarili naming mga tanong. Labis akong nagpapasalamat na ipinakita niya sa amin kung paano isabuhay ang ebanghelyo."


Nagawa ng butihing inang ito na maging sentro ng espirituwal na pagkatuto ang kanyang tahanan. Katulad ng tanong ng taga-Ethiopia, itinanong ni Mary nang ilang beses sa kanyang sarili, "Paano matututo ang aking mga anak maliban kung gabayan sila ng isang ina?"

Mahal kong mga kasamahan sa ebanghelyo, pinatototohanan ko sa inyo na kapag masigasig, taos-puso, matibay, at taimtim na hinangad nating matutuhan ang ebanghelyo ni Jesucristo at itinuro ito sa isa't isa nang may tunay na layunin at sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu, ang mga turong ito ay maaaring baguhin ang mga puso at maghikayat ng hangaring mamuhay ayon sa mga katotohanan ng Diyos.

Pinatototohanan ko na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng mundo. Siya ang Manunubos, Siya ay buhay. Alam ko na pinapatnubayan Niya ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Pinatototohanan ko rin sa inyo na ang Diyos ay buhay; na si Jesus ang Cristo. Nais Niyang makabalik tayo sa Kanyang piling—lahat tayo. Dinirinig Niya ang ating mga dalangin. Pinatototohanan ko ang mga katotohanang ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Mga Gawa 8:27.
2. Mga Gawa 8:30–31, 35.
3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:77–78, 118; 130:18–19; 131:6.
4. Tingnan sa II Mga Taga Corinto 5:17.
5. Mga Gawa 8:39.
6. Tingnan sa Moises 6:52, 57–58; Deuteronomio 4:5, 14; 5:1; Doktrina at mga Tipan 43:8–9; 130:18–19; 136:32.
7. Tingnan sa Deuteronomio 4:10.
8. Deuteronomio 4:1, 9.
9. Deuteronomio 4:40.
10. Mga Taga Efeso 6:4; Enos 1:1.
11. Doktrina at mga Tipan 93:40.
12. Russell M. Nelson, "Kaligtasan at Kadakilaan," *Liahona,* Mayo 2008, 9.
13. Tingnan sa Mosias 3:9.
14. Tingnan sa Helaman 5:12.
15. Tingnan sa Juan 1:38–39.
16. Tingnan sa Juan 6:35.
17. Tingnan sa Juan 16:13.
18. Tingnan sa Juan 14:26.
19. Tingnan sa Mga Gawa 8:37–38.
20. Tingnan sa Lucas 15:20.
21. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2017, 145.



NI BECKY CRAVEN
*Pangalawang Tagapayo sa Young Women General Presidency*

# Maingat Laban sa Kaswal


*Habang lalong tinatanggap ng mga impluwensya ng mundo ang kasamaan, masigasig tayong magsikap na manatiling matibay sa landas na ligtas tayong inaakay patungo sa Tagapagligtas.*

Minsa'y nakita ko ang isang karatula sa isang store window na nagsasabing: "Kaligayahan, $15.00." Gusto kong usisain kung gaano kalaking kaligayahan ang mabibili ko sa halagang $15.00 kaya pumasok ako para alamin. Ang natagpuan ko ay sangkaterbang mumurahing alahas at souvenir—wala akong nakita ni isa na puwedeng magbigay sa akin ng uri ng kaligayahang ipinahiwatig sa karatula! Sa paglipas ng mga taon, ilang beses kong naisip ang karatulang iyon at kung gaano kadaling maghanap ng kaligayahan sa mga bagay na mumurahin o pansamantala. Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, pinagpala tayong malaman kung paano at saan matatagpuan ang tunay na kaligayahan. Matatagpuan iyon sa maingat na pamumuhay ayon sa ebanghelyong itinakda ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, at sa pagsusumikap na maging higit na katulad Niya.

Mayroon kaming mahal na kaibigan na isang train engineer. Isang araw habang nagmamaneho siya ng tren, nakita niya sa daan ang isang kotse na nakatigil sa riles sa banda roon. Agad niyang napagtanto na naipit ang kotse at hindi makatawid ng riles. Agad niyang inilagay sa emergency mode ang tren, at kumagat ang preno nito sa bawat boxcar na abot hanggang tatlong-kapat ng isang milya sa likod ng makina, na may kargadong 6,500 tons (5,900 metric tons). Walang tsansang makatigil noon ang tren bago nito mabangga ang kotse, at nabangga nga nito. Mabuti na lang at narinig ng mga tao sa kotse ang pito ng tren at nakalabas ng kotse bago ito nabangga. Nang kausapin ng engineer ang imbestigador, nilapitan sila ng isang galit na babae. Sumigaw ito na nakita niya ang buong pangyayari at tumestigo na ni hindi *sinubukan* ng engineer na iwasan ang kotse!

Malinaw na kung nakaiwas ang engineer at nailihis ang tren sa riles para hindi maaksidente, malamang na namatay siya at nadiskaril ang buong tren sa biglang pagtigil nito. Mapalad siya dahil matibay ang kapit ng mga gulong ng tren sa riles habang mabilis na tumatakbo patungo sa destinasyon nito kahit may balakid sa kanyang daan. Mapalad tayo dahil nasa landas din tayo, isang landas ng tipan na nangako tayong tahakin nang mabinyagan tayo bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Makaranas man tayo ng panaka-nakang mga balakid sa daan, ang landas na ito ay patuloy tayong isusulong patungo sa pinakamimithi nating walang-hanggang hantungan kung matibay tayong nakakapit dito.

Ipinapakita sa atin ng pangitain tungkol sa punungkahoy ng buhay kung paano tayo maaaring ilayo ng mga epekto ng pagiging kaswal sa landas ng tipan. Isipin na ang gabay na bakal at ang makipot at makitid na



landas, o ang landas ng tipan, ay direktang nakahantong *sa* punungkahoy ng buhay, kung saan naroon ang lahat ng pagpapalang ibinigay ng ating Tagapagligtas at ng Kanyang Pagbabayad-sala sa matatapat. Nakita rin sa pangitain ang isang ilog ng tubig na kumakatawan sa karumihan ng mundo. Inilalarawan sa mga banal na kasulatan na ang ilog na ito ay "dumadaloy" sa landas subalit dumaraan lamang "malapit" sa punungkahoy, hindi *papunta* roon. Ang mundo ay puno ng mga gambalang maaaring luminlang kahit sa mga hinirang, kaya sila nagiging kaswal sa pagtupad ng kanilang mga tipan—kaya humahantong sila malapit sa punungkahoy, ngunit hindi *papunta* roon. Kung hindi tayo maingat sa pagtupad ng ating mga tipan nang may kahustuhan, ang kaswal nating mga pagsisikap ay maaari tayong ihantong kalaunan sa mga ipinagbabawal na landas o maisama sa mga nakapasok na sa malaki at maluwang na gusali. Kung hindi tayo maingat maaari pa nga tayong malunod sa kailaliman ng isang maruming ilog.[1]

May maingat na paraan at kaswal na paraan ng paggawa ng lahat ng bagay, pati na ang pamumuhay ayon sa ebanghelyo. Kapag iniisip natin ang ating pangako sa Tagapagligtas, maingat ba tayo o kaswal? Dahil likas tayong mortal, hindi ba kung minsa'y pinangangatwiranan natin ang ating pag-uugali, kung minsa'y sinasabi natin na ang ating pag-uugali ay *hindi mabuti pero hindi rin masama,* o pinaghahalo natin ang mabuti sa isang bagay na hindi gaanong mabuti? Kapag sinasabi nating, "kaya lang," "maliban," o "pero" patungkol sa pagsunod sa payo ng ating mga pinunong propeta o maingat na pamumuhay ayon sa ebanghelyo, ang sinasabi talaga natin ay, "Hindi angkop sa akin ang payong iyan." Mapapangatwiranan natin ang lahat ng gusto natin, pero ang totoo, *walang tamang paraan sa paggawa ng mali!*

Ang tema ng mga kabataan para sa 2019 ay mula sa Juan 14:15, kung saan itinuro ng Panginoon: "Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos." Kung mahal natin Siya tulad ng sinasabi natin, hindi ba natin maipapakita ang pagmamahal na iyan sa pagiging mas maingat nang kaunti sa pagsunod sa Kanyang mga utos?

Ang pag-iingat sa pamumuhay ayon sa ebanghelyo ay hindi nangangahulugan ng pagiging pormal o makaluma. Ang ibig sabihin nito ay gawing angkop ang ating mga iniisip at ginagawa bilang mga disipulo ni Jesucristo. Habang pinagninilayan natin ang kaibhan ng maingat sa kaswal sa ating pamumuhay ayon sa ebanghelyo, narito ang ilang ideyang dapat isaalang-alang:

Maingat ba tayo sa ating pagsamba sa araw ng Sabbath at sa paghahandang tumanggap ng sakramento bawat linggo?

Maaari ba tayong maging mas maingat sa ating mga panalangin at pag-aaral ng banal na kasulatan o maging mas aktibo sa pag-aaral ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya*?

Maingat ba tayo sa pagsamba sa templo at maingat at sadya ba nating tinutupad ang mga tipan na ginawa natin kapwa sa binyag at sa templo? Maingat ba tayo sa ating anyo at disente sa ating pananamit, lalo na sa mga sagradong lugar at sitwasyon? Maingat ba tayo sa pagsusuot natin ng mga sagradong temple garment? O nagdidikta ba ng mas kaswal na saloobin ang mga uso sa mundo?

Maingat ba tayo sa pagmiminister sa iba at sa pagtupad natin sa tungkulin sa Simbahan, o balewala sa atin o kaswal tayo sa ating tawag na maglingkod?

Maingat ba tayo o kaswal sa binabasa at pinanonood natin sa TV at sa ating mga mobile device? Maingat ba tayo sa ating pananalita? O kaswal nating tinatanggap ang magaspang at mahalay?

Ang polyetong *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ay naglalaman ng mga pamantayan na kapag maingat na sinunod ay maghahatid ng saganang mga pagpapala at tutulungan tayong manatili sa landas ng tipan. Kahit isinulat iyon para sa kapakanan ng mga kabataan, hindi nawawalan ng bisa ang mga pamantayan niyon kapag umalis na tayo sa Young Men at Young Women program. Angkop ang mga iyon sa bawat isa sa atin sa lahat ng oras. Ang pagrerebyu ng mga pamantayang ito ay maaaring maghikayat ng iba pang mga paraan para mas maingat tayong makapamuhay ayon sa ebanghelyo.

Hindi natin ibinababa ang ating mga pamantayan para makaakma tayo o mapanatag ang iba. Tayo'y mga disipulo ni Jesucristo, at dahil diyan, tungkulin nating itaas ang iba, iangat sila sa mas mataas at mas banal na lugar kung saan makakaani rin sila ng mas malalaking pagpapala.

Inaanyayahan ko ang bawat isa sa atin na humingi ng patnubay ng Espiritu Santo para malaman kung anong mga pagbabago ang kailangan nating gawin sa ating buhay para mas maingat na makaayon sa ating mga tipan. Nakikiusap din ako sa inyo na huwag ninyong pintasan ang iba na nagdaraan din dito. "Sa akin ang paghatol, wika ng Panginoon."[2] Bawat isa sa atin ay nasa proseso ng paglago at pagbabago.

Nakakuha ng pansin ko ang kuwento sa Aklat ni Mormon tungkol sa mga Amlicita na ganap na tumalikod. Para maipaalam sa iba na wala na silang kaugnayan kay Jesucristo at sa Kanyang Simbahan, naglagay sila ng kaibang markang pula sa kanilang noo para makita ng iba.[3] Sa kabaligtaran, at bilang mga disipulo ni Jesucristo, paano natin minamarkahan ang ating sarili? Madali bang makikita ng iba ang Kanyang larawan sa ating mukha at malalaman kung sino ang ating kinakatawan sa maingat nating pamumuhay?

Dahil tayo'y mga tao ng tipan, hindi tayo inaasahang gumaya sa iba sa mundo. Tinawag na tayong "kakaibang mga tao"[4]—napakagandang papuri! Habang lalong tinatanggap ng mga impluwensya ng mundo ang kasamaan, masigasig tayong magsikap na manatiling matibay sa landas na ligtas tayong inaakay patungo sa Tagapagligtas, na mas lalong nakatuon sa pagtupad ng ating mga tipan at hindi na gaanong naiimpluwensyahan ng mga opinyon ng mundo.

Habang pinagbubulayan ko ang pagtatamo ng walang-hanggang kaligayahan, napagtanto ko na kung

minsa'y pinangangatwiranan nga natin ang ating mga maling pasiya. Hindi maiiwasan ang mga abu-abo ng kadiliman sa pagtahak natin sa landas ng tipan. Ang tukso at pagiging kaswal ay maaaring maging dahilan para unti-unti tayong mapunta sa landas ng kadiliman ng mundo at mapalayo sa landas ng tipan. Sa mga pagkakataong maaaring mangyari ito, hinimok na tayo ni Pangulong Russell M. Nelson na bumalik sa landas ng tipan at gawin iyon kaagad. Labis akong nagpapasalamat sa kaloob na pagsisisi at sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas.

Imposibleng mamuhay nang perpekto. Isang tao lamang ang nakapamuhay nang perpekto nang manirahan sa telestiyal na planetang ito. Iyon ay si Jesucristo. Hindi man tayo perpekto, mga kapatid, maaari tayong maging marapat: marapat na tumanggap ng sakramento, marapat sa mga pagpapala ng templo, at marapat na tumanggap ng personal na paghahayag.

Pinatotohanan ni Haring Benjamin ang mga pagpapala at kaligayahang dumarating sa mga taong maingat na sumusunod sa Tagapagligtas: "At bukod dito, ninanais kong inyong isaalang-alang ang pinagpala at maligayang kalagayan ng mga yaong sumusunod sa mga kautusan ng Diyos. Sapagkat masdan, sila ay pinagpala sa lahat ng bagay, kapwa temporal at espirituwal; at kung sila ay mananatiling matapat hanggang wakas, sila ay tatanggapin sa langit upang doon sila ay manahanang kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan."[5]

Kaya bang bilhin ng $15.00 ang kaligayahan? Hindi nito kaya. Ang malalim at walang-hanggang kaligayahan ay nagmumula sa sadya at maingat na pamumuhay ayon sa ebanghelyo ni Jesucristo. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa 1 Nephi 8; 15.
2. Mormon 8:20.
3. Tingnan sa Alma 3:4.
4. I Ni Pedro 2:9.
5. Mosias 2:41.




NI ELDER BROOK P. HALES
*Ng Pitumpu*


# Mga Sagot sa Panalangin

*Alam ng Ama ang nangyayari sa atin, ang ating mga pangangailangan, at lubos tayong tutulungan.*

Ang isang mahalaga at nakapapanatag na doktrina ng ebanghelyo ni Jesucristo ay ang sakdal na pagmamahal ng ating Ama sa Langit sa Kanyang mga anak. Dahil sa sakdal na pagmamahal na iyan, pinagpapala Niya tayo hindi lang ayon sa ating mga pagnanais at pangangailangan kundi ayon din sa Kanyang sukdulang karunungan. Tulad ng simpleng pagkasabi ng propetang si Nephi, "Alam kong mahal [ng Diyos] ang kanyang mga anak."[1]

Ang isang aspeto ng sakdal na pagmamahal na iyan ay ang partisipasyon ng ating Ama sa Langit sa mga detalye ng ating buhay, kahit hindi natin alam o nauunawaan iyon. Humihingi tayo ng banal na patnubay at tulong sa Ama sa taos-puso at taimtim na panalangin. Kapag tumutupad tayo sa ating mga tipan at nagsisikap na maging higit na katulad ng ating Tagapagligtas, may karapatan tayo sa patuloy[2] na pagdaloy ng banal na patnubay sa pamamagitan ng impluwensya at inspirasyon ng Espiritu Santo.

Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan: "Sapagka't talastas ng inyong Ama ang mga bagay na inyong kinakailangan, bago ninyo hingin sa kaniya,"[3] at Siya ang "nakaaalam ng lahat ng bagay, sapagkat lahat ng bagay ay nakikita ng [Kanyang] mga mata."[4]



Isang halimbawa nito ang propetang si Mormon. Hindi na niya nakita ang mga resulta ng kanyang ginawa. Subalit naunawaan niya na maingat siyang ginabayan ng Panginoon. Nang magkainspirasyon siya na isama ang maliliit na lamina ni Nephi sa kanyang talaan, isinulat niya: "At gagawin ko ito para sa isang matalinong layunin; sapagkat ganito ang bulong sa akin, alinsunod sa mga pamamatnubay ng Espiritu ng Panginoon na nasa akin. At ngayon, hindi ko nalalaman ang lahat ng bagay; subalit nalalaman ng Panginoon ang lahat ng bagay na darating; anupa't pinapatnubayan niya ako na gumawa alinsunod sa kanyang kalooban."[5] Kahit hindi alam ni Mormon na mawawala ang 116 na pahina ng manuskrito, gumawa at naghanda ng paraan ang Panginoon para malagpasan ang balakid na iyon bago pa ito nangyari.

Alam ng Ama ang nangyayari sa atin, ang ating mga pangangailangan, at lubos tayong tutulungan. Kung minsa'y ibinibigay ang tulong na iyan sa mismong sandali o matapos man lang tayong humingi ng tulong sa Kanya. Kung minsa'y hindi sinasagot ang ating pinakataimtim at nararapat na mga hangarin sa paraang inaasam natin, ngunit nalalaman natin na may mas dakilang mga pagpapalang nakalaan ang Diyos. At kung minsan, hindi ipinagkakaloob sa buhay na ito ang ating matwid na mga hangarin. Ilalarawan ko sa pamamagitan ng tatlong iba't ibang salaysay ang mga paraan na maaaring sagutin ng ating Ama sa Langit ang ating taimtim na mga kahilingan sa Kanya.

Natawag na magmisyon ang bunsong anak naming lalaki sa France Paris Mission. Sa paghahandang maglingkod, sumama kami sa kanya sa pagbili ng karaniwang mga polo, amerikana, kurbata, medyas, at pangginaw. Sa kasamaang-palad, walang stock ang pangginaw na gusto niya na kasya sa kanya. Gayunman, sinabi ng store clerk na magkakaroon niyon sa loob ng ilang linggo at ihahatid sa missionary training center sa Provo bago lumipad ang anak namin patungong France. Binayaran namin ang pangginaw at hindi na namin iyon inisip.

Pumasok ang aming anak sa missionary training center noong Hunyo, at dumating ang pangginaw ilang araw lang bago siya lumipad noong Agosto. Hindi na niya iyon isinukat kundi madaliang ipinasok iyon sa kanyang maleta kasama ng kanyang mga damit at iba pang bagay.

Nang papalapit na ang taglamig sa Paris, kung saan naglilingkod noon ang aming anak, sumulat siya sa amin na inilabas niya ang pangginaw, isinukat iyon, pero napakaliit pala niyon. Kaya nagdeposito kami ng ekstrang pera sa bangko niya para makabili siya ng ibang pangginaw sa Paris, na siya niyang ginawa. Medyo naiinis, sinulatan ko siya at sinabihan na ipamigay ang pangginaw dahil hindi naman niya magagamit iyon.

Kalaunan ay natanggap namin ang email niyang ito: "Masyadong malamig dito. . . . Parang tumatagos ang hangin sa amin, kahit maganda at medyo mabigat ang bago kong pangginaw. . . . Ibinigay ko ang luma ko sa [ibang missionary sa apartment namin] na nagsabi na matagal na niyang ipinagdarasal na makakuha sana siya ng mas magandang pangginaw. Ilang taon na siyang convert at nanay lang ang mayroon siya . . . at ang missionary na nagbinyag sa kanya na sumusuporta sa kanya sa kanyang misyon kaya nga sagot sa panalangin ang pangginaw na iyon, kaya napakasaya ko dahil diyan."[6]

Alam ng Ama sa Langit na ang missionary na ito na naglilingkod noon sa France mga 6,200 milya (10,000 kilometro) ang layo mula sa kanilang tahanan ay agarang mangangailangan ng bagong pangginaw para sa maginaw na taglamig sa Paris ngunit walang pambili ang missionary na ito. Alam din ng Ama sa Langit na may matatanggap ang aming anak mula sa clothing store sa Provo, Utah, na isang pangginaw na napakaliit. Alam Niya na magkakasama ang dalawang missionary na ito sa paglilingkod sa Paris at na ang pangginaw ay magiging sagot sa aba at taimtim na panalangin ng isang missionary na agaran ang pangangailangan.

Itinuro ng Tagapagligtas:

"Hindi baga ipinagbibili ng isang beles ang dalawang maya? at kahit isa sa kanila'y hindi mahuhulog sa lupa kung hindi pahintulot ng inyong Ama.

"Datapuwa't maging ang mga buhok ng inyong ulo ay pawang bilang na lahat.

"Huwag kayong mangatakot: kayo'y lalong mahalaga kay sa maraming maya."[7]

Sa ibang mga sitwasyon, kapag hindi ipinagkaloob ang ating karapat-dapat na mga hangarin sa paraang inasam natin, siguro'y para talaga iyon sa ating kapakanan sa huli. Halimbawa, kinainggitan at kinamuhian ng kanyang mga kapatid si Jose na anak ni Jacob hanggang sa balakin nilang patayin si Jose. Sa halip, ipinagbili nila siya sa Egipto bilang alipin.[8] Kung may isang tao man na hindi sinagot ang kanyang mga panalangin sa paraang inasam niya, maaaring si Jose iyon. Ang totoo, ang malinaw na kasawian niya ay nagresulta sa malalaking pagpapala sa kanya at nagligtas sa kanyang pamilya sa gutom. Kalaunan, matapos maging pinagkakatiwalaang pinuno sa Egipto, may malaking pananampalataya at karunungan niyang sinabi sa kanyang mga kapatid:

"At ngayo'y huwag kayong magdalamhati, o magalit man sa inyong sarili na inyo akong ipinagbili rito: sapagka't sinugo ako ng Dios sa unahan ninyo upang magadya ng buhay.

"Sapagka't may dalawang taon nang ang kagutom ay nasa lupain; at may limang taon pang hindi magkakaroon ng pagbubukid, o pagaani man.

"At sinugo ako ng Dios sa unahan ninyo upang papanatilihin kayong pinakalahi sa lupa, at upang iligtas kayong buhay sa pamamagitan ng dakilang pagliligtas.

"Hindi nga kayo ang nagsugo sa akin dito, kundi ang Dios."[9]

Habang nasa kolehiyo, natanggap ang panganay naming anak na lalaki sa napakagandang part-time student job na may potensyal na humantong sa isang maganda at permanenteng trabaho pagka-graduate niya. Nagsumikap siya nang apat na taon sa student job

na ito, naging lubhang kwalipikado, at lubos na nirespeto ng kanyang mga katrabaho at superbisor. Sa pagtatapos niya sa senior year, halos parang itinakda ng langit (kahit sa isip lang ng aming anak), nabuksan nga ang permanenteng posisyon at siya ang nangunang kandidato, na bawat palatandaan at inaasahan ay talagang makukuha niya ang trabaho.

Pero hindi siya ang kinuha. Hindi iyon maintindihan ng sinuman sa amin. Handang-handa na siya, maganda ang interbyu, siya na ang pinakakwalipikado, at ipinagdasal na niya iyon nang may malaking pag-asam at pag-asa! Nabigla siya at nadismaya, at hindi namin maintindihan kung bakit ganoon ang nangyari. Bakit siya pinabayaan ng Diyos sa kanyang matwid na hangarin?

Ilang taon ang lumipas bago naging napakalinaw ng sagot. Kung natanggap siya sa trabahong pinangarap niya nang mag-graduate siya, nakalagpas sana sa kanya ang mahalagang pagkakataong nagpabago sa buhay niya na napatunayan na ngayon na para sa kanyang walang-hanggang kapakanan at pagpapala. Alam ng Diyos ang katapusan sa simula pa lamang (tulad ng palaging nangyayari), at sa sitwasyong ito, ang sagot sa maraming matwid na panalangin ay hindi, kapalit ng mas magandang kahihinatnan.

At kung minsan, ang sagot sa panalangin na pinakahihiling natin nang matwid at taimtim ay hindi ibinibigay sa buhay na ito.

Si Sister Patricia Parkinson ay ipinanganak na may normal na paningin, ngunit sa edad na pito ay nagsimula siyang mabulag. Sa edad na siyam, nagsimulang mag-aral si Pat sa Utah Schools for the Deaf and Blind sa Ogden, Utah, mga 90 milya (145 km) mula sa bahay nila, kaya kinailangan niyang mangupahan sa eskuwela—kasama ang lahat ng pangungulila sa pamilya na posibleng maranasan ng isang nuwebe-anyos.

Sa edad na 11 lubos na siyang nabulag. Umuwi si Pat nang permanente sa edad na 15 para mag-aral ng high school sa kanilang lugar. Nagpatuloy siya sa kolehiyo at nagtapos na may undergraduate degree sa communication disorders at psychology, at matapos ang isang magiting na pakikipaglaban sa nagdududang university admissions officials, pumasok siya sa graduate school at nakatapos ng master's degree sa speech language pathology. Nagtuturo ngayon si Pat sa 53 estudyante sa elementarya at namamahala sa apat na speech language technician sa kanyang school district. May sarili na siyang bahay at kotse, na minamaneho ng mga kaibigan at kapamilya kapag kailangan ni Pat ng transportasyon.

Sa edad na 10, nakaiskedyul si Pat na muling magpaopera para lunasan ang kanyang naglalahong paningin. Palaging sinasabi sa kanya ng kanyang mga magulang kung ano ang mangyayari sa pag-opera sa kanya, ngunit sa kung anong dahilan ay hindi nila sinabi sa kanya ang tungkol sa partikular na operasyong ito. Nang sabihin nga ng kanyang mga magulang na nakaiskedyul na ang operasyon, ayon sa kanyang ina, "takot na takot" si Pat. Tumakbo sa kabilang kuwarto si Pat ngunit bumalik din kalaunan at sinabi sa kanyang mga magulang nang medyo pagalit, "Ito ang sasabihin ko sa inyo. Alam ko ito, alam ito ng Diyos, at mabuti pang malaman din ninyo. Magiging bulag ako habambuhay!"

Ilang taon na ang nakararaan, nagpunta si Pat sa California para bisitahin ang mga kapamilyang nakatira doon. Habang nasa labas kasama ang kanyang tatlong-taong-gulang na pamangkin [na anak ng kuya niya], sinabi ng bata sa kanya, "Tita Pat, bakit hindi mo hilingin sa Ama sa Langit na bigyan ka ng bagong mga mata? Kasi kung hihiling ka sa Ama sa Langit, ibibigay Niya sa iyo ang gusto mo. Humiling ka lang sa Kanya."

Sabi ni Pat nabigla siya sa tanong pero sumagot siya, "Kung minsan kasi, hindi ganyan kumilos ang Ama





sa Langit. Kung minsan gusto Niyang matutuhan mo ang isang bagay, kaya nga hindi Niya ibinibigay sa iyo ang lahat ng gusto mo. Kung minsan kailangan mong maghintay. Ang Ama sa Langit at ang Tagapagligtas ang nakakaalam kung ano ang makakabuti sa atin at ang kailangan natin. Kaya, hindi Nila ipagkakaloob sa iyo ang lahat ng gusto mo sa sandaling gusto mo iyon."

Matagal ko nang kilala si Pat at sinabi ko sa kanya kamakailan na hanga ako sa katotohanan na palagi siyang positibo at masaya. Ang sagot niya, "Naku, hindi mo pa ako nakasama sa bahay, ano? Malungkot din ako paminsan-minsan. Nakaranas na ako ng matitinding depresyon, at madalas akong umiyak." Gayunman, dagdag pa niya, "Mula nang magsimulang maglaho ang paningin ko, kakatwa, pero alam ko na kapiling namin ng pamilya ko ang Ama sa Langit at ang Tagapagligtas. Hinarap namin iyon sa pinakamainam na paraan, at sa palagay ko, sa tamang paraan. Naging sapat na matagumpay akong tao, at kadalasan ay naging masaya ako. Naaalala ko ang Kanyang impluwensya sa lahat ng bagay. Sa mga nagtatanong sa akin kung galit ba ako dahil bulag ako, ang sagot ko: 'Kanino naman ako magagagalit? Kasama ko ang Ama sa Langit dito; hindi ako nag-iisa. Kasama ko Siya sa lahat ng oras.'"

Sa sitwasyong ito, ang hangarin ni Pat na mabalik ang kanyang paningin ay hindi ipinagkaloob sa buhay na ito. Ngunit ang kanyang motto, na natutuhan niya sa kanyang ama, ay "Lilipas din ito."[10]

Sabi ni Pangulong Henry B. Eyring, "Ang Ama sa sandaling ito ay inaalala kayo, alam ang inyong nadarama, at ang mga espirituwal at temporal na pangangailangan ng lahat ng nakapaligid sa inyo."[11] Ang mahalaga at nakapapanatag na katotohanang ito ay matatagpuan sa tatlong karanasang naisalaysay ko.

Mga kapatid, kung minsa'y sinasagot kaagad ang ating mga panalangin ayon sa resultang inaasam natin. Kung minsan, hindi sinasagot ang ating mga panalangin sa paraang inaasam natin, subalit dumarating ang panahon na natututuhan natin na ang Diyos ay may nakahihigit na mga pagpapalang inihanda para sa atin kaysa una nating inasahan. At kung minsa'y hindi ipinagkakaloob sa buhay na ito ang ating matwid na mga kahilingan sa Diyos.[12] Tulad ng sinabi ni Elder Neal A. Maxwell, "Kasama rin sa pananampalataya ang tiwala sa takdang panahon ng Diyos."[13]

Tiniyak na sa atin na sa Kanyang sariling paraan at sa Kanyang sariling panahon, pagpapalain tayo ng Ama sa Langit at lulutasin ang lahat ng ating alalahanin, kawalang-katarungan, at kabiguan.

Itinuro ni Haring Benjamin: "Ninanais kong inyong isaalang-alang ang pinagpala at maligayang kalagayan ng mga yaong sumusunod sa mga kautusan ng Diyos. Sapagkat masdan, sila ay pinagpala sa lahat ng bagay, kapwa temporal at espirituwal; at kung sila ay mananatiling matapat hanggang wakas, sila ay tatanggapin sa langit upang doon sila ay manahanang kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan. O tandaan, tandaan na ang mga bagay na ito ay totoo; sapagkat ang Panginoong Diyos ang siyang nagsabi ng mga ito."[14]

Alam ko na dinidinig ng Diyos ang ating mga dalangin.[15] Alam ko na bilang isang mapagmahal na Ama na nakakaalam ng lahat, lubos Niyang sinasagot ang ating mga dalangin, ayon sa Kanyang sukdulang karunungan, at sa mga paraan na magiging para sa ating kapakanan at pagpapala sa huli. Pinatotohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. 1 Nephi 11:17; tingnan din sa I Ni Juan 4:8.
2. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay," *Liahona,* Mayo 2018, 93–96.
3. Mateo 6:8.
4. Doktrina at mga Tipan 38:2.
5. Mga Salita ni Mormon 1:7.
6. Personal na liham.
7. Mateo 10:29–31.
8. Tingnan sa Genesis 37:20, 26–28.
9. Genesis 45:5–8.
10. Mula sa isang personal na interbyu kay Patricia Parkinson, Dis. 10, 2018.
11. Henry B. Eyring, "Mapasainyo ang Kanyang Espiritu," *Liahona,* Mayo 2018, 88–89.
12. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, "Dakilang Saserdote ng mga Mabubuting Bagay na Darating," *Liahona,* Nob. 2000, 42-45.
13. Neal A. Maxwell, "Lest Ye Be Wearied and Faint in Your Minds," *Ensign,* Mayo 1991, 90.
14. Mosias 2:41.
15. Tingnan sa "Power of Prayer," mormon.org/beliefs/power-of-prayer.



NI ELDER DIETER F. UCHTDORF
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Gawaing Misyonero: Pagbabahagi ng Nasa Puso Mo

*Saan man kayo naroon sa mundong ito, maraming pagkakataon upang ibahagi ang mabuting balita ng ebanghelyo ni Jesucristo.*

Noong nakaraang buwan ang Labindalawa ay inanyayahan ng ating mahal na propeta, si Pangulong Russell M. Nelson, na magbiyaheng kasama niya papunta sa paglalaan ng Rome Italy Temple. Habang nasa biyahe, naisip ko si Apostol Pablo at ang kanyang mga paglalakbay. Noong panahon niya, sa pagpunta sa Roma mula Jerusalem ay kailangan ng mga 40 araw. Ngayon, sa isa sa mga paborito kong eroplano, ito ay wala pang 3 oras.

Naniniwala ang mga iskolar ng Biblia na si Pablo ay nasa Roma noong isulat niya ang ilan sa kanyang mga liham, na mga susi sa pagpapalakas ng mga miyembro ng Simbahan noon at ngayon.

Si Pablo at ang iba pang mga miyembro ng sinaunang Simbahan, ang *Sinaunang mga Banal,* ay personal na dumanas ng sakripisyo. Marami ang inusig nang matindi, maging hanggang sa kamatayan.

Sa huling 200 taon, ang mga miyembro ng ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo, ang *mga Banal sa mga Huling Araw,* ay dumanas din ng maraming uri ng pang-uusig. Ngunit sa kabila ng pang-uusig na iyon, (at kung minsan nang dahil dito), Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay patuloy na lumago at matatagpuan na ngayon sa lahat ng sulok ng mundo.



## Napakaraming Gagawin

Gayunman, bago tayo magdiwang, at batiin ang ating sarili sa pambihirang tagumpay na ito, dapat nating maunawaan ang pag-unlad na ito at ang kahalagahan nito.

Tinatayang nasa pito at kalahating bilyon ang mga tao sa mundo, kumpara sa mga 16 na milyong miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw—na talagang napakaliit na kawan.[1]

Samantala, ang bilang ng mga mananampalatayang Kristiyano sa ilang panig ng mundo ay nangangaunti.[2]

Maging sa ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon—habang patuloy na dumarami ang mga miyembro—napakarami ng hindi nagtatamasa ng mga pagpapalang dulot ng regular na partisipasyon sa Simbahan.

Sa madaling salita, saan man kayo naroon sa mundong ito, maraming pagkakataon upang ibahagi ang mabuting balita[3] ng ebanghelyo ni Jesucristo sa mga taong nakikilala ninyo, kasamang nag-aaral, at kabahay o katrabaho at kasalamuha.

Nitong nakaraang taon, nagkaroon ako ng napakagandang pagkakataon na makibahagi sa pandaigdigang aktibidad ng mga missionary ng Simbahan. Pinagnilayan ko nang madalas at ipinagdasal ang tungkol sa utos ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo: "Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang mga




bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo."[4]

Nahirapan akong sagutin ang tanong na "Paano natin, na mga miyembro at disipulo ni Cristo, pinakamainam na matutupad ang dakilang utos na ito sa ating buhay?"

Inaanyayahan ko kayo ngayon na pag-isipan ang tanong na ito sa inyong puso at isipan.[5]

## Isang Kaloob para sa Gawaing Misyonero

Binigyang-diin ng mga pinuno ng Simbahan ang matinding panawagan na "Bawat miyembro ay missionary!" sa loob ng maraming dekada.[6]

Ang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo—kapwa noon at ngayon—ay buong sigla at galak na ibinabahagi ang ebanghelyo sa mga kaibigan at mga kakilala. Nag-aalab sa puso nila ang patotoo kay Jesucristo, at taos-pusong nais nilang maranasan ng iba ang katulad na kagalakan na natagpuan nila sa ebanghelyo ng Tagapagligtas.

Ang ilang mga miyembro ng Simbahan ay tila mayroong ganitong kaloob. Gustung-gusto nilang maging mga kinatawan ng ebanghelyo. Buong tiwala at galak silang naglilingkod at namumuno sa gawain bilang mga miyembrong missionary.

Gayunman, ang iba sa atin ay mas atubili. Kapag pinag-uusapan ang gawaing misyonero sa mga pulong ng Simbahan, nakayuko ang mga ulo hanggang sa lumubog na sa upuan, nakatuon ang mga mata sa mga banal na kasulatan o kaya naman ay nakapikit sa matinding pagmumuni upang maiwasang tumitig sa iba pang mga miyembro.

Bakit kaya? Marahil nakokonsensya tayo sa hindi pinagbuting pagbabahagi ng ebanghelyo. Siguro hindi natin tiyak kung paano gawin ito. O baka nahihiya tayong gawin ang isang bagay na asiwa para sa atin.

Nauunawaan ko ito.

Ngunit tandaan, hindi kailanman hiningi ng Panginoon ang eksperto, walang kamaliang pagsisikap ng missionary. Sa halip, "hinihingi ng Panginoon ang puso at may pagkukusang isipan."[7]

Kung masaya kayo sa gawaing misyonero, sana ipagpatuloy ninyo, at maging halimbawa sa iba. Pagpapalain kayo ng Panginoon.

Kung sakaling nag-aalangan kayo pagdating sa pagbabahagi ng mensahe ng ebanghelyo, maaari bang magmungkahi ako ng limang bagay na magagawa ng sinuman upang makabahagi sa dakilang utos ng Tagapagligtas na tumulong sa pagtitipon ng Israel?

## Limang Simpleng Mungkahi

**Una, lumapit sa Diyos.** Ang unang dakilang utos ay ibigin ang Diyos.[8] Ito ay pangunahing dahilan kung bakit narito tayo sa lupa. Itanong sa sarili mo, "Naniniwala ba talaga ako sa Ama sa Langit?"

"Mahal ko ba Siya at pinagtitiwalaan?"

Kapag lalo kayong lumalapit sa ating Ama sa Langit, lalong magliliwanag sa inyo ang Kanyang liwanag at galak. Mapapansin ng ibang tao na may isang bagay na kakaiba at espesyal tungkol sa inyo. At magtatanong sila tungkol dito.

**Pangalawa, punuin ang inyong puso ng pagmamahal sa ibang tao.** Ito ang pangalawang dakilang utos.[9] Sikaping ituring ang lahat ng nasa paligid ninyo bilang anak ng Diyos. Maglingkod sa kanila—kahit hindi kasama ang pangalan nila sa listahan ng inyong ministering sister o brother.

Tumawang kasama nila. Magalak na kasama nila. Tumangis na kasama nila. Igalang sila. Pagalingin, hikayatin, at palakasin sila.

Sikaping tularan ang pag-ibig ni Cristo at mahabag sa iba—kahit sa mga hindi mabait sa inyo, na lumalait sa inyo at nais kayong saktan. Mahalin at tratuhin sila bilang mga kapwa anak ng Ama sa Langit.

**Pangatlo, sikaping lumakad sa landas ng pagkadisipulo.** Habang lumalalim ang inyong pagmamahal sa Diyos at sa Kanyang mga anak, gayundin ang inyong pangakong sundin si Jesucristo.

Natututuhan ninyo ang Kanyang paraan sa pagpapakabusog sa Kanyang salita at pakikinig at pagsasabuhay ng mga aral ng mga makabagong propeta at apostol. Lalo kayong nagtitiwala at lumalakas ang loob na sundin ang Kanyang landas sa pakikipag-ugnayan ninyo sa Ama sa Langit taglay ang isang pusong natuturuan.

Ang pagtahak sa landas ng pagkadisipulo ay kailangan ng pagsasanay—bawat araw, unti-unti, "biyaya sa biyaya,"[10] "tuntunin sa tuntunin."[11] Kung minsan sumusulong tayo ngunit napakahirap at napakabagal nito.

Ang mahalaga ay hindi kayo sumusuko; patuloy na sikaping itama ito. Kalaunan kayo ay magiging mas mabuti, mas masaya, at mas sumusunod sa mga kautusan. Ang pagkukuwento sa iba ng inyong pananampalataya ay magiging karaniwan at likas. Sa katunayan, ang ebanghelyo ay magiging gayon kahalaga, importanteng bahagi ng inyong buhay na magiging di natural ang pakiramdam kapag *hindi* ito tinalakay sa iba. Maaaring hindi ito

kaagad mangyari—ito ay habambuhay na pagsisikap. Ngunit mangyayari ito.

**Pang-apat, ibahagi ang nasa puso ninyo.** Hindi ko sinasabing tumayo kayo sa isang kanto na may mikropono at isinisigaw ang mga talata ng Aklat ni Mormon. Ang sinasabi ko ay palagi kayong maghanap ng mga pagkakataon na banggitin ang inyong pananampalataya sa likas at normal na paraan sa mga tao—kapwa personal at online. Hinihiling kong "tumayo [kayo] bilang mga saksi"[12] ng bisa ng ebanghelyo sa lahat ng oras—at kapag kailangan, gamitin ang mga salita.[13]

Dahil "ang evangelio [ni Cristo] . . . [ang] siyang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas," kayo ay maaaring magkaroon ng tiwala, may lakas ng loob, at mapagpakumbaba sa pagbabahagi nito.[14] Ang pagtitiwala, lakas ng loob, at pagpapakumbaba ay tila magkakasalungat na katangian, ngunit hindi. Nakikita rito ang paanyaya ng Tagapagligtas na huwag itago ang mga pinahahalagahan at alituntunin ng ebanghelyo sa takalan kundi hayaang magningning ang inyong liwanag, upang luwalhatiin ng inyong mabubuting gawa ang inyong Ama sa Langit.[15]

Maraming karaniwan at likas na paraan upang magawa ito, mula sa araw-araw na kabaitan hanggang sa personal na patotoo sa YouTube, Facebook, Instagram, o Twitter hanggang sa simpleng pakikipag-usap sa mga taong nakikilala ninyo. Sa taong ito natututo tayo mula sa Bagong Tipan sa ating mga tahanan at sa Sunday School. Napakagandang pagkakataon na anyayahan ang mga kaibigan at kapitbahay na pumunta sa simbahan at sa inyong mga tahanan upang kasama ninyong matuto tungkol sa Tagapagligtas. Ibahagi sa kanila ang Gospel Library app, kung saan nila matatagpuan ang *Come, Follow Me.* Kung may kilala kayong mga kabataan at kanilang mga pamilya, bigyan sila ng buklet na *Para sa Lakas ng mga Kabataan* at anyayahan sila at tingnan kung paano sinisikap ng ating mga kabataan na ipamuhay ang mga alituntuning iyon.

Kung may nagtatanong tungkol sa katapusan ng inyong linggo, huwag mag-atubiling banggitin ang naranasan ninyo sa simbahan. Banggitin ang maliliit na batang tumayo sa harapan ng kongregasyon at buong siglang umawit kung paano nila sinisikap na maging tulad ni Jesus. Banggitin ang tungkol sa grupo ng kabataan na gumugol ng oras sa pagtulong sa matatanda sa mga bahay-kalinga upang bumuo ng personal na mga kasaysayan. Banggitin ang tungkol sa pagbabago kamakailan sa ating iskedyul ng pulong sa Linggo at paano nito pinagpapala ang inyong pamilya. O ipaliwanag kung bakit binibigyang-diin natin na ito ang Simbahan ni Jesucristo at na tayo ay *mga Banal* sa mga Huling Araw, gaya ng mga miyembro noon ng Simbahan na tinawag ding *mga Banal.*

Sa anumang paraan na tila likas at karaniwan sa inyo, ibahagi sa mga tao kung bakit mahalaga sa inyo si Jesucristo at ang Kanyang Simbahan. Anyayahan sila at sabihing *"Pumarito ka at tingnan mo."*[16] At himukin sila at sabihing *halika at tumulong.* Maraming pagkakataon para makatulong ang mga tao sa ating Simbahan.

Ipagdasal na hindi lamang matagpuan ng mga missionary ang mga hinirang. Ipagdasal araw-araw nang buong puso na mahanap ang mga taong *lalapit at titingin, lalapit at tutulong,* at *lalapit at lalagi.* Laging isali ang mga full-time missionary. Sila ay tulad ng mga anghel, na handang tumulong!

Sa pagbabahagi ninyo ng mabuting balita, gawin ito nang may pagmamahal at tiyaga. Kung sa pakikisalamuha sa mga tao ang iniisip lang natin ay magsusuot sila ng puting damit at magpapabinyag, mali ang ginagawa natin.

Ang ilan na lumalapit para tumingin, marahil, ay di kailanman sasapi sa Simbahan; ang ilan naman ay sasapi kalaunan. Sila ang pipili. Ngunit hindi niyan binabago ang ating pagmamahal sa kanila. At hindi nito binabago ang ating masigasig na pagsisikap na patuloy na anyayahan ang mga indibiduwal at pamilya at sabihing *halika at tingnan, halika at tumulong,* at *halika at lumagi.*

**Panglima, magtiwala na gagawa ng mga himala ang Panginoon.** Dapat ninyong maunawaan na hindi ninyo trabaho ang i-convert ang mga tao. Iyan ang papel ng Espiritu Santo. Ang papel ninyo ay ibahagi ang nasa puso ninyo at mamuhay nang naaayon sa inyong pinaniniwalaan.

Kaya, huwag masiphayo kung hindi kaagad tatanggapin ng isang tao ang mensahe ng ebanghelyo. Hindi ninyo ito personal na kabiguan.

Ito ay sa pagitan ng tao at ng Ama sa Langit.

Ang sa inyo ay mahalin ang Diyos at inyong kapwa.

Maniwala, magmahal, at gumawa.

Sundan ang landas na ito, at gagawa ang Diyos ng mga himala sa pamamagitan ninyo upang pagpalain ang Kanyang minamahal na mga anak.

Ang limang mungkahing ito ay makatutulong sa inyo na gawin ang ginawa noon ng mga disipulo ni Jesucristo. Ang Kanyang ebanghelyo at Kanyang Simbahan ay mahalagang bahagi ng inyong buhay at ng kung sino kayo at ano ang ginagawa ninyo. Kung gayon, anyayahan ang iba at sabihing *halika at tingnan* at *halika at tumulong,* at gagawin ng Diyos ang Kanyang gawain ng kaligtasan, at sila ay *lalapit at lalagi.*

### Pero Paano Kung Mahirap?

"Pero," maaaring itanong mo, "paano kung ginawa ko ang lahat ng ito at hindi gaanong tumutugon ang mga tao? Paano kung pinipintasan nila ang Simbahan? Paano kung hindi na nila ako kaibiganin?"





Oo, maaaring mangyari iyan. Simula noong unang panahon, ang mga disipulo ni Jesucristo ay palaging inuusig.[17] Sinabi ni Apostol Pedro, "Magalak . . . yamang [tayo ay] nakikibahagi sa mga pagdurusa ni Cristo."[18] Nagalak ang mga Banal noong una na "ituring sila na karapat-dapat magtiis ng kahihiyan alang-alang sa [kanyang] pangalan."[19]

Alalahanin, ang Panginoon ay gumagawa sa mahiwagang paraan. Maaaring ang inyong pagtugon na tulad ng kay Cristo sa pagtanggi ay magpalambot sa matigas na puso.

Bilang Apostol ng Panginoong Jesucristo, binabasbasan ko kayo ng *tiwala* na maging buhay na patotoo ng mga pinahahalagahan ng ebanghelyo, nang may *tapang* na palaging kilalanin bilang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, nang may *pagpapakumbaba* na tumulong sa Kanyang gawain bilang pagpapakita ng inyong pagmamahal sa Ama sa Langit at sa Kanyang mga anak.

Mahal kong mga kaibigan, magagalak kayo na malaman na kayo ay mahalagang bahagi ng matagal nang propesiya na pagtitipon ng Israel, naghahanda para sa pagparito ni Cristo sa "kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian; kasama ang lahat ng banal na anghel."[20]

Kilala kayo ng Ama sa Langit. Mahal kayo ng Panginoon. Pagpapalain kayo ng Diyos. Ang gawaing ito ay inorden Niya. Magagawa ninyo ito. Magagawa nating lahat ito nang sama-sama.

Pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Nakita ng dakilang propetang si Nephi sa pangitain na kahit na kumalat ang Simbahan ng Kordero ng Diyos "sa lahat ng dako ng mundo," dahil sa kasamaan sa mundo, ang kabuuang "bilang ay kakaunti" (1 Nephi 14:12; tingnan din sa Lucas 12:32).
2. Halimbawa, natuklasan sa isang pag-aaral kamakailan ng Pew Research Center na sa Estados Unidos, "ang porsiyento ng mga adult (edad 18 pataas) na naglalarawan sa sarili nila bilang mga Kristiyano ay bumaba nang halos walong porsiyentong puntos sa loob lamang ng pitong taon, mula 78.4% noong . . . 2007 ay naging 70.6% noong 2014. Sa loob din ng panahong iyon, ang porsiyento ng mga Amerikano na walang relihiyon—na naglalarawan sa sarili nila bilang ateista, agnostiko o 'walang kinaaaniban'—ay tumalon nang mahigit anim na puntos, mula sa 16.1% ay naging 22.8%" ("America's Changing Religious Landscape," Pew Research Center, Mayo 12, 2015, pewforum.org).
3. Ang ibig sabihin ng salitang *ebanghelyo* ay "mabuting balita." Ang mabuting balita ay ang paggawa ni Jesucristo ng isang perpektong pagbabayad-sala na makatutubos sa buong sangkatauhan mula sa kamatayan at gagantimpalaan ang bawat isa alinsunod sa kanyang mga gawa. Ang Pagbabayad-salang ito ay nagsimula sa Kanyang pagkatalaga sa premortal na daigdig, nagpatuloy sa Kanyang mortal na buhay, at humantong sa Kanyang maluwalhating Pagkabuhay na Mag-uli. Ang mga tala sa Biblia tungkol sa Kanyang mortal na buhay, ministeryo, at sakripisyo ay tinatawag na mga Ebanghelyo: Mateo, Marcos, Lucas, at Juan.
4. Mateo 28:19.
5. "Sinasabi ko sa inyo, aking mga kaibigan, iniiwan ko ang mga pananalitang ito sa inyo upang bulay-bulayin sa inyong mga puso" (Doktrina at mga Tipan 88:62).

   "Subalit, masdan, sinasabi ko sa iyo, na kailangan mong pag-aralan ito sa iyong isipan, pagkatapos kailangang itanong mo sa akin kung ito ay tama, at kung ito ay tama aking papapangyarihin na ang iyong dibdib ay mag-alab; samakatwid, madarama mo na ito ay tama" (Doktrina at Tipan 9:8).
6. Hinikayat ni Pangulong David O. McKay ang "bawat miyembro [na maging] missionary" nang siya ang nangulo sa European Mission mula 1922 hanggang 1924, at ibinahagi niya ang mensahe ring iyon sa Simbahan sa pangkalahatang kumperensya mula noong 1952 (tingnan sa "'Every Member a Missionary' Motto Stands Firm Today," *Church News,* Peb. 20, 2015, news.ChurchofJesusChrist.org).
7. Doktrina at mga Tipan 64:34.
8. Tingnan sa Mateo 22:37–38.
9. Tingnan sa Mateo 22:39.
10. Doktrina at mga Tipan 93:12.
11. Isaias 28:10.
12. Mosias 18:9.
13. Ang kaisipang ito ay madalas iugnay kay Saint Francis of Assisi; tingnan din sa Juan 10:36–38.
14. Mga Taga Roma 1:16.
15. Tingnan sa Mateo 5:15–16.
16. Juan 1:46; idinagdag ang pagbibigay-diin.
17. Tingnan sa Juan 15:18.
18. 1 Peter 4:13, English Standard Version; tingnan din sa mga talata 1–19 para sa karagdagan tungkol sa paano dapat ituring ng mga alagad ni Cristo ang pagdurusa sa ngalan ng ebanghelyo.
19. Mga Gawa 5:41.
20. Doktrina at mga Tipan 45:44.



NI BISHOP W. CHRISTOPHER WADDELL
*Pangalawang Tagapayo sa Presiding Bishopric*

# Tulad ng Ginawa Niya

*Habang hinahangad nating magministeryo na tulad ng ginawa Niya, paglalaanan tayo ng mga oportunidad na kalimutan ang ating sarili at iangat ang iba.*

Mga labingwalong buwan na ang nakakaraan, nitong taglagas ng 2017 sinabi sa akin ng kapatid kong si Mike na 64 taong gulang na siya ay nasuring may kanser sa lapay. Sinabi niya sa akin na nakatanggap na siya ng priesthood blessing mula sa kanyang home teacher, at nakipag-usap na siya sa bishop niya. Ipinadala rin niya sa akin sa text ang isang larawan ng Oakland California Temple na kinunan mula sa ospital kung saan siya ginagamot, na may caption na "Tingnan mo kung ano ang nakikita ko mula sa kuwarto ko sa ospital."[1]

Nagulat ako sa kanyang mga komento tungkol sa mga home teacher, priesthood blessing, bishop, at templo tulad ng pagkagulat ko tungkol sa kanser. Alam ninyo, hindi regular na nagsisimba si Mike, na isang priest sa Aaronic Priesthood, sa loob halos ng 50 taon.

Bilang isang pamilya, halos naintriga kami sa kanyang espirituwal na progreso na tulad sa kanyang progreso sa paglaban sa kanser, dahil madalas siyang magtanong ngayon tungkol sa Aklat ni Mormon, kapangyarihang magbuklod, at kabilang buhay. Sa paglipas ng mga buwan at kalat na ang kanser, kinailangan ng karagdagan at mas espesyal na panggagamot kaya dinala si Mike sa Utah at sa Huntsman Cancer Center.

Di-nagtagal pagdating niya, binisita si Mike ni John Holbrook, ward mission leader ng ward na naglingkod sa care facility kung saan siya nakatira noon. Sinabi ni John na "malinaw sa akin na si Mike ay anak ng Diyos" at agad silang nagkalapit ng loob at naging magkaibigan kaya naging "di-opisyal" na ministering brother ni Mike si John. May imbitasyon kaagad na pabisitahin ang mga missionary, na magalang na tinanggihan ng kapatid ko, ngunit nang isang buwan na silang magkaibigan, muling nagtanong si John, na ipinaliliwanag kay Mike, "Palagay ko masisiyahan kang makinig sa mensahe ng ebanghelyo."[2] Sa pagkakataong ito tinanggap ang imbitasyon, na humantong sa madalas na pakikipag-usap sa mga missionary, at kay Bishop Jon Sharp, na humantong kalaunan sa pagtanggap ni Mike ng kanyang patriarchal blessing, 57 taon matapos siyang binyagan.

Sa mga unang araw ng Disyembre noong isang taon, kasunod ng ilang buwang panggagamot, nagdesisyon si Mike na tumigil na sa pagpapagamot sa kanser, na nagsanhi ng matitindi at masasamang epekto, at hayaan nang mangyari ang dapat mangyari. Ipinaalam sa amin ng mga doktor na gumagamot sa kanya na mga hanggang tatlong buwan na lang ang buhay ni Mike. Samantala, nagpatuloy ang mga tanong tungkol sa ebanghelyo—gayundin ang mga pagbisita at suporta ng kanyang mga lokal na lider sa priesthood. Sa mga pakikipag-usap namin kay Mike madalas naming makita ang nakabukas na kopya ng Aklat ni Mormon sa tabi ng kama habang tinatalakay namin ang Pagpapanumbalik ng ebanghelyo, mga susi ng priesthood, mga ordenansa sa templo at ang likas na kawalang-hanggan ng tao.

Noong kalagitnaan ng Disyembre, hawak ang kanyang patriarchal blessing, mukhang lumalakas si Mike at malamang na maragdagan pa ng tatlong buwan ang inaasahang haba ng buhay niya. Nagplano kaming isama siya sa amin sa Pasko, Bagong Taon at lagpas pa roon. Noong Disyembre 16, tinawagan ako ni Bishop Sharp, at ipinaalam sa akin na nainterbyu na nila ng stake president si Mike, at natagpuan siyang karapat-dapat na tumanggap ng Melchizedek Priesthood, at itinanong kung puwede akong makibahagi. Iniskedyul namin ang ordenansa sa Biyernes, Disyembre 21.

Pagsapit ng araw, dumating kami ng asawa kong si Carol sa care facility at may sumalubong sa amin kaagad sa pasilyo malapit sa kuwarto niya at ipinaalam sa amin na wala nang pulso si Mike. Pumasok kami sa kuwarto at naghihintay na roon ang patriarch, kanyang bishop, at kanyang stake president—pagkatapos ay nagmulat ng mga mata si Mike. Nakilala niya ako at sumenyas na naririnig niya ako at handa na siyang tanggapin ang priesthood. Limampung taon ang lumipas matapos maorden bilang priest sa Aaronic Priesthood, nagkaroon ako ng pribilehiyo, sa tulong ng kanyang mga lokal na lider, na pagkalooban ng Melchizedek Priesthood at iorden ang kapatid ko sa katungkulan ng elder. Limang oras pagkaraan, pumanaw si Mike,



sumakabilang-buhay upang katagpuin ang aming mga magulang bilang may-hawak ng Melchizedek Priesthood.

Isang taon pa lang ang nakararaan, nanawagan si Pangulong Russell M. Nelson sa bawat isa sa atin na pangalagaan ang ating mga kapatid sa "mas dakila, mas banal na paraan."[3] Patungkol sa Tagapagligtas, itinuro ni Pangulong Nelson na "dahil ito ang Kanyang Simbahan, bilang Kanyang mga lingkod, maglilingkod tayo sa nangangailangan, tulad ng ginawa Niya. Maglilingkod tayo sa Kanyang pangalan, nang may kapangyarihan at awtoridad Niya, at nang may mapagmahal na kabaitan Niya."[4]

Bilang tugon sa imbitasyon ng isang propeta ng Diyos, nagaganap ang mga pambihirang pagsisikap na maglingkod sa nangangailangan sa buong mundo, kapwa sa pagtutulungan ng mga tao, bilang mga miyembro na tapat na tinutupad ang kanilang mga ministering assignment, gayundin ang tinatawag kong "di-planadong" ministering, dahil napakaraming nagpapamalas ng pagmamahal na tulad ni Cristo bilang tugon sa di-inaasahang mga oportunidad. Sa sarili naming pamilya, nasaksihan namin, nang personal, ang ganitong uri ng ministering.

Si John, kaibigan at ministering brother ni Mike at naglingkod bilang mission president, ay laging nagsasabi noon sa kanyang mga missionary na "kapag may isang tao sa listahan na nagsabing 'hindi interesado,' huwag kayong sumuko. Nagbabago ang mga tao." Pagkatapos ay sinabi niya sa amin, "Malaki ang ipinagbago ni Mike."[5] Naging kaibigan muna si John, at naglaan ng kinakailangang pagpapalakas ng loob at suporta . . . ngunit hindi limitado ang kanyang pagmiministeryo sa mga pagbisita bilang kaibigan. Alam ni John na ang isang minister ay higit pa sa isang kaibigan at ang pagkakaibigang iyon ay lumalakas habang nagmiministeryo tayo.

Hindi kailangan na nagdurusa ang isang tao, tulad ng kapatid ko, mula sa isang sakit na nakamamatay para mangailangan ng ministering service. Ang mga pangangailangang iyon ay dumarating sa maraming iba't ibang paraan. Ang nag-iisang magulang, di-gaanong-aktibong mag-asawa, nahihirapang tinedyer, nanghihinang ina, isang pagsubok sa pananampalataya, mga problema sa pinansyal, sa kalusugan, o sa pagsasama ng mag-asawa—halos walang katapusan ang listahan. Gayunman, gaya ng kapatid kong si Mike, walang sinumang hindi na maaaring tulungan, at kailanma'y hindi pa huli ang lahat para madama ang pagmamahal ng Tagapagligtas.

Itinuturo sa atin sa ministering website ng Simbahan na, "bagaman maraming layunin ang ministering, ang ating mga pagsisikap ay dapat gabayan ng kagustuhan na matulungan ang ibang tao na makamit ang mas malalim na indibiduwal na pagbabalik-loob at maging mas katulad ng Tagapagligtas."[6] Ganito ang sinabi ni Elder Neil L. Andersen:

"Ang isang taong may mabuting puso ay tutulong sa isang tao na mag-ayos ng gulong, sasamahan ang isang roomate sa pagpunta sa doktor, kakain ng tanghalian kasama ang isang taong nalulungkot, o ngingiti at mangungumusta upang mapasaya ang araw ng iba.

"Ngunit ang [sumusunod sa] unang utos ay natural na magdaragdag sa mahahalagang gawain na ito ng paglilingkod."[7]

Sa pagtutulad ng ating ministering kay Jesucristo, mahalagang tandaan na ang Kanyang mga pagsisikap na magmahal, mag-angat, magsilbi, at magpala ay may mas mataas na layunin kaysa sa pagtugon sa panandaliang pangangailangan. Siguradong alam Niya ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan at nahahabag Siya sa kanilang kasalukuyang paghihirap kung kaya't nagpagaling, nagpakain, nagpatawad, at nagturo Siya. Ngunit ninais Niya na gumawa ng higit pa sa pagpawi ng uhaw na nadarama sa kasalukuyang araw. Ninais Niya na ang mga nakapaligid sa Kanya ay sundin Siya, kilalanin Siya, at abutin ang kanilang banal na potensiyal.[8]

Habang hinahangad nating magministeryo "na tulad ng ginawa Niya,"[9] paglalaanan tayo ng mga oportunidad na kalimutan ang ating sarili at iangat ang iba. Ang mga pagkakataong ito ay maaaring madalas na hindi madali para sa atin at sinusubok ang ating tunay na hangaring maging higit na katulad ng Panginoon, na ang pinakadakilang paglilingkod sa lahat, ang Kanyang walang hanggang Pagbabayad-sala, ay bagay na hindi madaling gawin. Sa Mateo kabanata 25, ipinaaalala sa atin kung ano ang nadarama ng Panginoon sa atin, kapag, tulad Niya, sensitibo tayo sa mga pakikibaka, pagsubok, at hamon na kinakaharap ng napakarami, ngunit madalas ay hindi napapansin:

"Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan:

"Sapagka't ako'y nagutom, at ako'y inyong pinakain; ako'y nauhaw, at ako'y inyong pinainom; ako'y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy. . . .

"Kung magkagayo'y sasagutin siya ng mga matuwid, na mangagsasabi, Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom, at pinakain ka namin? o nauuhaw, at pinainom ka?

"At kailan ka namin nakitang isang taga ibang bayan, at pinatuloy ka? . . .

"At sasagot ang Hari at sasabihin sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa."[10]

Naglilingkod man tayo bilang mga ministering brother o sister, o ipinaaalam sa atin na may isang taong nangangailangan, hinihikayat tayong humingi ng patnubay at direksyon ng Espiritu—pagkatapos ay kumilos. Iniisip siguro natin kung paano tayo higit na makapaglilingkod, ngunit alam ng Panginoon, at sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu ay papatnubayan tayo sa ating mga pagsisikap. Tulad ni Nephi, na "pinatnubayan ng Espiritu, nang sa simula ay hindi pa nalalaman ang mga bagay na nararapat [niyang] gawin,"[11] papatnubayan din tayo ng Espiritu sa pagsusumikap nating maging mga kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon upang pagpalain ang Kanyang mga anak. Kapag humihingi tayo ng patnubay ng Espiritu at nagtitiwala sa Panginoon, ilulugar tayo sa mga sitwasyon at kalagayan kung saan maaari tayong kumilos at magpala—sa madaling salita, magministeryo.

May ibang mga pagkakataon siguro kung kailan napapansin natin ang isang pangangailangan ngunit nadaramang hindi tayo nararapat na tumugon, na ipinapalagay na hindi sapat ang maibibigay natin. Ang gumawa "tulad ng ginawa Niya"[12] ay ang magministeryo sa pagbibigay ng anumang kaya nating ibigay at magtiwala na palalakihin ng Panginoon ang ating mga pagsisikap na pagpalain ang ating "kapwa mga manlalakbay sa mortal na buhay na ito."[13] Para sa ilan, maaaring ito ay pagbibigay ng oras at mga talento;



para sa iba naman, maaaring ito ay isang magandang pananalita o pisikal na tulong. Kahit maaaring nadarama natin na hindi sapat ang ating mga pagsisikap, nagbahagi si Pangulong Dallin H. Oaks ng isang mahalagang alituntunin tungkol sa "maliliit at karaniwan." Itinuro niya na ang maliliit at karaniwang mga gawa ay mabisa dahil nag-aanyaya ang mga ito ng "patnubay ng Espiritu Santo,"[14] isang kasama na nagpapala kapwa sa nagbibigay at sa tumatanggap.

Batid na malapit na siyang mamatay, sinabi ng kapatid kong si Mike, "nakakapagtaka na naitutuon ka ng kanser sa lapay sa kung ano ang pinakamahalaga."[15] Salamat sa mabubuting kalalakihan at kababaihan na nakita ang pangangailangan, hindi nanghusga, at nagministeryo na tulad ng Tagapagligtas, hindi pa naging huli ang lahat para kay Mike. Para sa ilan, maaaring dumating nang mas maaga ang pagbabago, para sa iba marahil ay sa kabilang buhay na. Gayunman, kailangan nating tandaan na kailanma'y hindi pa huli ang lahat at wala pang sinumang nalihis nang napakalayo mula sa landas para hindi sila maabot ng sukdulang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, na walang-hanggan at napakalawak ng sakop.


Sa huling pangkalahatang kumperensya noong Oktubre, itinuro ni Elder Dale G. Renlund na "gaano man katagal na wala tayo sa landas ng tipan . . . sa sandaling magpasiya tayong magbago, tutulungan tayo ng Diyos na makabalik."[16] Gayunman, ang desisyong iyan na magbago kadalasan ay resulta ng isang imbitasyon, tulad ng "Palagay ko masisiyahan kang makinig sa mensahe ng ebanghelyo." Tulad ng kailanma'y hindi pa huli ang lahat para sa Tagapagligtas, kailanma'y hindi pa napakaagang mag-anyaya.

Ang panahong ito ng Easter ay muli na namang naglalaan ng isang maluwalhating oportunidad na pagbulayan ang dakilang nagbabayad-salang sakripisyo ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo at ang ginawa Niya para sa bawat isa sa atin na napakalaki ng naging kapalit, isang kapalit na Siya mismo ang nagpahayag na naging "dahilan upang [Siya], ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit." "Gayon pa man," wika niya, "ininom ko at tinapos ang aking paghahanda para sa mga anak ng tao."[17]

Pinatototohanan ko na dahil "tinapos na" Niya, laging may pag-asa. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Personal na pagbabalik-loob.
2. Pakikipag-usap kay John Holbrook.
3. Russell M. Nelson, "Pambungad na Pananalita," *Liahona,* Nob. 2018, 6.
4. Russell M. Nelson,"Paglilingkod nang may Kapangyarihan at Awtoridad ng Diyos," *Liahona,* Mayo 2018, 69.
5. Pakikipag-usap kay John Holbrook.
6. "Mga Alituntunin ng Ministering: Ang Layunin na Magbabago sa Ating Ministering," *Liahona,* Ene. 2019, 8; tingnan din sa ministering.ChurchofJesusChrist.org.
7. Neil L. Andersen, "A Holier Approach to Ministering" (Brigham Young University devotional, Abr. 10, 2018), 3, speeches.byu.edu.
8. Tingnan sa "Ang Layunin na Magbabago sa Ating Ministering," 8–10.
9. Tingnan sa 3 Nephi 17:9–10, 20–21.
10. Mateo 25:34–35, 37–38, 40.
11. 1 Nephi 4:6.
12. Tingnan sa 3 Nephi 17:9–10, 20–21.
13. Thomas S. Monson, "Pag-ibig—ang Pinakadiwa ng Ebanghelyo," *Liahona,* Mayo 2014, 91.
14. Dallin H. Oaks, "Maliliit at mga Karaniwang Bagay," *Liahona,* Mayo 2018, 90.
15. Personal na pagbabalik-loob.
16. Dale G. Renlund, "Piliin Ninyo sa Araw na Ito," *Liahona,* Nob. 2018, 106.
17. Doktrina at mga Tipan 19:18–19.



NI PANGULONG HENRY B. EYRING
*Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan*

# Isang Tahanan Kung Saan Nananahan ang Espiritu ng Panginoon

*Matatagpuan ninyo ang ilan sa malalaking kaligayahan kapag ginawa ninyong lugar ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at lugar na puno ng pagmamahal ang inyong tahanan.*

Mahal kong mga kapatid, nagpapasalamat akong maimbitahang magsalita sa inyo dito sa ika-189 na Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sa petsang ito noong 1830, inorganisa ni Joseph Smith ang Simbahan sa ilalim ng patnubay ng Panginoon. Ginawa ito sa tahanan ng pamilya Whitmer sa Fayette, New York. May anim na miyembro noon at mga 50 iba pa na interesado noong araw na iyon.

Bagama't hindi ko alam kung ano ang sinabi ni Propetang Joseph o ano ang hitsura niya nang tumayo siya sa harap ng munting grupong iyon, alam ko kung ano ang nadama ng mga taong iyon na may pananampalataya kay Jesucristo. Nadama nila ang Espiritu Santo, at nadama nila na sila ay nasa banal na lugar. Tiyak na nadama nilang nagkakaisa sila.

Ang mahiwagang damdaming iyon ang nais nating madama sa ating mga tahanan. Ito ay damdaming nagmumula sa, ayon kay Pablo, pagkakaroon ng "kaisipan ng Espiritu."[1]

Ang layon ko sa araw na ito ay ituro ang nalalaman ko kung paano tayo magiging kwalipikado sa damdaming iyon nang mas madalas at anyayahan itong tumagal pa sa ating mga pamilya. Gaya ng alam ninyo mula sa karanasan, hindi madaling gawin ito. Ang pagtatalo, kapalaluan, at kasalanan ay kailangang mapigilan. Ang dalisay na pag-ibig ni Cristo ay kailangang madama sa puso ng mga nasa ating pamilya.

Sina Eva at Adan, Lehi at Saria, at iba pang mga magulang na kilala natin sa banal na kasulatan ay natuklasan na mahirap na hamon ito. Gayunman may nakahihikayat na mga halimbawa ng patuloy na kaligayahan sa mga pamilya at tahanan na magpapanatag sa atin. At ipinakikita sa atin ng mga halimbawang iyon ang paraan na maaari itong mangyari sa atin at sa ating mga pamilya. Naaalala ba ninyo ang kuwento mula sa 4 Nephi:

"At ito ay nangyari na, na hindi nagkaroon ng alitan sa lupain, dahil sa pag-ibig sa Diyos na nananahan sa mga puso ng tao.

"At walang mga inggitan, ni sigalutan, ni alitan, ni pagpapatutot, ni pagsisinungaling, ni pagpaslang, ni anumang uri ng kahalayan; at tunay na wala nang mas maliligayang tao pa sa lahat ng tao na nilikha ng kamay ng Diyos.

"Walang mga tulisan, ni mamamatay-tao, ni nagkaroon ng mga Lamanita, ni anumang uri ng mga 'ita'; kundi sila ay iisa, ang mga anak ni



Cristo, at mga tagapagmana ng kaharian ng Diyos.

"O labis silang pinagpala! Sapagkat pinagpala sila ng Panginoon sa lahat ng kanilang mga gawain; oo, maging sila ay pinagpala at pinaunlad hanggang sa ang isandaan at sampung taon ay nakalipas; at ang unang salinlahi mula kay Cristo ay pumanaw, at hindi nagkaroon ng alitan sa buong lupain."[2]

Gaya ng alam ninyo, ang masayang panahon na iyon ay hindi nagtagal magpakailanman. Ang salaysay sa 4 Nephi ay naglalarawan sa mga sintomas kalaunan ng espirituwal na panghihina sa isang grupo ng mabubuting tao. Ito ay huwarang nangyari sa nakalipas na mga panahon sa lahat ng tao, kongregasyon, at, nakakalungkot sa lahat, sa mga pamilya. Sa pag-aaral sa huwarang iyon, makikita natin kung paano natin maaaring protektahan at dagdagan ang damdamin ng pagmamahal sa ating pamilya.

Narito ang huwaran ng panghihina na lumitaw makalipas ang 200 taon ng pamumuhay sa perpektong kapayapaang hatid ng ebanghelyo:

Unti-unting nabuo ang kapalaluan.

Huminto ang mga tao sa pagbabahagi ng kung anong mayroon sila.

Nagsimula nilang ituring ang sarili nila sa mga uring mataas o mas mababa kaysa sa iba.

Nagsimulang mawala ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo.

Nagsimula silang mapoot.

Nagsimula silang gumawa ng lahat ng uri ng kasalanan.

Ang matatalinong magulang ay magiging sapat na alerto para mapansin ang mga sintomas kapag lumitaw ang mga ito sa mga miyembro ng kanilang pamilya. Siyempre pa, mag-aalala sila. Ngunit malalaman nila na ang sanhi ay ang impluwensya ni Satanas na nagpipilit na akayin ang mabubuting tao sa landas ng kasalanan at dahil dito ay mawawala ang impluwensya ng Espiritu Santo. Kaya't mauunawaan ng matalinong magulang na may pagkakataon sa pag-akay sa bawat bata, at sa kanilang sarili, upang mas lubusang matanggap ang paanyaya ng Panginoon na lumapit sa Kanya.



Maaaring magkaroon kayo ng limitadong tagumpay sa pagsasabi sa isang bata na magsisi, halimbawa, sa kapalaluan. Maaari ninyong sikaping himukin ang mga bata na ibahagi nang maluwag sa loob kung ano ang mayroon sila. Maaari ninyong sabihin sa kanila na itigil na ang pakiramdam na mas mabuti sila kaysa sa iba pang kaanak. Ngunit darating kayo sa sintomas na inilarawan bilang "Nagsimulang mawala ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo."

Iyon ang solusyon sa pag-akay sa inyong pamilya na umangat sa espirituwal na katayuan na nais ninyo para sa kanila—at upang naroon kayo kasama nila. Sa pagtulong ninyo sa kanila na lumago sa pananampalataya na si Jesucristo ang kanilang mapagmahal na Manunubos, madarama nila ang hangaring magsisi. Sa paggawa nila nito, mapapalitan ng pagpapakumbaba ang kapalaluan. Kapag nagsisimula na nilang madama ang ibinigay sa kanila ng Panginoon, nanaisin nilang mas magbahagi pa. Ang pagtutunggalian para sa katanyagan o pagkilala ay unti-unting mawawala. Ang poot ay itataboy ng pagmamahal. At sa huli, gaya ng ginawa nito sa mga taong napabalik-loob ni Haring Benjamin, ang hangaring gumawa ng mabuti ang magpapalakas sa kanila laban sa tukso ng kasalanan. Nagpatotoo ang mga tao ni Haring Benjamin na sila ay "wala nang hangarin pang gumawa ng masama."[3]

Kaya't ang pagkakaroon ng pananampalataya kay Jesucristo ang simula upang maiwasan ang espirituwal na panghihina sa inyong pamilya at inyong tahanan. Ang pananampalatayang iyon ay malamang na maghatid ng pagsisisi kaysa sa pangangaral ninyo laban sa bawat sintomas ng espirituwal na panghihina.

Makabubuting mamuno kayo sa pamamagitan ng halimbawa. Kailangang makita kayo ng mga miyembro ng pamilya at ng iba na lumalago sa inyong pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. Kamakailan ay nabigyan kayo ng malaking tulong. Ang mga magulang sa Simbahan ay biniyayaan ng isang inspiradong kurikulum para sa mga pamilya at indibiduwal. Sa paggamit ninyo nito, patatatagin



ninyo ang inyong pananampalataya at ang pananampalataya ng inyong mga anak sa Panginoong Jesucristo.

### Paglago sa Pananampalataya

Lumago ang inyong pananampalataya sa Tagapagligtas sa pagsunod ninyo sa mungkahi ni Pangulong Russell M. Nelson na muling basahin ang Aklat ni Mormon. Minarkahan ninyo ang mga talata at salita na tumutukoy sa Tagapagligtas. Lumago ang inyong pananampalataya kay Jesucristo. Ngunit tulad ng bagong halaman, ang gayong pananampalataya kay Jesucristo ay manghihina maliban kung may determinasyon kayong magnilay at manalangin na madagdagan ito.

Ang inyong halimbawa ng paglago sa pananampalataya ay maaaring hindi tularan ng lahat ng miyembro ng inyong pamilya ngayon. Ngunit magkakaroon kayo ng kapanatagan mula sa karanasan ni Nakababatang Alma. Sa matinding pangangailangan niyang magsisi at mapatawad, naalala niya ang pananampalataya ng kanyang ama kay Jesucristo. Maaalala ng inyong mga anak ang inyong pananampalataya sa Tagapagligtas sa sandaling kailangan nilang magsisi. Ganito ang sabi ni Alma sa gayong sandali:

"At ito ay nangyari na, na habang ako'y nasa gayong paggiyagis ng pagdurusa, samantalang ako'y sinasaktan ng alaala ng marami kong kasalanan, masdan, naalaala ko ring narinig ang aking ama na nagpropesiya sa mga tao hinggil sa pagparito ng isang Jesucristo, isang Anak ng Diyos, na magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan.

"Ngayon, nang maapuhap ng aking isipan ang kaisipang ito, nagsumamo ako sa aking puso: O Jesus, ikaw na Anak ng Diyos, kaawaan ako, na nasa kasukdulan ng kapaitan, at napalilibutan ng walang hanggang tanikala ng kamatayan.

"At ngayon, masdan, nang maisip ko ito, hindi ko na naalaala pa ang aking mga pasakit; oo, hindi na ako sinaktan pa ng alaala ng aking mga kasalanan."[4]

### Pananalangin nang May Pagmamahal

Bukod sa inyong halimbawa ng paglago sa pananampalataya, ang pagdarasal ninyo bilang pamilya ay magkakaroon ng mahalagang papel para magawang sagradong lugar ang tahanan. Isang tao ang karaniwang pinipili upang magdasal para sa pamilya. Kapag malinaw na ang panalangin ay sa Diyos sa ngalan ng mga taong nakaluhod at nakikinig, lumalago ang pananampalataya sa kanilang lahat. Nadarama nila ang mga pagpapahayag ng pagmamahal para sa Ama sa Langit at para sa Tagapagligtas. At kapag binabanggit ng taong nagdarasal ang mga taong nakaluhod sa bilog na iyon na nangangailangan, nadarama ng lahat ang pagmamahal para sa kanila at para sa bawat miyembro ng pamilya.

Kahit na hindi nakatira sa tahanan ang mga miyembro ng pamilya, makabubuo ng bigkis ng pagmamahalan ang panalangin. Ang panalangin sa pamilya ay nakararating sa ibang panig ng mundo. Hindi ko lang minsan nalaman na ang isang miyembro ng pamilya sa malayo ay nagdarasal sa oras ding iyon para sa bagay na ipinagdarasal ko rin. Para sa akin, ang kasabihang "Ang pamilyang sama-samang nagdarasal ay nananatiling magkakasama" ay maaari ding sabihing "Ang pamilyang samasamang nagdarasal ay magkakasama, kahit na magkakalayo sila."

### Pagtuturo ng Maagang Pagsisisi

Dahil wala sa ating perpekto at madaling masaktan ang damdamin, ang mga pamilya ay maaaring maging banal na mga santuwaryo lamang kapag nagsisi tayo nang maaga at taos. Ang mga magulang ay maaaring magpakita ng halimbawa. Ang masasakit na salita o di magagandang kaisipan ay kaagad na mapagsisisihan nang taos. Ang simpleng "Sorry" ay makapagpapagaling ng mga sugat at nag-aanyaya kapwa ng kapatawaran at pagmamahal.

Si Propetang Joseph Smith ay isang huwaran natin nang harapin niya ang

mararahas na pagsalakay, mga traydor, at pati mga pagtatalo sa kanyang pamilya. Kaagad siyang nagpatawad kahit alam niyang maaaring sumalakay itong muli. Humingi siya ng patawad, at malaya niya itong ibinigay.[5]

### Paglilinang sa Diwa ng Missionary

Determinado ang mga anak ni Mosias na maihatid ang ebanghelyo sa lahat. Ang hangaring ito ay nagmula sa kanilang personal na karanasan sa pagsisisi. Hindi nila makayanang isipin na pagdurusahan ng sinuman ang mga epekto ng kasalanan na tulad nila. Kaya dumanas sila ng pagtanggi, hirap, at panganib upang maihatid ang ebanghelyo ni Jesucristo sa kanilang mga kaaway. Sa paggawa nito, nagkaroon sila ng kagalakan sa maraming taong nagsisi at nadama ang kagalakan ng pagpapatawad sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Ang mga miyembro ng ating pamilya ay lalago sa kanilang hangaring ibahagi ang ebanghelyo kapag nadarama nila ang kagalakan ng pagpapatawad. Ito ay maaaring dumating habang nagpapanibago sila ng mga tipan kapag nakikibahagi sila ng sakramento. Ang diwa ng missionary ay mag-iibayo sa ating mga tahanan kapag nadarama ng mga anak at mga magulang ang kagalakan ng pagpapatawad sa mga serbisyo ng sakramento. Sa kanilang halimbawa ng pagpipitagan, kapwa mga magulang at mga anak ay magkakatulungan na madama ang kagalakan. Maaaring baguhin ng kagalakang iyon ang ating mga tahanan at gawing mga missionary training center. Maaaring di makapagmisyon ang lahat, ngunit madarama ng lahat ang hangaring ibahagi ang ebanghelyo, na nagpadama sa kanila ng pagpapatawad at kapayapaan. At naglilingkod man nang full-time o hindi, lahat ay magagalak sa paghahatid ng ebanghelyo sa iba.

### Pagbisita sa Templo

Kapwa para sa mga magulang at mga anak, ang templo ang pinakamainam na pagkakataon upang makadama ng pagmamahal sa makalangit na mga lugar. Totoo ito lalo na kapag maliliit o bata pa ang mga anak. Ang mga bata ay isinilang na taglay ang Liwanag ni Cristo. Kahit ang sanggol ay madarama na sagrado ang templo. Dahil mahal ng mga magulang ang kanilang musmos na mga anak, ang templo ay sumasagisag ng pag-asa na maaaring mapasakanila ang kanilang mga anak na mamahalin sa kanilang walanghanggang pamilya—magpakailanman.

Ang ilan sa inyo ay may mga larawan ng templo sa inyong mga tahanan. Habang nadaragdagan ang mga templo sa iba't ibang panig ng mundo, posible para sa maraming magulang na bisitahin ang mga bakuran ng templo kasama ang kanilang mga pamilya. Ang ilan ay maaari pang dumalo sa mga open house kapag itinatayo ang mga templo. Maaaring tanungin ng mga magulang ang mga bata kung ano ang nadama nila na malapit sila o nasa loob ng templo.

Bawat magulang ay maaaring magpatotoo kung ano ang kahulugan sa kanya ng templo. Si Pangulong Ezra Taft Benson, na nagmamahal sa mga templo, ay madalas banggitin noon na kanyang minamasdan ang kanyang ina habang maingat nitong pinaplantsa ang kanyang temple clothing.[6] Ikinukuwento niya na noong bata pa siya ay nakikita niyang umaalis ng bahay ang kanyang pamilya para dumalo sa templo.

Nang siya ang Pangulo ng Simbahan, linggu-linggo siyang dumadalo sa templo. Palagi siyang gumagawa ng gawain sa templo para sa isang ninuno. Dahil iyon sa halimbawa ng kanyang mga magulang.

### Ang Aking Patotoo

Matatagpuan ninyo ang ilan sa malalaking kaligayahan kapag ginawa ninyong lugar ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at lugar na puno ng pagmamahal ang inyong tahanan. Ang Pagpapanumbalik ng ebanghelyo ay nagsimula sa abang tanong na pinag-isipan sa abang tahanan, at makapagpapatuloy ito sa ating mga tahanan sa patuloy nating pagsasabuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo dito. Ito ang inaasahan ko at marubdob kong hangarin mula pa noong bata ako. Lahat kayo ay may ideya ng gayong mga tahanan. Marami sa inyo, sa tulong ng Panginoon, ay nalikha ito.


Buong pusong nagsikap ang ilan para sa pagpapalang iyon, ngunit hindi ito ipinagkaloob. Ang pangako ko sa inyo ay gaya ng ipinangako sa akin noon ng isang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sinabi ko sa kanya na dahil sa pagpili ng ilan sa aming mga kamag-anak, duda ako na magkakasama kami sa mundong darating. Sabi niya, ayon sa natatandaan ko, "Nababahala ka sa maling problema. Mamuhay ka lang nang marapat para sa kahariang selestiyal, at ang mga sitwasyon ng pamilya ay magiging mas maganda kaysa inaakala mo."

Naniniwala akong ipapaabot niya ang masayang pag-asang iyon sa sinuman sa mortalidad na ginawa ang lahat upang maging kwalipikado tayo at ang ating mga kapamilya para sa buhay na walang hanggan. Alam ko na ang plano ng Ama sa Langit ay isang plano ng kaligayahan. Nagpapatotoo ako na ginagawang posible ng Kanyang plano na mabuklod tayo habampanahon sa isang pamilya kapag ginawa natin ang lahat.

Alam ko na ang mga susi ng priesthood na ipinanumbalik kay Joseph Smith ay naipasa nang walang patid kay Pangulong Russell M. Nelson. Ginagawang posible ng mga susing iyon ang pagbubuklod ng mga pamilya ngayon. Alam ko na mahal tayo ng Ama sa Langit, na Kanyang mga anak, nang may ganap na pagmamahal. Alam ko na dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maaari tayong magsisi, maging malinis, at maging marapat na mamuhay sa mapagmahal na mga pamilya magpakailanman kasama ang ating Ama sa Langit at ang Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo. Pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Mga Taga Roma 8:6.
2. 4 Nephi 1:15–18.
3. Mosias 5:2.
4. Alma 36:17–19.
5. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 459–470.
6. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Ezra Taft Benson* (2014), 195.



Sesyon sa Sabado ng Hapon

INILAHAD NI PANGULONG DALLIN H. OAKS
*Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan*

# Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan

Ilalahad ko sa inyo ngayon ang mga General Authority, Area Seventy, at General Auxiliary Presidency ng Simbahan para sa inyong pagsang-ayon.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Russell Marion Nelson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; Dallin Harris Oaks bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; at Henry Bennion Eyring bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Dallin H. Oaks bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at si M. Russell Ballard bilang Tumatayong Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang sumusunod bilang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol: M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, at Ulisses Soares.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita rin.

Iminumungkahing i-release ang sumusunod sa kanilang paglilingkod bilang mga Area Seventy: sina Elder Victorino A. Babida, L. Todd Budge, Peter M. Johnson, John A. McCune, Mark L. Pace, James R. Rasband, at Benjamin M. Z. Tai.

Ang mga nais makiisa sa pasasalamat sa mga kapatid na ito sa kanilang taos-pusong paglilingkod, mangyaring ipakita sa pagtataas ng mga kamay.

Iminumungkahing i-release natin nang may taos-pusong pasasalamat sina Brother Tad R. Callister, Devin G. Durrant, at Brian K. Ashton bilang Sunday School General Presidency.

Lahat ng nais makiisa sa amin sa pagpapakita ng pasasalamat sa mga kapatid na ito sa kanilang kahanga-hangang paglilingkod, mangyaring ipakita ito.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang sumusunod bilang mga General Authority Seventy: Rubén V. Alliaud, Jorge M. Alvarado, Hans T. Boom, L. Todd Budge, Ricardo P.



Giménez, Peter M. Johnson, John A. McCune, James R. Rasband, Benjamin M. Z. Tai, at Alan R. Walker.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga hindi sang-ayon, ipakita rin.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang sumusunod bilang mga Area Seventy: Solomon I. Aliche, Guillermo A. Alvarez, Daren R. Barney, Julius F. Barrientos, James H. Bekker, Kevin G. Brown, Mark S. Bryce, A. Marcos Cabral, Dunstan G. B. T. Chadambuka, Alan C. K. Cheung, Christian C. Chigbundu, Paul N. Clayton, Karim Del Valle, Hiroyuki Domon, Mernard P. Donato, Mark D. Eddy, Zachary F. Evans, Henry J. Eyring, Sapele Fa'alogo Jr., David L. Frischknecht, John J. Gallego, Efraín R. García, Robert Gordon, Mark A. Gottfredson, Thomas Hänni, Michael J. Hess, Glenn M. Holmes, Richard S. Hutchins, Tito Ibañez, Akinori Ito, Jeremy R. Jaggi, Kelly R. Johnson, Christopher Hyunsu Kim, H. Moroni Klein, 'Inoke F. Kupu, Stephen Chee Kong Lai, Victor D. Lattaro, Tarmo Lepp, Itzcoatl Lozano, Kevin J. Lythgoe, Edgar P. Montes, S. Ephraim Msane, Luiz C. D. Queiroz, Ifanomezana Rasolondraibe, Eduardo D. Resek, Tomás G. Román, Ramon E. Sarmiento, Jonathan S. Schmitt, Vai Sikahema, Denelson Silva, Luis Spina, Carlos G. Süffert, Voi R. Taeoalii, Sergio R. Vargas, at Markus Zarse.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Mark L. Pace na maglilingkod bilang Sunday School General President, kasama si Milton da Rocha Camargo bilang Unang Tagapayo at si Jan Eric Newman bilang Pangalawang Tagapayo.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang iba pang kasalukuyang mga General Authority, Area Seventy, at General Auxiliary Presidency.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon.

Pangulong Nelson, naitala na po ang pagboto. Inaanyayahan namin ang mga tumutol sa alinman sa mga iminungkahi na kontakin ang kanilang stake president.

Mga kapatid, salamat sa inyong patuloy na pananampalataya at panalangin para sa mga pinuno ng Simbahan.

Inaanyayahan namin ngayon ang mga bagong General Authority Seventy at ang bagong Sunday School General Presidency na maupo na sa itaas. ■

# Ulat ng Church Auditing Department, 2018

INILAHAD NI KEVIN R. JERGENSEN
*Managing Director, Church Auditing Department*

## *Sa Unang Panguluhan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*

Mahal kong mga Kapatid: Ayon sa paghahayag, na nakatala sa bahagi 120 ng Doktrina at mga Tipan, ang Council on the Disposition of the Tithes—na binubuo ng Unang Panguluhan, Korum ng Labindalawang Apostol, at Presiding Bishopric—ang nagbibigay ng awtoridad sa paggastos ng pondo ng Simbahan. Ginugugol ng mga yunit ng Simbahan ang mga pondo alinsunod sa inaprubahang mga badyet, patakaran, at pamamaraan ng Simbahan.

Ang Church Auditing, na binubuo ng mga sertipikadong propesyonal at hindi sakop ng iba pang mga departamento ng Simbahan, ay may responsibilidad na magsagawa ng mga audit para makapaglaan ng makatwirang katiyakan tungkol sa mga kontribusyong natanggap, paggastos na ginawa, at pangangalaga sa mga ari-arian ng Simbahan.

Batay sa isinagawang mga audit, sa opinyon ng Church Auditing, sa lahat ng mahahalagang bagay, ang mga kontribusyong natanggap, paggastos na ginawa, at mga ari-arian ng Simbahan para sa taong 2018 ay naitala at napangasiwaan alinsunod sa mga badyet, patakaran, at pamamaraan sa accounting na inaprubahan ng Simbahan. Sinusunod ng Simbahan ang mga itinuturo sa mga miyembro nito na mamuhay ayon sa kinikita, iwasan ang mangutang, at mag-impok para sa panahon ng pangangailangan.

Buong paggalang na isinumite,
Church Auditing Department
Kevin R. Jergensen
Managing Director ■



NI PANGULONG M. RUSSELL BALLARD
*Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Ang Tunay, Dalisay, at Simpleng Ebanghelyo ni Jesucristo

*Ang pagmamahal sa Diyos at sa ating kapwa ang saligang doktrina ng ministering; pag-aaral na nakasentro sa tahanan, na sinusuportahan ng Simbahan; espirituwal na pagsamba sa araw ng Sabbath; at ang gawain ng kaligtasan.*

Mahal kong mga kapatid, hindi ako makapaniwala na 71 taon na ang nakalipas, noong 1948, na ako ay missionary sa England at 44 taon na ang nakalipas nang dalhin namin ni Barbara ang aming pamilya sa Canada noong ako ang pangulo ng Canada Toronto Mission. Habang naglilingkod noong Abril 1976, tinawag ako sa Unang Korum ng Pitumpu, at di inaasahan noong 1985, tinawag ako sa Korum ng Labindalawang Apostol. Hindi tulad ng mga tungkulin ko noon, kung saan mare-release ka, ang ma-release sa tungkulin ko sa Labindalawa ay hindi ang pinakamainam na opsiyon sa ngayon; gayunman, dalangin ko na darating lamang ang araw na iyon kapag natapos ko na ang lahat ng ipinagagawa sa akin ng Panginoon.

Iniisip ang tungkol sa nakalipas na 43 taon na paglilingkod ko bilang General Authority at sa pribilehiyong maglingkod sa mga anak ng Ama sa Langit, mas lubusan kong natanto na nais Niyang magkaroon ng kapayapaan, kagalakan, at kaligayahan sa buhay ang lahat ng Kanyang anak.

Itinuro ni propetang Lehi, "Ang [lalaki at babae] ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan."[1] Maraming dahilan kung bakit wala tayong kapayapaan, kagalakan, at kaligayahan sa buhay na ito, at nariyan ang karukhaan, digmaan, mga kalamidad, at di inaasahang problema sa trabaho, kalusugan, at ugnayan sa pamilya.

Ngunit kahit di natin kayang makontrol ang mga puwersang ito na may epekto sa ating buhay dito sa mundo, sa pagsisikap nating maging tapat na disipulo ng Panginoong Jesucristo, magkakaroon tayo ng kapayapaan, kagalakan, at kaligayahan sa kabila ng mga problema sa mundo na nakapaligid sa atin.

Sinabi minsan ng isa sa mga anak ko, "Itay, iniisip ko po kung makakapasok ako sa Kahariang Selestiyal." Ang sagot ko ay, "Ang hiling lang sa atin ng Ama sa Langit ay gawin natin ang lahat ng ating makakaya sa bawat araw." Mga kapatid, gawin ninyo ang lahat ng inyong makakaya sa bawat araw, at kaagad, matatanto ninyo na kilala kayo ng inyong Ama sa Langit at mahal Niya kayo. At kapag nalaman ninyo iyan—talagang nalaman iyan—magkakaroon ng tunay na layunin at kahulugan ang buhay ninyo, at mapupuspos kayo ng kagalakan at kapayapaan.

Bilang Ilaw ng Sanglibutan, sinabi ng Tagapagligtas, "Ang sinomang sumampalataya sa akin ay huwag manatili sa kadiliman."[2]

"Jesucristo ang pangalang ibinigay ng Ama, at wala nang iba pang pangalan na ibinigay kung saan [tayo] ay maliligtas;

"Dahil dito, lahat ng [lalaki at babae] ay kailangang taglayin sa kanilang sarili ang pangalang ibinigay ng Ama."[3]

Itinuro sa atin ng mga banal na kasulatan na nais ni Satanas na akayin ang mga tao patungo sa kadiliman. Ginagawa niya ang lahat upang mahadlangan ang liwanag at katotohanan ni Jesucristo at ng Kanyang ebanghelyo. Gaya ng itinuro ni Lehi sa kanyang mga anak, "hinahangad [ng diyablo] na ang lahat ng tao ay maging kaabaabang katulad ng kanyang sarili."[4] Kung ang "gawain at . . . kaluwalhatian" ng Ama sa Langit ay "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng [mga lalaki at babae],"[5] ang "gawain" ni Lucifer ay isakatuparan ang walang hanggang kalungkutan at kapighatian ng mga anak ng Diyos. Ang kasalanan at paglabag ay nagpapadilim sa Liwanag ni Cristo sa ating buhay. Kaya nga ang ating mithiin ay matamasa ang Liwanag ni Cristo, na nagdudulot ng kapayapaan, kagalakan, at kaligayahan.

Sa nakaraang 18 buwan, binigyang inspirasyon ng Panginoon ang Kanyang propeta at mga Apostol na

ipatupad ang ilang magagandang pagbabago. Gayunman, nag-aalala ako na ang mga espirituwal na layunin ng mga pagbabagong ito ay hindi lubos na mapahalagahan dahil sa pagkatuwa sa mga pagbabago mismo.

Sinabi ni Joseph F. Smith: "Ang tunay, dalisay, simpleng ebanghelyo ni Jesucristo ay naipanumbalik na. Responsibilidad nating panatilihin ito sa lupa."[6] Idinagdag pa niya na ang tunay, dalisay, at simpleng ebanghelyo ay ang "nagliligtas na mga doktrina ni Cristo."[7]

Sa Mga Saligan ng Pananampalataya, itinuro ni Propetang Joseph Smith na "sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo."[8]

Ang mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo ay pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, pagsisisi, pagbibinyag, ang kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas. Itinuro ng kanyang kapatid na si Hyrum: "Ipangaral ang mga [pangunahing] alituntunin ng Ebanghelyo [nang] paulit-ulit: makikita mo na araw-araw ay may ihahayag sa iyong mga bagong ideya at dagdag na pang-unawa ukol sa mga ito. Madaragdagan ang pang-unawa mo sa mga ito . . . magiging mas malinaw ito sa iyo. Dahil dito ay mas malinaw mo itong maipapaunawa sa iyong mga tinuturuan."[9]

Ang pinakamainam na paraan para makita natin ang mga espirituwal na layunin ng Simbahan ay ipamuhay ang tunay, dalisay, at simpleng mga turo ni Cristo at sundin din ang dalawang dakilang utos ng Tagapagligtas: "Ibigin ninyo ang Panginoon ninyong Diyos nang buo ninyong puso. . . . Ibigin ninyo ang inyong kapwa gaya ng sa inyong sarili."[10]

Ang pagsunod sa dalawang utos na iyon ay nagbibigay-daan para maranasan ang higit na kapayapaan at kagalakan. Kapag minamahal at pinaglilingkuran natin ang Panginoon at minamahal at pinaglilingkuran ang ating kapwa, talagang madarama natin ang higit na kaligayahan na dumarating lamang sa pamamagitan nito.



Ang pagmamahal sa Diyos at sa ating kapwa ang saligang doktrina ng ministering; pag-aaral na nakasentro sa tahanan, na sinusuportahan ng Simbahan; espirituwal na pagsamba sa araw ng Sabbath; at ang gawain ng kaligtasan sa magkabilang panig ng tabing na sinusuportahan sa mga Relief Society at elders quorum. Lahat ng mga bagay na ito ay batay sa banal na mga utos na ibigin ang Diyos at ibigin ang ating kapwa. Mayroon pa bang mas mahalaga, mas kailangan, at mas simple kaysa rito?

Ang pamumuhay ayon sa tunay, dalisay, at simpleng plano ng ebanghelyo ay magbibigay sa atin ng mas maraming oras na bisitahin ang mga balo, ulila, malungkot, maysakit, at maralita. Magkakaroon tayo ng kapayapaan, kagalakan, at kaligayahan sa buhay sa paglilingkod sa Panginoon at sa ating kapwa.

Ang mga pagbabago sa araw ng Sabbath na nagbibigay-diin sa pagkatuto at pag-aaral na nakasentro sa tahanan, na sinusuportahan ng Simbahan ay isang pagkakataon upang muling pasiglahin ang ating espiritu at ating katapatan sa Diyos sa loob ng ating mga tahanan. Ano pa ang maaaring mas simple, mahalaga, at malalim? Mga kapatid, nakikita ba ninyo na ang pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo sa ating mga pamilya ay mahalagang paraan upang magkaroon ng kagalakan at kaligayahan sa ating buhay?

Sa pagsasalita tungkol sa Sabbath, sinabi ng Tagapagligtas, "Sapagkat katotohanang ito ay araw na itinakda sa inyo upang magpahinga mula sa inyong mga gawain, at iukol ang inyong mga pananalangin sa Kataastaasan."[11] Sinabi pa Niya, "Upang ang inyong kagalakan ay malubos . . . [sa pamamagitan ng] kagalakan at panalangin . . . [dapat ninyong gawin] ang mga bagay na ito nang may pasasalamat, nang may maligayang mga puso at mukha . . . [at] may masayang puso at maligayang mukha."[12]

Pansinin ang mahahalagang salita sa paghahayag na ito: *kagalakan*, *kagalakan*, *pasasalamat*, *maligayang mga puso*, *masayang puso, at maligayang mukha*. Para sa akin ang paggalang sa araw ng Sabbath ay dapat maghatid ng ngiti sa ating mga mukha.



Habang naglilingkod tayo sa mas mataas at banal na paraan, isaalang-alang kung gaano kahalaga na batiin natin ang bawat dumadalo sa mga pulong sa Simbahan, lalo na ang mga bagong miyembro at bisita. Dapat natutuwa tayong lahat sa pagkanta ng mga himno at pakikinig na mabuti sa mga salita ng mga panalangin ng sakramento nang may bukas na puso at isipan.

Ang mga patotoo ng pananampalataya sa ating mga fast at testimony meeting ay pinamumunuan ng miyembro ng bishopric, na nagbabahagi ng maikling patotoo na nakatuon sa plano ng kaligayahan at sa tunay, dalisay, at simpleng ebanghelyo ni Cristo. Dapat sundin ng lahat ang halimbawang iyon. Kailangan nating tandaan na may iba pang angkop na lugar para magkuwento o magbahagi ng mga karanasan sa paglalakbay. Habang pinananatili nating simple at nakatuon ang ating patotoo sa ebanghelyo ni Cristo, Siya ay maglalaan ng espirituwal na pagpapanibago kapag ibinabahagi natin ang ating patotoo sa isa't isa.

Ang mabisang paglilingkod ay pinakamainam na nakikita sa pamamagitan ng lenteng nakatuon sa pagmamahal sa Diyos at pagmamahal sa ating kapwa. Sa madaling salita, naglilingkod tayo dahil mahal natin ang ating Ama sa Langit at ang Kanyang mga anak. Ang ating mga paglilingkod ay magiging mas matagumpay kung simple lang tayong naglilingkod. Ang pinakamalaking kagalakan ay nagmumula sa mga simpleng bagay ng buhay, kaya kailangan tayong maging maingat na huwag isipin na kailangan pang dagdagan ang alinmang pagbabagong natanggap natin upang magkaroon ng pananampalataya at malakas na patotoo ang puso ng mga anak ng Diyos.

Huwag nating gawing kumplikado ang mga bagay sa dagdag na mga pulong, inaasahan, o mga kailangan. Panatilihin itong simple. Sa kasimplihan kayo magkakaroon ng kapayapaan, kagalakan, at kaligayahan na binabanggit ko.

Sa loob ng maraming taon ang mga layunin ng pamumuno sa Simbahan, ayon sa nakasaad sa *Handbook 2,* ay mga bunga na malinaw at simple, na mula rito ay babanggitin ko:

"Hinihikayat ng mga lider ang lahat ng miyembro na tanggapin ang lahat ng mahahalagang ordenansa ng priesthood, tuparin ang kaukulang mga tipan, at maging marapat sa kadakilaan at buhay na walang hanggan. . . .

"**Mga Adult:** Hikayatin ang bawat adult na maging marapat sa pagtanggap ng mga ordenansa sa templo. Turuan ang lahat ng adult na matukoy ang kanilang mga ninuno at isagawa ang mga ordenansa sa templo para sa kanila.

"**Mga Kabataan:** Tumulong na maihanda ang bawat binatilyo sa pagtanggap ng Melchizedek Priesthood, mga ordenansa sa templo, at pagiging marapat na maglingkod sa full-time mission. Tumulong na maihanda ang bawat dalaga na maging marapat na gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan at matanggap ang mga ordenansa sa templo. Palakasin ang mga kabataan sa pamamagitan ng pagsali sa makabuluhang mga aktibidad.

**Lahat ng Miyembro:** Tulungan ang mga lider ng priesthood at auxiliary, mga ward council, ward at mga full-time missionary, at mga miyembro na makipagtulungang mabuti sa balanseng pagsisikap na sagipin ang mga indibiduwal, palakasin ang mga pamilya at yunit ng Simbahan, dagdagan ang aktibidad ng priesthood, at tipunin ang Israel sa pamamagitan ng conversion, retention o pagpapanatiling aktibo, at pagpapaaktibo. Turuan ang mga miyembro na tustusan ang kanilang sarili at kanilang pamilya at tulungan ang mga maralita at nangangailangan sa paraan ng Panginoon."[13]

Biniyayaan ako ng paglilingkod ko sa Simbahan ng maraming kakaiba




at espesyal na espirituwal na karanasan. Saksi ako na ginagabayan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan upang maisakatuparan ang Kanyang mga layunin. Nakatanggap ako ng banal na patnubay na higit pa sa aking kakayahan. Ang kagalakan ng pamumuhay ayon sa ebanghelyo para sa akin ay nakasentro sa tunay, dalisay, at simpleng doktrina at ebanghelyo ni Jesucristo.

Nakapaglingkod ako sa ilalim ng mga susi at paggabay ng *anim* na propeta at mga Pangulo ng Simbahan mula kay Spencer W. Kimball hanggang kay Russell M. Nelson. Nagpapatotoo ako na bawat isa sa kanila ay piniling propeta ng Diyos noon at ngayon. Tinuruan nila tayo ng mahahalagang alituntunin tungkol sa Simbahan at ebanghelyo at doktrina ni Cristo. Isinasagawa ni Pangulong Nelson ang gawain ng Panginoon sa napakabilis na paraan. Sinasabi kong "napakabilis" dahil siya lamang ang Apostol na mas matanda sa akin, at hirap akong makipagsabayan sa kanya! Saksi ako na ang mga susi ng priesthood at ang balabal ng isang propeta ng Diyos ay nasa kanya. Itinuturo ni Pangulong Nelson ang tunay, dalisay, at simpleng ebanghelyo ni Jesucristo. Nagpapatotoo ako na si Jesus ang Cristo, at ito ang Kanyang Simbahan—na mapagpakumbaba kong pinatototohanan sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. 2 Nephi 2:25.
2. Juan 12:46.
3. Doktrina at mga Tipan 18:23–24.
4. 2 Nephi 2:27.
5. Moises 1:39.
6. Joseph F. Smith, "Principle, Not Popularity," *Improvement Era,* Hulyo 1906, 732.
7. Joseph F. Smith, "Principle, Not Popularity," 732.
8. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3.
9. Hyrum Smith, sa "Ano ang Layunin Ko Bilang Misyonero?" *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* binagong edisyon (2019), 7.
10. Doktrina at mga Tipan 59:5–6; tingnan din sa Levitico 19:18; Deuteronomio 6:5; Mateo 22:36–40.
11. Doktrina at mga Tipan 59:10.
12. Doktrina at mga Tipan 59:13–15.
13. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 3.4.



NI ELDER MATHIAS HELD
*Ng Pitumpu*

# Paghahangad ng Kaalaman sa Pamamagitan ng Espiritu


*Dapat nating matutuhang makilala ang katotohanan hindi lamang sa pamamagitan ng ating mapangatwirang isipan kundi sa pamamagitan ng napakabanayad at marahang tinig ng Espiritu.*

Mga kapatid, paulit-ulit na sinabi sa atin ng Panginoon na "maghanap ng kaalaman maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya."[1] Makatatanggap tayo ng liwanag at pang-unawa hindi lamang sa pamamagitan ng lohikal na pangangatwiran ng ating isipan kundi sa pamamagitan din ng patnubay at inspirasyon ng Espiritu Santo.

Ang karagdagang pinagkukunang ito ng kaalaman ay hindi palaging bahagi ng buhay ko.

Ako, at ang mahal kong asawang si Irene, ay sumapi sa Simbahan 31 taon na ang nakararaan noong bagong kasal pa lang kami. Kapwa kami lumaki sa Colombia, ngunit ilang buwan matapos kaming ikasal, tumira kami sa Germany dahil sa trabaho ko. Batang-bata pa kami noon at maraming pangarap at inaasam; talagang kapana-panabik at masayang panahon iyon para sa amin.

Habang nakatuon ako sa aking propesyon, nadama ni Irene na makatatanggap kami ng mensahe mula sa



langit, nang hindi nalalaman kung paano o kailan. Kaya nagsimula siyang tumanggap ng lahat ng uri ng ahente ng mga encyclopedia, vacuum cleaner, cookbook, gamit sa kusina, at marami pang iba, palaging naghihintay sa kakaibang mensaheng iyon.

Isang gabi sinabi niya sa akin na dalawang binatang naka-amerikana ang kumatok sa pinto namin at nakadama siya ng napakalinaw na impresyon na patuluyin sila. Sinabi nila na nais nilang kausapin siya tungkol sa Diyos ngunit babalik na lamang kapag nasa bahay na rin ako. Ito na ba ang inaasahang mensahe?

Sinimulan nila kaming dalawin, at sa paggabay nila, nagbasa kami sa mga banal na kasulatan at naunawaan ang kahalagahan ni Jesucristo bilang aming Tagapagligtas at Manunubos. Di nagtagal nanghinayang kami na nabinyagan kami noong mga sanggol pa kami, binyag na hindi isang tipan. Gayunman, ang muling mabinyagan ay mangangahulugan din ng pagiging mga miyembro sa bagong Simbahang ito, kaya kinakailangan talaga naming maunawaan ang lahat tungkol dito.

Pero paano namin malalaman na ang sinasabi sa amin ng mga missionary tungkol sa Aklat ni Mormon, kay Joseph Smith, at sa plano ng kaligtasan ay talagang totoo? Kunsabagay, naunawaan namin mula sa mga salita ng Panginoon na "makikilala [namin] sila sa pamamagitan ng kanilang mga bunga."[2] Kaya, sa napakasistematikong paraan, sinimulan naming siyasatin ang Simbahan sa paghahanap ng mga bungang iyon gamit ang mga mata ng aming mapangatwirang isipan. Ano ang nakita namin? Ang nakita namin ay:

- Palakaibigan at masayahing mga tao at kahanga-hangang mga pamilya na nakauunawa na nilayong makadama tayo ng galak sa buhay na ito at hindi lang paghihirap at pagdurusa.
- Isang simbahan na walang suweldohang ministro ngunit ang mga miyembro mismo ay tumatanggap ng mga tungkulin at responsibilidad.
- Isang simbahan kung saan si Jesucristo at ang mga pamilya ang sentro ng lahat, kung saan nagaayuno ang mga miyembro nang minsan sa isang buwan at nagbibigay ng donasyon para tulungan ang mga maralita at nangangailangan, naghihikayat ng malusog na pamumuhay, nagtuturo sa amin na iwasan ang mga nakasasama sa katawan.

Bukod pa rito:

- Gusto namin ang pagbibigay-diin sa personal na pag-unlad, edukasyon, pagsisikap at self-reliance.
- Nalaman namin ang tungkol sa kahanga-hangang humanitarian program.
- At humanga kami sa mga pangkalahatang kumperensya na may magagandang musika at malalim na espirituwal na mga alituntuning ibinabahagi roon.

Nakikita ang lahat ng ito, wala kaming makitang mali sa Simbahan. Sa halip, gustung-gusto namin ang lahat ng aming nakita. Gayunman, di pa rin kami makapagdesisyon na magpabinyag dahil nais naming malaman muna ang lahat.

Ngunit kahit hindi pa kami nagdedesisyon, matiyaga kaming inihahanda ng Panginoon, hinuhubog Niya kami, at tinutulungan kaming matuklasan na dapat naming matutuhang makilala ang katotohanan di lamang sa pamamagitan ng aming mapangatwirang isipan kundi sa pamamagitan din ng napakabanayad at marahang tinig ng Espiritu, na nangungusap lalo na sa aming puso.



Ang tinig na iyon at ang nadama namin ay dumating isang gabi matapos ang 10 buwang pag-aaral ng ebanghelyo, nang mabasa namin sa Mosias 18: "Yamang kayo ay nagnanais na . . . magpasan ng pasanin ng isa't isa, . . . at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, . . . kung ito ang naisin ng inyong mga puso, ano ang mayroon kayo laban sa pagpapabinyag sa pangalan ng Panginoon?"[3]

Tumimo sa aming puso at kaluluwa ang talatang iyon sa Aklat ni Mormon, at bigla naming nadama at nalaman na wala nang dahilan para hindi magpabinyag. Natanto namin na ang mga naising binanggit sa mga talatang ito ang naisin din ng aming puso at iyon ang talagang mahalaga. Mas mahalaga ito kaysa pagkaunawa sa lahat ng bagay dahil sapat na ang alam namin. Lagi kaming umaasa sa gumagabay na kamay ng mapagmahal na Ama sa Langit at tiwala kami na patuloy Niya kaming gagabayan.

Kaya, noong araw ding iyon, nagtakda kami ng petsa para sa aming binyag, at di nagtagal nabinyagan kami sa wakas!

Ano ang natutuhan namin mula sa karanasang iyon?

Una, nalaman namin na lubos kaming makapagtitiwala sa mapagmahal na Ama sa Langit, na palaging tumutulong sa atin na maging tulad ng alam Niya na kaya nating marating. Napatunayan namin ang malalim na katotohanan ng Kanyang mga salita nang sabihin Niyang, "Magbibigay ako sa mga anak ng tao ng taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon; at pinagpala ang mga yaong nakikinig sa aking mga tuntunin, . . . sapagkat matututo sila ng karunungan; sapagkat siya na tumatanggap ay bibigyan ko pa ng karagdagan."[4]

At pangalawa, natutuhan namin na, bukod sa aming mapangatwirang

isipan, isa pang aspeto ng pagkakaroon ng kaalaman ay makapagbibigay sa amin ng patnubay at pang-unawa. Ito ang banayad at marahang tinig ng Kanyang Banal na Espiritu na nangungusap sa ating puso at sa ating isipan.

Gusto kong ikumpara ang alituntuning ito sa kakayahan nating makakita. Binigyan tayo ng ating Ama sa Langit hindi ng isa kundi dalawang pisikal na mata. Sapat na ang makikita natin sa isang mata lang, ngunit ang pangalawang mata ay nagbibigay ng ibang pananaw. Kapag nagsama sa ating utak ang dalawang pananaw, lumilikha ito ng tatlong dimensiyunal na imahe ng ating paligid.

Gayon din, nabibigyan tayo ng dalawang mapagkukunan ng impormasyon, sa pamamagitan ng ating pisikal at espirituwal na kakayahan. Ang ating isip ay lumilikha ng isang persepsiyon sa pamamagitan ng ating pisikal na mga pandamdam at ng ating pangangatwiran. Ngunit sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo, binigyan din tayo ng Ama ng pangalawang pananaw, na siyang talagang pinakamahalaga at tunay, dahil mula ito sa Kanya. Ngunit dahil ang mga bulong ng Espiritu ay kadalasang napakabanayad, maraming tao ang walang alam sa karagdagang pinagkukunang iyon.

Kapag ang dalawang pananaw na ito ay pinagsama sa ating kaluluwa, isang buong larawan ang nagpapakita sa katunayan ng mga bagay kung ano talaga ang mga ito. Sa katunayan, sa pamamagitan ng karagdagang pananaw ng Espiritu Santo, ang partikular na "mga realidad," na nailalarawan sa pamamagitan ng pang-unawa ng ating isipan, ay maaaring mailantad na mapanlinlang o mali. Alalahanin ang mga salita ni Moroni: "At sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay."[5]

Sa 31 taon ko bilang miyembro ng Simbahan, maraming beses ko nang naranasan na kung aasa lang tayo sa ating mapangatwirang isipan at itatatwa o babalewalain ang espirituwal na pang-unawa na matatanggap natin sa pamamagitan ng mga bulong



at impresyon ng Espiritu Santo, tayo ay parang nabubuhay na isa lang ang mata. Ngunit sa matalinghagang pananalita, talagang binigyan tayo ng dalawang mata. Tanging ang kombinasyon ng dalawang pananaw ang makapagbibigay sa atin ng tunay at kumpletong larawan ng lahat ng katotohanan at ng lahat ng bagay na nararanasan natin sa buhay, gayundin ang buo at malalim na pagkaunawa sa ating identidad at layunin bilang mga anak ng Ama sa Langit na buhay.

Naaalala ko ang itinuro ni Pangulong Nelson sa atin noong isang taon nang sabihin niyang "sa darating na mga araw, hindi magiging posible na espirituwal na makaligtas kung walang patnubay, tagubilin, at [nakapagpapanatag, at palagiang] impluwensya ng Espiritu Santo."[6]

Nalaman ko nang may ganap na katiyakan na:


- Mayroon tayong mapagmahal na Ama sa Langit, at pumayag tayong lahat na pumarito sa lupa bilang bahagi ng isang banal na plano.
- Si Jesus ang Cristo; Siya ay buhay at ang aking Tagapagligtas at Manunubos.
- Si Joseph, isang abang magsasaka, ay tinawag at naging makapangyarihang propeta na nagpasimula nito, ang dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon, kasama ang lahat ng mga susi, kapangyarihan, at awtoridad ng banal na priesthood ng Diyos.
- Ang Aklat ni Mormon ay pangalawang saksi kay Jesucristo, at ang mga pamilya ay nilayong manatiling magkakasama magpakailanman.
- Ang ating Panginoon, si Jesucristo, ang namumuno dito, sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan, sa pamamagitan ng ating buhay na propeta ngayon, na si Pangulong Russell M. Nelson.

Ang mga ito at ang marami pang mahahalagang katotohanan ay naging mahahalagang alituntunin sa espirituwal na tumutulong sa akin na maging nais ng Diyos na kahinatnan ko. At inaasam ko ang maraming bagong katuruan na nais pa Niyang matanggap ko—at ninyo—habang naglalakbay tayo sa magandang buhay na ito at "matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya."

Alam ko na ang mga bagay na ito ay totoo at pinatototohanan ko ang mga ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Doktrina at mga Tipan 109:7; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 88:118.
2. 3 Nephi 14:16.
3. Mosias 18:8–10.
4. 2 Nephi 28:30.
5. Moroni 10:5.
6. Russell M. Nelson, "Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay," *Liahona,* Mayo 2018, 96.



NI ELDER NEIL L. ANDERSEN
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Ang Mata ng Pananampalataya

*Kapag pinipili natin ang gusto lang nating tanggapin sa pagpapahayag, pinalalabo natin ang ating pananaw na pangwalang-hanggan, nag-uukol ng labis na importansya sa nangyayari sa atin dito at ngayon.*

Bago maganap ang pagpapako sa Kanya sa Krus, si Jesus ay dinala sa hukuman upang iharap kay Pilato. "Ikaw baga ang Hari ng mga Judio?" Ang nanunuyang tanong ni Pilato. Sumagot si Jesus: "Ang kaharian ko ay hindi sa sanglibutang ito. . . . Ako [ay] naparito sa sanglibutan, upang bigyang patotoo ang katotohanan. Ang bawa't isang ayon sa katotohanan ay nakikinig ng aking tinig."

Pakutyang itinanong ni Pilato, "Ano ang katotohanan?"[1]

Sa mundo ngayon, ang tanong na "Ano ang katotohanan?" ay maaaring masalimuot sa may sekular na kaisipan.

Ang Google search para sa "Ano ang katotohanan?" ay nagbibigay ng milyun-milyong sagot. Marami pa tayong makukuhang impormasyon sa ating mga cell phone kaysa sa lahat ng silid-aklatan. Nabubuhay tayo sa mundong umaapaw ang impormasyon at opinyon. Ang mga tinig na mapanukso at mapanghalina ay lagi nang nakabuntot sa atin.

Sa gitna ng maligalig na panahon ngayon, hindi nakakapagtaka na maraming tao ang pinaniniwalaan na lamang ang mga salitang binanggit ni Protagoras sa batang Socrates 2,500 taon na ang nakararaan: "Ang totoo para sa iyo," sabi niya, "ay totoo para sa iyo, at ang totoo para sa akin ay totoo para sa akin."[2]



## Katotohanan sa Pamamagitan ng Ipinanumbalik na Ebanghelyo ni Jesucristo

Pinagpala ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, mapagpakumbaba naming ipinapahayag na may ilang bagay na ganap at lubos na totoo. Ang mga walang hanggang katotohanang ito ay angkop sa bawat anak na lalaki at anak na babae ng Diyos.

Itinuturo ng mga banal na kasulatan, "Ang katotohanan ay kaalaman ng mga bagay sa ngayon, at sa nakalipas, at sa mga darating pa."[3] Ang katotohanan ay sumasaklaw sa nakaraan at hinaharap, na pinapalawak ang pananaw ng ating kasalukuyan.

Sinabi ni Jesus, "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay."[4] Ipinapakita sa atin ng katotohanan ang daan tungo sa buhay na walang hanggan, at nangyayari lamang ito sa pamamagitan ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Wala nang ibang paraan.


Itinuturo sa atin ni Jesucristo kung paano mamuhay, at, sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli, ay nag-alok Siya ng kapatawaran mula sa ating mga kasalanan at buhay na walang hanggan sa kabilang-buhay. Ito ay ganap na totoo.

Itinuturo Niya sa atin na hindi mahalaga kung tayo ay mayaman o mahirap, bantog o hindi, sopistikado o simple. Sa halip, ang ating mithiin sa buhay ay palakasin ang ating pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, piliin ang mabuti sa halip na masama, at sundin ang Kanyang mga kautusan. Habang ikinatutuwa natin ang mga inobasyong ito sa siyensya at medisina, ang mga katotohanan ng Diyos ay higit pa sa mga bagong tuklas na ito.

Sa hangad na salungatin ang mga katotohanan ng kawalang-hanggan, may mga panlilinlang na naglilihis sa mga anak ng Diyos mula sa katotohanan. Ang mga argumento ng kaaway ay laging magkakapareho. Pakinggan ninyo ito, na inihayag 2,000 taon na ang nakararaan:

"Hindi ninyo maaaring malaman ang mga bagay na hindi ninyo nakikita. . . . Ang ano mang gawin ng tao ay hindi pagkakasala."

ILLUSTRATIONS BY MICHAEL MURPHY/MMIKE.COM, MAY NOT BE COPIED




*Kapag pinagninilayan natin nang may panalangin ang pagpapahayag sa pamamagitan ng mata ng pananampalataya, mas nauunawaan natin kung paano magandang nagkakaugnay, sinusuportahan ang isa't isa, at inihahayag ng mga alituntunin nito ang plano ng ating Ama para sa Kanyang mga anak.*

"[Hindi kayo pinagpapala ng Diyos, kundi] ang bawat tao ay umuunlad alinsunod sa kanyang [sariling] likas na talino."[5]

"Hindi makatwiran na isang gayong nilikha gaya ni Cristo ay [maging] Anak ng Diyos."[6]

"[Ang pinaniniwalaan ninyo ay mga hangal na kaugalian ng inyong mga ama] at likha ng isang isipang matinding nababalisa."[7] Parang ganito ang naririnig natin ngayon, 'di ba?

Sa Panunumbalik ng ebanghelyo, binigyan tayo ng Diyos ng paraan na matutuhan at malaman ang mahahalagang katotohanang espirituwal: natututuhan natin ito sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, personal na panalangin, sariling karanasan, payo ng mga buhay na propeta at apostol, at sa paggabay ng Espiritu Santo, na makatutulong sa atin para "[malaman] ang katotohanan ng lahat ng bagay."[8]

## Ang Katotohanan ay Sinisiyasat Ayon sa Espiritu

Malalaman natin ang mga bagay ng Diyos kapag espirituwal nating hinangad ang mga ito. Sinabi ni Pablo, "Ang mga bagay ng Diyos ay hindi nakikilala ng sinoman, maliban kung nasa kanya ang Espiritu ng Diyos. . . . Sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu."[9]

Tingnan ninyo ang magandang artwork na ito ni Michael Murphy. Mula sa perspektibong ito, hindi mo aakalaing isa itong malikhaing paglalarawan ng mata ng tao. Ngunit kapag tiningnan mo ang mga tuldok mula sa ibang perspektibo, makikita mo ang napakagandang likha ng isang artist.

Gayundin, nakikita natin ang mga espirituwal na katotohanan sa pamamagitan ng perspektibo ng mata ng pananampalataya. Sinabi ni Pablo: "Ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawa, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu."[10]

Ang mga banal na kasulatan, ating mga panalangin, sariling mga karanasan, mga propeta ngayon, at ang kaloob na Espiritu Santo ay nagbibigay sa atin ng espirituwal na pananaw ng katotohanan sa buhay natin sa mundo.

## Ang Pagpapahayag sa Pamamagitan ng Mata ng Pananampalataya

Tingnan natin ang pagpapahayag tungkol sa pamilya sa pamamagitan ng mata ng pananampalataya.

Ipinakilala ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" sa pahayag na ito: "Sa dami ng maling ideya ng daigdig na nagsasabing iyon ang totoo, sa dami ng panlilinlang hinggil sa mga pamantayan at pinahahalagahan, sa dami ng tukso at pang-aakit na unti-unti ay natatangay kayo, nadama namin na kailangan kayong mabalaan."[11]

Nagsimula ang pagpapahayag sa: "Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa wangis ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at, bilang gayon, bawat isa ay may banal na katangian at tadhana."

Ito ay mga walang-hanggang katotohanan. Hindi tayo nilikha nang nagkataon lamang.

Gustung-gusto ko ang mga salitang ito: "Sa buhay bago pa ang buhay sa mundo, kilala at sinamba ng mga espiritung anak na lalaki at anak na babae ang Diyos bilang kanilang Ama at tinanggap ang Kanyang plano."[12]

Nabuhay tayo bago pa man tayo isinilang. Ang ating indibiduwal na pagkakakilanlan ay bahagi ng ating pagkatao. Sa mga bagay na hindi natin ganap na nauunawaan, ang ating espirituwal na pag-unlad doon ay

nakakaimpluwensiya sa pagkatao natin dito.[13] Tinanggap natin ang plano ng Diyos. Alam natin na makararanas tayo ng paghihirap, pasakit, at kalungkutan sa mundo.[14] Alam din natin na paparito ang Tagapagligtas at kapag pinatunayan nating karapat-dapat ang ating sarili, tayo ay babangon sa Pagkabuhay na Mag-uli, na may "kaluwalhatiang idaragdag sa [ating] mga ulo magpakailanman at walang katapusan."[15]

Tuwirang inilahad sa pagpapahayag: "Ipinahahayag namin na ang paraan ng paglikha ng buhay na mortal ay itinakda ng Diyos. Pinagtitibay namin ang kabanalan ng buhay at ang kahalagahan nito sa walang hanggang plano ng Diyos."

Sa plano ng ating Ama, hinihikayat ang mga mag-asawa na magkaroon ng mga anak at iniuutos sa atin na magsalita upang ipagtanggol ang mga batang hindi pa isinisilang.

## Ang mga Alituntunin ng Pagpapahayag ay Magandang Nagkakaugnay

Kapag pinipili natin ang gusto lang nating tanggapin sa pagpapahayag, pinalalabo natin ang ating pananaw na pangwalang-hanggan, nag-uukol ng labis na importansya sa nangyayari sa atin dito at ngayon. Kapag pinagninilayan natin nang may panalangin ang pagpapahayag sa pamamagitan ng mata ng pananampalataya, mas nauunawaan natin kung paano magandang nagkakaugnay ang mga alituntunin, na naghahayag sa plano ng ating Ama para sa Kanyang mga anak.[16]

Dapat ba nating ipagtaka na kapag ipinapahayag ng mga propeta ng Panginoon ang Kanyang kalooban, ay may mga tao na nag-aalinlangan pa rin? Mangyari pa, may ilang kaagad na sumasalungat sa tinig ng mga propeta,[17] samantalang ang iba naman ay pinagninilayan nang may panalangin ang kanilang matatapat na tanong—mga tanong na masasagot sa pagtitiyaga at nang may mata ng pananampalataya. Kung ang pagpapahayag ay inilahad sa ibang siglo, may mga itatanong pa rin, naiiba nga lamang sa mga itinatanong ngayon. Isang layunin ng mga propeta ay tulungan tayo sa paglutas ng matatapat na tanong.[18]

Bago siya maging Pangulo ng Simbahan, sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson: "Nakikita ng mga propeta ang mangyayari. Nakikita nila ang nakakatakot na mga panganib na inilagay o ilalagay pa ng kaaway sa ating daan. Nakikinita rin ng mga propeta ang magagandang posibilidad at pribilehiyong naghihintay sa mga nakikinig na *may layuning sumunod*."[19]

Pinatototohanan ko ang espirituwal na kapangyarihan ng nagkakaisang tinig ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol.

## Ang Pagsuway ng Mundo

Sa buhay ko, nakita ko ang maraming pagbabago sa mga paniniwala ng mundo tungkol sa maraming alituntuning itinuro sa pagpapahayag. Noong ako ay tinedyer at noong kasisimula ko pa lang sa buhay may-asawa, maraming tao sa mundo ang sumuway sa pamantayan ng Panginoon na tinatawag nating batas ng kalinisang-puri, na nag-uutos na ang seksuwal na relasyon ay dapat lamang mamagitan sa isang lalaki at isang babae na ikinasal. Noong ako ay nasa edad 20s at 30s, marami ang nagbalewala sa sagradong proteksyon para sa mga batang nasa sinapupunan, dahil mas tanggap na ang aborsyon. Sa sumunod pang mga taon, marami ang nagbalewala sa batas ng Diyos na ang kasal ay sagradong pagsasama ng isang lalaki at isang babae.[20]

Ang masaksihan ang maraming tao na sumusuway sa mga itinakda ng Panginoon ay nagpapaalala sa atin noong araw na iyon sa Capernaum nang ihayag ng Panginoon ang Kanyang pagkadiyos, at nakalulungkot na "marami sa kaniyang mga alagad ay . . . hindi na nagsisama sa kaniya."

Pagkatapos ay itinanong ng Tagapagligtas sa Labindalawa: "Ibig baga ninyong magsialis din naman?"

Sumagot si Pedro:

"Panginoon, kanino kami magsisiparoon? Ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan.

"At kami'y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw ang Banal ng Dios."[21]

## Hindi Lahat ay Akma sa Pagpapahayag

Maraming bata at matatanda na tapat at totoo sa ebanghelyo ni Jesucristo, kahit na ang kanilang nararanasan sa kasalukuyan ay hindi akma sa pagpapahayag sa mag-anak: mga anak na napariwara dahil sa diborsyo; mga kabataan na may mga kaibigang kumukutya sa batas ng kalinisang-puri; mga kababaihan at kalalakihan na labis na nasaktan sa kataksilan ng asawa; mag-asawa na hindi magkaanak; mga kababaihan at kalalakihan na may asawa na hindi naniniwala sa ipinanumbalik na ebanghelyo, mga dalaga at binata, na sa iba't ibang kadahilanan, ay hindi nakapag-asawa.

May isang tao na halos 20 taon ko nang kaibigan at lubos kong hinahangaan ang hindi nakapag-asawa dahil naaakit siya sa kaparehong kasarian. Nanatili siyang tapat sa kanyang mga tipan sa templo, pinag-ibayo ang kanyang pagkamalikhain at husay sa propesyon, at marangal na naglingkod sa Simbahan at sa komunidad. Sinabi niya sa akin kamakailan, "Naaawa ako sa mga katulad ko ang sitwasyon ngunit piniling suwayin ang batas ng kalinisang-puri sa mundong aming ginagalawan. Ngunit hindi ba't sinabi sa atin ni Cristo na 'huwag maging makamundo'? Malinaw na ang mga pamantayan ng Diyos ay naiiba sa mga pamantayan ng mundo."

Ang mga batas ng tao ay madalas na kumikilos sa labas ng mga hangganang itinalaga ng mga batas ng Diyos. Para sa mga nagnanais na malugod ang Diyos, tiyak na kakailanganin ang pananampalataya, tiyaga, at sigasig.[22]

Kami ng asawa kong si Kathy ay may kilalang miyembro na dalaga pa, siya ay nasa mid-40s na ngayon, na mahusay sa kanyang propesyon at tapat na naglilingkod sa kanyang ward. Sinunod din niya ang mga batas ng Diyos. Isinulat niya:

"Pinangarap ko ang araw na magkakaasawa at magkakaanak ako. Umaasa pa rin ako. Minsan, dahil sa sitwasyon ko, pakiwari ko ay nakalimutan at nag-iisa na ako, pero sinisikap kong huwag isipin kung ano ang wala ako kundi ang mayroon ako at kung paano ako makakatulong sa iba.

"Ang paglilingkod sa aking mga kamag-anak, sa ward, at sa templo ang nakatulong sa akin. Hindi ako nalimutan o nag-iisa dahil bahagi ako, at tayong lahat ng mas malaking pamilya."

## May Isang Nakakaunawa

Sasabihin ng ilan, "Hindi mo naiintindihan ang sitwasyon ko." Maaaring hindi ko naiintindihan, ngunit pinatototohanan ko na may Isang nakakaunawa.[23] May Isang nakababatid ng inyong mga pasanin, dahil sa sakripisyong ginawa Niya sa halamanan ng Getsemani at sa krus. Kapag hinanap ninyo Siya at sinunod ang Kanyang mga kautusan, ipinapangako ko na pagpapalain Niya kayo at tatanggalin ang mabibigat na pasaning hindi ninyo kakayaning dalhin nang mag-isa. Bibigyan Niya kayo ng mga kaibigang pangwalang hanggan at mga pagkakataong maglingkod. Higit sa lahat, pupuspusin Niya kayo ng makapangyarihang diwa ng Espiritu Santo at ipapaalam sa inyo na Siya ay nalulugod sa inyo. Walang desisyon, walang alternatibo na nagtatatwa sa patnubay ng Espiritu Santo o ng walang hanggang mga pagpapala ang karapat-dapat nating isaalang-alang.

Alam kong buhay ang Tagapagligtas. Pinatototohanan ko na Siya ang pinagmumulan ng lahat ng katotohanan na tunay na mahalaga at Kanyang tutuparin ang lahat ng pagpapalang ipinangako Niya sa mga sumusunod sa Kanyang mga kautusan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**MGA TALA**

1. Juan 18:33, 36–38.
2. William S. Sahakian at Mabel Lewis Sahakian, *Ideas of the Great Philosophers* (1966), 28.
3. Doktrina at mga Tipan 93:24.
4. Juan 14:6.
5. Alma 30:15, 17.
6. Helaman 16:18.
7. Tingnan sa Alma 30:14, 23, 27.
8. Moroni 10:5.
9. Joseph Smith Translation, 1 Corinthians 2:11 [sa 1 Corinthians 2:11, footnote *c*]; 1 Corinthians 2:14.
10. I Mga Taga Corinto 2:14.
11. Gordon B. Hinckley, "Stand Strong against the Wiles of the World," *Ensign,* Nob. 1995, 100. Ipinaliwanag kamakailan ni Pangulong Russell M. Nelson ang ilan sa kasaysayan ng pagpapahayag, na ibinuod ni Sheri Dew sa *Insights from a Prophet's Life: Russell M. Nelson* (2019), 208:

    "Isang araw noong 1994, nag-ukol ng isang araw ang Korum ng Labindalawang Apostol sa silid na kanilang pinagpupulungan sa Salt Lake Temple at tinatalakay ang mga isyung nauugnay sa pamilya. Pinag-usapan nila ang lahat tungkol sa talamak na pornograpiya hanggang sa iba't ibang batas na laban sa pamilya na posibleng ipatupad. Hindi na ito bagong paksa, ngunit nang araw na iyon umikot ang buong agenda sa napakahalagang paksang ito.

    "Nirepaso ng Labindalawa ang doktrina at mga patakaran, isinasaalang-alang ang mga bagay na hindi mababago—doktrina—at ang mga maaaring mabago—mga patakaran. Tinalakay nila ang mga isyu na malamang na lumitaw, kabilang na ang pilit na isinusulong ng lipunan na kasal ng mga taong magkapareho ng kasarian at mga karapatan ng mga transgender. 'Ngunit hindi pa riyan natatapos ang nakinita naming mangyayari,' paliwanag ni Elder Nelson. 'Nakinita namin ang iba't ibang komunidad na pinipilit na tanggalin ang lahat ng pamantayan at limitasyon sa seksuwalidad. Nakinita namin ang kalituhan sa kasarian. Nakinita naming mangyayari ang lahat ng ito.'

    "Ang mahabang talakayang ito, kabilang na ang iba pa sa nakaraang mga araw, ay humantong sa konklusyon na dapat maghanda ang Labindalawa ng dokumento, marahil maging ng pagpapahayag, na bumabalangkas sa pamantayan ng Simbahan ukol sa pamilya at ilahad ito sa Unang Panguluhan para mapag-isipan."
12. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2017, 145.
13. Sinabi ni Pangulong Dallin H. Oaks: "Lahat ng napakaraming tao na isinilang na sa mundong ito ay pinili ang plano ng Ama at ipinaglaban ito. Nakipagtipan din sa Ama ang marami sa atin hinggil sa gagawin natin sa mortalidad. Sa mga paraang hindi pa naihahayag, ang ating mga ginawa sa daigdig ng mga espiritu ay nakakaimpluwensya sa atin sa mortalidad" ("The Great Plan of Happiness," *Ensign,* Nob. 1993, 72).
14. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Katotohanan at ang Plano," *Liahona,* Nob. 2018, 25–28.
15. Abraham 3:26.
16. Sinabi ni Pangulong Dallin H. Oaks:

    "Naniniwala ang mga Banal sa mga Huling Araw na ang pagpapahayag tungkol sa pamilya, na ipinahayag halos dalawampu't limang taon na ang nakararaan at naisalin na ngayon sa maraming wika, ay ang muling pagbibigay-diin ng Panginoon sa mga katotohanan ng ebanghelyo na kinakailangan natin upang mapatatag tayo sa mga hamon sa pamilya sa kasalukuyan. . . .

    "Pinatototohanan ko na ang pagpapahayag tungkol sa pamilya ay isang pahayag ng katotohanan na walang hanggan, ang kalooban ng Panginoon para sa Kanyang mga anak na naghahangad ng buhay na walang hanggan. Naging batayan ito sa pagtuturo at gawain ng Simbahan sa loob ng nakalipas na 22 taon at magpapatuloy sa hinaharap. Pag-isipan ito, ituro ito, ipamuhay ito, at kayo ay pagpapalain sa inyong pagsulong tungo sa buhay na walang hanggan. . . .

    ". . . Naniniwala ako na ang saloobin natin sa pagpapahayag tungkol sa pamilya at ang paggamit nito ay isa sa mga pagsubok na iyon para sa henerasyong ito. Dalangin ko na lahat ng Banal sa mga Huling Araw ay manatiling matatag sa pagsubok na iyan" ("Ang Plano at ang Pagpapahayag," *Liahona,* Nob 2017, 30–31).
17. Sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson: "May mga taong binabansagan tayo na mga panatiko, ngunit ang mga panatiko ay yaong hindi tayo tinutulutang maramdaman ang talagang nadarama natin kundi ang nararamdaman lamang nila. Ang ating pananaw ay batay sa batas ng kalinisang-puri. Ang Sampung Utos ay may bisa pa rin. Hindi ito kailanman pinawalang-saysay. . . . Hindi natin karapatan na baguhin ang mga batas na iniutos ng Diyos" (sa Dew, *Insights from a Prophet's Life,* 212).
18. "Kahit nilulusob ng kaaway ang pamilya sa buong mundo, ang mga katotohanan sa pagpapahayag tungkol sa pamilya ay magpapatibay sa inyo.

“Kayong kahanga-hangang mga kabataan na may marangal na karapatan ng pagkapanganay, dapat ninyong maunawaan ang malawak na kahihinatnan ng pagtatalu-talo ng lipunan ngayon tungkol sa mismong kahulugan ng kasal. Ang pinagdedebatihan sa kasalukuyan ay ang tanong kung puwedeng magpakasal ang dalawang taong pareho ang kasarian. Kung may tanong kayo tungkol sa posisyon ng Simbahan sa bagay na ito o sa anumang mahalagang usapin, mapanalangin itong pag-isipan, pagkatapos ay sundin ang mga mensahe ng propeta sa nalalapit na pangkalahatang kumperensya ng Simbahan sa Oktubre. Ang mga inspiradong mensaheng iyon, dagdag pa ang inspirasyon ng Espiritu Santo, ay maghahatid ng mas lubos at totoong pagkaunawa” (Russell M. Nelson, “Youth of the Noble Birthright: What Will You Choose?” [Church Educational System devotional para sa mga young adult, Set. 6, 2013], broadcasts.ChurchofJesusChrist.org).

19. Russell M. Nelson, “Manindigan Bilang mga Tunay na Isinilang sa Milenyong Ito,” *Liahona,* Okt. 2016, 53.
20. Sinabi ni Pangulong Nelson: “Ang mga pamahalaan ay malakas na naiimpluwensiyahan ng mga kalakaran sa lipunan at pilosopiya ng tao sa kanilang pagsulat, muling pagsulat, at pagpapatupad ng batas. Anuman ang ipatupad ng batas, ang doktrina ng Panginoon hinggil sa kasal at moralidad ay *hindi mababago.* Tandaan: ang kasalanan, kahit gawin itong legal ng tao, ay kasalanan pa rin sa mata ng Diyos!” (“Mga Pagpapasiya para sa Kawalang-hanggan,” *Liahona,* Nob. 2013, 108).
21. Juan 6:66–69.
22. Tingnan sa Alma 32:41–43; Lagi akong namamangha na sa kabanatang ito tungkol sa pagpapalago ng ating pananampalataya, ang kagalingan ng pananampalataya, pagtitiyaga, at pagsisikap ay magkakasamang binanggit sa bawat huling tatlong talata.
23. Tingnan sa Alma 7:12; si Jesucristo ay nagdusa hindi lamang para sa ating mga kasalanan kundi para din sa ating mga kahinaan: “Dadalhin niya sa kanyang sarili ang kamatayan, upang makalag niya ang mga gapos ng kamatayan na gumagapos sa kanyang mga tao; at dadalhin niya ang kanilang mga kahinaan, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, ayon sa laman, upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan.” (Ang mga kasing-kahulugan ng *kahinaan* ay *karamdaman, paghihirap, kakulangan.*) Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:6: “Siya na umakyat sa itaas, na siya ring nagpakababa-baba sa lahat ng bagay, sa gayon kanyang nauunawaan ang lahat ng bagay, upang siya ay mapasalahat at sumasalahat ng bagay, ang liwanag ng katotohanan.”



NI ELDER TAKASHI WADA
*Ng Pitumpu*

# Pagpapakabusog sa mga Salita ni Cristo

*Ang pagpapakabusog sa mga salita ni Cristo ay maaaring mangyari anumang oras at sa anumang pagkakataon, kung ihahanda natin ang ating mga puso.*

Mahal tayo ng ating Ama sa Langit. Naglaan Siya ng perpektong plano para matamasa natin ang Kanyang mga pagpapala. Sa buhay na ito, lahat tayo ay inaanyayahang lumapit kay Cristo at tanggapin ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo sa pamamagitan ng pagpapabinyag, pagtanggap sa kaloob na Espiritu Santo, at tapat na pamumuhay ng ebanghelyo. Inilarawan ni Nephi ang ating matibay na pangakong magpabinyag bilang pagpasok sa “makipot at makitid na landas,” at pinaalalahanan niya tayo na “magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, . . . nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas,” upang matanggap ang lahat ng pagpapalang inilaan ng Ama sa Langit para sa atin (2 Nephi 31:19–20).

Pinaalalahanan pa tayo ni Nephi na kung tayo ay “mag[pa]pakabusog . . . sa mga salita ni Cristo,” ang mga ito ay “magsasabi sa [atin] ng lahat ng bagay



na dapat [nating] gawin" (2 Nephi 32:3) at tayo ay pagkakalooban ng kapangyarihan na madaig ang "nag-aapoy na sibat ng kaaway" (1 Nephi 15:24).

### Ano ang Pagpapakabusog?

Noong bata pa ako, inakala ko na ang pagpapakabusog ay simpleng pagkain lang nang marami na may kanin, sushi, at toyo. Alam ko na ngayon na ang totoong pagpapakabusog ay higit pa sa pagkain ng masarap. Ito ay kagalakan, kalusugan, pagdiriwang, pagbabahagi, pagpapahayag ng pagmamahal sa pamilya at mga mahal sa buhay, pagpapasalamat sa Diyos, at pagpapatibay ng ugnayan habang kumakain ng sagana at napakasarap na pagkain. Naniniwala ako na kapag nagpapakabusog tayo sa mga salita ni Cristo, dapat nating isipin na ganoon din ang ating nararanasan. Ang pagpapakabusog sa mga banal na kasulatan ay hindi pagbabasa lamang nito. Dapat na nagbibigay ito sa atin ng tunay na galak at nagpapatibay ng kaugnayan natin sa Tagapagligtas.

Ito ay malinaw na itinuro sa Aklat ni Mormon. Isipin ninyo ang panaginip ni Lehi nang makakita siya ng isang punungkahoy na "ang bunga ay kanais-nais upang makapagpaligaya sa tao." Ang bungang ito ay kumakatawan sa pag-ibig ng Diyos, at nang tikman ni Lehi ang bunga, "napakatamis nito, higit pa sa lahat ng natikman [na niya]." "Pinuspos nito ang [kanyang] kaluluwa ng labis na kagalakan" at ito ay isang bagay na nais niyang ibahagi sa kanyang pamilya (1 Nephi 8:10–12).

Kapag tayo ay nagpapakabusog, malamang na matanto rin natin na ang dami o uri ng pagkain na mayroon tayo ay hindi mahalaga kung ang ating mga puso ay puno ng pasasalamat. Ang pamilya ni Lehi ay nabuhay na hilaw na karne ang kinakain habang nasa ilang, ngunit inilarawan ni Nephi ang mabigat na pagsubok na ito sa pagsasabing, "Napakalaki ng pagpapala ng Panginoon" kaya "ang aming kababaihan ay . . . malalakas" at nakaya "nilang batahin ang kanilang mga paglalakbay nang walang mga karaingan" (1 Nephi 17:1–2).



Sa pagpapakabusog, kailangan natin kung minsan na sumubok at tumikim. Nagsalita si Alma tungkol sa mabuting binhi na itinatanim sa ating mga puso. Kapag ito ay ating sinubukan, makikita natin na ang binhi ay nagsisimulang "maging masarap" (tingnan sa Alma 32:28–33).

### Pagpapakabusog sa mga Salita ni Cristo

Ang pagpapakabusog sa mga salita ni Cristo ay makapangyarihan at nagpapabago ng buhay. May tatlong partikular na bagay na hinihikayat ko kayong isabuhay.

Una, ang mga salita ni Cristo ay makatutulong sa atin na "dagdagan ang [ating] espirituwal na kakayahan na tumanggap ng paghahayag" (Russell M. Nelson, "Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay," *Liahona,* Mayo 2018, 96) at ligtas na magagabayan tayo sa ating buhay. Itinuro ni Mormon na ang mga salita ni Cristo ay "may lakas na umakay sa mga tao na gawin yaong matwid" at ito ay mas mabisa kaysa anumang magagawa ng "espada" (Alma 31:5). Sa paghangad ko ng karunungan ng Diyos sa pagharap sa mga hamon sa buhay, sa tuwing susubukan ko ang "bisa ng salita ng Diyos" (Alma 31:5), nabibigyan ako ng inspirasyon at kakayahang gumawa ng tamang desisyon, paglabanan ang mga tukso, at punuin ang buhay ko ng ibayong pananampalataya kay Cristo at pagmamahal sa mga nakapaligid sa akin. Itinuro sa atin ng ating propeta, si Russell M. Nelson, na "sa darating na mga araw, hindi magiging posible na espirituwal na makaligtas kung walang patnubay, tagubilin, at nakapagpapanatag [at patuloy] na impluwensya ng Espiritu Santo" ("Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay," 96). Ang kailangang paghahayag ay darating kapag sinubok natin ang "bisa ng salita," at ang salitang iyan ay mas magiging mabisa kaysa anumang ating nasubukan o napagwari.

Pangalawa, kapag hindi natin matiyak ang ating pagkakakilanlan at nagkukulang ng pagpapahalaga sa sarili, ang "kasiya-siyang salita ng Diyos" (Jacob 2:8) sa mga banal na kasulatan ay tutulong sa atin na malaman ang ating tunay na pagkatao at bibigyan tayo ng lakas na higit pa sa taglay natin. Ang mabatid na ako ay anak ng Diyos ay isa sa mga pinakamasayang sandaling naranasan ko. Noong ako ay tinedyer pa, wala akong alam na anuman sa mga turo ng Tagapagligtas. Nang una kong mabasa ang Bagong Tipan, ang mga salita ni Cristo ay tunay na nagpagaling sa aking sugatang kaluluwa. Napagtanto ko na hindi ako nag-iisa at ako ay anak ng Diyos. Nang mabatid ko ang aking tunay na pagkatao sa harapan ng Diyos, naunawaan ko ang aking walang hanggang potensyal sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo.

Ibinahagi rin ni Enos ang kanyang personal na karanasan tungkol sa kaliwanagang nagmumula sa pagninilay sa mga salita ni Cristo. Nang tulutan ni Enos ang mga salitang itinuro ng kanyang ama hinggil sa "buhay na walang hanggan, at ang kagalakan ng mga banal, [na] tumimo nang malalim sa [kanyang] puso," ang kanyang kaluluwa ay "nagutom at [siya] ay lumuhod sa harapan ng [kanyang] Lumikha . . . sa mataimtim na panalangin" (Enos 1:3–4). Sa panalanging iyan nakilala niya ang Tagapagligtas at nalaman na



napakahalaga natin, na minamahal tayo at maaaring mapatawad sa ating mga kasalanan, at tayo ay tunay na mga anak ng Diyos.

Pangatlo, mapapabuti natin ang buhay ng iba sa pamamagitan ng mga salita ni Cristo. Tulad ni Enos na may sariling panahon at lugar kung saan naantig ng mga salita ni Cristo ang kanyang puso, gagawin ng Panginoon ang Kanyang bahagi na antigin ang mga puso ng mga taong nais nating bahaginan ng ebanghelyo. Marami sa atin ang maaaring pinanghinaan ng loob nang sikapin nating anyayahan ang isang tao na pakinggan ang ebanghelyo at hindi nangyari ang resultang inasam natin. Anuman ang kahinatnan, inaanyayahan tayo ng Panginoon na buksan ang ating bibig at ibahagi ang mensahe ng ebanghelyo sa iba.

Dalawang taon na ang nakalipas, inantig ng Panginoon ang puso ng mahal kong ina, na nakatulong para magdesisyon siyang tanggapin ang ordenansa ng binyag. Hinintay kong mangyari ang araw na iyon nang halos 35 taon. Upang magawa niya ang desisyong iyon, maraming miyembro ng Simbahan ang tunay na tumulong sa kanya na tulad ng gagawin ni Cristo. Isang araw ng Linggo, nadama niyang dapat siyang magsimba. Sinunod niya ang pahiwatig. Habang nakaupo sa upuan sa harapan at naghihintay na magsimula ang sacrament service, isang apat-na-taong gulang na batang lalaki ang tumayo sa harapan niya at tiningnan siya. Binati niya ito ng isang ngiti. Mabilis na umalis ang batang lalaki at bumalik sa kanyang upuan, sa kabilang panig na kahilera ng kinauupuan ng aking ina. May kinuha sa upuan niya ang batang ito at bumalik at inabutan ng hymnbook ang aking ina at bumalik na sa kanyang upuan. Napansin ng aking ina na may hymnbook sa mga upuan sa chapel. Madali naman siyang makakakuha ng isang hymnbook sa upuang malapit sa kanya. Gayunpaman, napahanga siya nang lubos sa likas na kabaitan ng batang lalaki, na natutuhan niya sa kanyang tahanan at sa simbahan. Napakagandang sandali iyon para sa kanya. Damang-dama niyang inaanyayahan siya ng Diyos na lumapit at sumunod sa Tagapagligtas. Nadama niyang dapat siyang magpabinyag. Ang batang lalaking iyon ay hindi humingi ng papuri sa kanyang ginawa, kundi ginawa lamang niya ang lahat ng kanyang makakaya upang ipamuhay ang salita ng Diyos at mahalin ang kanyang kapwa. Ang kabaitan niya ang lumikha ng malaking pagbabago sa puso ng aking ina.

Ang mga salita ni Cristo ay malalim na aantig sa mga puso at magmumulat ng mga mata ng mga taong hindi pa nakakakita sa Kanya. Sa daan patungong Emaus, dalawang disipulo ang lumakad na kasama si Jesus. Malungkot sila at hindi nalalaman na napagtagumpayan ng Tagapagligtas ang kamatayan. Sa kanilang kalungkutan, hindi nila natanto na kasama nila sa paglalakad ang buhay na Cristo. Bagamat "ipinaaninaw [ni Jesus] sa kanila ang mga bagay tungkol sa kaniya sa lahat ng mga kasulatan," hindi pa rin nila Siya nakilala bilang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas hanggang sa magsiupo sila at pagpira-pirasuhin nila ang tinapay kasama Niya. Kasunod nito namulat ang kanilang "mga mata." Kapag tayo—o ang ating mga kaibigan, kasamahan, at kapitbahay—ay nagpakabusog at nagpira-piraso ng tinapay kasama Niya, ang mga mata ng ating pang-unawa ay mabubuksan. Nang pagnilayan ng mga disipulo sa Emaus ang oras na kasama nila ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas, sinabi nilang nag-alab ang kanilang puso sa kaibuturan nang buklatin Niya sa kanila ang mga banal na kasulatan (tingnan sa Lucas 24:27–32). Ito ay totoo para sa ating lahat.

### Katapusan

Bilang pagtatapos, pinatototohanan ko na ang pagpapakabusog sa mga salita ni Cristo ay maaaring mangyari anumang oras at sa anumang pagkakataon kung ihahanda natin ang ating mga puso na tanggapin ang mga ito. Ang pagpapakabusog sa mga salita ni Cristo ay magdudulot ng paghahayag na magpapalakas, titiyak ng ating tunay na pagkakakilanlan at halaga sa Diyos bilang Kanyang anak, at aakayin ang ating mga kaibigan kay Cristo at sa buhay na walang hanggan. Gusto kong magtapos sa muling pagbanggit sa paanyaya ni Nephi nang sabihin niya: "Kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. Samakatwid, kung kayo ay magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan" (2 Nephi 31:20). Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



NI ELDER DAVID P. HOMER
*Ng Pitumpu*

# Pakikinig sa Kanyang Tinig

*Sa mundo na may napakaraming nagpapaligsahang mga tinig, ginawang posible ng ating Ama sa Langit na mapakinggan at masunod natin ang Kanyang tinig.*

Kaninang umaga, may ibinigay na maikling sulat sa aking asawa ang kanyang kapatid na lalaki na isulat niya [ng aking asawa] maraming taon na ang nakararaan para sa kanyang ina. Nang panahong iyon, maliit pa si Sister Homer. Ito ang mababasa sa isang bahagi ng kanyang sulat, "Mahal Kong Inay, sorry po dahil hindi po ako nagbahagi ng patotoo ngayon—pero mahal ko po kayo." Nang mananghalian kami, naisip ko na nakakatuwang bagay iyon. Kaya't naupo ako, at sumulat nang ganito, "Mahal Kong Pangulong Nelson, sorry po dahil hindi po ako nagbigay ng mensahe ngayon—pero mahal ko po kayo." Sa paanuman may hindi tama roon. Kaya't narito kami, at masaya ako na idagdag ang aking mga salita sa mga nagsalita sa sesyon na ito ngayon.

Maraming taon na ang nakalipas, bumiyahe ako sakay ng isang maliit na eroplano na pinalilipad ng bagong piloto. Nang nakarating na kami sa destinasyon namin, pinayagan na kaming lumapag. Ngunit nang malapit na kami sa ibaba, narinig ko ang alarma sa cockpit na nagbibigay ng babala sa piloto na "pumaitaas." Tumingin ang piloto sa mas bihasang copilot, na itinuro ang ibaba, palayo sa runway, at nagsabing, "Ngayon na!"

Mabilis na kumaliwa pababa ang eroplano namin, pagkatapos ay bumalik sa tamang altitude, humanda na muling lumapag, at nakarating nang ligtas sa aming destinasyon. Kalaunan nalaman ko na isa pang eroplano ang pinayagang mag-take off. Kung sinunod namin ang instruksyon ng alarma, malamang na pumihit kami palapit, sa halip na palihis, sa paparating na eroplano. Ang karanasang ito ay nagturo sa akin ng dalawang mahalagang aral: Una, sa mga kritikal na sandali ng ating buhay, makakarinig tayo ng maraming tinig na nagpapaligsahan para maagaw ang ating atensyon. At pangalawa, mahalagang makinig sa tama.

### Mga Tinig na Nagpapaligsahan

Nabubuhay tayo sa mundo na maraming tinig ang naghahangad ng ating atensyon. Sa lahat ng mga nagbabagang balita, tweet, blog, podcast, at mapanghikayat na payo mula kay Alexa, Siri, at iba pa, mahirap para sa atin na malaman kung aling tinig ang paniniwalaan natin. Kung minsan humihingi tayo ng payo sa maraming tao, dahil iniisip natin na ang nakararami ang pinakamahusay na mapagkukunan ng katotohanan. Kung minsan tayo ay "[n]angagaalinlangan sa dalawang isipan,"[1] pinipili na "hindi [maging] malamig o mainit man."[2] Kung minsan din, sinusunod natin kung alin ang mas madaling sundin, nagtutuon sa iisang tinig o bagay para magabayan tayo, o umaasa lamang sa ating kakayahang mag-isip.

Bagama't makatutulong ang mga pamamaraang ito, natututuhan natin batay sa karanasan na hindi laging maaasahan ang mga ito. Ang popular ay hindi laging pinakamainam. Ang mag-alinlangan sa dalawang opinyon ay walang patutunguhan. Ang paggawa





ng bagay na hindi pinaghirapan ay bihirang humantong sa mga bagay na may kabuluhan. Ang pagtutuon sa iisang tinig o iisang bagay ay maglilimita sa kakayahan nating makaunawa. At ang pag-asa lamang sa sarili nating opinyon ay mag-uudyok sa atin na umasa na lamang sa gusto nating isipin. Kung hindi tayo maingat, maililihis tayo ng mga maling tinig mula sa ebanghelyo at dadalhin tayo sa sitwasyong mahihirapan tayong manatiling tapat, at halos kahungkagan, kapaitan, at kawalang-kasiyahan ang ating matatagpuan.

## Pakikinig sa Maling Tinig

Hayaan ninyong ipakita ko ang ibig kong sabihin sa pamamagitan ng paggamit ng analohiya at halimbawa mula sa mga banal na kasulatan. Ang karaniwang tawag ng mga umaakyat ng bundok sa altitude na lampas sa 8,000 metro ay "death zone" dahil sa ganoong taas, walang sapat na oxygen para manatiling buhay. May espirituwal na katumbas ang death zone. Kung nakababad tayo sa mga lugar na nakapagpapahina ng pananampalataya, inaalisan tayo ng espirituwal na oxygen ng mga tinig na tila maganda naman ang intensyon.

Sa Aklat ni Mormon, mababasa natin ang tungkol kay Korihor na nakaranas ng gayon. Nagtamasa siya ng katanyagan dahil ang mga turo niya ay "kasiya-siya [sa] makamundong isipan."[3] Sinabi niya na ang mga magulang at propeta ay nagtuturo ng mga hangal na kaugalian na pumipigil sa kalayaan at nagpapatindi ng kamangmangan.[4] Iginiit niya na dapat malayang gawin ng mga tao ang anumang gusto nilang gawin dahil ang mga kautusan ay ginawa para lamang higpitan tayo.[5] Para sa kanya, ang paniniwala sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay "likha ng isang isipang matinding nababalisa," na nilikha ng paniniwala sa isang nilalang na hindi totoo dahil hindi naman Siya nakikita.[6]

Labis na nakaligalig si Korihor kaya siya ay dinala sa harapan ng punong hukom at mataas na saserdote. Doon ay nagsalita siya sa "lumalakas na pananalita," binabatikos ang mga namumuno at humihingi ng palatandaan. Ibinigay ang palatandaan. Siya ay ginawang pipi upang hindi na makapagsalita. Natanto ni Korihor na nalinlang siya, at iniisip ang mga katotohanang tinalikdan niya, ay naghihinagpis na nagsabing "noon pa'y nalalaman ko na."[7]

Si Korihor ay nanlimos para may makain hanggang sa siya ay niyapakyapakan ng isang pangkat ng mga Zoramita hanggang sa siya ay mamatay.[8] Ang huling talata sa kanyang kuwento ay naglalaman ng malungkot na paglalarawan: "At sa gayon nakikita nating hindi itataguyod ng diyablo ang kanyang mga anak sa huling araw, kundi kaagad silang hihilahing pababa sa impiyerno."[9]

## Ang Tamang Tinig

Dahil nais ng ating Ama sa Langit ang mas makabubuti sa atin, ginawa Niyang posible na marinig natin ang Kanyang tinig. Kadalasan, naririnig natin Siya sa pamamagitan ng mga impresyon na mula sa Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ang ikatlong miyembro ng Panguluhang Diyos. Siya ay sumasaksi sa Ama at sa Anak,[10] ipinadala upang "[mag]turo sa [atin] ng lahat ng mga bagay,"[11] at "magbibigay-alam sa [atin] ng lahat ng bagay na nararapat [nating] gawin."[12]

Ang Espiritu ay nangungusap sa iba't ibang tao sa iba't ibang paraan, at maaaring mangusap Siya sa iisang tao sa iba't ibang paraan sa iba't ibang pagkakataon. Dahil diyan, ang matutuhan ang maraming paraan ng pakikipag-usap Niya sa atin ay panghabambuhay na gawain. Kung minsan, Siya ay nangungusap sa ating "isipan at sa [ating] puso"[13] sa tinig na banayad ngunit makapangyarihan, tumitimo "sa kanila na nakaririnig hanggang sa kaibuturan."[14] Sa ibang pagkakataon, ang Kanyang mga impresyon

ay “sumasaklaw sa [ating mga] isipan” o “tumitimo . . . sa [ating] damdamin.”[15] Sa ibang pagkakataon, ang ating mga dibdib ay “[mag-aalab].”[16] Sa iba pa ring pagkakataon, Kanyang pinupuno ng galak ang ating mga puso, binibigyang-liwanag ang ating mga isipan,[17] o nangungusap ng kapayapaan sa ating mga balisang puso.[18]

## Paghahanap sa Kanyang Tinig

Mahahanap natin ang tinig ng ating Ama sa maraming lugar. Mahahanap natin ito kapag nagdarasal tayo, nag-aaral ng mga banal na kasulatan, nagsisimba, nakikibahagi sa mga talakayan tungkol sa ebanghelyo, o pumupunta sa templo. Tiyak na mahahanap natin ito sa mismong linggong ito ng kumperensya.

Ngayon ay sinang-ayunan natin ang 15 kalalakihan bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Ang kanilang espirituwalidad at karanasan ay nagbibigay sa kanila ng natatanging pananaw na lubha nating kailangan. Ang kanilang mga mensahe ay madaling hanapin at binigkas nang napakalinaw. Sinasabi nila sa atin ang nais ng Diyos na malaman natin, tanggap man ito ng nakararami o hindi.[19]

Ang hanapin ang Kanyang tinig sa alinman sa mga lugar na ito ay mabuti, ngunit ang hanapin ito sa marami sa mga ito ay higit na mainam. At kapag ito ay narinig natin, kailangang sundin natin ang patnubay na ibinigay. Sinabi ni Apostol Santiago, “Maging tagatupad kayo ng salita, at huwag tagapakinig lamang.”[20] At minsan ay itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson: “Nagmamasid tayo. Naghihintay tayo. Pinakikinggan natin ang marahan at banayad na tinig na yaon. Kapag ito ay nangusap, ang matatalinong lalaki at babae ay nagsisisunod.”[21]

## Kapag Matagal Dumating ang Sagot

Noong nagsisimula pa lang ako sa aking propesyon, kami ni Sister Homer ay inalok ng pagbabago ng assignment sa trabaho. Nang panahong iyon, tila *napakalaking* desisyon nito sa amin. Pinag-aralan, ipinag-ayuno, at ipinagdasal namin ito, ngunit matagal dumating ang sagot. Sa huli, nagdesisyon kami at isinagawa iyon. Nang ginawa namin iyon, napanatag kami at natanto kalaunan na isa ito sa mga pinakamagandang desisyong ginawa namin.

Dahil diyan, nalaman naming matagal kung minsan dumating ang mga sagot. Maaaring nangyayari ito dahil hindi pa tama ang panahon, dahil hindi kailangan ang sagot, o dahil tiwala ang Diyos na kaya nating magdesisyon. Itinuro minsan ni Elder Richard G. Scott na dapat nating pasalamatan ang gayong mga pagkakataon at ipinangako ito: “Kapag namumuhay kayo nang marapat at ang inyong pasiya ay naaayon sa mga turo ng Tagapagligtas at kailangan ninyong kumilos, magpatuloy nang may tiwala. . . . Hindi hahayaan ng Diyos na magpatuloy pa kayo nang hindi nababalaan kung mali ang inyong desisyon.”[22]

## Kailangan Tayong Pumili

At dahil diyan, kailangan nating pagpasiyahan kung alin sa lahat ng magkakaibang tinig ang susundin natin. Susundin ba natin ang di-mapagkakatiwalaang tinig na iginigiit ng mundo, o gagawin ba natin ang nararapat upang magabayan ng tinig ng Ama sa lahat ng ating desisyon at maprotektahan tayo sa panganib? Kapag lalo nating masigasig na hinahanap ang Kanyang tinig, mas madali nating maririnig ito. Ito ay hindi dahil mas lumakas ang Kanyang tinig kundi dahil nadagdagan ang kakayahan nating marinig ito. Ipinangako ng Tagapagligtas na kung tayo ay “[m]akikinig sa [Kanyang] mga tuntunin, at ipa[hi]hiram ang tainga sa [Kanyang] mga payo,” Siya ay “[magbibigay] pa [sa atin] ng karagdagan.”[23] Pinatototohanan ko na totoo ang pangakong ito—para sa bawat isa sa atin.

Halos isang taon na ngayon ang nakalipas, namatay ang kuya ko sa isang malagim na aksidente sa sasakyan. Ang kabataan ni John ay puno ng oportunidad at tagumpay. Ngunit habang lumalaki, nagkaroon siya ng matinding karamdaman na ipinagdusa niya nang labis sa buhay. Bagama't hindi nangyari sa buhay na ito ang paggaling na inasam niya, nanatiling matatag si John sa kanyang pananampalataya, determinadong magtiis, hangga't makakaya niya, hanggang sa huling sandali.

Ngayon, alam kong hindi perpekto si John, ngunit iniisip ko kung ano kaya ang nagbigay sa kanya ng gayong kakayahang magtiis. Maraming tinig ang nag-udyok sa kanya na maghinanakit, ngunit pinili niyang huwag makinig. Sa halip, sinikap niyang isalig ang kanyang buhay sa ebanghelyo. Namuhay siya ayon dito, dahil alam niyang maririnig niya ang tinig ng kanyang Panginoon doon; namuhay siya ayon dito, dahil alam niyang sa paraang iyon siya matuturuan.

## Katapusan

Mga kapatid, sa mundo na may napakaraming tinig na nagpapaligsahan, pinatototohanan ko na ginawang posible ng ating Ama sa Langit na mapakinggan at masunod natin ang Kanyang tinig. Kung tayo ay masigasig, ibibigay Niya at ng Kanyang Anak ang patnubay na hinahangad natin, ang lakas na kailangan natin, at ang kaligayahang inaasam nating lahat. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

### MGA TALA

1. I Mga Hari 18:21.
2. Tingnan sa Apocalipsis 3:15–16.
3. Alma 30:53; tingnan din sa Alma 30:18.
4. Tingnan sa Alma 30:14, 23–24, 27.
5. Tingnan sa Alma 30:17, 23, 27.
6. Alma 30:16; tingnan din sa Alma 30:13, 15, 26, 28.
7. Alma 30:31, 52; tingnan din sa Alma 30:23, 28, 43, 50, 53.
8. Tingnan sa Alma 30:56, 58–59.
9. Alma 30:60.
10. Tingnan sa 2 Nephi 31:18.
11. Juan 14:26.
12. 2 Nephi 32:5; tingnan din sa 2 Nephi 32:1–4.
13. Doktrina at mga Tipan 8:2.
14. 3 Nephi 11:3.
15. Doktrina at mga Tipan 128:1.
16. Doktrina at mga Tipan 9:8.
17. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:14–15; 11:13.
18. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:22–23.
19. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:38.
20. Santiago 1:22.
21. Thomas S. Monson, “The Spirit Giveth Life,” *Liahona,* Hunyo 1997, 4.
22. Richard G. Scott, “Paggamit sa Kaloob ng Langit na Panalangin,” *Liahona,* Mayo 2007, 10.
23. 2 Nephi 28:30.



NI ELDER JEFFREY R. HOLLAND
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Narito, ang Cordero ng Dios

*Ang ating binagong iskedyul ng Sunday service ay nagbibigay-diin sa sakramento ng Hapunan ng Panginoon bilang sagrado, namumukod-tangi, at itinuturing na sentro ng ating pagsamba tuwing Linggo.*

Kuntento na ako hanggang sa makita ko ang mga luha sa mga mata ng mga kabataang iyon sa korong ito. Ang mga luhang iyon ay mas mahusay na sermon kaysa sa maibibigay ko.

Habang nasa tubig at hindi nakatingin sa mga taong sabik na magpabinyag sa kanya, nakita ni Juan, na tinatawag na Bautista, mula sa malayo ang kanyang pinsan, si Jesus ng Nazaret, na palapit sa kanya upang magpabinyag din. Sa tinig na mahina at mapitagan ngunit sapat para marinig ng mga nasa malapit, sinambit ni Juan nang buong paggalang ang mga katagang umaantig pa rin sa atin dalawang milenyo na ang nakararaan: "Narito, ang Cordero ng Dios."[1]

Nalaman natin na ang taong ito na matagal nang ipinropesiyang magiging tagapagpauna kay Jesus ay hindi Siya tinawag na "Jehova" o "Tagapagligtas" o "Manunubos" o kaya'y "ang Anak ng Diyos"—na pawang angkop na mga titulo. Bagkus, pinili ni Juan ang imahe na sinauna at marahil karaniwang kilala ng kanyang mga tao sa tradisyunal na pagsamba. Ginamit niya ang imahe ng iniaalay na kordero bilang pagbabayad-sala para sa mga kasalanan at pagdurusa ng makasalanang mundo at lahat ng makasalanang tao sa mundong ito.

Hayaan ninyong gunitain ko nang bahagya ang kasaysayang iyan.

Matapos paalisin sa Halamanan ng Eden, inasahan na nina Adan at Eva ang mapanganib na hinaharap. Dahil binuksan nila ang pintuan ng mortalidad at temporal na buhay sa atin, isinara nila ang pinto ng imortalidad at buhay na walang hanggan sa kanilang sarili mismo. Dahil sa paglabag na kusa nilang pinili alang-alang sa atin, daranasin na nila ang pisikal na kamatayan at espirituwal na pagkataboy, pagkawalay mula sa presensya ng Diyos magpakailanman.[2] Ano ang gagawin nila? May solusyon ba para makaligtas sa kalagayang ito? Hindi natin tiyak kung gaano karami ang itinulot na maalala ng dalawang ito sa mga tagubiling natanggap nila habang nasa halamanan, ngunit *totoong* naalala nila na kailangan silang palaging mag-alay sa Diyos ng hain na dalisay, isang kordero na walang kapintasan, ang panganay na lalaki na isinilang sa kanilang kawan.[3]

Kalaunan ipinaliwanag sa kanila ng isang anghel na ang sakripisyong ito ay kahalintulad, isang simbolo ng pag-aalay na gagawin para sa kanila ng Tagapagligtas ng daigdig na paparito. "Ang bagay na ito ay kahalintulad ng sakripisyo ng Bugtong na Anak ng Ama," ang sabi ng anghel. "Kaya nga, . . . ikaw ay magsisi at manawagan sa Diyos sa pangalan ng Anak magpakailanman."[4] Sa kabutihang-palad, may solusyon para makatakas sa parusa at matanggap ang kadakilaan.

Sa premortal na mga kapulungan sa langit, sina Adan at Eva (at lahat tayo) ay pinangakuan na may tulong



na darating mula sa Kanyang dalisay, walang kapintasang Panganay na Anak, ang Kordero ng Diyos na "pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan,"[5] tulad ng gagawing paglalarawan sa Kanya ni Apostol Juan. Sa pamamagitan ng pag-aalay nila ng munting kordero bilang simbolo sa mortalidad, ipinahayag nina Adan at ng kanyang angkan ang pagkaunawa at pag-asa nila sa nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesus ang Pinahiran.[6] Kalaunan, ang tabernakulo sa ilang ang paggaganapan ng ordenansang ito at, kasunod niyan, ang templo na itatayo ni Solomon.

Sa kasamaang-palad, bilang simbolo ng tunay na pagsisisi at tapat na pamumuhay, ang ritwal na pag-aalay na ito ng kanilang munting mga korderong walang kapintasan ay hindi naging gaanong matagumpay, na makikita sa maraming bahagi ng Lumang Tipan. Ang determinasyong magpakabuti na dapat kaakibat ng mga sakripisyong iyon ay hindi nagtatagal kung minsan. Gayunman, hindi ito sapat na nagtagal para naiwasan sana ang pagpatay sa sariling kapatid, ang pagpatay ni Cain sa kapatid niyang si Abel sa unang salinlahi.[7]

Sa gayong pagsubok at ligalig na naganap nang daan-daang taon, hindi nakapagtataka na masayang nagsiawit ang mga anghel sa langit nang, sa wakas, ay isinilang si Jesus—ang Mesiyas mismo na matagal nang ipinangakong darating. Kasunod ng Kanyang maikling ministeryo sa mundo, ang pinakadalisay na ito sa lahat ng tupa ng Paskua ay inihanda ang Kanyang mga disipulo para sa Kanyang kamatayan sa pagpapasimula ng sakramento ng Hapunan ng Panginoon, na mas personal na uri ng ordenansa na pinasimulan sa labas ng Eden. Magkakaroon pa rin ng paghahandog, kapapalooban pa rin ito ng sakripisyo, ngunit ito ay magiging simbolismo na mas malalim, mas mapagninilayan at personal kaysa sa pagkitil ng panganay na kordero. Sa mga Nephita, matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, ganito ang sinabi ng Tagapagligtas tungkol dito:

"Hindi na kayo mag-aalay pa sa akin ng pagbubuhos ng dugo. . . .



". . . Mag-aalay kayo bilang pinakahain sa akin ng isang bagbag na puso at nagsisising espiritu. At sinuman ang lalapit sa akin nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, siya ay bibinyagan ko ng apoy at ng Espiritu Santo. . . .

". . . Kaya nga magsisi, . . . at maligtas."[8]

Mahal kong mga kapatid, sa pagbibigay-diin sa ibayong pag-aaral ng ebanghelyo sa tahanan, mahalagang maalala natin na iniuutos pa rin sa atin na "magtungo sa [dalanginan] at ihandog ang inyong sakramento sa aking banal na araw."[9] Maliban pa sa paglalaan ng oras para magawang sentro ang tahanan sa pag-aaral ng ebanghelyo, ang ating binagong iskedyul sa araw ng Linggo ay makakabawas din sa pagiging komplikado ng iskedyul ng mga pulong sa paraang mas mabibigyang-diin ang sakramento ng Hapunan ng Panginoon bilang sagrado, namumukod-tangi, at sentro ng ating pagsamba tuwing Linggo. Dapat nating alalahanin sa personal na paraan hangga't maaari na si Cristo ay namatay mula sa pusong binagbag dahil sa mag-isang pagpapasan ng mga kasalanan at hinagpis at pagdurusa ng sangkatauhan.

Dahil isa tayo sa nagdulot sa napakasidhing pasakit na iyon, ang gayong sandali'y nangangailangan ng ating paggalang. Kaya, hinihikayat namin kayong dumating nang maaga at mapitagan sa ating sacrament service, nakadamit nang angkop para makibahagi sa sagradong ordenansa. Ang katagang "Sunday best" ay bahagyang nawalan ng kahulugan sa ating panahon, at bilang pagpapahalaga sa Kanya na dahilan kung bakit tayo naroroon, dapat lamang ibalik natin ang tradisyong iyon na pagbibihis ng angkop na damit pangsimba at pag-aayos hangga't makakaya natin.

Tungkol naman sa pagdating sa oras, mapagmahal nating uunawain mahuli man ng dating ang mabubuting inang iyon na kahit hirap na inaakay ang mga anak, at may mga baong pagkain at diaper bag, ay nagawa pa ring makarating sa simbahan. Bukod pa riyan, may iba naman na di maiwasang hanapin ang kanilang baka na nahulog sa putikan sa umaga ng Sabbath. Gayunman, sa huling pangkat na ito mauunawaan natin kung mahuli sila ng dating *paminsan-minsan,* pero kung ang baka ay laging nahuhulog sa putikan *tuwing* Linggo, ipinapayo namin na ipagbili na lang ang baka o tabunan ang putikan.

Gayundin, nakikiusap kami bilang apostol na bawasan ang ingay sa santuwaryo ng ating mga gusali. Gusto nating mag-usap-usap, at dapat lang naman—isa iyon sa masasayang bahagi ng pagsisimba—ngunit *hindi* ito dapat napakalakas sa lugar na partikular na inilaan sa pagsamba. Nangangamba



ako na baka ang mga taong bumibisita na hindi natin ka-relihiyon ay hindi matuwa sa ingay at kawalang pagpipitagan sa lugar na dapat sanang kakitaan ng panalangin, patotoo, paghahayag, at kapayapaan. Marahil ay hindi rin matutuwa ang langit.

Makadaragdag sa diwa ng pagpipitagan sa ating sacrament meeting kung ang mga nangungulo ay nasa harapan na bago magsimula ang sacrament meeting, nakikinig sa prelude music at mapitagang nagpapakita ng halimbawa na dapat nating tularan. Kung may nagdadaldalan sa harapan, huwag na tayong magtaka kung may nagdadaldalan sa kongregasyon. Natutuwa kami sa mga bishopric na hindi na isinasama ang mga announcement na nakakabawas sa diwa ng ating pagsamba. Ako mismo, ay hindi ko maiisip na ang isang saserdote na tulad ni Zacarias—habang naroon sa sinaunang templo ng Panginoon, at makikibahagi sa kaisa-isa at tanging pribilehiyo na darating sa buong buhay niya bilang saserdote—ay titigil sa harap ng altar para ipaalala sa atin na anim na linggo na lang at tapos na ang pagpaparehistro.


Mga kapatid, ang oras na ito na inordenan ng Panginoon ay pinakasagradong oras ng buong linggo natin. Bilang kautusan, nagtitipon tayo para sa ordenansang tinatanggap ng lahat ng miyembro ng Simbahan. Ito ay bilang pag-alaala sa Kanya na humiling na kung maaari ay ilayo sa Kanya ang saro na Kanyang iinumin, gayunpaman nagpatuloy Siya sapagka't alam Niya na para sa *ating* kapakanan *hindi* ito maaaring ilayo. Makatutulong sa atin kung aalalahanin natin na ang sagisag ng sarong iyon ay unti-unting inilalapit sa atin ng kamay ng 11 o 12 taong gulang na deacon.

Kapag dumating na ang sagradong sandali para ialay ang ating handog sa Panginoon, may mga kasalanan at pagkakamali tayong kailangang pagsisihan; kaya tayo naroon. Ngunit maaaring mas magbunga ng mabuti ang gayong pagsisisi kung aalalahanin natin ang ibang mga bagbag na puso at nagdurusang espiritu na nakapaligid sa atin. Nakaupo nang di-kalayuan sa atin ang mga tao na maaaring tumatangis—nang hayagan o nasasaloob lamang—sa buong pag-awit ng himno ng sakramento at mga panalangin ng mga priest na iyon. Maaari bang ialay natin ang ating kapirasong tinapay ng kapanatagan at ang ating maliit na saro ng kahabagan sa kanila—maaari bang ilaan natin ang mga ito sa kanila? o sa tumatangis at nababalisang miyembro na *hindi* nakapagsimba, at kung hindi natin sasagipin, ay hindi pa rin makakarating sa susunod na linggo? o sa ating mga kapatid na hindi mga miyembro ng Simbahan ngunit *tunay* na mga kapatid natin? Hindi mawawalan ng pagdurusa sa mundong ito, sa loob at labas ng Simbahan, kaya tumingin kayo sa lahat ng dako at makakakita kayo ng taong may pasakit na tila napakahirap pasanin at dalamhati na tila walang katapusan. Isang paraan upang "lagi siyang aalalahanin"[10] ay ang samahan ang Dalubhasang Manggagamot sa Kanyang walang katapusang gawain na pagtulong sa may mga pasanin at ibsan ang pasakit ng mga namimighati.

Mga minamahal kong kaibigan, sa bawat linggo na nagkakaisa tayong nagtitipon sa iba't ibang panig ng mundo, umaasam sa ibayong banal na pagpapahalaga sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Bugtong na Anak ng Diyos, nawa'y dalhin natin *sa* hapag ng sakramento ang "Kanyang dinanas [na] luha at dusa." At pagkatapos, sa ating pagninilay-nilay, pagdarasal, at pagpapanibago ng tipan, nawa *mula sa* sagradong sandaling iyon ay madama natin ang "[higit pang pagtitiis sa pagdurusa, . . . higit pang pasasalamat sa kapanatagan]."[11] Sa gayong pagtitiis at kapanatagan, sa gayong kabanalan at pag-asa, nananalangin ako para sa inyong lahat sa pangalan Niya na unang nagpira-piraso ng tinapay ng kapatawaran at nagbuhos ng sagradong alak ng kaligtasan, maging si Jesucristo, ang natatangi, maawain, at banal na Kordero ng Diyos, amen. ■

**MGA TALA**

1. Juan 1:29.
2. Tingnan sa 2 Nephi 9:8–9.
3. Tingnan sa Moises 5:5; tingnan din sa Exodo 12:3–10.
4. Moises 5:7–8; tingnan din sa Moises 5:9.
5. Apocalipsis 13:8.
6. Tingnan sa Bible Dictionary, "Anointed One"; tingnan din sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pinahiran, Ang," scriptures.ChurchofJesusChrist.org.
7. Ang kakatwa rito, ang pagpatay ni Cain kay Abel, na gawang inudyukan ni Satanas, ay maaaring may kinalaman sa naramdamang galit ni Cain nang hindi tanggapin ng Panginoon ang kanyang hinandog na alay gayong tinanggap ang kay Abel.
   "Ang Diyos . . . ay naghanda ng isang sakripisyo sa pagkakaloob ng Kanyang sariling Anak, [na] . . . [magbubukas ng] pintuan kung saan maaaring pumasok ang tao tungo sa kinaroroonan ng Panginoon. . . .
   "Sa pamamagitan ng pananampalataya sa pagbabayad-sala o plano ng pagtubos na ito, si Abel ay nag-alay sa Diyos ng isang hain na tinanggap, na mga panganay ng kawan. Inalay ni Cain ang bunga ng lupa, at hindi ito tinanggap. . . . [Ang kanyang hain ay kailangang kapalooban ng] pagbuhos ng dugo" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 56; tingnan din sa 124–26).
8. 3 Nephi 9:19–20, 22.
9. Doktrina at mga Tipan 59:9.
10. Moroni 4:3; 5:2.
11. "Kabanalang Lalo, Aking Kahilingan," *Mga Himno,* blg. 80.





NI ELDER GARY E. STEVENSON
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Ang Inyong Priesthood Playbook

*Gumawa ng sarili ninyong playbook tungkol sa paraan kung paano ninyo mapapatunayan na kayo ay isang disipulo ni Cristo.*

Noong nakaraang Disyembre, naglabas ng pahayag ang Unang Panguluhan na nagpapabatid na ang mga 11-taong-gulang na batang lalaki ay "magsisimula nang dumalo sa . . . mga korum ng Aaronic Priesthood . . . simula sa Enero ng taong tutuntong sila sa edad na 12."[1]

Bunga nito, sa mga unang buwan ng taong ito, may mga nagulat na 11-taong-gulang na inakala na mananatili pa rin sila sa Primary hanggang sa susunod nilang kaarawan pero ngayon ay nagpapasa na ng sakramento sa araw ng Linggo bilang mga pinakabagong inordenang deacon.



Iniisip ko kung sino kaya ang mas nagulat sa pagbabago—ang mga deacon o ang mga magulang nila. Sa halos 80,000 na bagong deacon na ito, marami ay kasama natin ngayong gabi sa malaking Conference Center na ito o kaya'y nakikibahagi gamit ang teknolohiya. Malugod namin kayong tinatanggap sa malaking kapatiran ng priesthoodl!

Dahil sa pagbabagong ito naging makasaysayan ang pulong na ito—marahil ito na ang pinakamalaking grupo ng mga maytaglay ng Aaronic Priesthood na dumalo sa pangkalahatang sesyon ng priesthood ng pangkalahatang kumperensya. Dahil sa espesyal na pagkakataong ito, nais kong magsalita lalung-lalo na sa mga kabataang lalake ng Aaronic Priesthood.

## Mga Aral na Natutuhan mula sa Sports

Bilang mga estudyante, marami sa inyo ang nagpapahusay din ng inyong mga talento, interes, at mga libangan sa pamamagitan ng mga extracurricular activity sa paaralan o sa mga pribadong aralin, koponan, at mga grupo sa labas ng paaralan, at sa isports.

Dahil mahilig ako sa isports noon pa man, hanga ako sa mga naglilinang ng kanilang mga kasanayan bilang mga atleta para makalaro nang napakahusay. Para maging *talagang* magaling ang isang tao sa anumang bagay, bukod sa likas na talento ay kailangan ng matinding disiplina, sakripisyo, at maraming oras ng pagsasanay at praktis. Ang gayong mga atleta ay madalas makarinig ng kung minsan ay masasakit na salita sa kanilang mga coach at kusang isinasantabi ang gusto nila ngayon para sa mas magandang matatamo sa hinaharap.

May kilala tayo na mga miyembro ng Simbahan at mga maytaglay ng priesthood na matagumpay na mga propesyonal na atleta. Maraming magagandang halimbawa, pero kaunti lang ang inilista ko para matapos ako sa oras. Maaaring kilala ninyo ang ilan sa mga atletang ito: sa baseball, sina Jeremy Guthrie at Bryce Harper; sa basketball, sina Jabari Parker at Jimmer Fredette; sa soccer, si Ricardo Rojas; at sa rugby league, si William Hopoate; at sa football, sina Taysom Hill at Daniel Sorensen. Bawat isa ay nagbigay ng mahalagang kontribusyon sa kanyang isport.

Bagama't labis na matagumpay sa kanilang isports, ang mga atletang ito ang unang-unang magsasabi na hindi sila mga perpektong atleta o perpektong tao. Nagsisikap sila upang humusay sa kanilang isport—at maipamuhay ang ebanghelyo. Bumabangon sila kapag nagkakamali at nagsisikap na magpatuloy hanggang wakas.

## Pag-aralan ang Playbook

Sa team sports, may ginagawang mga estratehiya para sa ilang sitwasyon sa laro at tinitipon ang mga ito sa isang playbook. Pinag-aaralan ng mga atleta ang kanilang partikular na gagawin sa bawat sitwasyon. Ang matagumpay na mga manlalaro ay pinag-aaralan nang maigi ang playbook kaya kapag kinailangang gawin ang taktika, alam na nila agad kung saan eksaktong pupuwesto at ano ang gagawin.

Sa gayunding paraan, tayo na mga maytaglay ng priesthood ay mayroon ding team (isang korum) at playbook (ang mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta ngayon).

Pinapalakas ba ninyo ang teammates ninyo?

Gaano kaigi ninyong pinag-aaralan ang playbook ninyo?

Naiintindihan ba ninyo nang lubos ang itinakdang gawain ninyo?

### Pagharap sa Oposisyon

Para mas maunawaan pa ang analohiya, alam ng magagaling na coach ang lakas at kahinaan ng kanilang team pati na ang sa kalaban. Pinaplano nila ang laro para malaki ang tyansa nila na manalo. Kayo kaya?

Alam ninyo kung saan kayo madaling matukso, at mahuhulaan ninyo kung paano tatangkain ng kalaban na hadlangan kayo at pahinain ang loob ninyo. Nakagawa na ba kayo ng sariling game plan at playbook para malaman ninyo kung paano tutugon kapag kaharap na ninyo ang kalaban?

Kapag tinutukso kayong gumawa ng mga bagay na imoral—kasama man ninyo ang inyong mga kaibigan o mag-isa kayong nakatitig sa screen—alam ninyo ang inyong game plan. Kung niyaya kayo ng kaibigan ninyo na uminom ng alak o subukang gumamit ng droga, alam ninyo ang gagawin. Nakapagpraktis na kayo at maaga pa lang ay alam na ninyo ang gagawin.

Kapag may game plan, playbook, at determinasyong gawin ang bahagi ninyo, makikita ninyo na halos wala nang kontrol sa inyo ang kalaban. Napagpasiyahan na ninyo kung paano tutugon at ano ang gagawin. Hindi na ninyo kailangang magdesisyon sa tuwing tinutukso kayo.

Kamakailan ibinahagi ng isa sa Labindalawa ang kuwentong naglalarawan ng alituntuning ito. Noong siya ay priest sa high school, lumabas sila ng mga kaibigan niya. Pagkatapos nilang kumain at nasa sasakyan na, may nagsabi na panoorin nila ang isang pelikula. Ang problema, alam niyang hindi niya dapat panoorin ang pelikulang iyon. Kahit kaagad siyang kinabahan at nag-alala sa kinalagyang sitwasyon, napagplanuhan na niya ito. Planado na sa priesthood playbook niya ang gagawin dito.

Huminga siya nang malalim at lakas-loob na sinabi, "Hindi ko gusto ang pelikulang iyan. Pakibaba na lang ako sa bahay namin," na ginawa naman nila. Isang simpleng estratehiya at pagkapanalo ang resulta! Ilang taon kalaunan, isa sa mga kaibigan niya na kasama niya nang gabing iyon ang nagsabi kung paano siya nabigyan ng lakas ng loob ng halimbawang ito na harapin ang kaparehong sitwasyon.

### Mga pahina mula sa Playbook

Hiningan ko ang ilan sa mga Kapatid na magrekomenda ng maaari ninyong isama sa inyong playbook. Narito ang ilan sa inspirado nilang mungkahi:


- Ipagdasal araw-araw na mabigyan ng karagdagang liwanag at patotoo tungkol kay Jesucristo.
- Pakinggang mabuti ang mga turo ng inyong mga magulang, bishop, at mga lider sa Young Men at korum.
- Iwasan ang pornograpiya at imoralidad sa social media.
- Tandaan ang mga pangakong ginawa ninyo sa Diyos, at pagsikapang tuparin ang mga ito.
- Pag-aralan ang mga kuwento ng mga dakilang propeta sa mga banal na kasulatan, at tularan ang kanilang magagandang katangian.
- Pagpalain ang mga anak ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng paglilingkod.
- Magkaroon ng mabubuting kaibigan na makakatulong na mabuo ninyo ang gusto ninyong pagkatao.
- Maging eksperto sa FamilySearch app, at saliksikin ang sarili ninyong family history.
- Magplano ng mga ligtas na mapupuntahan kung saan makakaiwas kayo sa masasamang impluwensya.
- Mahalin at palakasin ang iba pang miyembro ng priesthood quorum ninyo.


Kinausap ko rin ang mga atleta na nasa mga larawan na nakita natin kanina. Natuwa ako nang malaman ko na hindi lamang nila ipinapakilala ang kanilang sarili *sa ginagawa nila,* bilang mga propesyonal na atleta, kundi sa *kung sino sila,* bilang mga anak ng mapagmahal na Ama sa Langit at mga maytaglay ng priesthood ng Diyos.

Ngayon pakinggan natin ang kanilang mga ibinahagi:

- Si Jimmer Fredette, na narito bilang isang deacon na nag-aaral pa magsuot ng kanyang kurbata, ay nagsabing: "Natutuhan kong umasa nang lubos sa aking kaalaman at pananalig sa katotohanan ng ebanghelyo. Ginabayan ako nito na maging . . .


*Jimmer Fredette*


*Bryce Harper*


*Daniel Sorensen*


*Jeremy Guthrie*

karapat-dapat na maytaglay ng priesthood at higit sa lahat—magandang halimbawa."

- Ito naman ang isinulat ni Bryce Harper bilang asawa: "Ang akala ko ay kasikatan, kayamanan, at isang MVP award ang magpapasaya sa akin. May kulang. Kaya, . . . naghanda at [pumasok] ako sa templo. Ngayon ay tumatahak ako sa landas upang [makabalik] sa aking Ama sa Langit at magkaroon ng pamilya na makakasama ko nang walang hanggan—na siyang pinakamalaking kagalakan sa mundo!"
- Bilang missionary, sinabi ni Daniel Sorensen: "Ang magandang playbook ay isang plano na gumagamit ng talento at lakas ng bawat miyembro ng team. . . . Sa pag-aaral at pagsasabuhay ko ng mga turo ng ebanghelyo ni Jesucristo, nalalaman ko kung paano gamitin ang mga talento ko sa paglilingkod sa priethood."
- Si Jeremy Guthrie, na naglilingkod ngayon bilang isang mission president, ay nagsabi: "Bilang 12 taong gulang na deacon . . . [nadama ko] ang Espiritu na nagpatotoo sa akin [na] 'ang buhay na ito ang panahon para . . . maghanda sa pagharap sa Diyos.'[2] Ang game plan ay pananampalataya sa Diyos tungo sa pagkilos [at] pagsisisi sa pamamagitan ng Tagapagligtas. . . . Ang playbook ay matatagpuan sa mga banal na kasulatan at sa pamamagitan ng buhay na mga propeta."
- Si Jabari Parker, na tumatanggap dito ng kanyang ordenasyon sa katungkulan ng elder, ay nagsabi: "Hindi ko mawari ang magiging uri ng pagkatao ko kung hindi ako nagdesisyong magpabinyag. . . . Nagpapasalamat ako na kasama ko ang Diyos sa aking buhay upang gabayan ako araw-araw."
- Si Ricardo Rojas, na naglilingkod ngayon bilang branch president, ay nagsabi: "Sa pamamagitan ng priesthood ng [Diyos], makakatulong [tayo] sa Kanyang gawain. Tinawag tayo na 'magpakalakas at magpakatapang na mabuti'[3] sa pagtatanggol sa katotohanan." Nakatulong ito sa kanya na magtagumpay kapwa sa pitch at bilang mayhawak ng priesthood.
- Bilang missionary, dama ni Taysom Hill na ang ebanghelyo ni Jesucristo ang nagsisilbing playbook sa kanyang buhay. Ibinahagi niya, "Ang paniniwala sa plano [ng Diyos] at pagsisikap na magampanan nang husto ang tungkulin ko ay nakapagbigay sa akin ng lubos na kapayapaan at kaligayahan sa buhay, dahil alam ko na nalulugod ang Diyos sa aking mga ginagawa."
- Si William Hopoate, nang basbasan ang kanyang anak na lalaki bilang bahagi ng apat na henerasyon, ay nagsabi na tinutulungan siya ng ebanghelyo na "matukoy ang mga estratehiya ng kalaban at nagbibigay ng espirituwal na kakayahan upang masalag ang nag-aalab na mga sibat at mas makapaglingkod sa iba."

Kayo kaya? Nakikita ba ninyo ang *mas mataas* at mas banal na pagkakakilanlan ninyo bilang anak ng Diyos, na nagtataglay ng Kanyang banal na priesthood? Isinasaisip ang walang hanggan ninyong pagkakakilanlan, gumawa kayo ng game plan at priesthood playbook na gagabay sa inyo sa oras ng tukso at pagsubok. Heto ang mga istratehiya na offensive at defensive.

Ang *mga estratehiya na offensive* ay makakatulong na magpalakas ng patotoo at magpapaibayo ng determinasyong manatili sa makipot at makitid na landas. Kabilang sa mga halimbawa ang palaging pagdarasal, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagsisimba at pagpunta sa templo, pagbabayad ng ikapu, at pagsunod sa payo na matatagpuan sa polyeto na *Para sa Lakas ng mga Kabataan*.

Kasama sa *mga depensibong estratehiya* ang maagang pagpaplano kung paano ninyo haharapin ang tukso. Kapag tinukso kayo na ibaba ang mga personal na pamantayan ninyo, alam na ninyo kung ano ang gagawin.

Kailangan ninyo ng playbook para diyan.

Wala kang ganang magdasal ngayon? Oras na para gamitin ang game plan.


Para bang humihina ang patotoo mo? May plano na kayo para diyan. Alam na ninyo ang gagawin.

### Pinakamahuhusay sa Paningin ng Diyos

Taglay ninyo ang banal na priesthood ng Diyos. Ang inyong hangarin na humawak nang mahigpit sa gabay na bakal ang huhubog sa inyo na maging nilalang na pang-walang hanggan na siyang dapat ninyong kahinatnan.


*Jabari Parker*


*Ricardo Rojas*


*Taysom Hill*


*William Hopoate*



Kilala at mahal kayo ng Diyos. Pagpapalain Niya kayo at gagabayan sa inyong mga hakbang.

Maaaring iniisip ninyo na walang espesyal sa inyo, na hindi kayo mahusay. Pero hindi totoo iyan. Hindi ba ninyo alam na ipinahayag ng Diyos, "Ang mahihinang bagay ng sanlibutan ay magsisilabas at bubuwagin ang mga makapangyarihan at ang malalakas"?[4]

Sa palagay ba ninyo ay mahina kayo? walang halaga? Binabati ko kayo, kasama kayo sa lineup!

Pakiramdam ba ninyo ay hindi kayo mahalaga? na kayo ay mahina? Baka kayo pa ang kailangan ng Diyos.

Ano pa bang halimbawa ang hihigit sa pagpunta ni David sa labanan para harapin ang nakakatakot na kalaban na si Goliath? Umaasa sa Panginoon, taglay ang plano, hindi lamang iniligtas ni David ang kanyang sarili kundi ang hukbo ng Israel![5] Dapat ninyong malaman na sasamahan kayo ng Diyos kapag nagpakatapang kayo na pumanig sa Kanya. "Kung ang Dios ay kakampi natin, sino ang laban sa atin?"[6]

Magbibigay siya ng mga oportunidad at tutulungan tayong makahanap ng lakas at kakayahang hindi natin sukat akalain.[7]

Pakinggan ang inyong pinagkakatiwalaang mga coach, gaya ng inyong mga magulang, bishop, at mga pinuno sa Young Men. Pag-aralan ang playbook. Magbasa ng mga banal na kasulatan. Pag-aralan ang mga salita ng mga propeta ngayon. Gumawa ng sarili mong playbook tungkol sa paraan na mapapatunayan mo na isa kang disipulo ni Cristo.

Maaga pa lang ay alamin na ninyo ang mga estratehiyang gagamitin para mapalakas ang inyong espiritu at maiwasan ang mga patibong ng kaaway.

Gawin ninyo ito at tiyak na gagamitin kayo ng Diyos.

Ngayon, maaaring may ilang inihihiwalay ang sarili sa ebanghelyo at lumalayo. May ilang nakatayo lang at pinapanood ang laro sa malayo. May ilang nakaupo lamang, kahit pinipilit silang pasalihin ng coach. *Inaanyayahan ko kayong iligtas, suportahan, at mahalin sila bilang mga kapwa team member!*

Gusto ng iba na sumali—na *ginagawa nila*. Ang pinakamahalaga ay hindi kung gaano sila kahusay kundi kung gaano nila kagustong makibahagi. Hindi na nila hinihintay na tawagin ang bilang nila dahil alam nila ang banal na kasulatan na nagsasabing, "Kung ikaw ay may mga naising maglingkod sa Diyos ikaw ay tinatawag sa gawain."[8]

Maaari ninyong isama ang sarili ninyo sa lineup.

Gawin ninyo iyan sa pag-aaral at pagsasagawa ng inyong priesthood playbook.

May mga pagkakataong magkakamali kayo at mabibigo—marahil nang maraming beses. Hindi kayo perpekto; ang kabiguan ay bahagi ng proseso ng pagbabago na magtutulot sa inyo na mapadalisay ang inyong pagkatao at mas makapaglingkod nang may habag. Ang Panginoon at ang Kanyang walang katapusang Pagbabayad-sala ay naglalaan ng paraan para maitama ang ating mga pagkakamali sa pamamagitan ng tapat na pagsisisi.

Ang mahuhusay na atleta ay naguukol ng maraming oras upang magawa nang perpekto ang isang maliit na aspeto ng laro. Bilang maytaglay ng priesthood, dapat ganyan din ang pananaw ninyo. Kung nabigo kayo, magsisi at matuto mula rito. Magpraktis upang mas mapagbuti ninyo sa susunod. Sa bandang huli kayo ang magpapasiya. Pag-aaralan ba ninyo ang playbook?

Hinihimok ko kayo: Magtiwala sa Panginoon. Isuot ang buong baluti ng Diyos[9] at makibahagi.


Iilan lamang ang mahuhusay na propesyonal na manlalaro na napakahuhusay, ngunit pagdating sa pagkadisipulo, marami ang pumipiling sundin si Cristo.

Sa katunayan, iyan ang misyon ninyo sa buhay na ito—ang matutuhan ang mga paraan ng Panginoon, tumahak sa landas ng pagkadisipulo, at pagsikapang mamuhay ayon sa plano ng Diyos. Aakayin at pagpapalain kayo ng Diyos kapag bumaling kayo sa Kanya. Magagawa ninyo ito dahil kayo ang pinakamahusay sa Kanyang paningin.

Dalangin ko na tapat ninyong ipapangako na mamuhay nang karapat-dapat sa banal na priesthood na taglay ninyo at magsisikap na gampanan ang inyong sagradong tungkulin araw-araw. Binabasbasan ko kayo ng kakayahan at pagnanais na gawin ito. Idaragdag ko ang aking patotoo sa kapangyarihan ng priesthood na taglay ninyo, sa mga buhay na propeta, at kay Jesucristo at sa Kanyang papel bilang ating Tagapagligtas at Manunubos. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. "Age-Group Progression for Children and Youth," First Presidency letter, Dis. 14, 2018.
2. Alma 34:32.
3. Josue 1:9.
4. Doktrina at mga Tipan 1:19.
5. Tingnan sa I Samuel 17.
6. Mga Taga Roma 8:31.
7. Tingnan sa Eter 12:27.
8. Doktrina at mga Tipan 4:3.
9. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 27:15–18.



NI ELDER CARL B. COOK
*Ng Panguluhan ng Pitumpu*

# Ang Korum: Isang Lugar na Kabibilangan

*Hangad ng Panginoon na magtatag kayo ng isang malakas na korum. Habang tinitipon Niya ang Kanyang mga anak, kailangan nila ng isang lugar kung saan sila ay mapapabilang at uunlad.*

Noong 2010, si Andre Sebako ay isang binatilyong naghahangad ng katotohanan. Bagama't hindi pa siya kailanman nakapanalangin nang taimtim, nagpasiya siyang sumubok. Pagkalipas ng maikling panahon, nakilala niya ang mga missionary. Binigyan nila siya ng isang pass-along card na may larawan ng Aklat ni Mormon. May kakaibang nadama si Andre at hiniling niya sa mga missionary na ibenta sa kanya ang aklat. Sinabi nila sa kanya na ang aklat ay libre kung pupunta siya sa simbahan.[1]

Dumalo si Andre nang mag-isa sa kakalikha pa lamang na Mochudi Branch sa Botswana, Africa. Subalit ang branch ay mapagmahal at malalapit sa isa't isa na kinabibilangan ng mga 40 miyembro.[2]



"Ang Pangkat ng Magkakapatid" mula sa isang priesthood quorum sa Mochudi, Botswana.

Magiliw nilang tinanggap si Andre. Tinanggap niya ang mga missionary leson at nabinyagan. Kahanga-hanga ito!

Subalit ano ang nangyari pagkatapos? Paano mananatiling aktibo si Andre? Sino ang tutulong sa kanya na magpatuloy sa landas ng tipan? Isang sagot sa tanong na iyan ay ang kanyang korum sa priesthood![3]

Bawat mayhawak ng priesthood, anuman ang kanyang sitwasyon, ay nakikinabang mula sa isang malakas na korum. Aking mga batang kapatid na taglay ang Aaronic Priesthood, nais ng Panginoon na kayo ay magtatag ng isang malakas na korum, isang lugar kung saan nabibilang ang bawat kabataang lalaki, isang lugar kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, isang lugar kung saan tinatanggap at pinahahalagahan ang mga miyembro ng korum. Habang tinitipon ng Panginoon ang Kanyang mga anak, kailangan nila ng isang lugar kung saan sila ay mapapabilang at uunlad.

Bawat isa sa inyong mga miyembro ng panguluhan ng korum ang nangunguna habang naghahangad kayo ng inspirasyon[4] at pinalalago ang pagmamahal at pakikipagkapatiran sa lahat ng miyembro ng korum. Nagbibigay kayo ng espesyal na atensyon sa mga bagong miyembro, mga hindi gaanong aktibo, o mga may espesyal na pangangailangan.[5] Gamit ang kapangyarihan ng priesthood, bumubuo kayo ng isang malakas na korum.[6] At ang isang malakas at nagkakaisang korum ay magdudulot ng kaibhan sa buhay ng isang kabataang lalaki.

Nang ianunsyo ng Simbahan ang bagong pokus sa pag-aaral ng ebanghelyo na nakatuon sa tahanan,[7] naisip ng ilan ang mga miyembrong katulad ni Andre at nagtanong, "Paano ang mga kabataang nagmumula sa isang sitwasyon ng pamilya kung saan hindi pinag-aaralan ang ebanghelyo at walang lugar para sa pag-aaral at pagsasabuhay ng ebanghelyo sa tahanan? Mapapabayaan ba sila?"

Hindi! Walang maaaring mapabayaan! Mahal ng Panginoon ang bawat kabataang lalaki at babae. Tayo, bilang mga mayhawak ng priesthood, ang mga

kamay ng Panginoon. Tayo ang tulong ng Simbahan sa mga pagsusumikap sa pag-aaral na nakatuon sa tahanan. Kapag limitado ang tulong sa tahanan, ang mga korum ng priesthood at ibang mga lider at kaibigan ang nangangalaga at tumutulong sa bawat indibiduwal at pamilya kung kinakailangan.

Nakita kong gumana ito. Naranasan ko ito. Noong ako ay anim na taong gulang, nagdiborsyo ang aking mga magulang at iniwan ng ama ko ang aking ina nang may limang batang anak. Ang aking ina ay nagsimulang magtrabaho upang matustusan kami. Nangailangan siya pansamantala ng pangalawang trabaho, pati na rin ng karagdagang edukasyon. Kaunti lamang ang oras niya para mag-alaga. Subalit ang mga lolo at lola, tiyo, tiya, bishop, at home teacher ay tumulong sa aking anghel na ina.

At kabilang ako sa isang korum. Lubos akong nagpapasalamat sa aking mga kaibigan—mga kapatid—na nagmahal at tumulong sa akin. Ang aking korum ay isang lugar kung saan ako ay kabilang. Maaaring inisip ng ilan na ako ay kapus-palad at naghihikahos dahil sa sitwasyon ng aking pamilya. Siguro ay ganoon nga. Subalit binago ng mga korum ng priesthood ang kapalarang iyon. Sinuportahan ako ng aking korum at labis na pinagpala ang buhay ko.

Mayroong mga kapus-palad at naghihikahos sa paligid natin. Marahil ay ganoon tayong lahat sa iba't ibang paraan. Subalit bawat isa sa atin ay mayroong korum, isang lugar kung saan tayo ay makatatanggap ng lakas at makapagbibigay ng lakas. Ang korum ay "lahat para sa isa at isa para sa lahat."[8] Ito ay isang lugar kung saan tinuturuan natin ang bawat isa, pinaglilingkuran ang iba, at nagtataguyod ng pagkakaisa at pakikipagkapatiran habang naglilingkod tayo sa Diyos.[9] Isa itong lugar kung saan nangyayari ang mga himala.

Nais kong sabihin sa inyo ang tungkol sa ilang himala na naganap sa korum ni Andre sa Mochudi. Sa pagbabahagi ko ng halimbawang ito, hanapin ninyo ang mga alituntuning nagpapalakas sa bawat korum na nagsasabuhay ng mga ito.



Matapos mabinyagan si Andre, sinamahan niya ang mga missionary sa kanilang pagtuturo sa apat na iba pang kabataang lalaki, na nabinyagan din. Ngayon ay mayroon nang limang kabataang lalaki. Nagsimula nilang palakasin ang bawat isa at ang branch.

Ang pang-anim na kabataang lalaki na si Thuso ay nabinyagan din. Ibinahagi ni Thuso ang ebanghelyo sa tatlo sa kanyang mga kaibigan, at kalaunan ay naging siyam na sila.

Ang mga disipulo ni Jesucristo ay karaniwang natitipon sa ganitong paraan—paunti-unti, dahil sa paanyaya ng kanilang mga kaibigan. Noong unang panahon, nang makilala ni Andres ang Tagapagligtas, mabilis siyang tumungo sa kanyang kapatid na si Simon at "siya'y kaniyang dinala kay Jesus."[10] Gayundin, matapos maging tagasunod ni Cristo si Felipe, inanyayahan niya ang kaibigan niyang si Natanael na "pumarito . . . at tingnan."[11]

Sa Mochudi, ang ikasampung kabataang lalaki ang sumapi sa Simbahan kalaunan. Nahanap ng mga missionary ang ika-11. At ang ika-12 ay nabinyagan matapos makita ang epekto ng ebanghelyo sa mga kaibigan niya.

Nagalak ang mga miyembro ng Mochudi Branch. Ang mga kabataang lalaking ito ay "nagbalik-loob sa Panginoon, at . . . sumapi sa simbahan."[12]

Mahalaga ang papel ng Aklat ni Mormon sa kanilang pagbabalik-loob.[13] Naalala ni Thuso, "Nagsimula akong magbasa ng Aklat ni Mormon . . . bawat pagkakataon na ako ay walang ginagawa, sa tahanan, sa paaralan, sa lahat ng lugar."[14]

Si Oratile ay naakit sa ebanghelyo dahil sa halimbawa ng mga kaibigan niya. Ipinaliwanag niya, "Tila nagbago [sila] sa isang iglap. . . . Ipinalagay ko na may . . . kinalaman ito sa maliit na . . . aklat na sinimulan nilang dalhin . . . sa paaralan. Nakita ko na sila ay naging mabubuting kalalakihan. . . . Nais [ko] ring magbago."[15]

Lahat ng 12 kabataang lalaki ay natipon at nabinyagan sa loob ng dalawang taon. Ang bawat isa ay tanging miyembro ng Simbahan sa kanilang pamilya. Subalit tinulungan sila ng kanilang pamilya sa Simbahan, na kinabibilangan nina President Rakwela,[16] ang kanilang branch president; nina Elder at Sister Taylor,[17] isang senior missionary couple; at ng iba pang mga miyembro ng branch.

Inanyayahan ni Brother Junior,[18] isang pinuno ng quorum, ang mga kabataang lalaki sa kanyang tahanan tuwing Linggo ng hapon at tinuturuan sila. Magkakasamang nag-aral ang mga kabataang lalaki ng mga banal na kasulatan at nagdaos ng regular na home evening.

Isinasama sila ni Brother Junior sa pagbisita sa mga miyembro, mga taong tinuturuan ng mga missionary, at sinumang nangangailangan ng pagbisita. Lahat ng 12 kabataang lalaki ay nagsisiksikan sa likod ng trak ni Brother Junior. Ibinababa niya sila sa mga tahanan nang padala-dalawa o patatlutatlo at sinusundo sila pagkatapos.

Bagama't natututo pa lamang ang mga kabataang lalaki tungkol sa

ebanghelyo at hindi nila nadaramang marami na silang nalalaman, sinabi sa kanila ni Brother Junior na magbahagi ng isa o dalawang bagay na nalalaman nila sa mga taong binibisita nila. Ang mga batang mayhawak ng priesthood na ito ay nagturo, nanalangin, at tumulong sa pag-aalaga sa Simbahan.[19] Tinupad nila ang kanilang mga responsibilidad sa priesthood at naranasan ang kagalakan ng paglilingkod.

Sabi ni Andre, "Naglaro kami nang magkakasama, tumawa nang magkakasama, umiyak nang magkakasama, at naging isang kapatiran."[20] Sa katotohanan, tinawag nila ang kanilang mga sarili na "Pangkat ng Magkakapatid."

Sama-sama nilang itinakda ang mithiing magmimisyon silang lahat. Dahil sila ang tanging mga miyembro sa mga pamilya nila, marami silang mga balakid na lalagpasan, subalit tinutulungan nila ang bawat isa na malampasan ang mga iyon.

Isa-isa, nakatanggap ang mga kabataang lalaki ng mga mission call. Sila na unang umalis ay sumulat sa mga naghahanda, nagbabahagi ng mga karanasan at hinihikayat sila na maglingkod. Labing-isa sa mga kabataang lalaki ang nagmisyon.

Ibinahagi ng mga kabataang lalaking ito ang ebanghelyo sa kanilang mga pamilya. Ang mga ina, kapatid, kaibigan, pati na rin ang mga taong tinuruan nila sa kanilang mga misyon, ay nagbalik-loob at nabinyagan. Nagkaroon ng mga himala at di-mabilang na mga buhay ang pinagpala.

Naririnig ko ang ilan sa inyo na iniisip na marahil ang ganitong himala ay mangyayari lamang sa isang lugar tulad ng Africa, isang mayabong na bukid kung saan pinabibilis ang pagtitipon sa Israel. Gayunman, pinatototohanan ko na ang mga alituntuning ipinamuhay sa Mochudi Branch ay totoo saanman. Nasaan man kayo, ang inyong korum ay maaaring lumago sa pamamagitan ng pagpapaaktibo at pagbabahagi ng ebanghelyo. Kapag nagbahagi ang isang disipulo sa isang kaibigan, ang isa ay maaaring maging dalawa. Ang dalawa ay maaaring maging apat. Ang apat ay maaaring maging walo. At ang walo ay maaaring maging labindalawa. Ang mga branch ay maaaring maging mga ward.

Itinuro ng Tagapagligtas, "Kung saan may dalawa o tatlo [o higit pang] nagkakatipon sa aking pangalan, . . . masdan, ako ay naroroon sa gitna nila."[21] Inihahanda ng Ama sa Langit ang mga isipan at mga puso ng lahat ng taong nakapalibot sa atin. Masusunod natin ang mga pahiwatig, maiaabot ang kamay ng pakikipagkapatiran, maibabahagi ang katotohanan, maaanyayahan ang iba na basahin ang Aklat ni Mormon, at maaaring mahalin at tulungan sila sa kanilang pagkilala sa ating Tagapagligtas.

Mga 10 taon na mula noong simulan ng Pangkat ng Magkakapatid ng Mochudi ang kanilang paglalakbay nang magkakasama, at sila ay isa pa ring pangkat ng magkakapatid.


Sabi ni Katlego, "Maaaring pinaghihiwalay kami ng distansya, subalit narito pa rin kami para sa bawat isa."[22]

Panalangin ko na tatanggapin natin ang paanyaya ng Panginoon na makaisa Siya sa mga korum ng priesthood upang ang bawat korum ay maaaring maging isang lugar kung saan ay kabilang ang lahat, isang lugar ng pagtitipon, isang lugar na lumalago.

Si Jesucristo ang ating Tagapagligtas, at ito ang Kanyang gawain. Pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Mark at Shirley Taylor, kompilasyon, *The Band of Brothers* (Mga kuwento ng pagbabalik-loob at mga patotoo sa Mochudi Branch, 2012–13), 4, Church History Library, Salt Lake City.
2. Personal na pakikipag-ugnayan, Letanang Andre Sebako, Band of Brothers resource files, 2011–19, Church History Library, Salt Lake City.
3. Sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer: "Kapag taglay ng isang lalaki ang priesthood, nabibilang siya sa isang bagay na mas malaki kaysa sa kanyang sarili. Isa itong bagay na mas mahalaga kaysa sa kanya na magagawa niyang lubusang mailaan ang sarili" ("The Circle of Sisters," *Ensign,* Nob. 1980, 109–10).
4. Ipinaliwanag ni Pangulong Russell M. Nelson kung paano maghangad ng paghahayag at sinabi pagkatapos na, "Habang inuulit ninyo ang prosesong ito araw-araw, buwan-buwan, taun-taon, kayo ay 'uunlad sa alituntunin ng paghahayag'" ("Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay," *Liahona,* Mayo 2018, 95; tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 153).
5. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 8.3.2.
6. Makatutulong din ang iba, kabilang ang mga miyembro ng bishopric at mga adviser. Binigyang-diin ni Elder Ronald A. Rasband na isa sa mga benepisyo ng pagsasaayos muli ng mga korum ng Melchizedek Priesthood, na inanunsyo noong Marso 31, 2018, ay upang "bigyan nito ng pagkakataon ang bishop na makapagtalaga ng marami pang responsibilidad sa elders quorum at pangulo ng Relief Society nang sa gayon mas mapagtuunan ng bishop at ng mga tagapayo niya ang kanilang mga pangunahing tungkulin—partikular na ang pamumuno sa mga kabataang babae, at sa mga kabataang lalaki na nagtataglay ng Aaronic Priesthood." ("Masdan! Hukbong Kaygiting," *Liahona,* Mayo 2018, 59). Tutulong din ang mga anghel. Taglay ng mga mayhawak ng Aaronic Priesthood ang mga susi ng paglilingkod ng mga anghel (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 13:1; tingnan din sa Dale G. Renlund at Ruth Lybbert Renlund, *The Melchizedek Priesthood* [2018], 26). Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland: "Karaniwan ay *hindi* nakikita [ang mga naglilingkod na anghel]. Kung minsan naman ay nakikita sila. Ngunit nakikita man o hindi, *lagi* silang nariyan. Kung minsan ay napakadakila ng kanilang mga atas at makabuluhan para sa buong mundo. Kung minsan ay mas personal ang mga mensahe. Paminsan-minsan layon ng anghel na magbabala. Ngunit madalas ay para umaliw, maglaan ng maawaing pagkalinga, pumatnubay sa mga panahon ng kahirapan" ("Ang Ministeryo ng mga Anghel," *Liahona,* Nob. 2008, 29). Kung hangad ninyo ang ganitong tulong, magagawa ninyong "kayo'y magsihingi, at kayo'y tatanggap" (Juan 16:24).
7. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Pambungad na Pananalita," *Liahona,* Mayo 2018, 7–8.
8. Tingnan sa Alexandre Dumas, *The Three Musketeers* (1844).
9. Tingnan sa *Handbook 2,* 8.1.2.
10. Tingnan sa Juan 1:40–42.
11. Tingnan sa Juan 1:43–46.
12. 3 Nephi 28:23.
13. Tingnan sa D. Todd Christofferson, "The Power of the Book of Mormon" (mensaheng ibinigay sa seminar para sa mga bagong mission president, Hunyo 27, 2017).
14. Thuso Molefe, sa Taylor, *The Band of Brothers,* 22.
15. Oratile Molosankwa, sa Taylor, *The Band of Brothers,* 31–32.
16. Lucas Rakwela, Mochudi, Botswana.
17. Mark and Shirley Taylor, Idaho, USA.
18. Cilvester Junior Kgosiemang, Mochudi, Botswana.
19. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:46–47, 53–54.
20. Personal na pakikipag-ugnayan, Letanang Andre Sebako, Band of Brothers resource files.
21. Doktrina at mga Tipan 6:32.
22. Katlego Mongole, sa "Band of Brothers 2nd Generation" (kompilasyong hindi nalathala), 21.



NI ELDER KIM B. CLARK
*Ng Pitumpu*

# Magtuon kay Jesucristo

*Kung magtutuon tayo kay Jesucristo, tutulungan Niya tayong ipamuhay ang ating mga tipan at matupad nang husto ang ating tungkulin bilang mga elder sa Israel.*

Habang naglalakad si Jesus sa isang kalsada malapit sa Capernaum[1] kasama ang isang malaking grupo ng tao na nakapaligid sa Kanya, isang babaeng may matinding sakit sa loob ng 12 taon ang umabot at humipo sa laylayan ng Kanyang damit. Kaagad siyang gumaling.[2]

Itinala ng mga banal na kasulatan na si Jesus, nababatid "na may umalis na [kapangyarihan] sa [Kanya],"[3] "ay pagdaka'y pumihit sa karamihan"[4] at "lumingap . . . upang makita siya na gumawa ng bagay na ito."[5] "Nang makita ng babae na siya'y hindi nalingid,"[6] siya ay "nagpatirapa sa harap niya, at sinabi sa kaniya ang buong katotohanan."[7]

At sinabi ni Jesus sa kanya, "Anak, pinagaling ka ng iyong pananampalataya; yumaon kang payapa."[8]

Iniligtas ni Jesucristo ang babae. Siya ay pisikal na pinagaling, subalit nang lumingon sa kanya si Jesus, ipinahayag niya ang pananampalataya niya sa Kanya at pinagaling Niya ang kanyang puso.[9] Kinausap Niya ang babae nang may pagmamahal, tiniyak ang Kanyang pagsang-ayon, at binasbasan siya ng Kanyang kapayapaan.[10]

Mga kapatid, bilang mga maytaglay ng banal na priesthood, tayo ay kalahok sa gawain ng kaligtasan. Noong nakaraang taon ay tuwirang ipinatong ng Panginoon ang pamumuno sa gawaing ito sa mga balikat ng mga elder sa Israel.[11] Mayroon tayong isang inspiradong atas mula sa Panginoon—kasamang nakikipagtulungan sa ating mga kapatid na babae, dapat tayong maglingkod sa isang mas sagradong paraan, pabilisin ang pagtitipon sa Israel sa parehong panig ng tabing, itatag ang mga tahanan natin bilang mga kanlungan ng pananampalataya at pag-aaral ng ebanghelyo, at ihanda ang daigdig para sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.[12]

Tulad sa lahat ng bagay, ipinakita sa atin ng Tagapagligtas ang paraan: tayo ay dapat magtuon at maglingkod kay Jesucristo tulad ng Kanyang pagtuon at pagsunod sa Kanyang Ama.[13] Ganito sinabi ng Tagapagligtas kay Propetang Joseph ang paraan:

"Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot.

"Masdan ang sugat na tumagos sa aking tagiliran, at gayon din ang bakas ng mga pako sa aking mga kamay at paa; maging matapat, sundin ang aking mga kautusan, at inyong mamamana ang kaharian ng langit."[14]

Bago ang buhay na ito, ipinangako ni Jesus sa Kanyang Ama na gagawin Niya ang kalooban ng Kanyang Ama at magiging ating Tagapagligtas at Manunubos. Nang itanong ng Kanyang Ama, "Sino ang isusugo ko?"[15] Sumagot si Jesus:

"Narito ako, isugo ako."[16]

"Ama, masusunod ang inyong kalooban, at ang kaluwalhatian ay mapasainyo magpasawalang hanggan."[17]

Sa Kanyang buong buhay sa lupa ay isinabuhay ni Jesus ang pangakong



iyon. Itinuro Niya ang doktrina ng Kanyang Ama nang may pagpapakumbaba, pagkamaamo, at pagmamahal at ginawa Niya ang gawain ng Ama gamit ang kapangyarihan at awtoridad ng Kanyang Ama na ibinigay sa Kanya.[18]

Ibinigay ni Jesus ang Kanyang puso sa Kanyang Ama. Sabi niya:

"Ako'y umiibig sa Ama."[19]

"Ginagawa kong lagi ang mga bagay na sa kaniya'y nakalulugod."[20]

"Bumaba ako . . . hindi upang gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng [Ama na] nagsugo sa akin."[21]

Sa Kanyang pagdurusa sa Getsemani, "Gayon ma'y huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo."[22]

Noong inatasan ng Panginoon ang mga elder ng Israel na "isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip" at "masdan ang sugat" sa Kanyang nabuhay na mag-uling katawan, ito ay pagtawag sa kanila na talikuran ang kasalanan at ang daigdig at bumaling sa Kanya at mahalin at sundin Siya. Ito ay isang pagtawag na ituro ang Kanyang doktrina at gawin ang Kanyang gawain ayon sa Kanyang paraan. Ito, samakatwid, ay isang pagtawag na lubos na magtiwala sa Kanya, isuko ang ating kalooban at ibigay ang ating mga puso sa Kanya, at maging katulad Niya sa pamamagitan ng Kanyang mapagtubos na kapangyarihan.[23]

Mga kapatid, kung magtutuon tayo kay Jesucristo, babasbasan Niya tayo upang maging *Kanyang* mga elder sa Israel—mapagpakumbaba, maamo, mababa ang loob, puspos ng Kanyang pagmamahal.[24] At dadalhin natin ang kagalakan at mga pagpapala ng Kanyang ebanghelyo at Kanyang Simbahan sa ating mga pamilya at ating mga kapatid sa magkabilang panig ng tabing.

Inatas sa atin ni Pangulong Russell M. Nelson na magtuon lamang kay Jesucristo sa paraang ito: "Hindi madali o otomatiko ang maging gayon kalakas na mga disipulo. Kailangan tayong magtuon [nang nakatrangka] sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo. Kailangang mag-isip nang husto sa pagsisikap na magtuon sa Kanya sa *bawat* pag-iisip. Nguni't kapag ginawa natin ito, mawawala ang ating mga pagdududa at takot."[25]



Ang *trangka* ay isang napakagandang salita. Ang ibig sabihin nito ay nakaugnay nang mabuti, upang magdikit at kumapit nang lubusan.[26] Tinatrangka natin ang ating tuon kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo sa pamamagitan ng pagsasabuhay sa ating mga tipan.

Kapag isinasabuhay natin ang ating mga tipan, iniimpluwensyahan ng mga ito ang lahat ng bagay na sinasabi at ginagawa natin. Namumuhay tayo ayon sa tipan[27] na puno ng mga payak na gawain ng pananampalataya araw-araw na nakatuon kay Jesucristo: pananalangin mula sa puso sa pangalan *Niya*, nagpapakabusog sa *Kanyang* salita, bumabaling sa *Kanya* upang pagsisihan ang ating mga kasalanan, sinusunod ang *Kanyang* mga kautusan, nakikibahagi sa sakramento at pinapanatiling banal ang *Kanyang* Sabbath, sumasamba sa *Kanyang* banal na templo na kasindalas ng makakayanan natin, at ginagamit ang *Kanyang* banal na priesthood upang paglingkuran ang mga anak ng Diyos.

Binubukas ng mga gawaing ito ng dedikasyon sa tipan ang ating mga puso at isipan sa mapagtubos na kapangyarihan ng Tagapagligtas at nagpapabanal na impluwensya ng Espiritu Santo. Nang taludtod sa taludtod, binabago ng Tagapagligtas ang ating pinakakatauhan, at mas lumalalim ang ating pagbabalik-loob sa Kanya at nabubuhay ang ating mga tipan sa ating mga puso.[28]

Ang mga pangakong ginagawa natin sa ating Ama sa Langit ay nagiging matitibay na pangako, ang ating pinakamalalalim na paghahangad. Ang mga pangako sa atin ng Ama sa Langit ay pinupuspos tayo ng pagpapasalamat at kagalakan.[29] Ang ating mga tipan ay hindi na mga batas na dapat nating sundin at nagiging mga minamahal na alituntuning nagbibigay-inspirasyon at pumapatnubay sa atin at itinatrangka ang tuon natin kay Jesucristo.[30]

Ang mga gawaing ito ng dedikasyon ay para sa lahat, sa mga bata at matatanda. Kayong mga kabataang lalaki na taglay ang Aaronic Priesthood, lahat ng bagay na sinabi ko ngayong gabi ay naaangkop sa inyo. Pinasasalamatan ko ang Diyos para sa inyo. Dahil sa inyo ay nakagagawa ng mga sagradong ordenansa at mga tipan ang milyun-milyong mga Banal sa mga Huling Araw kada linggo. Kapag kayo ay naghahanda, nagbabasbas, o nagpapasa ng sakramento; nagmi-minister; nagbibinyag sa templo; nag-aanyaya ng kaibigan sa aktibidad; o nagliligtas sa isang miyembro ng inyong korum, ginagawa ninyo ang gawain ng kaligtasan. Magagawa rin ninyong magtuon kay Jesucristo at ipamuhay ang inyong mga tipan araw-araw. Ipinapangako ko sa inyo na kapag ginawa ninyo iyon, kayo ay magiging mga pinagkakatiwalaang tagapaglingkod ng Panginoon ngayon



at, sa darating na panahon ay magiging na elder sa Israel.

Mga kapatid, alam ko na ang lahat ng ito ay maaaring tila napakahirap. Subalit mangyaring tandaan ang mga salitang ito ng Tagapagligtas: "Hindi ako nagiisa, sapagka't ang Ama ay sumasa akin."[31] Ganoon din tayo. Hindi tayo nag-iisa. Mahal tayo ng Panginoong Jesucristo at ng ating Ama sa Langit, at napasasaatin Sila.[32] Dahil nagtuon si Jesus sa Kanyang Ama at kinumpleto ang dakilang nagbabayad-salang sakripisyo, makatutuon tayo kay Jesucristo nang may katiyakang tutulungan Niya tayo.

Walang perpekto sa atin. Kung minsan ay walang pagbabago sa atin. Tayo ay nagagambala o humihina ang loob. Nadarapa tayo. Subalit kung nagtutuon tayo kay Jesucristo nang may nagsisising puso, itataas Niya tayo, iaangat Niya tayo, lilinisin ang kasalanan natin, patatawarin tayo, at paghihilumin ang ating puso. Siya ay matiyaga at mabait; ang Kanyang mapagtubos na pagmamahal ay hindi nagwawakas at hindi nabibigo.[33] Tutulungan Niya tayong ipamuhay ang ating mga tipan at matupad ang ating tungkulin bilang mga elder sa Israel.

At pagpapalain tayo ng Ama ng lahat ng bagay na kinakailangan upang matupad ang Kanyang mga layunin—"[mga] bagay . . . maging sa langit at sa lupa, ang buhay at ang liwanag, ang Espiritu at ang kapangyarihan, ipinadala sa pamamagitan ng kalooban ng Ama sa pamamagitan ni Jesucristo, na kanyang Anak."[34]

Kapag ang banal na liwanag at kapangyarihan ay dumadaloy sa ating mga buhay, tatlong mahimalang bagay ang nangyayari:

Una, makakakita tayo! Sa pamamagitan ng paghahayag ay magsisimula tayong makakita na tulad ng pagkakita ni Jesus sa babae: lampas sa panlabas na itsura patungo sa puso.[35] Sa pagtingin natin tulad ng pagtingin ni Jesus, pagpapalain Niya tayo na mahalin ang mga pinaglilingkuran natin gamit ang Kanyang pagmamahal. Gamit ang tulong na ito, ang mga pinaglilingkuran natin ay makikita ang Tagapagligtas at madarama ang Kanyang pagmamahal.[36]

Pangalawa, magkakaroon tayo ng kapangyarihan ng priesthood! Tayo ay mayroong awtoridad at kapangyarihang kumilos sa pangalan ni Jesucristo upang "[pagpalain], [gabayan], [protektahan], at [palakasin ang] ibang tao" at magdala ng mga himala sa mga minamahal natin at ingatan ang ating mga kasal at mag-anak.[37]

Pangatlo, makakasama natin si Jesucristo! Kung saan tayo pupunta, pupunta Siya. Kapag nagtuturo tayo, nagtuturo Siya. Kapag nang-aalo tayo, nang-aalo Siya. Kapag nagbabasbas tayo, nagbabasbas Siya.[38]

Mga kapatid, hindi ba't may dahilan upang magsaya tayo? Mayroon! Taglay natin ang banal na priesthood ng Diyos. Sa pagtutuon natin kay Jesucristo, pamumuhay sa ating mga tipan, at pagtatrangka ng ating tuon sa Kanya, nakikiisa tayo sa ating mga kapatid na babae at naglilingkod sa mas banal na paraan, tinitipon ang ikinalat na Israel sa bawat panig ng tabing, pinalalakas at ibinubuklod ang ating mga pamilya, at inihahanda ang daigdig para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoong Jesucristo. Mangyayari ito. Pinatototohanan ko ito.

Magtatapos ako nang may panalangin mula sa aking puso, na lahat tayo, bawat isa, ay magtutuon kay Jesucristo sa bawat pag-iisip. Huwag mag-alinlangan. Huwag matakot. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Isinaad ni James E. Talmage na si Jesus ay "malapit sa Capernaum" noong mangyari ang pagpapagaling (tingnan sa *Jesus the Christ* [1916], 313).
2. Tingnan sa Lucas 8:43–44; tingnan din sa Mateo 9:20–21; Marcos 5:25–29.
3. Lucas 8:46.
4. Marcos 5:30.
5. Marcos 5:32.
6. Lucas 8:47.
7. Marcos 5:33.
8. Lucas 8:48.
9. Isinulat ni James E. Talmage na mas mahalaga sa babae kaysa sa pisikal na pagpapagaling ang katiyakang iginawad ng Tagapagligtas ang hangarin ng kanyang puso, at na tinanggap Niya ang kanyang pananampalataya (tingnan sa *Jesus the Christ,* 318). Pisikal at espirituwal siyang pinagaling ni Jesus at ibinukas sa kanya ang landas patungong kaligtasan.
10. Nakatutulong na malaman na si Jairo, isang tagapamahala ng sinagoga, ay kasama ni Jesus nang mangyari ang pagpapagaling. Si Jesus ay papunta sa tahanan ni Jairo kung saan ibabangon Niya ang anak na babae ni Jairo mula sa kamatayan. Ang babaeng pinagaling ni Jesus ay maaaring pinalayas mula sa sinagoga dahil sa kanyang karamdaman. Nang pinagaling siya ni Jesus, nilinaw din Niya sa lahat ng naroroon, pati na kay Jairo, na siya ay isang minamahal na anak, isang babaeng nananampalataya, at buo sa katawan at espiritu.
11. Tingnan sa D. Todd Christofferson, "Ang Elders Quorum," (*Liahona,* Mayo

2018, 55–58) para sa pagtalakay sa mga pagsasaayos sa pagbuo ng isang Melchizedek Priesthood quorum sa isang ward. Ang layunin ng pagbabagong iyon ay inilarawan sa paraang ito sa Mga Bagay na Madalas Itanong na bahagi ng Ministering website: "Ang pagkakaroon ng isang korum ng Melchizedek Priesthood sa ward ay pinagkakaisa ang mga mayhawak ng priesthood na maisakatuparan ang lahat ng aspeto ng gawain ng kaligtasan, kabilang ang temple at family history work na dating pinamamahalaan ng mga high priest group leader" ("This Is Ministering: Mga Bagay na Madalas Itanong," 8, ChurchofJesusChrist.org/ministering).

Sa mga sumunod na pagbabago, inilagay ang ward mission leader at ang bagong temple and family history leader ng ward sa ilalim ng patnubay ng panguluhan ng elders quorum. Dahil nasa ilalim na ng kanilang patnubay ang ministering sa mga pamilya, inilagay ng mga pagbabagong ito sa mga elders quorum ang pamumuno sa gawain ng kaligtasan, katulong ang mga Relief Society. Siyempre, hawak ng bishop ang mga susi sa gawain ng kaligtasan sa ward, subalit iniaatas niya ang responsibilidad at awtoridad para sa gawain sa pangulo ng elders quorum upang mabigyan ang bishop ng mas maraming oras para sa kanyang pamilya, pagpapalakas sa kabataan, at paglilingkod bilang hukom sa Israel.

12. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Magpatuloy Tayo," *Liahona,* Mayo 2018, 118–19; Russell M. Nelson, "Pagiging Kapuri-puring mga Banal sa mga Huling Araw," *Liahona,* Nob. 2018, 113–14; Quentin L. Cook, "Malalim at Tumatagal na Pagbabalik-loob sa Ama sa Langit at sa Panginoong Jesucristo," *Liahona,* Nob. 2018, 8–12.
13. Ipinadala ng Ama sa daigdig si Jesucristo (tingnan sa Juan 17:18).
14. Doktrina at mga Tipan 6:36–37.
15. Abraham 3:27.
16. Abraham 3:27.
17. Moises 4:2.
18. Maraming reperensya sa mga banal na kasulatan na nagtatala sa mga pahayag ni Jesus tungkol sa paggawa sa gawain ng Kanyang Ama at pagtuturo sa doktrina ng Kanyang Ama. Tingnan, halimbawa, sa Juan 5:19 (ginagawa ni Jesus ang nakita Niya na ginagawa ng Ama); Juan 5:36 (binigyan ng Ama ang Kanyang Anak ng gawain); Juan 8:26 (itinuro ni Jesus ang natanggap Niya mula sa Kanyang Ama); Juan 14:28 (ipinahayag ni Jesus, "ang Ama ay lalong dakila kay sa akin"); 3 Nephi 11:32 (ang doktrina Niya ay ang doktrinang ibinigay sa Kanya ng Kanyang Ama).
19. Juan 14:31.
20. Juan 8:29.
21. Juan 6:38; tingnan din sa Juan 5:30.
22. Lucas 22:42.
23. Ang salitang *isaalang-alang* sa talatang ito (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:36–37) ay may mga kahulugan na nauugnay sa pagtawag ng Panginoon: humarap sa (o bumaling sa); ibigay ang atensyon sa; iasa sa; hanapin ang; maghintay nang may pag-asa; ang pag-iisip bilang ang resulta; umasa o mag-asam (tingnan ang merriam-webster.com, "look").
24. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:41–42. Ang mga katangiang tulad ng kay Cristo na nabanggit sa banal na kasulatan ay mga kaloob ng Espiritu na dumarating sa pamamagitan ng awa at biyaya ni Jesucristo. Ito ang nagdudulot na maging *Kanyang* mga elder ang mga elder sa Israel.
25. Russell M. Nelson, "Paghugot ng Lakas kay Jesucristo sa Ating Buhay," *Liahona,* Mayo 2017, 41.
26. Tingnan sa merriam-webster.com, "rivet."
27. Para sa pagtalakay tungkol sa konsepto ng pamumuhay ayon sa tipan, tingnan sa Donald L. Hallstrom, "Living a Covenant Life," *Ensign,* Hunyo 2013, 46–49. Ang artikulong ito ay mula sa mas mahabang mensaheng ibinigay sa BYU–Idaho noong Mayo 2011. Para sa mas mahabang bersyon, tingnan ang Donald L. Hallstrom, "A Covenant Life" (debosyonal sa Brigham Young University–Idaho, Mayo 10, 2011), byui.edu.
28. Tingnan ang Jeremias 31:31–33, kung saan ipinahayag ng Panginoon na Siya ay gagawa ng isang bagong tipan sa sambahayan ni Israel na nakasulat sa kanilang puso. Ang imahe ng mga tipan na nakasulat sa ating mga puso, o mga tipan na pumupukaw sa ating mga puso, ay natatagpuan din sa mga isinulat ni Pablo (tingnan sa II Mga Taga Corinto 3:3; Sa Mga Hebreo 8:10). Para sa pagtalakay tungkol sa pagbabalik-loob at sa puso, tingnan sa David A. Bednar, "Nagbalik-loob sa Panginoon," *Liahona,* Nob. 2012, 106–9.
29. Ipinahahayag nang napakaganda ng panalangin sa sakramento para sa tinapay ang katangian ng ating pantipang ugnayan sa ating Ama sa Langit. Sa plano ng kaligtasan ng Ama, gumagawa tayo ng mga tipan sa ating Ama sa Langit, subalit ang mga layunin ng mga tipan ay natutupad at nagiging karapat-dapat tayo sa mga pagpapalang ipinangako sa pamamagitan ng Panginoong Jesucristo; Siya ang Tagapamagitan. Sa ordenansa ng sakramento, ipinapakita natin sa Ama (na nagdudulot na magkaroon uli ng tipan sa Kanya) na handa tayong taglayin sa ating mga sarili ang pangalan ni Jesucristo, palagi Siyang alalahanin, at sundin ang Kanyang mga kautusan, upang maaaring mapasaatin palagi ang Kanyang Espiritu (ang Espiritu Santo).


    Ang mga kaloob sa mga pangako ng Ama ay dumarating sa pamamagitan ng mapagtubos at nakapagpapalakas na kapangyarihan ni Jesucristo. Halimbawa, tulad ng itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson, si Jesucristo "ang pinagmumulan ng lahat ng kagalakan" (tingnan sa Kagalakan at Espirituwal na Kaligtasan," *Liahona,* Nob. 2016, 82). Sa gayon, ang pagtatrangka ng ating tuon kay Jesucristo ay nagdadala ng kagalakan sa ating mga buhay anuman ang mga sitwasyon natin.
30. Nailarawan ni Pangulong Ezra Taft Benson ang epekto ng pagbabagong ito sa ugali at tuon nang sinabi niya, "Kapag ang pagsunod ay hindi na nakaiirita at naging hangarin natin, sa sandaling iyon ay pagkakalooban tayo ng Diyos ng kapangyarihan" (sa Donald L. Staheli, "Obedience—Life's Great Challenge," *Ensign,* Mayo 1998, 82).
31. Juan 16:32.
32. Para sa karagdagang pagtalakay tungkol sa katotohanan ng pagmamalasakit, interes, pagmamahal, at pakikilahok ng Ama at ng Anak sa ating mga buhay, tingnan sa Jeffrey R. Holland, "Ang Kadakilaan ng Diyos," *Liahona,* Nob. 2003, 70–73; Henry B. Eyring, "Lumakad Kang Kasama Ko," *Liahona,* Mayo 2017, 82–85. Tingnan din sa Mateo 18:20; 28:20; Doktrina at mga Tipan 6:32; 29:5; 38:7; 61:36; 84:88.
33. Tingnan sa Mga Taga Roma 8:35–39; I Mga Taga Corinto 13:1–8; Moroni 7:46–47.
34. Doktrina at mga Tipan 50:27. Pansinin na ibinibigay ng Panginoon sa bawat isa na naordenan at ipinadala ang pangakong ito na hinggil sa, at itinatakda sa pamamagitan ng, partikular na tungkuling ipinagkaloob sa kanya:

    "Siya rin ang itinalaga na maging pinakadakila, bagaman siya ang kaliit-liitan at ang tagapaglingkod ng lahat.

    "Dahil dito, siya ang nagmamay-ari ng lahat ng bagay; sapagkat lahat ng bagay ay nasasailalim niya, maging sa langit at sa lupa, ang buhay at ang liwanag, ang Espiritu at ang kapangyarihan, ipinadala sa pamamagitan ng kalooban ng Ama sa pamamagitan ni Jesucristo, na kanyang Anak.

    "Subalit walang sinuman ang nagmamay-ari ng lahat ng bagay maliban sa siya ay ginawang dalisay at nalinis mula sa lahat ng kasalanan.

    "At kung ikaw ay dalisay at nalinis mula sa lahat ng kasalanan, mahihingi mo anuman ang iyong naisin sa pangalan ni Jesus at ito ay mangyayari" (Doktrina at mga Tipan 50:26–29).
35. Tingnan sa I Samuel 16:7; I Mga Taga Corinto 2:14. Para sa halimbawa ng pagpapalang ito na makita sa iba ang nakikita ni Jesus, tingnan ang salaysay ni Pangulong Henry B. Eyring ng kanyang karanasan bilang bishop ng isang kabataang lalaki na nakagawa ng krimen. Sinabi ng Panginoon kay noong Bishop Eyring, "Ipapakita ko sa iyo ang nakikita ko sa kanya" ("Lumakad Kang Kasama Ko," 84).
36. Ito ang pangako at atas na ibinigay ng Tagapagligtas sa mga tao sa templo sa Masagana. Iniutos Niya sa kanila na mamuhay upang mapasakanila ang Kanyang liwanag at Kanyang halimbawa, upang maitaas nila Siya bilang liwanag ng daigdig sa kanilang buhay at sa kanilang mga pag-anyaya sa iba na lumapit sa Kanya. Sa pamumuhay nang ganoon, at sa pag-aanyayang ganoon, madarama Siya at makikita Siya ng iba sa mga tagapaglingkod ng Panginoon. (Tingnan sa 3 Nephi 18:24–25.)
37. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Ang Halaga ng Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona,* Mayo 2016, 68.
38. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:88.



NI PANGULONG HENRY B. EYRING
*Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan*

# Ang Kapangyarihan ng Pananampalataya sa Pagsang-ayon

*Sa pamamagitan ng pagtataas ng inyong kamay, nangangako kayo sa Diyos, na pinaglilingkuran ng mga taong ito, na sasang-ayunan ninyo sila.*

Maraming beses ko nang narinig ang mga pinuno ng priesthood na nagpasalamat para sa pananampalataya sa pagsang-ayon ng mga taong pinaglilingkuran nila. Mula sa emosyon sa kanilang mga tinig, nalalaman na ang kanilang pagpapasalamat ay malalim at tapat. Ang layunin ko ngayong araw ay iparating ang pasasalamat ng Panginoon para sa inyong pagsang-ayon sa Kanyang mga tagapaglingkod sa Kanyang Simbahan. Gayundin, ito ay para hikayatin din kayong gamitin at paunlarin ang kakayahan na palakasin ang iba gamit ang inyong pananampalataya.

Bago pa kayo isilang, ipinamalas na ninyo ang ganyang kakayahan. Isipin ang nalalaman natin tungkol sa daigdig ng mga espiritu bago tayo isinilang. Inilahad ng ating Ama sa Langit ang isang plano para sa Kanyang mga anak. Naroon tayo. Sinalungat ni Lucifer, na ating kapatid sa espiritu, ang plano na magtutulot sa atin ng kapangyarihang pumili. Si Jehova, ang Pinakamamahal na Anak ng Ama sa Langit, ay sumang-ayon sa plano. Pinamunuan ni Lucifer ang isang paghihimagsik. Nagwagi ang sumasang-ayon na tinig ni Jehova, at nagboluntaryo Siya na maging Tagapagligtas natin.

Ang katotohanang buhay kayo ngayon ay tumitiyak na sumang-ayon kayo sa Ama at sa Tagapagligtas. Kinailangan ang pananampalataya kay Jesucristo upang sang-ayunan ang plano ng kaligayahan at ang tungkulin ni Jesucristo rito sapagkat kakaunti lamang ang inyong pagkakaalam tungkol sa mga hamong haharapin ninyo sa mortalidad.

Ang inyong pananampalatayang sang-ayunan ang mga tagapaglingkod ng Diyos ay nasa kaibuturan ng inyong kaligayahan maging sa buhay na ito. Nang tinanggap ninyo ang hamon ng isang missionary na manalangin upang malaman na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos, nanampalataya kayo upang sumang-ayon sa isang tagapaglingkod ng Panginoon. Nang tinanggap ninyo ang paanyayang mabinyagan, sinang-ayunan ninyo ang isang mapagpakumbabang tagapaglingkod ng Diyos.

Nang hinayaan ninyo ang isang tao na ipatong ang kanyang kamay sa inyong ulo at sabihing, "Tanggapin ang Espiritu Santo," sinang-ayunan ninyo siya bilang maytaglay ng Melchizedek Priesthood.

Simula noong araw na iyon, sa pamamagitan ng matapat na paglilingkod, sinang-ayunan ninyo ang bawat tao na naggawad sa inyo ng priesthood at inordena kayo sa isang katungkulan sa priesthood na iyon.

Noong bago pa lamang kayo sa priesthood, ang bawat pagsang-ayon ay isang simpleng pagpapakita ng pagtitiwala sa isang tagapaglingkod ng Diyos. Ngayon, marami sa inyo ang nasa sitwasyon kung saan ang pagsang-ayon ay mas malaki ang hinihingi.

Makakapagdesisyon kayo kung sasang-ayon kayo sa lahat ng tinawag ng Panginoon—saanmang tungkulin sila tinawag ng Panginoon. Ang paggawa ng desisyong iyan ay nangyayari sa mga kumperensya sa buong daigdig. Nangyari iyan ngayon. Sa mga ganitong pagpupulong, ang mga pangalan ng kalalakihan at kababaihan—mga tagapaglingkod ng Diyos—ay binabasa at kayo ay inaanyayahang itaas ang inyong kamay para sumang-ayon. Maaari kayong hindi sumang-ayon, o maaari ninyo ipakita ang inyong pananampalataya sa pagsang-ayon. Sa pamamagitan ng pagtataas ng inyong kamay, nangangako kayo. Nangangako kayo sa Diyos, na pinaglilingkuran ng mga taong ito, na sasang-ayunan ninyo sila.



Sila ay mga taong hindi perpekto, katulad ninyo. Ang pagtupad sa inyong mga pangako ay nangangailangan ng hindi natitinag na pananampalatayang tinawag sila ng Panginoon. Ang pagtupad sa mga pangakong iyan ay magdadala rin ng walang hanggang kaligayahan. Ang hindi pagtupad sa mga ito ay magdadala ng kalungkutan sa inyo at sa mga minamahal ninyo—at maging mga pagkawala na hindi ninyo mawawari.

Maaaring itinanong na sa inyo, o itatanong sa inyo, kung sinasang-ayunan ninyo ang inyong bishop, stake president, ang mga General Authority, at ang mga Pangkalahatang Opisyal ng Simbahan. Maaaring mangyari ito kapag hiniling sa inyo na sang-ayunan ang mga opisyal at pinuno sa isang kumperensya. Minsan, mangyayari ito sa isang interbyu kasama ng isang bishop o stake president.

Ang payo ko ay itanong sa inyong mga sarili ang mga tanong na iyon bago pa dumating ang mga pagkakataong iyon, nang may maingat at mapanalanging pag-iisip. Sa paggawa nito, maaaring alalahanin ninyo ang inyong mga saloobin, salita, at gawa kamakailan. Subukang alalahanin at ibalangkas ang mga sagot na ibibigay ninyo kapag ininterbyu kayo ng Panginoon, nalalaman na balang-araw ay gagawin Niya iyon. Makapaghahanda kayo sa pamamagitan ng pagtatanong sa inyong mga sarili ng mga tanong na katulad ng sumusunod:

1. Naisip o naikuwento ko na ba ang tungkol sa kahinaan ng mga taong ipinangako kong sasang-ayunan?
2. Naghanap na ba ako ng ebidensyang pinapatnubayan sila ng Panginoon?
3. Matiyaga at tapat ko bang sinusunod ang kanilang pamumuno?
4. Nasabi ko na ba ang tungkol sa ebidensyang nakita ko na mga tagapaglingkod sila ng Diyos?
5. Regular ko ba silang ipinagdarasal gamit ang kanilang pangalan at nang may pagmamahal?

Ang mga tanong na ito, para sa karamihan sa atin, ay magdudulot ng kaunting pagkabalisa at ng pangangailangang magsisi. Inutusan tayo ng Diyos na huwag husgahan ang iba nang hindi matwid, subalit sa katotohanan, nakikita nating mahirap iwasan iyon. Halos lahat ng bagay na ginagawa natin sa pakikisalamuha sa mga tao ay nagdudulot sa atin na suriin sila. At sa halos bawat aspeto ng ating buhay, inihahambing natin ang ating mga sarili sa iba. Maaaring ginagawa natin ito dahil sa maraming kadahilanan, ang ilan sa mga ito ay katanggap-tanggap, subalit kadalasang nagdudulot ito na maging mapamintas tayo.

Ibinigay ni Pangulong George Q. Cannon ang isang babala na ipapasa ko sa inyo bilang akin. Naniniwala ako na katotohanan ang sinabi niya: "Pinili ng Diyos ang Kanyang mga tagapaglingkod. Inaangkin Niya bilang Kanyang karapatan ang isumpa sila kung kailangan silang isumpa. Hindi Niya ibinigay sa atin bilang mga indibiduwal na pintasan at isumpa sila. Walang tao, gaano man siya katibay sa pananampalataya, gaano man kataas sa Priesthood, ang makapagsasalita ng masama tungkol sa pinili ng Panginoon at maghahanap ng kamalian sa awtoridad ng Diyos sa mundo nang hindi nakatatanggap ng Kanyang galit. Inilalayo ng Espiritu Santo ang kanyang sarili mula sa ganitong tao, at masasadlak siya sa kadiliman. Dahil dito, nakikita ba ninyo kung gaano kahalaga na mag-ingat tayo?"[1]

Ang obserbasyon ko ay ang mga miyembro ng Simbahan sa buong daigdig ay karaniwang tapat sa bawat isa at sa mga namumuno sa kanila. Gayunman, mayroong mga pagpapabuti na magagawa at kailangan nating gawin. Magagawa nating mas paigtingin ang ating kakayahang sang-ayunan ang bawat isa. Kakailanganin nito ang pananampalataya at pagsusumikap. Narito ang apat na mungkahing maibibigay ko sa kumperensyang ito na dapat nating gawin.

1. Maaari nating tukuyin ang mga partikular na gawaing itinagubilin ng mga tagapagsalita at gawin ang mga ito simula ngayon. Sa paggawa nito, madaragdagan ang ating kakayahang sang-ayunan sila.
2. Maaari tayong manalangin para sa kanila habang nagsasalita sila upang madala ng Espiritu Santo ang kanilang mga salita sa mga puso ng mga espesipikong tao na minamahal natin. Kapag nalaman natin kalaunan na sinagot ang ating panalangin, madaragdagan ang ating kapangyarihang masang-ayunan ang mga pinuno na iyon.
3. Maaari nating ipanalangin na mabasbasan at mapalakas ang mga espesipikong tagapagsalita habang ibinibigay nila ang kanilang mga mensahe. Kapag nakita natin na napalakas sila, lalago tayo sa ating pananampalataya na sang-ayunan sila, at magpapatuloy ito.
4. Maaari nating pakinggan ang mga mensahe mula sa mga tagapagsalita na magiging sagot sa ating mga personal na panalangin upang matulungan tayo. Kapag dumating ang mga sagot, at darating ang mga ito, lalago ang ating pananampalataya na sang-ayunan ang lahat ng mga tagapaglingkod ng Panginoon.

Bukod pa sa pagpapabuti sa pagsang-ayon sa mga naglilingkod sa Simbahan, matututuhan natin na mayroon pang isa pang lugar kung saan maaaring maidagdag sa atin ang ganoong kakayahan. Doon ay makapagbibigay ito ng dagdag na mga pagpapala sa atin. Ito ay ang tahanan at pamilya.

Nangungusap ako sa mga batang priesthood holder na nakatira sa tahanan ng kanyang ama. Hayaan ninyong sabihin ko sa inyo mula sa aking sariling karanasan kung gaano kahalaga para sa isang ama na maramdaman ang inyong tapat na pagsang-ayon sa kanya. Maaaring mukhang may tiwala siya sa kanyang sarili. Subalit humaharap siya sa mas maraming hamon kaysa sa nalalaman ninyo. May mga pagkakataong hindi niya makita ang solusyon sa mga problemang nasa harapan niya.

Ang paghanga ninyo sa kanya ay makatutulong nang kaunti sa kanya. Ang pagmamahal ninyo sa kanya ay lalong mas makatutulong. Subalit ang bagay na pinakamakatutulong sa kanya ay ang taos-pusong mga salitang tulad nito: "Tay, ipinagdasal kita, at nadama kong tutulungan ka ng Panginoon.

Magiging maayos ang lahat. Alam kong mangyayari iyon."

May kaparehas ding bisa ang mga salitang ito kung manggagaling sa ama patungo sa anak. Kapag ang isang anak ay gumawa ng matinding pagkakamali, kahit sa espirituwal na bagay, maaari niyang maramdamang nabigo siya. Bilang tatay niya, maaaring magulat ka kapag sa sandaling iyon, matapos mong ipanalangin ang gagawin mo, ay ilagay ng Espiritu Santo ang mga salitang ito sa iyong bibig: "Anak, nandito ako para sa iyo hanggang sa huli. Mahal ka ng Panginoon. Sa tulong Niya, makababalik ka. Alam kong magagawa mo iyan at na gagawin mo iyan. Mahal kita."


Sa korum ng priesthood at sa pamilya, ang dagdag na pananampalataya upang tulungan ang bawat isa ay ang paraan na maitataguyod natin ang Sion sa paraang nais ng Panginoon. Sa pamamagitan ng Kanyang tulong, magagawa, at gagawin natin iyon. Kakailanganing matutuhan nating mahalin ang Panginoon nang buong puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas at mahalin ang bawat isa tulad ng pagmamahal natin sa ating sarili.

Kapag lumago ang ating dalisay na pagmamahal ni Cristo na iyon, lalambot ang ating mga puso. Ang pagmamahal na iyon ay magtutulot sa atin na magpakumbaba at magsisi. Ang ating tiwala sa Panginoon at sa bawat isa ay lalago. At pagkatapos ay lalapit tayo tungo sa pagiging isa, tulad ng ipinangako sa atin ng Panginoon na magagawa natin.[2]

Pinatototohanan ko na kilala at minamahal kayo ng Ama sa Langit. Si Jesus ang buhay na Cristo. Ito ang Kanyang Simbahan. Taglay natin ang Kanyang priesthood. Tatanggapin Niya ang ating mga pagsisikap na palaguin ang kakayahang gamitin ito at palakasin ang bawat isa. Pinatototohanan ko ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. *Gospel Truth: Discourses and Writings of George Q. Cannon,* ed. Jerreld L. Newquist (1974), 1:278.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 35:2.



NI PANGULONG DALLIN H. OAKS
*Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan*

# Saan Ito Hahantong?

*Makapipili tayo nang mas mabuti kung titingnan natin ang mga alternatibo at pag-iisipan kung saan hahantong ang mga ito.*

Ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay naghihikayat sa atin na pag-isipan ang hinaharap. Ipinaliliwanag nito ang layunin ng mortal na buhay at ang katotohanan ng kabilang buhay. Nagtuturo ito ng magagandang ideya tungkol sa hinaharap na gagabay sa mga ginagawa natin ngayon.

Sa kabilang banda, tayong lahat ay may mga taong kilala na nakatuon lamang sa kasalukuyan: nagpapakasasa ngayon, nagpapakasaya ngayon, at hindi iniisip ang hinaharap.

Ang ating kasalukuyan at hinaharap ay mas magiging masaya kung lagi nating iniisip ang hinaharap. Kapag gumagawa tayo ng mga desisyon ngayon, dapat lagi nating itinatanong, "Saan ito hahantong?"

## I.

Ilang mga desisyon ay ang pagpiling gawin ang isang bagay o walang gawin. Nakarinig ako ng isang halimbawa ng ganitong uri ng pagpili sa isang stake conference sa Estados Unidos maraming taon na ang nakararaan.



Nangyari ito sa isang magandang kampus sa kolehiyo. Maraming batang estudyante ang nakaupo sa damuhan. Ang nagkuwento ng karanasang ito ay nagsabing pinanonood nila ang isang nakatutuwang squirrel na may malaki, at mabalahibong buntot na naglalaro sa paanan ng isang magandang punong hardwood. Kung minsan nasa lupa ito, at kung minsan ay akyat-baba at paikut-ikot sa puno. Ngunit bakit natuon ang pansin ng isang grupo ng mga estudyante sa pamilyar na tanawing iyon?

Sa kalapit na damuhan naroon at nakadapa ang isang asong Irish setter. Sa aso nakatuon ang mga estudyante, at sa squirrel naman nakatuon ang aso. Sa tuwing panandaliang hindi makikita ang squirrel kapag umaakyat ito sa puno, ang aso ay dahan-dahang gumagapang nang palapit ng ilang pulgada at pagkatapos ay dadapa muli na parang walang anumang nangyayari sa paligid niya. Ito ang dahilan kung bakit natuon ang pansin dito ng mga estudyante. Tahimik at walang kibo, ang kanilang mga mata ay nakatuon sa pangyayaring alam na nila ang kahihinatnan.

Sa huli, nakalapit na ang aso at tinalon ang squirrel at sinagpang ito. Nasindak sa nangyari, mabilis na kumilos ang maraming estudyante at sinunggaban ang maliit na hayop para ilayo sa aso, ngunit huli na ang lahat. Patay na ang squirrel.

Sinuman sa mga estudyanteng iyon ay maaari sanang nakapagbigay ng babala sa squirrel anumang oras sa pamamagitan ng pagkaway ng kanilang mga kamay o pagsigaw nang malakas, ngunit walang gumawa nito. Nanood lamang sila habang papalapit na ang tiyak na mangyayari. Walang nagtanong, "Saan ito hahantong?" Kapag nangyari na ang inaasahan, lahat ay kumikilos agad para mapigilan ito, ngunit huli na ang lahat. Ang maibibigay lamang nila ay luha ng panghihinayang.

Ang totoong kuwentong iyon ay isang uri ng talinghaga. Angkop ito sa mga bagay na nakikita natin sa sarili nating buhay at sa mga buhay at mga pangyayari sa mga taong nakapaligid sa atin. Kapag nakikita natin ang mga panganib na maaaring makaapekto sa mga tao o mga bagay na mahal natin, maaari nating piliing magsalita o kumilos o manatiling tahimik. Dapat nating itanong sa ating sarili, "Saan ito hahantong?" Kapag ang mga ibubunga ay daglian at mabigat, hindi maaaring wala tayong gawin. Dapat tayong magbigay ng angkop na babala o suportahan ang mga angkop na pagsisikap na magbabala habang may oras pa.



Ang mga desisyong inilarawan ko ay kinapapalooban ng pagpiling gawin ang ilang bagay o walang gawin. Ang mas karaniwan ay ang mga desisyong gawin ang isang bagay o ang ibang bagay. Kabilang dito ang pagpili sa mabuti o masama, ngunit mas madalas ang mga pagpili ay sa dalawang magkaibang bagay na parehong mabuti. Sa sitwasyong ito, dapat din nating itanong kung saan ito hahantong. Lagi tayong pumipili sa dalawang magkaibang bagay na parehong mabuti, na kadalasan ay kinapapalooban ng paraan kung paano natin gugulin ang ating oras. Walang masama sa paglalaro ng mga video games o pagte-text o panonood ng TV o pakikipag-usap sa cell phone. Ngunit ang bawat isa sa mga ito ay mayroong tinatawag na "pakinabang," ibig sabihin kung mauubos ang oras natin sa paggawa ng isang bagay, mawawala ang pakinabang na makukuha natin sa paggawa ng ibang bagay. Sigurado ako na nauunawaan ninyo na kailangan nating pag-isipang mabuti ang nawawala sa atin kapag naubos ang oras natin sa isang gawain, kahit pa ito ay mabuti o maganda.

Maraming taon na ang nagdaan nang magbigay ako ng isang mensahe na pinamagatang "Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda." Sinabi ko sa mensaheng iyan: "hindi sapat na dahilan ang pagiging *maganda* ng isang bagay para gawin ito. Ang magagandang bagay na magagawa natin ay higit pa ang dami kaysa libreng oras natin para magawa ang mga ito. May ilang bagay na mas maganda kaysa iba, at ito

ang mga bagay na dapat nating unahin sa ating buhay. . . . Dapat nating talikuran ang ilang magagandang bagay para mapili ang iba pang mas maganda o pinakamaganda."[1]

Pag-isipan ang matagalang ibubunga ng pinili ninyo. Ano ang epekto sa ating hinaharap ng mga desisyong ginagawa natin sa kasalukuyan? Alalahanin ang kahalagahan ng pagtatamo ng edukasyon, pag-aaral ng ebanghelyo, pagpapanibago ng ating mga tipan sa pamamamagitan ng pagtanggap ng sakramento, at pagpunta sa templo.

**II.**

Ang tanong kung "saan ito hahantong?" ay mahalaga rin sa pagpili kung paano natin tatawagin ang ating sarili o kung ano ang iisipin natin tungkol sa ating sarili. Ang pinakamahalaga, bawat isa sa atin ay anak ng Diyos na mayroong potensiyal na magtamo ng buhay na walang hanggan. Ang lahat ng iba pang pagtawag, na kabilang ang trabaho, lahi, mga katangiang pisikal, o karangalan, ay pansamantala lamang o hindi mahalaga sa kawalang-hanggan. Huwag piliing tawagin ang inyong sarili o ituring ang inyong sarili alinsunod sa mga katawagang naglilimita sa isang mithiin na maaari ninyong makamit.

Kayo na aking mga kapatid na maaaring makarinig o makabasa ng sinasabi ko rito, umaasa ako na nalalaman ninyo kung bakit ibinibigay ng inyong mga pinuno ang mga turo at payo na ibinibigay namin. Mahal namin kayo, at mahal kayo ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na si Jesucristo. Ang plano Nila para sa atin ay "dakilang plano ng kaligayahan" (Alma 42:8). Ang planong iyan at ang Kanilang mga kautusan at ordenansa at tipan ay nagdudulot ng napakalaking kaligayahan at kagalakan sa buhay na ito at sa darating na buhay. Bilang mga tagapaglingkod ng Ama at ng Anak, nagtuturo at nagpapayo kami habang pinapatnubayan Nila kami sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Wala kaming ibang hangarin maliban sa sabihin sa inyo kung ano ang katotohanan at hikayatin kayo na gawin ang inilahad Nila



na landas patungo sa buhay na walang hanggan, ang "pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos" (Doktrina at mga Tipan 14:7).

**III.**

Narito ang isa pang halimbawa ng epekto sa ating hinaharap ng mga desisyong ginagawa natin sa kasalukuyan. Ang halimbawang ito ay tungkol sa pagpiling magsakripisyo sa kasalukuyan para matamo ang isang mahalagang mithiin sa hinaharap.

Sa isang stake conference sa Cali, Colombia, ikinuwento ng isang sister kung paano nila hinangad ng kanyang kasintahan ang makasal sa templo gayong ang pinakamalapit na templo ay nasa Peru. Matagal na silang nag-ipon ng pera para sa magiging pamasahe sa bus. Sa wakas sumakay sila ng bus patungo sa Bogotá, ngunit nang dumating sila roon, nalaman nila na wala nang bakanteng upuan sa bus papuntang Lima, Peru. Maaari silang umuwi nang hindi kasal o magpakasal sila pero hindi sa templo. Mabuti na lamang at may isa pang alternatibo. Makakasakay sila sa bus patungo Lima kung handa silang maupo sa lapag ng bus nang buong limang araw at limang gabing pagbibiyahe. Pinili nilang gawin ito. Sinabi niya na mahirap ito, bagama't kung minsan ay pinapaupo sila ng ibang mga pasahero sa kanilang mga upuan para makapag-inat sila mula sa pagkakaupo sa lapag.

Ang nakaantig sa akin sa mensahe ng sister na ito ay ang sinabi niya na nagpapasalamat silang mag-asawa na nakapunta sila sa templo sa ganitong paraan, dahil nabago nito ang nadarama nila tungkol sa ebanghelyo at sa kasal sa templo. Ginantimpalaan sila ng Panginoon ng pag-unlad dahil sa kanilang sakripisyo. Natanto rin niya na ang kanilang limang araw na pagbibiyahe patungo sa templo ay malaki ang nagawa sa pagpapalakas ng kanilang espirituwalidad kaysa sa maraming pagpunta sa templo nang walang ginawang sakripisyo.

Sa mga taon na nakalipas mula nang marinig ko ang patotoong iyon, naisip ko kung ano ang magiging malaking kaibhan sa buhay ng batang mag-asawang iyon kung iba ang pinili nila—ang hindi magsakripisyo na kinakailangan para makasal sa templo.

Mga kapatid, napakarami nating pinipili sa buhay, ang ilan ay mahahalaga at ang ilan ay tila hindi mahalaga. Kung magbabalik-tanaw tayo, makikita natin ang malaking pagkakaibang nagawa ng ilan sa mga pinili natin sa ating buhay. Makapipili tayo nang mas mabuti kung titingnan natin ang mga alternatibo at pag-iisipan kung saan hahantong ang mga ito. Sa paggawa natin nito, masusunod natin ang payo ni Pangulong Russell M. Nelson na mag-umpisa na ang katapusan ang nasa isip.[2] Para sa atin, ang katapusan ay laging nasa landas ng tipan na dadaan sa templo patungo sa buhay na walang hanggan, ang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos.

Pinatototohanan ko si Jesucristo at ang kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala at ng iba pang katotohanan ng Kanyang walang hanggang ebanghelyo, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■


**MGA TALA**


1. Dallin H. Oaks, "Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda," *Liahona,* Nob. 2007, 104, 107.
2. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong," *Liahona,* Abr. 2018, 7.




# Mga General Authority at Pangkalahatang Pinuno ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

## ANG UNANG PANGULUHAN



Dallin H. Oaks
Unang Tagapayo


Russell M. Nelson
Pangulo



Henry B. Eyring
Pangalawang Tagapayo

## ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL



M. Russell Ballard


Jeffrey R. Holland


Dieter F. Uchtdorf



David A. Bednar



Quentin L. Cook



D. Todd Christofferson



Neil L. Andersen


Ronald A. Rasband



Gary E. Stevenson



Dale G. Renlund



Gerrit W. Gong


Ulisses Soares

## ANG PANGULUHAN NG PITUMPU



L. Whitney Clayton



Patrick Kearon


Carl B. Cook


Robert C. Gay



Terence M. Vinson


José A. Teixeira



Carlos A. Godoy

# MGA GENERAL AUTHORITY SEVENTY


(inayos ayon sa alpabeto)




Marcos A. Aidukaitis | Rubén V. Alliaud | Jose L. Alonso | Jorge M. Alvarado | Wilford W. Andersen | Ian S. Ardern | Steven R. Bangerter | W. Mark Bassett | David S. Baxter | Randall K. Bennett | Hans T. Boom | Shayne M. Bowen | Mark A. Bragg | L. Todd Budge | Matthew L. Carpenter | Yoon Hwan Choi | Craig C. Christensen




Kim B. Clark | Weatherford T. Clayton | Lawrence E. Corbridge | Valeri V. Cordón | J. Devn Cornish | Claudio R. M. Costa | Joaquin E. Costa | LeGrand R. Curtis Jr. | Massimo De Feo | Benjamín De Hoyos | Edward Dube | Kevin R. Duncan | Timothy J. Dyches | David F. Evans | Enrique R. Falabella | Bradley D. Foster | Randy D. Funk




Eduardo Gavarret | Jack N. Gerard | Ricardo P. Giménez | Taylor G. Godoy | Christoffel Golden | Walter F. González | O. Vincent Haleck | Brook P. Hales | Donald L. Hallstrom | Kevin S. Hamilton | Allen D. Haynie | Matthias Held | David P. Homer | Paul V. Johnson | Peter M. Johnson | Larry S. Kacher | Jörg Klebingat



Joni L. Koch | Erich W. Kopischke | Hugo E. Martinez | James B. Martino | Richard J. Maynes | John A. McCune | Kyle S. McKay | Peter F. Meurs | Hugo Montoya | Marcus B. Nash | K. Brett Nattress | S. Gifford Nielsen | Brent H. Nielson | Adrián Ochoa | S. Mark Palmer | Adilson de Paula Parrella | Kevin W. Pearson




Anthony D. Perkins | Paul B. Pieper | John C. Pingree Jr. | Rafael E. Pino | James R. Rasband | Michael T. Ringwood | Lynn G. Robbins | Gary B. Sabin | Evan A. Schmutz | Joseph W. Sitati | Steven E. Snow | Vern P. Stanfill | Benjamin M. Z. Tai | Brian K. Taylor | Michael John U. Teh | Juan A. Uceda | Arnulfo Valenzuela



Juan Pablo Villar | Takashi Wada | Taniela B. Wakolo | Alan R. Walker | Scott D. Whiting | Larry Y. Wilson | Chi Hong (Sam) Wong | Kazuhiko Yamashita | Jorge F. Zeballos

## ANG PRESIDING BISHOPRIC



Dean M. Davies, Unang Tagapayo | Gérald Caussé, Presiding Bishop | W. Christopher Waddell, Pangalawang Tagapayo

## MGA PANGKALAHATANG PINUNO

### SUNDAY SCHOOL



Milton Camargo, Unang Tagapayo | Mark L. Pace, Pangulo | Jan E. Newman, Pangalawang Tagapayo

### YOUNG WOMEN



Michelle D. Craig, Unang Tagapayo | Bonnie H. Cordon, Pangulo | Becky Craven, Pangalawang Tagapayo

### RELIEF SOCIETY



Sharon Eubank, Unang Tagapayo | Jean B. Bingham, Pangulo | Reyna I. Aburto, Pangalawang Tagapayo

### PRIMARY



Lisa L. Harkness, Unang Tagapayo | Joy D. Jones, Pangulo | Cristina B. Franco, Pangalawang Tagapayo


### YOUNG MEN



Douglas D. Holmes, Unang Tagapayo | Stephen W. Owen, Pangulo | M. Joseph Brough, Pangalawang Tagapayo

Abril 2019





NI PANGULONG RUSSELL M. NELSON

# Maaari Tayong Gumawa nang Mas Mahusay at Maging Mas Mahusay

*Gawing mahalagang bahagi ng inyong buhay ang pagtutuon sa araw-araw na pagsisisi nang sa gayon ay magamit ninyo ang priesthood nang may mas malakas na kapangyarihan kaysa noon.*

Mahal kong mga kapatid, nagbibigay-sigla ang pagtingin sa napakalaking kongregasyong ito ng batalyon ng Panginoon ng mga mayhawak ng priesthood. Kayo ay napakalakas na puwersa ng kabutihan! Mahal namin kayo. Ipinagdarasal namin kayo. At lubos kaming nagpapasalamat sa inyo.

Kamakailan nasumpungan ko ang aking sarili na nakatuon sa tagubiling ibinigay ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith: "Huwag mangaral ng anuman kundi pagsisisi sa salinlahing ito."[1] Ang pahayag na ito ay madalas ulitin sa mga banal na kasulatan.[2] Dahilan ito para itanong natin: "Kinakailangan bang magsisi ng *lahat ng tao*?" Ang sagot ay oo.

Itinuturing ng maraming tao na parusa ang pagsisisi—isang bagay na dapat iwasan maliban sa pinakamatitinding sitwasyon. Ngunit ang pakiramdan na pinaparusahan tayo ay galing kay Satanas. Tinatangka niyang hadlangan tayo na umasa kay Jesucristo,[3] na nakatayong nakaunat ang mga kamay,[4] umaasa at handa tayong pagalingin, patawarin, linisin, palakasin, dalisayin, at pabanalin.

Ang salita para sa *pagsisisi* sa Bagong Tipan sa wikang Griyego ay *metanoeo*. Ang kahulugan ng unlaping *meta-* ay "pagbabago." Ang hulapi na *-noeo* ay nauugnay sa mga salitang Griyego na ang ibig sabihin ay "pag-iisip, "kaalaman," "espiritu," at "hininga."[5]

Kaya, sa pag-uutos ni Jesus sa inyo at sa akin na "mangagsisi,"[6] inaanyayahan Niya tayo na baguhin ang ating pag-iisip, kaalaman, espiritu—maging ang paraan ng paghinga natin. Iniuutos Niya sa atin na baguhin natin kung paano tayo magmahal, mag-isip, maglingkod, gumugol ng ating oras, makitungo sa ating asawa, magturo sa ating mga anak, at maging ang pangangalaga natin sa ating katawan.

Wala nang mas nagpapalaya, mas nagpapabanal, o mas mahalaga sa ating indibiduwal na pag-unlad kaysa sa regular at araw-araw na pagtutuon sa pagsisisi. Ang pagsisisi ay hindi ginagawa nang isang beses lang, ito ay isang proseso. Ito ay susi sa kaligayahan at kapayapaan ng isipan. Kapag nilakipan ng pananampalataya, ang pagsisisi ay nagiging daan para magamit natin ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.[7]

Kung kayo man ay masigasig na sumusulong sa landas ng tipan, nalihis o nawala sa landas ng tipan, o hindi na natatanaw ang landas ng tipan mula sa lugar kung saan kayo naroroon, nakikiusap ako sa inyo na magsisi kayo. Danasin ang nagpapalakas na kapangyarihan ng araw-araw na pagsisisi—ng paggawa at pagiging mas mabuti sa bawat araw.

Kapag pinipili nating magsisi, pinipili nating magbago! Tinutulutan natin ang Tagapagligtas na baguhin tayo at gawin tayong pinakamabuting bersyon ng ating sarili. Pinipili nating umunlad sa espirituwal at magkaroon ng kagalakan—ang kagalakan na matubos Niya.[8] Kapag pinipili nating magsisi, pinipili nating maging higit na katulad ni Jesucristo![9]

Mga kapatid, kinakailangan nating *gumawa* nang mas mahusay at *maging* mas mahusay dahil nakikipaglaban tayo. Ang pakikipaglaban sa kasalanan ay totoo. Lalong pinatitindi ng kaaway ang kanyang mga ginagawa para pahinain ang mga patotoo at hadlangan ang gawain ng Panginoon. Binibigyan niya ang kanyang mga kampon ng napakalakas na mga sandata para hadlangan tayo na matanggap ang kagalakan at pagmamahal ng Panginoon.[10]

Ang pagsisisi ang susi para maiwasan ang pagdurusa na dulot ng mga patibong ng kaaway. Hindi inaasahan ng Panginoon na magiging perpekto tayo sa bahaging ito ng ating walang hanggang pag-unlad. Ngunit ang inaasahan Niya sa atin ay maging mas dalisay tayo. Ang araw-araw na pagsisisi ay landas patungo sa kadalisayan, at ang kadalisayan ay nagdadala ng kapangyarihan. Tayo ay nagiging malalakas na kasangkapan sa mga kamay ng Diyos

dahil sa ating personal na kadalisayan. Ang ating pagsisisi—ang ating kadalisayan—ay magpapalakas sa atin para makatulong sa pagtitipon ng Israel.

Itinuro ng Panginoon kay Joseph Smith "na ang mga karapatan ng pagkasaserdote ay may di mapaghihiwalay na kaugnayan sa mga kapangyarihan ng langit, at na ang kapangyarihan ng langit ay hindi mapamamahalaan ni mahahawakan tanging alinsunod lamang sa mga alituntunin ng kabutihan."[11]

Alam natin kung paano matatamo ang kapangyarihan ng langit. Alam din natin kung ano ang hahadlang sa ating pag-unlad—kung ano ang dapat nating itigil para lalo pa nating matamo ang kapangyarihan ng langit. Mga kapatid, mapanalanging hangarin na maunawaan kung ano ang humahadlang sa inyong pagsisisi. Tukuyin kung ano ang *pumipigil* sa inyo na magsisi. At pagkatapos, magbago! Magsisi! Lahat tayo ay maaaring gumawa nang mas mahusay at maging mas mahusay nang higit pa kaysa noon.[12]

Mayroong mga partikular na paraan kung paano tayo uunlad. Ang isa ay ang paraan kung paano natin pangalagaan ang ating katawan. Namamangha ako sa himala ng katawan ng tao. Ito ay isang kagila-gilalas na likha, mahalaga sa ating unti-unting pagsulong patungo sa ating pinakamataas at banal na potensiyal. Hindi tayo uunlad kung wala ito. Sa pagbibigay sa atin ng katawan, tinutulutan tayo ng Diyos na umunlad patungo sa pagiging higit na katulad Niya.

Nalalaman ito ni Satanas. Naiinis siya dahil ang kanyang paghihimagsik sa premortal na buhay ay tuluyang hindi nagpamarapat sa kanya sa pribilehiyong ito, at naging dahilan para manatili siyang naiinggit at napopoot. Kaya marami, kung hindi man lahat, sa mga tuksong inilagay niya sa ating daraanan ay naging mga dahilan para abusuhin natin ang ating katawan o ang katawan ng iba. Dahil si Satanas ay kaaba-aba dahil *wala* siyang katawan, gusto niya ring maging kaaba-aba tayo *dahil* sa katawan natin.[13]

Ang inyong katawan ay ang personal na templo ninyo, na nilikha para panahanan ng inyong walang hanggang espiritu.[14] Ang pangangalaga ninyo sa templong iyan ay mahalaga. Itatanong ko sa inyo mga kapatid: Mas interesado ba kayong bihisan at pangalagaan ang inyong katawan para magustuhan ng mundo kaysa kalugdan kayo ng Diyos? Ang sagot ninyo ay nagbibigay ng direktang mensahe sa Kanya tungkol sa inyong nadarama hinggil sa Kanyang pambihirang kaloob sa inyo. Sa paggalang sa katawan natin, mga kapatid, sa palagay ko maaari tayong gumawa nang mas mahusay at maging mahusay.

Ang isa pang paraan na maaari tayong gumawa nang mas mahusay at maging mas mahusay ay kung paano natin iginagalang ang mga kababaihan sa ating buhay, simula sa ating asawa at mga anak na babae, sa ating ina at mga kapatid na babae.[15]



Ilang buwan na ang nakalipas, nakatanggap ako ng malungkot na sulat sa isang sister. Isinulat niya: "Pakiramdam [namin ng mga anak kong babae] ay nasa matindi kaming kumpetisyon para makuha ang atensyon ng aming asawa at mga anak na lalaki, sa 24/7 sports updates, video games, stock market updates, [at] walang katapusang pag-analisa at panonood ng mga laro ng lahat ng professional sport. Pakiramdam namin ay hindi na kami ang una sa aming asawa at mga anak na lalaki dahil sa pagtutok nila sa [mga sport at laro],"[16]

Mga kapatid, ang una at pangunahing tungkulin ninyo bilang mga mayhawak ng priesthood ay mahalin at pangalagaan ang inyong asawa. Maging isa sa kanya. Maging katuwang niya. Gawing madali para sa kanya ang naising makapiling kayo. Walang ibang aktibidad o libangan sa buhay ang dapat unahin kaysa sa pagpapatibay ng ugnayang pang-walang-hanggan kasama niya. Walang palabas sa TV, mobile device, o computer ang mas mahalaga kaysa sa kanyang kapakanan. Rebyuhin kung paano ninyo ginugugol ang inyong oras at kung saan ninyo inilalagay ang inyong lakas. Iyan ang magsasabi sa inyo kung saan naroon ang inyong puso. Manalangin na makiisa ang inyong puso sa puso ng inyong asawa. Sikaping mapasaya siya. Hingin ang kanyang payo at makinig. Ang kanyang payo o opinyon ay mas magpapabuti sa inyong pagkilos.

Kung kinakailangan ninyong magsisi dahil sa paraan ng pagtrato ninyo sa mga babaeng pinakamalapit sa inyo, magsimula na ngayon. Alalahanin din na responsibilidad *ninyo* na tulungan ang kababaihan sa inyong buhay na matanggap ang mga pagpapala na nagmumula sa pagsunod sa batas ng kalinisang-puri ng Panginoon. Huwag maging dahilan para hindi matanggap ng isang babae ang mga pagpapala sa templo.

Mga kapatid, kinakailangan nating magsisi. Kailangan nating tumayo mula sa sopa, ibaba ang remote control, at



gumising sa espirituwal na pagkakatulog. Oras na para isuot ang buong baluti ng Diyos para makibahagi tayo sa pinakamahalagang gawain sa lupa. Oras na para "humawak sa [ating] panggapas, at maggapas nang buo [nating] kakayahan, pag-iisip, at lakas."[17] Ang mga puwersa ng kasamaan ay lalo pang tumitindi ngayon. Bilang mga tagapaglingkod ng Panginoon, hindi tayo maaaring matulog habang patuloy na nangyayari ang digmaang ito.

Kailangan ng inyong pamilya ang pamumuno at pagmamahal ninyo. Kailangan ng inyong korum at ng mga miyembro sa inyong ward o branch ang inyong lakas. At kinakailangang malaman ng lahat ng makikilala ninyo kung ano ang isang tunay na disipulo ng Panginoon at kung paano siya kumikilos.

Mahal kong mga kapatid, pinili kayo ng ating Ama na pumarito sa lupa sa napakahalagang panahong ito dahil sa inyong espirituwal na kagitingan sa premortal na daigdig. Kayo ay kabilang sa pinakamahuhusay at pinakamagigiting na kalalakihan na isinilang dito sa lupa. Kilala kayo ni Satanas sa premortal na daigdig at nalalaman ang gawain na kinakailangang gawin bago bumalik ang Tagapagligtas. At matapos ang libu-libong taon na pagsasagawa ng kanyang tusong pamamaraan, ang kaaway ay dalubhasa na at di-mababago.

Mabuti na lang at ang priesthood na taglay natin ay higit na mas malakas kaysa sa panlilinlang ng kaaway. Nakikiusap ako sa inyo na maging kalalakihan at mga kabataang lalaki na nais ng Panginoon na kahinatnan ninyo. Gawing mahalagang bahagi ng inyong buhay ang pagtutuon sa *araw-araw* na pagsisisi nang sa gayon ay magamit ninyo ang priesthood nang may mas malakas na kapangyarihan kaysa noon. Ito lamang ang tanging paraan na mapapanatili ninyong espirituwal na ligtas ang inyong sarili at ang inyong pamilya sa mahihirap na araw na darating.

Nangangailangan ang Panginoon ng mga kalalakihang hindi makasarili na inuuna ang kapakanan ng ibang tao kaysa sa kanilang sarili. Kailangan Niya ng mga kalalakihan na kusang nagsisikap para marinig nang malinaw ang tinig ng Espiritu. Kailangan Niya ng mga kalalakihang nakikipagtipan at tapat na tumutupad sa kanilang mga tipan. Kailangan Niya ng mga kalalakihang determinadong panatilihing malinis ang kanilang puri—mga karapat-dapat na kalalakihan na agad na mahihilingang magbigay ng mga basbas nang may dalisay na puso, malinis na isipan, at mga kamay na handang maglingkod. Kailangan ng Panginoon ang mga kalalakihang masigasig na nagsisisi—mga lalaking masigasig sa paglilingkod at handang maging bahagi ng batalyon ng Panginoon ng mga karapat-dapat na mayhawak ng priesthood.

Binabasbasan ko kayo na maging mga kalalakihang gaya niyon. Binabasbasan ko kayo ng tapang na magsisi araw-araw at matutuhang gamitin ang buong kapangyarihan ng priesthood. Binabasbasan ko kayo na maipadama ninyo ang pagmamahal ng Tagapagligtas sa inyong asawa at mga anak at sa lahat ng nakakakilala sa inyo. Binabasbasan ko kayo na *gumawa* nang mas mahusay at *maging* mas mahusay. At binabasbasan ko kayo na kapag ginawa ninyo ang mga bagay na ito, makakaranas kayo ng mga himala sa inyong buhay.

Abala tayo sa gawain ng Diyos na Maykapal. Si Jesus ang Cristo. Tayo ay Kanilang mga tagapaglingkod. Pinatototohanan ko ang mga ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Doktrina at mga Tipan 6:9; 11:9.
2. Tingnan sa Marcos 1:4; Mosias 18:20; Alma 37:33; 3 Nephi 7:23; Moroni 3:3; Doktrina at mga Tipan 19:21; 44:3; 55:2.
3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:36.
4. Tingnan sa Deuteronomio 26:8; 2 Nephi 1:15; Mormon 6:17; Doktrina at mga Tipan 6:20.
5. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Pagsisisi at Pagbabalik-loob," *Liahona,* Mayo 2007, 103.
6. Para sa halimbawa, tingnan sa Lucas 13:3, 5.
7. Tingnan sa 2 Nephi 9:23; Mosias 4:6; 3 Nephi 9:22; 27:19.
8. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Pagsisisi at Pagbabalik-loob," 102–4.
9. Tingnan sa 3 Nephi 27:27.
10. Tingnan sa Judas 1:17–21; 2 Nephi 2:25, 27; 28:20; tingnan din sa 1 Nephi 8:10–12, 21–23; 11:21–22; 12:17; Doktrina at mga Tipan 10:22; Moises 5:13.
11. Doktrina at mga Tipan 121:36.
12. Ang mga salita ng Panginoon ay nagbigay-inspirasyon sa mga paghahayag at sa mga turo sa kasalukuyang panahon—*mas mataas, mas banal, pabilisin, dagdagan, palakasin, mas dakila, nagbabago, muling pinagbubuti, pinauunlad, pinag-iibayo, pinalalalim, pinalalawak*—ay mga salitang ginagamit sa espirituwal na pag-unlad (tingnan sa Russell M. Nelson, "Pagiging Kapuri-puring mga Banal sa mga Huling Araw," *Liahona,* Nob. 2018, 113–14).
13. Nalalaman natin na "ang tao ay malaya ayon sa laman. . . . Sila ay malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng dakilang Tagapamagitan ng lahat ng tao, o piliin ang pagkabihag at kamatayan, alinsunod sa pagkabihag at kapangyarihan ng diyablo; sapagkat hinahangad niya na ang lahat ng tao ay maging kaaba-abang katulad ng kanyang sarili" (2 Nephi 2:27).
14. Tingnan sa I Mga Corinto 3:16–17; 6:18–20.
15. Tingnan sa Jacob 2:35.
16. Sulat na natanggap noong Peb. 4, 2019.
17. Doktrina at mga Tipan 33:7.





NI ELDER DALE G. RENLUND
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Mananagana sa Pagpapala

*Karamihan sa mga pagpapala na nais ibigay sa atin ng Diyos ay nangangailangan ng pagkilos natin—pagkilos na batay sa ating pananampalataya kay Jesucristo.*

Mahal kong mga kapatid, nais ng ating Ama sa Langit at ni Jesucristo na pagpapalain ang bawat isa sa atin.[1] Ang tanong tungkol sa kung *paano* tayo makatatanggap at makatatamo ng mga pagpapala ay paksang pangrelihiyon na pinagdebatehan at pinag-usapan na sa loob ng maraming siglo.[2] Sinasabi ng ilan na ang mga pagpapala ay lubos na natatamo; na natatanggap natin ang mga ito sa pamamagitan lamang ng ating mga gawa. Sinasabi naman ng iba na napili na ng Diyos kung sino ang Kanyang pagpapalain at kung paano—at ang mga pasiyang ito ay hindi mababago. Ang dalawang opinyong ito ay mali. Ang mga pagpapala mula sa langit ay hindi natatamo dahil lamang sa masilakbong pag-iipon ng "mga gantimpala para sa mabubuting gawa," ni sa paghihintay lamang kung tayo ay suswertehin na makatanggap ng mga pagpapala. Ang totoo, bagama't iba ang kahulugan ay mas higit na angkop para sa ugnayan ng mapagmahal na Ama sa Langit at ng Kanyang magiging mga tagapagmana—tayo. Inihayag ng ipinanumbalik na katotohanan na ang mga pagpapala ay hindi basta-basta natatamo, ngunit ang mga ginawa natin na nabigyang-inspirasyon ng pananampalataya, sa simula at nang palagian, ay mahalaga.[3]

Habang pinag-iisipan natin kung paano tayo makatatanggap ng mga pagpapala mula sa Diyos, ihalintulad natin ang mga pagpapala ng langit sa malaking salansan ng mga kahoy. Ipagpalagay na makikita sa gitna nito ang isang maliit na tumpok ng maliliit at maninipis na patpat, at nasa ibabaw nito ang salansan ng maliliit hanggang katamtamang laki na mga kahoy. Mga patpat muna, kasunod ang maliliit na kahoy, at sa huli ang malalaking kahoy. Ang salansan na ito ng mga kahoy na panggatong ay magbibigay ng matinding liwanag at init nang maraming araw. Isunod na ilarawan sa isipan ang isang posporo na katabi ng salansan ng mga kahoy, iyong uri na ikinakaskas ang dulo.[4]

Para makapagbigay ng liwanag at init ang salansan ng mga kahoy na panggatong, ang posporo ay kailangang ikiskis at sindihan ang mga patpat. Ang mga patpat ay kaagad na magniningas at susunugin ang mas malalaking piraso ng mga kahoy. Kapag nagsimula na ang combustion reaction o pagsunog, magpapatuloy ito hanggang sa ang lahat ng kahoy ay matupok o mawalan ng oxygen ang apoy.

Ang pagkiskis ng posporo at pagsindi sa mga patpat ay maliliit na gawain na nagpalabas sa kakayahang magbigay ng liwanag at init ng mga kahoy na panggatong.[5] Hangga't hindi ikinikiskis ang posporo, walang mangyayari, gaano man kalaki ang salansan ng mga kahoy. Kung ikiniskis ang posporo pero hindi ginamit para sindihan ang mga patpat, ang liwanag at init na nagmula lamang sa posporo ay napakaliit at ang combustion energy sa kahoy ay hindi mailalabas. Kung walang oxygen sa kahit anumang oras, ang combustion reaction ay tumitigil.

Sa ganito ring paraan, karamihan sa mga pagpapala na nais ibigay sa atin ng Diyos ay nangangailangan ng pagkilos natin—pagkilos na batay sa ating pananampalataya kay Jesucristo. Ang pananampalataya sa Tagapagligtas ay alituntunin ng pagkilos at ng kapangyarihan.[6] Una tayo ay kumikilos nang may pananampalataya; pagkatapos ay darating ang kapangyarihan—ayon sa kalooban at panahon ng Diyos. Ang pagkakasunud-sunod ay napakahalaga.[7] Ang ipinagagawa sa atin, gayunpaman, ay palaging maliit kung ikukumpara sa mga pagpapala na matatanggap natin sa huli.[8]

Isipin ang nangyari noong dumating ang nagliliyab na mga ahas na lumilipad sa mga sinaunang Israelita habang papunta sila sa lupang pangako. Nakamamatay ang tuklaw ng makamandag na ahas. Ngunit ang natuklaw ay mapapagaling sa pamamagitan ng pagtingin sa ahas na tanso na ginawa ni Moises at ipinatong sa isang tikin.[9] Gaano karaming enerhiya ang magagamit sa pagtingin sa isang bagay? Lahat ng tumingin ay nakatanggap ng lakas mula sa langit at napagaling. Ang ibang natuklaw na mga Israelita ay hindi tumingin sa ahas na tanso at nangamatay. Marahil ay wala silang pananampalataya para tumingin.[10] Marahil ay hindi

sila naniwala na ang simpleng pagkilos na iyon ay magdudulot ng paggaling. O marahil ay kusa nilang pinatigas ang kanilang mga puso at hindi tinanggap ang payo ng propeta ng Diyos.[11]

Ang alituntunin ng pagtatamo ng mga pagpapala na nagmumula sa Diyos ay walang hanggan. Tulad ng mga sinaunang Israelita na iyon, tayo rin ay dapat kumilos nang may pananampalataya kay Jesucristo para mapagpala. Inihayag ng Diyos na "may isang batas, hindi mababagong utos sa langit bago pa ang pagkakatatag ng daigdig na ito, kung saan ang lahat ng pagpapala ay nakasalalay—at kapag tayo ay nagtatamo ng anumang mga pagpapala mula sa Diyos, ito ay dahil sa pagsunod sa batas kung saan ito ay nakasalalay."[12] Gayunpaman, hindi kayo nagtatamo ng mga pagpapala dahil lamang sa mga ginawa ninyo—mali ang ideyang iyan—ngunit kailangang maging marapat kayo para dito. Ang ating kaligtasan ay darating lamang sa pamamagitan ng kabutihan at biyaya ni Jesucristo.[13] Ang kadakilaan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo ay nangangahulugan na ang mga pagpapala ay walang hanggan; ang maliliit nating ginagawa ay walang halaga kung ikukumpara dito. Ngunit ang mga ito ay may halaga, at may kabuluhan; sa dilim ang isang posporo na sinindihan ay makikita sa malayo. Katunayan, nakikita ito ng langit dahil ang maliliit na ginagawa natin nang may pananampalataya ay kinakailangan para matanggap ang mga pangako ng Diyos.[14]

Upang matanggap ang ninanais na pagpapala mula sa Diyos, kumilos nang may pananampalataya, ikiskis ang metaporikong posporo kung saan nakasalalay ang pagpapala ng langit. Halimbawa, isa sa mga layunin ng panalangin ay matanggap ang mga pagpapala na handang ibigay ng Diyos ngunit kinakailangan nating hingin upang matanggap.[15] Si Alma ay nagsumamo na kaawaan siya, at alisin ang nadarama niyang pasakit; at hindi na siya sinaktan pa ng alaala ng kanyang mga kasalanan. Nadaig ng kagalakan ang kanyang pasakit—lahat ng iyan ay dahil nagsumamo siya nang may pananampalataya kay Jesucristo.[16] Ang activation energy o kapangyarihang kailangan natin ay magkaroon ng sapat na pananampalataya kay Cristo para taimtim na makapanalangin at makahingi sa Diyos at tanggapin ang Kanyang kalooban at kung kailan Niya ipagkakaloob ito.



Kadalasan, ang kinakailangang gawin para matanggap ang mga pagpapala ay hindi lang basta paghahanap o paghingi; kinakailangan ang patuloy, paulit-ulit, at puno ng pananampalataya na paggawa. Sa kalagitnaan ng ika-19 na siglo, iniutos ni Brigham Young sa isang grupo ng mga Banal sa mga Huling Araw na galugarin at isaayos ang Arizona, isang disyerto sa North America. Pagkarating sa Arizona, naubos ang tubig ng grupo at natakot na baka mamatay sila. Nanalangin sila sa Diyos na tulungan sila. Di-nagtagal, bumagsak ang ulan at niyebe, kaya napuno nila ng tubig ang mga lalagyan nila at nakapagbigay ng maiinom sa kanilang mga hayop. Nagpasalamat at napalakas, bumalik sila sa Salt Lake City na nagagalak sa kabutihan ng Diyos. Nang makabalik na sila, isinalaysay nila ang mga detalye ng kanilang paglalakbay kay Brigram Young at sinabing hindi maaaring tirhan ang Arizona.

Pagkatapos marinig ang salaysay nila, tinanong ni Brigham Young ang isang lalaki sa silid kung ano ang masasabi niya tungkol sa paglalakbay at sa himala. Ang lalaking iyon, si Daniel W. Jones, ay nagsabi nang buong galak, "Magpapatuloy ako kahit mahirap, at mananalangin muli." Ipinatong ni Brother Brigham ang kanyang kamay kay Brother Jones at sinabing, "Ito ang taong mamumuno sa susunod na paglalakbay sa Arizona."[17]

Maaalala natin ang mga panahon na nagpatuloy tayo kahit mahirap at nanalangin muli—at tumanggap ng mga pagpapala. Makikita sa mga karanasan nina Michael at Marian Holmes ang mga alituntuning ito. Kami ni Michael ay magkasamang naglingkod bilang mga Area Seventy. Lagi akong natutuwa sa tuwing tatawagin siya para manalangin sa aming mga miting dahil kitang-kita ang kanyang malalim na espirituwalidad; alam niya kung paano makipag-usap sa Diyos. Gustung-gusto kong naririnig siyang manalangin. Gayunman, noong mga unang taon nila bilang mag-asawa, hindi nananalangin o nagsisimba sina Michael at Marian. Abala sila sa kanilang tatlong maliliit na anak at sa kanilang maunlad na construction company. Pakiramdam ni Michael ay hindi siya relihiyosong tao. Isang gabi, dumating ang bishop sa kanilang tahanan at hinikayat sila na magsimulang manalangin.

Nang makaalis na ang bishop, nagpasiya sina Michael at Marian na susubukan nilang manalangin. Bago matulog, lumuhod sila sa tabi ng kanilang kama at, tila naaasiwa, sinimulan ni Michael

ang pagdarasal. Pagkatapos sumambit ng ilang salita sa panalangin, biglang tumigil si Michael, at sinabing, "Marian, hindi ko kayang gawin ito." Nang siya ay tumayo at papaalis na, hinawakan ni Marian ang kanyang kamay, hinila siya paluhod, at sinabi, "Mike, kaya mong gawin ito. Subukan mong muli!" Sa panghihikayat na ito, natapos ni Michael ang isang maikling panalangin.

Ang mga Holmes ay nagsimulang manalangin nang regular. Tinanggap nila ang paanyaya ng isang kapit-bahay na magsimba. Habang naglalakad sila papasok sa chapel at narinig ang pambungad na himno, ibinulong sa kanila ng Espiritu, "Ito ay totoo." Kalaunan, tahimik at kusa, tumulong si Michael sa pag-aalis ng mga basura sa meetinghouse. Nang gawin niya ito, malakas ang impresyong nadama niya, "Ito ay Aking bahay."

Tumanggap sina Michael at Marian ng mga calling sa Simbahan at naglingkod sa kanilang ward at stake. Sila ay nabuklod sa isa't isa, at ang kanilang 3 anak ay nabuklod sa kanila. Nagkaroon pa sila ng mga anak, na umabot sa 12. Ang mga Holmes ay naglingkod bilang mission president at kompanyon—nang dalawang beses.

Ang unang asiwang pagdarasal na iyon ay isang maliit na pagkilos ngunit puno ng pananampalataya na nagdulot ng mga pagpapala ng langit. Napanatili ng mga Holmes ang apoy ng pananampalataya sa pamamagitan ng pagsisimba at paglilingkod. Ang pagiging tapat nilang mga disipulo sa nakalipas na mga taon ay humantong sa patuloy na paglakas ng apoy ng pananampalataya na nagbibigay-inspirasyon hanggang sa panahong ito.

Gayunman, ang apoy ay kailangang patuloy na makatanggap ng oxygen para ang mga panggatong ay magamit nang husto. Tulad ng ipinakita nina Michael at Marian, ang pananampalataya kay Cristo ay nangangailangan ng patuloy na pagkilos para magpatuloy ang paglakas ng apoy ng pananampalataya. Ang maliliit na pagkilos ay susuporta sa kakayahan nating tahakin ang landas ng tipan at makarating sa pinakadakilang mga pagpapala na maibibigay sa atin ng Diyos. At ang pananampalataya ay mapapanatili lamang kung patuloy tayong susulong. Kung minsan kailangan nating gumawa ng pana at palaso bago dumating ang paghahayag kung saan tayo makakahanap ng pagkain.[18] Kung minsan kailangan nating gumawa ng mga kagamitan bago dumating ang paghahayag kung paano gagawa ng isang sasakyang-dagat.[19] Kung minsan, sa utos ng propeta ng Panginoon, kinakailangan nating magluto ng maliit na tinapay mula sa kaunting langis at harina na mayroon tayo para makatanggap ng langis sa banga at harina sa bariles na hindi makukulangan.[20] At kung minsan kinakailangan nating "mapanatag at malaman na [ang Diyos ay] Diyos," at magtiwala sa Kanyang pasiya.[21]

Kapag nakatanggap kayo ng anumang pagpapala mula sa Diyos, masasabi ninyo na sinunod ninyo ang walang hanggang batas kung saan nakasalalay ang pagpapalang iyan.[22] Ngunit tandaan na ang "hindi mababagong" batas ay may sariling panahon, ibig sabihin dumarating ang mga pagpapala ayon sa itinakdang panahon ng Diyos. Maging ang mga sinaunang propeta sa paghahangad ng tahanan sa langit[23] ay "ayon sa pananampalataya ay nangamatay . . . , na hindi kinamtan ang mga pangako, nguni't kanilang nangakita na natanaw mula sa malayo . . . [ay nahikayat] . . . [at tinangggap ang mga ito]."[24] Kung ang ninanais na pagpapala mula sa Diyos ay hindi pa natanggap—hindi ninyo kailangang mag-alala, at mag-isip kung ano pa ang dapat ninyong gawin. Sa halip, sundin ang payo ni Joseph Smith na "malugod na gawin ang lahat ng bagay sa abot ng [inyong] makakaya; at pagkatapos . . . [tumayong] hindi natitinag, na may lubos na katiyakan, na makita ang . . . bisig [ng Diyos] ay maipahayag."[25] Ang ilang mga pagpapala ay ipinagkakaloob kalaunan, maging sa pinakamagiting na anak ng Diyos.[26]

Anim na buwan na ang nakararaan, inilahad ang isang planong nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan na pag-aaral ng doktrina, pagpapalakas ng pananampalataya, at pagpapatatag ng bawat isa at ng mga pamilya. Ipinangako ni Pangulong Russell M. Nelson na ang mga pagbabago ay makatutulong sa atin na espirituwal na makaligtas, mapagibayo ang ating kagalakan sa ebanghelyo, at mapalalim ang ating pagbabalik-loob sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.[27] Ngunit tayo ang kikilos para matamo ang mga pagpapalang ito. Responsibilidad ng bawat isa sa atin na buksan at pag-aralan ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya,* kasama ang mga banal na kasulatan at ibang materyal na *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin.*[28] Kinakailangan nating talakayin ang mga ito sa ating pamilya at mga kaibigan at isaayos ang ating araw ng Sabbath para mapalakas ang ating pananampalataya at patotoo. O kaya'y hayaan nating nakasalansan lang ang mga materyal na ito sa ating mga tahanan nang hindi nagagamit ang lakas na nakulong sa loob nito.


Inaanyayahan ko kayo na tapat na kamtin ang kapangyarihan ng langit para makatanggap ng mga partikular na pagpapala mula sa Diyos. Gamitin ang pananampalataya na ikiskis ang posporo at pasiklabin ang apoy. Suplayan ito ng kinakailangang oxygen habang matiyaga kayong naghihintay sa Panginoon. Sa mga paanyayang ito, dalangin ko na gabayan at patnubayan kayo ng Espiritu Santo nang sa gayon kayo, tulad ng tapat na tao na inilarawan sa Mga Kawikaan ay "mananagana sa pagpapala."[29] Pinatototohanan ko na buhay ang inyong Ama sa Langit at ang Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo, na Sila ay nagmamalasakit sa inyong kapakanan, at nalulugod na pagpalain kayo, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 41:1; 78:17; 104:33.
2. Tingnan, halimbawa, ang Craig Harline, *A World Ablaze: The Rise of Martin Luther and the Birth of the Reformation* (2017), 20. Isa sa mga debateng iyon ay nangyari sa pagitan ni Augustine (AD 354–430) at ng kanyang katunggali na si Pelagius (AD 354–420). Sinabi ni Pelagius na "[nasa] kalooban ng mga tao ang paggawa ng mabuti, at nakamtan nila ang biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pagkilos ayon sa kabutihang iyon at pagsunod sa lahat ng mga kautusan ng Diyos." Lubos na tinutulan ito ni Augustine. Tingnan din sa

Eric Metaxas, *Martin Luther: The Man Who Rediscovered God and Changed the World* (2017), 296. Itinuro ni Luther na ang mga gawa ay hindi kailanman humahantong sa biyaya ng Diyos; ang pananampalataya ay humahantong sa biyaya at kasunod ang mabubuting gawa; "imposibleng ihiwalay ang mga gawa mula sa pananampalataya, tulad ng imposibleng ihiwalay ang init at liwanag mula sa apoy."

3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 82:10.
4. Ito ay isang camping match, isang "strike anywhere" match. Ang makabagong mga posporo na ligtas gamitin, tulad ng mga posporo na ginagamit sa kusina, ay may phosphorous sa pagkikiskisan sa halip na sa dulo ng posporo.
5. Ang mga aksiyong ito ay binubuo ng "activation energy" para magliyab. Ang katagang "activation energy" ay ipinakilala noong 1889 ng Swedish scientist na si Svante Arrhenius.
6. Tingnan sa *Lectures on Faith* (1985), 3.
7. Tingnan sa David A. Bednar, "Humingi nang may Pananampalataya," *Liahona,* Mayo 2008, 94.
8. Tingnan sa Mosias 2:24–25.
9. Tingnan sa Mga Bilang 21:6–9.
10. Tingnan sa 1 Nephi 17:41.
11. Tingnan sa 1 Nephi 17:42.
12. Doktrina at mga Tipan 130:20–21.
13. Tingnan sa 2 Nephi 10:24; 25:23.
14. Tingnan sa Alma 60:11, 21; Dallin H. Oaks, "Maliliit at mga Karaniwang Bagay," *Liahona,* Mayo 2018, 89–92; M. Russell Ballard "Maging Sabik sa Paggawa," *Liahona,* Nob. 2012, 29–31.
15. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Panalangin"; tingnan din sa Moroni 7:48.
16. Tingnan sa Alma 36:18–21; tingnan din sa Enos 1:5–8.
17. Daniel W. Jones, *40 Years Among the Indians* (1960), 222.
18. Tingnan sa 1 Nephi 16:23.
19. Tingnan sa 1 Nephi 17:9.
20. Tingnan sa I Mga Hari 17:10–16.
21. Doktrina at mga Tipan 101:16.
22. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 130:20–21.
23. Tingnan sa Sa Mga Hebreo 11:16.
24. Sa Mga Hebreo 11:13.
25. Doktrina at mga Tipan 123:17.
26. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, "Dakilang Saserdote ng mga Mabubuting Bagay na Darating," *Liahona,* Nob. 2000, 42–45. Sinabi ni Elder Holland, "May mga pagpapalang dumarating kaagad, kung minsa'y huli na, kung minsa'y hindi dumarating hangga't hindi tayo nakararating sa langit; ngunit para sa mga taong tumatanggap ng ebanghelyo ni Jesucristo, *dumarating ito.*"
27. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Pambungad na Pananalita," *Liahona,* Nob. 2018, 6–8.
28. Tingnan sa Quentin L. Cook, "Malalim at Tumatagal na Pagbabalik-loob sa Ama sa Langit at sa Panginoong Jesucristo," *Liahona,* Nob. 2018, 8–12.
29. Mga Kawikaan 28:20.



NI SHARON EUBANK
*Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency*

# Si Cristo: Ang Ilaw na Lumiliwanag sa Kadiliman

*Kung nadarama ninyong lumalamlam ang ilaw ng inyong patotoo at nagdidilim na, lakasan ninyo ang inyong loob. Tuparin ang inyong mga pangako sa Diyos.*

Mula sa opisina ko sa Relief Society Building, tanaw na tanaw ang Salt Lake Temple. Tuwing gabi, nang eksakto sa oras, ang mga ilaw sa labas ng templo ay sumisindi sa paglubog ng araw. Ang templo ay isang tanglaw na patuloy na nagbibigay-liwanag sa labas lamang ng aking bintana.

Isang gabi nitong nakaraang Pebrero, di-pangkaraniwan ang dilim sa aking opisina nang lumubog ang araw. Nang tumanaw ako sa bintana, madilim ang templo. Hindi sumindi ang mga ilaw. Bigla akong nalungkot. Hindi ko makita ang mga tore ng templo na nasusulyapan ko tuwing gabi sa loob ng maraming taon.

Ang kadilimang nakita ko kung saan inaasahan kong makakakita ako ng liwanag ay nagpaalala sa akin na ang



isa sa pinakapangunahing pangangailangan natin upang umunlad ay ang manatiling nakakonekta sa pinagkukuhanan natin ng liwanag—si Jesucristo. Siya ang pinagmumulan ng ating lakas, ang Ilaw at Buhay ng Sanlibutan. Kung walang matibay na koneksyon sa Kanya, magsisimula tayong mamatay sa espirituwal. Dahil diyan, ginagamit ni Satanas ang mga pamimilit ng mundo na nararanasan nating lahat. Kumikilos siya upang palamlamin ang ating ilaw, sirain ang koneksyon, putulin ang power supply, at iwanan tayong mag-isa sa dilim. Ang mga pamimilit na ito ay karaniwang nangyayari sa mortalidad, ngunit masigasig si Satanas na ihiwalay tayo at sabihin sa atin na tayo lang ang nakakaranas ng mga ito.

### Ilan sa Atin ay Hindi Makakilos Dahil sa Kalungkutan

Kapag nangyari sa atin ang mga trahedya, kapag hindi na tayo makahinga sa sobrang pasakit sa buhay, kapag binugbog tayo gaya ng lalaki sa daan patungo sa Jerico at iniwang halos patay na, ay darating si Jesus at magbubuhos ng langis sa ating mga sugat, maingat tayong itatayo, dadalhin tayo sa isang bahay-tuluyan, at aalagaan tayo.[1] Sa mga nalulungkot sa atin, ang sabi Niya, "Pagagaanin ko . . . ang mga pasaning ipinataw sa inyong mga balikat, na maging kayo ay hindi madarama ang mga ito sa inyong mga likod, . . . upang inyong malaman nang may katiyakan na ako, ang Panginoong Diyos, ay dumadalaw sa aking mga tao sa kanilang mga paghihirap."[2] **Pinagagaling ni Cristo ang mga sugat.**

### Ang Ilan sa Atin ay Pagod na Pagod Lang

Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland: "Hindi nilayon na tumakbo tayo nang higit na mabilis kaysa ating lakas. . . . Ngunit sa kabila niyon, alam ko na marami sa inyo ang tumatakbo nang napakabilis at na minsan ay halos nauubos na ang pinanggagalingan ng lakas at emosyon."[3] Kapag napakaraming inaasahan sa atin, maaari tayong huminto at itanong sa Ama sa Langit kung ano ang mga bagay na isasaisantabi natin. Bahagi ng karanasan natin sa buhay ay matutuhan kung ano ang hindi dapat gawin. Ngunit gayunpaman, nakakapagod kung minsan ang buhay. Tinitiyak sa atin ni Jesus, "Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin."[4]

Nakahanda si Cristo na samahan tayo sa pagpasan sa pamatok at paghila para gumaan ang ating mga pasanin. **Si Cristo ay kapahingahan.**

### Nadarama ng Ilan sa Atin na Hindi Tayo mga Tipikal na Miyembro ng Simbahan

Sa iba-ibang kadahilanan, hindi natin madama na tanggap o katanggap-tanggap tayo. Makikita sa Bagong Tipan ang malaking pagsisikap na ginawa ni Jesus upang tulungan ang lahat ng uri ng tao: ang mga ketongin, mga maniningil ng buwis, mga bata, mga taga Galilea, mga patutot, mga babae, mga Fariseo, mga makasalanan, mga Samaritano, mga balo, mga kawal na Romano, mga mapangalunya, at hindi malinis. Sa halos lahat ng kuwento, tinutulungan Niya ang isang taong hindi tanggap ng lipunan.

Nakasaad sa Lucas 19 ang tungkol sa punong maniningil ng buwis sa Jerico na nagngangalang Zaqueo. Umakyat siya sa isang puno para makita ang pagdaan ni Jesus. Si Zaqueo ay nagtatrabaho sa pamahalaang Romano at itinuturing na masama at makasalanan. Nakita siya ni Jesus sa itaas ng puno at tinawag siya, sinasabing, "Zaqueo, magmadali ka, at bumaba ka; sapagka't ngayo'y kinakailangang ako'y tumuloy sa bahay mo."[5] At nang makita ni Jesus ang kabutihan ng puso ni Zaqueo at ang mga bagay na ginawa niya para sa iba, tinanggap Niya ang ibinigay nito, sinasabing "Dumating sa bahay na ito ngayon ang pagkaligtas, sapagka't siya'y anak din naman ni Abraham."[6]

Magiliw na sinabi ni Jesus sa mga Nephita, "Iniutos ko na walang isa man sa inyo ang umalis."[7] Natanto iyan ni Pedro sa Mga Gawa 10 nang sabihin niyang, "Ipinakilala sa akin ng Dios, na sinomang tao'y huwag kong tawaging marumi o karumaldumal."[8] Patuloy na iniuutos sa mga disipulong Kristiyano at sa mga Banal sa mga Huling Araw na magpakita ng tunay na pagmamahal sa isa't isa.[9] Ganito rin ang paanyaya ni Jesus sa atin tulad ng paanyaya Niya kay Zaqueo: "Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung [kayo] ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa [inyo], at hahapong kasalo [ninyo], at [kayo'y] kasalo ko."[10] **Nakikita tayo ni Cristo kung nasaan tayo.**

### Ang Ilan sa Atin ay Nababalisa Dahil sa mga Tanong

Mga ilang taon na ang nakalipas, nabalisa at nainis ako dahil sa mga tanong na hindi ko mahanapan ng mga sagot. Isang Sabado ng umaga, nagkaroon ako ng munting panaginip. Sa panaginip ay nakakita ako ng isang gazebo, at natanto ko na kailangan kong pumasok doon. Limang arko ang nakapalibot dito, pero ang mga bintana ay yari sa bato. Nagreklamo ako sa panaginip, ayaw kong pumasok dahil napakaliit at napakadilim nito. Pagkatapos ay naisip ko na matiyagang tumunaw ng mga bato ang kapatid ni Jared para gawin itong malinaw na salamin. Ang salamin ay bato na dumaan sa proseso ng pagbabago. Nang hipuin ng Panginoon ang mga bato ng kapatid ni Jared, nagliwanag ang mga ito sa madilim na mga sasakyang dagat.[11] Kaagad akong napuspos ng hangaring pumasok sa gazebong iyon kaysa sa iba pang lugar. Iyon ang mismong lugar—ang nag-iisang lugar—para sa akin upang tunay na "makaunawa." Ang mga tanong na bumabalisa sa akin ay naroon pa rin, ngunit ang mas malinaw sa isip ko ay ang tanong pagkatapos kong magising: "Paano mo mapalalakas ang iyong pananampalataya, tulad ng kapatid ni Jared, upang ang iyong mga bato ay maging ilaw?"[12]

Ang ating mga mortal na utak ay nilikha para maghanap ng kaunawaan at kahulugan nang paunti-unti. Hindi ko alam ang lahat ng dahilan kung bakit napakakapal ng tabing na lumalambong sa mortalidad. Hindi ito ang yugto sa ating walang hanggang pag-unlad kung saan nasa atin ang lahat ng

sagot. Ito ang yugto kung saan pinalalakas natin ang ating kapanatagan (o kung minsan ang ating pag-asa) sa katunayan ng mga bagay na hindi nakikita. Ang kapanatagan ay dumarating sa mga paraang hindi laging madaling maunawaan, ngunit may ilaw sa ating kadiliman. Sinabi ni Jesus, "Ako ang ilaw, at ang buhay, at ang katotohanan ng daigdig."[13] Sa mga naghahanap ng katotohanan, tila sa una ay kamangmangan ang pumaroon sa isang maliit at madilim na silid na may mga bintanang yari sa bato. Ngunit sa pagtitiyaga at taos-pusong pagtatanong, gagawin ni Jesus na salamin at ilaw ang mga bintana natin na yari sa bato. **Si Cristo ang ilaw upang makaunawa tayo.**


## Nadarama ng Ilan sa Atin na Hindi Tayo Kailanman Magiging Lubos na Karapat-dapat

Ang tina na mapula sa Lumang Tipan ay hindi lamang matingkad kundi hindi rin ito kumukupas, ibig sabihin ang matingkad na kulay nito ay kumakapit nang husto sa lana at hindi kumukupas maraming beses man itong labhan.[14] Ginagamit ni Satanas ang pangangatwirang ito para madama natin na hindi na tayo mapapatawad: ang maputing lana na namantsahan ng mapula ay hindi na kailanman babalik sa pagiging maputi. Ngunit ipinahayag ni Jesucristo, "Ang aking mga lakad ay lalong mataas kay sa inyong mga lakad,"[15] at ang himala ng Kanyang biyaya ay na kapag pinagsisihan natin ang ating mga kasalanan, ibabalik tayo ng Kanyang mapulang dugo sa kadalisayan. Hindi ito lohikal, gayunpaman ito ay totoo.



Kapag pinagsisihan natin ang ating mga kasalanan, ibabalik tayo ng mapulang dugo ng Tagapagligtas sa kadalisayan.

MGA LARAWANG KUHA NG ISTOCK.COM/INWIBISONO



"Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe; bagaman maging mapulang gaya ng matingkad na pula, ay magiging parang balahibo ng bagong paligong tupa."[16] Binigyang-diin ng Panginoon: siya "na nagsisi ng . . . kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito."[17] Sa madaling salita: Magsiparito kayo ngayon, at tayo'y magkatuwiranan.[18] Lahat ay nagkakamali; lahat ay nagkakasala.[19] Magsilapit sa akin at magsisi.[20] Hindi ko na maaalala pa ang inyong mga kasalanan.[21] Kayo ay muling mapagagaling.[22] Ako ay may gawaing ipagagawa sa inyo.[23] **Ginagawang maputi ni Cristo ang lana.**

Ngunit ano ang kinakailangan nating gawin? Ano ang susi para muling makakonekta sa kapangyarihan ni Jesucristo kapag nanghihina tayo? Napakasimple ng sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson: "Ang susi ay ang gumawa at tumupad ng mga banal na tipan. . . . Hindi ito isang komplikadong [paraan]."[24] Gawing sentro ng ating buhay si Cristo.[25]

Kung nadarama ninyong lumalamlam ang ilaw ng inyong patotoo at nagdidilim na, lakasan ninyo ang inyong loob. Tuparin ang inyong mga pangako sa Diyos. Itanong ang inyong mga katanungan. Matiyagang tumunaw ng bato na gagawing salamin. Bumaling kay Jesucristo, na patuloy na nagmamahal sa inyo.

Sinabi ni Jesus, "Ako ang ilaw na nagliliwanag sa kadiliman, at ang kadiliman ay hindi ito naunawaan."[26] Ibig sabihin niyan ay gaano man ang pagtatangka ng kadiliman, hindi nito mapapatay ang ilaw na iyon. Hindi kailanman. Magtiwala na nariyan ang Kanyang liwanag para sa inyo.

Tayo, o ang mga taong mahal natin, ay maaaring pansamantalang magdilim. Sa kaso ng Salt Lake Temple, ang facility manager, si Brother Val White, ay halos agad na tinawagan. Napansin ng mga tao. Ano ang nangyari sa mga ilaw ng templo? Una, personal na pinuntahan ng mga staff ang lahat ng electrical panel sa templo at manu-manong binuksan ang mga ilaw. Pagkatapos ay pinalitan nila ang mga baterya sa automatic power supply at sinubukan ang mga ito para makita kung bakit hindi ito gumana.

Mahirap ibalik ang mga ilaw nang kayo lang mag-isa. Kailangan natin ng mga kaibigan. Kailangan natin ang isa't isa. Tulad sa mga facility staff sa templo, matutulungan natin ang isa't isa sa pamamagitan ng personal na pagtulong, kinakargahan ng kuryente ang ating mga espirituwal na baterya, kinukumpuni kung ano ang sira.

Ang ating indibiduwal na ilaw ay maaaring tulad lamang ng isang bombilya sa isang puno. Ngunit mapapaliwanag pa rin natin ang ating maliit na ilaw, at magkakasama, nahihikayat natin ang milyun-milyong tao na magtungo sa bahay ng Panginoon. Higit sa lahat, tulad ng paanyaya ni Pangulong Nelson, madadala natin ang liwanag ng Tagapagligtas sa ating sarili at sa mga taong mahalaga sa atin sa pamamagitan ng simpleng pagtupad lamang sa ating mga tipan. Sa iba-ibang paraan, ginagantimpalaan ng Panginoon ng lakas at kagalakan ang katapatang iyan.[27]

Pinatototohanan ko na minamahal kayo. Alam ng Panginoon kung gaano kayo nagsisikap. Kayo ay umuunlad.

Magpatuloy lang kayo. Nakikita Niya ang lahat ng inyong mga lihim na sakripisyo at gagantimpalaan kayo para sa ikabubuti ninyo at ng mga mahal ninyo sa buhay. Ang gawain ninyo ay may kabuluhan. Hindi kayo nag-iisa. Ang mismong pangalan Niya na Emmanuel ay nangangahulugang "sumasa atin ang Dios."[28] Tiyak na Siya ay sasainyo.

Humakbang pa nang kaunti sa landas ng tipan, kahit napakadilim para matanaw ang nasa malayo. Muling magsisindi ang mga ilaw. Pinatototohanan ko ang katotohanan sa mga salita ni Jesus, at ang mga ito ay puspos ng liwanag: "Magsilapit sa akin at ako ay lalapit sa inyo; masigasig akong hanapin at inyo akong matatagpuan; humingi, at kayo ay makatatanggap; kumatok, at kayo ay pagbubuksan."[29] Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Lucas 10:30–35.
2. Mosias 24:14.
3. Jeffrey R. Holland, "Pagpasan ng mga Pasanin ng Isa't Isa," *Liahona,* Hunyo 2018, 30.
4. Mateo 11:28.
5. Lucas 19:5.
6. Lucas 19:9.
7. 3 Nephi 18:25.
8. Mga Gawa 10:28.
9. Tingnan sa Juan 15:12.
10. Apocalipsis 3:20.
11. Tingnan sa Eter 6:3.
12. Tingnan sa Eter 4:7.
13. Eter 4:12.
14. Tingnan sa "Scarlet, Crimson, Snow, and Wool," *Ensign,* Dis. 2016, 64–65.
15. Isaias 55:9.
16. Isaias 1:18.
17. Doktrina at mga Tipan 58:42.
18. Tingnan sa Isaias 1:18.
19. Tingnan sa Mga Taga Roma 3:23.
20. Tingnan sa 3 Nephi 9:22.
21. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 58:42.
22. Tingnan sa Lucas 8:48.
23. Tingnan sa Moises 1:6.
24. Russell M. Nelson, "Ang Apat na Regalong Inihahandog ni Jesucristo sa Inyo" (Pamaskong debosyonal ng Unang Panguluhan, Dis. 2, 2018), broadcasts.ChurchofJesusChrist.org.
25. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Why Have Faith Now? LDS President Russell M. Nelson Explains during Phoenix-Area Visit," *Arizona Republic,* Peb. 10, 2019, azcentral.com.
26. Doktrina at mga Tipan 6:21.
27. Tingnan sa Mosias 27:14.
28. Mateo 1:23.
29. Doktrina at mga Tipan 88:63.



NI ELDER QUENTIN L. COOK
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Malaking Pagmamahal para sa mga Anak ng Ating Ama

*Ang pagmamahal ang pangunahing katangian at motibo ng mga espirituwal na layunin na ipinagagawa sa atin ng ating minamahal na propeta.*

Aking mga minamahal na kapatid, ito ay isang naiiba at napakahalagang panahon sa kasaysayan. Pinagpala tayo na mabuhay sa huling dispensasyon bago ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Noong malapit nang magsimula ang dispensasyong ito noong 1829, ang taon bago pormal na naorganisa ang Simbahan, isang itinatanging paghahayag ang natanggap na nagpapahayag na isang "kagila-gilalas na gawain" ang "malapit nang maganap." Pinagtibay ng paghahayag na ito na sila na nais maglingkod sa Diyos ay nagiging marapat para sa paglilingkod na ito sa pamamagitan ng "pananampalataya, pag-asa, pag-ibig sa kapwa-tao at pagmamahal, na may matang nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos."[1] Ang pag-ibig sa kapwa-tao, na siyang "dalisay na pag-ibig ni Cristo"[2] ay kinapapalooban ng walang hanggang pagmamahal ng Diyos para sa lahat ng Kanyang mga anak.[3]

Ang layunin ko ngayong umaga ay ang bigyang-diin ang kinakailangang gampanan ng ganoong uri ng pagmamahal sa gawaing misyonero, gawain sa templo at family history, at sa nakasentro sa pamilya at sinusuportahan ng Simbahan na gawaing pangrelihiyon ng pamilya. Ang pagmamahal



sa Tagapagligtas at pagmamahal sa ating mga kapwa lalaki at babae[4] ay ang pangunahing katangian at motibo ng ministering at ang mga espirituwal na layunin[5] na ipinagagawa sa atin ng ating minamahal na propetang si Pangulong Russell M. Nelson, sa mga pagbabagong ipinahayag noong 2018.



### Ang Gawain ng mga Missionary na Tipunin ang Nakakalat na Israel

Maaga pa lamang sa buhay ko ay namulat na ako sa ugnayan sa pagitan ng gawaing misyonero at pagmamahal. Noong 11 taong gulang ako, natanggap ko ang aking patriarchal blessing mula sa patriarch na lolo ko rin.[6] Sinabi sa isang bahagi sa basbas na iyon, "Binabasbasan kita ng malaking pagmamahal para sa iyong kapwa-tao, dahil tatawagin kang dalhin ang ebanghelyo sa mundo . . . para umakay ng mga kaluluwa kay Cristo."[7]

Kahit sa murang edad na iyon ay naunawaan ko na ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay nakabatay sa isang malaking pagmamahal para sa lahat ng mga anak ng Ama sa Langit.

Bilang mga General Authority na inatasan na gawin ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* 15 taon na ang nakalilipas, nagpasya kami na ang katangian na pagkakaroon ng pagmamahal ay kailangan sa gawaing misyonero sa ating panahon, at kahit noon pa man. Ang Kabanata 6 na tungkol sa mga katangiang tulad ng kay Cristo, na kinabibilangan ng pag-ibig sa kapwa at pagmamahal, ay nananatiling pinakapaboritong kabanata ng mga missionary.

Bilang mga kinatawan ng Tagapagligtas, ang karamihan sa mga missionary ay nakadarama ng ganitong uri ng pagmamahal, at kapag nadarama nila ito, ang kanilang mga pagsisikap ay pinagpapala. Kapag naunawaan ng mga miyembro ang tungkol sa ganitong uri ng pagmamahal, na kinakailangan sa pagtulong sa Panginoon sa Kanyang layunin, ang gawain ng Panginoon ay maisasakatuparan.

Nagkaroon ako ng pribilehiyong magkaroon ng maliit na bahagi sa isang kagila-gilalas na halimbawa ng ganitong uri ng pagmamahal. Noong naglilingkod ako bilang Pangulo ng Pacific Islands Area, nakatanggap ako ng tawag mula kay President R. Wayne Shute. Noong binata pa siya ay nagmisyon siya sa Samoa. Kalaunan, bumalik siya sa Samoa bilang mission president.[8] Noong tinawagan niya ako, siya noon ang pangulo ng Apia Samoa Temple. Isa sa kanyang mga batang missionary, noong siya ay mission president, ay si Elder O. Vincent Haleck, na ngayon ay Area President sa Pacific. Malaki ang pagmamahal at respeto ni President Shute kay Vince at sa buong pamilya Haleck. Halos buong pamilya ay mga miyembro ng Simbahan, pero ang ama ni Vince na si Otto Haleck, na patriyarka ng pamilya (na may lahing German at Samoan), ay hindi miyembro. Alam ni President Shute na dadalo ako sa isang stake conference at sa iba pang mga miting sa American Samoa, at hiniling niya sa akin na ikonsiderang manatili sa bahay ni Otto Haleck para ibahagi ang ebanghelyo sa kanya.

Nanuluyan kami ng asawa kong si Mary sa magandang tahanan nina Otto at ng kanyang asawang si Dorothy.


*R. Wayne Shute*

Sa almusal, nagbahagi ako ng isang mensahe ng ebanghelyo at inanyayahan si Otto na makipagkita sa mga missionary. Siya ay mabait, ngunit matigas, sa pagtanggi sa aking paanyaya. Sinabi niya na nalulugod siya na marami sa kanyang mga kapamilya ay mga Banal sa mga Huling Araw. Ngunit mariin niyang ipinahayag na ang ilan sa mga ninuno ng kanyang Samoan na ina ay mga sinaunang Kristiyanong ministro sa Samoa, at nakadarama siya ng matinding katapatan para sa kanilang tradisyunal na Kristiyanong pananampalataya.[9] Gayunman, mabuting magkaibigan kami nang kami ay umalis.

Kinalaunan, noong naghahanda si Pangulong Gordon B. Hinckley na ilaan ang Suva Fiji Temple, inatasan niya ang kanyang personal na sekretaryo na si Brother Don H. Staheli,[10] para ipatawag ako sa New Zealand upang gumawa ng mga paghahanda. Nais ni Pangulong Hinckley na lumipad mula Fiji patungong American Samoa para makipagkita sa mga Banal. Isang partikular na hotel na tinuluyan noong nakaraang pagbisita ang iminungkahi. Itinanong ko kung maaari akong gumawa ng ibang mga paghahanda. Sinabi ni Brother Staheli, "Ikaw ang Area President; kaya ayos lang iyon."

Kaagad kong tinawagan si President Shute at sinabi sa kanya na siguro ay nagkaroon kami ng ikalawang pagkakataon para espirituwal na pagpalain ang aming kaibigan na si Otto Haleck. Sa pagkakataong ito, ang magiging missionary ay si Pangulong Gordon B. Hinckley. Itinanong ko kung kaming lahat na kasama sa grupo sa paglalakbay

ni Pangulong Hinckley ay maaaring patuluyin ng mga Haleck.[11] Sina Pangulo at Sister Hinckley, ang kanilang anak na si Jane, at sina Elder at Sister Jeffrey R. Holland ay kasama rin sa grupo na maglalakbay. Si President Shute, katulong ang kanyang pamilya, ang gumawa ng lahat ng mga paghahanda.[12]

Nang dumating kami sa Fiji matapos ang paglalaan ng templo, malugod kaming binati.[13] Nagsalita kami noong gabing iyon sa libu-libong Samoan na mga miyembro at pagkatapos ay nagtungo sa lugar ng pamilya Haleck. Nang magtipon kami para mag-almusal kinabukasan, naging mabuting magkaibigan na sina Pangulong Hinckley at Otto Haleck. Nakakatuwa para sa akin na halos katulad ng pag-uusap namin noong nagdaang taon ang pag-uusap nila ni Otto. Nang ipahayag ni Otto ang kanyang paghanga sa ating Simbahan ngunit muling pinagtibay ang kanyang katapatan sa kanyang kasalukuyang simbahan, inilagay ni Pangulong Hinckley ang kanyang kamay sa balikat ni Otto at sinabing, "Otto, hindi iyan sapat; kailangan mong maging miyembro ng Simbahan. Ito ang Simbahan ng Panginoon." Maaaring nakikita ninyo sa inyong isipan na hindi na tumutol si Otto at naging bukas siya sa sinabi ni Pangulong Hinckley.

Ito ang simula ng karagdagang pagtuturo ng mga missionary at ng espirituwal na pagpapakumbaba na nagpahintulot kay Otto Haleck na mabinyagan at makumpirma matapos ang mahigit nang kaunti sa isang taon. Isang taon pagkatapos noon, ang pamilya Haleck ay nabuklod bilang walang hanggang pamilya sa templo.[14]

Ang nakaantig sa aking puso sa kabuuan ng pambihirang karanasang ito ay ang nakapupuspos na mapagmahal na paglilingkod na ipinakita ni President Wayne Shute para sa kanyang dating missionary na si Elder Vince Haleck, at ang kanyang hangarin na makita ang buong pamilya Haleck na nagkakaisa bilang isang walang hanggang pamilya.[15]

Pagdating sa pagtitipon ng Israel, kailangan nating iayon ang ating mga puso sa ganitong uri ng pagmamahal at lumayo sa mga pakiramdam na ito ay responsibilidad lamang[16] o pagkakonsensya tungo sa damdamin ng pagmamahal at pakikibahagi sa banal na pagsasamahan sa pagbabahagi ng mensahe, paglilingkod, at misyon sa mundo ng Tagapagligtas.[17]

Bilang mga miyembro, maipapakita natin ang ating pagmamahal sa Tagapagligtas at sa ating mga kapatid sa buong mundo sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga simpleng paanyaya. Ang bagong iskedyul ng mga miting sa Linggo ay kumakatawan sa isang hindi pangkaraniwang pagkakataon para matagumpay at mapagmahal na maanyayahan ng mga miyembro ang mga kaibigan at kasamahan na lumapit at tingnan at damhin ang isang karanasan sa Simbahan.[18] Ang espirituwal na sacrament meeting, na sana ay kasing-sagrado ng inilarawan sa atin ni Elder Jeffrey R. Holland kahapon, ay susundan ng 50-minutong pulong tungkol sa Bagong Tipan at sa Tagapagligtas o akmang mga mensahe sa kumperensya na nakatuon din sa Tagapagligtas at sa Kanyang doktrina.



*Ang paglilingkod ni R. Wayne Shute nang may pagmamahal para sa kanyang dating missionary na si Elder O. Vincent Haleck ay tumulong para mabuklod ang pamilya Haleck magpakailanman.*

May ilang mga sister sa Relief Society na nagtataka kung bakit sila binigyan ng asaynment na "magtipon" kasama ng mga miyembro ng korum ng priesthood. Mayroong mga dahilan para rito, at ibinigay ni Pangulong Nelson ang marami sa mga ito noong nakaraang pangkalahatang kumperensya. Konklusyon niya, "Hindi talaga namin matitipon ang Israel nang wala kayo."[19] Sa ating panahon, tayo ay pinagpala na humigit-kumulang 30 porsiyento ng ating mga full-time missionary ay mga sister. Nagbibigay ito ng dagdag na pangangailangan at insentibo para sa mga Relief Society sister na mapagmahal na ibahagi ang ebanghelyo. Ang kinakailangan ay ang mapagmahal, mahabagin, at espirituwal na dedikasyon ng bawat isa sa atin—kalalakihan, kababaihan, kabataan, at mga bata—na ibahagi ang ebanghelyo ni Jesucristo. Kung nagpapakita tayo ng pagmamahal, kabaitan, at pagpapakumbaba, marami ang tatanggap ng ating paanyaya. Ang mga pumipili na huwag tanggapin ang ating paanyaya ay mananatiling mga kaibigan natin.

### Ang Gawain sa Templo at Family History para Tipunin ang Israel

Pagmamahal din ang nasa sentro ng ating gawain sa templo at family history para tipunin ang Israel sa kabilang panig ng tabing. Kapag nalaman natin ang mga pagsubok at paghihirap na naranasan ng ating mga ninuno, lalago ang ating pagmamahal at pagpapahalaga sa kanila. Ang ating gawain sa templo at family history ay lumakas nang husto dahil sa mga pagbabago kamakailan sa iskedyul ng miting tuwing Linggo at paglipat ng mga kabataan sa mga klase at korum. Ang mga pagbabagong ito ay nagbibigay ng mas maaga at mas mabisang pagtuon sa pag-alam tungkol sa ating mga ninuno at pagtipon ng Israel sa kabilang panig ng tabing. Kapwa lubos na naging mas mabuti ang gawain sa templo at family history.

Ang internet ay isang mabisang kasangkapan; ang tahanan na ngayon ang pangunahing family history center. Ang ating mga kabataang miyembro

ay may pambihirang kasanayan sa pagsasaliksik ng family history at may espirituwal na motibo sa pagsasagawa ng mga binyag para sa kanilang mga ninuno na natutuhan nilang mahalin at pahalagahan. Simula nang pahintulutan ang mga 11-taong-gulang na magsagawa ng pagbibinyag para sa mga patay, ang mga pangulo ng templo sa buong mundo ay nag-ulat na malaki ang itinaas ng pagdalo. Ipinaalam sa amin ng isang pangulo ng templo na "mayroong kamangha-manghang pagtaas sa mga patron sa pagbibinyag . . . at ang pagdagdag sa mga 11-taong-gulang ay nagdadala ng mas maraming pamilya. . . . Kahit na sa kanilang [murang] edad, makikitang sila ay may nadaramamang pagpipitagan at layunin sa mga ordenansang isinasagawa nila. Kay gandang panoorin nito!"[20]

Alam ko na ang ating mga lider ng Primary at kabataan ay ginagawa at patuloy na ginagawang pangunahing aktibidad ang family history at gawain sa templo. Ang mga sister sa Relief Society at mga kapatid na maytaglay ng priesthood ay mapagmahal na makatutulong na maisagawa ang kanilang mga responsibilidad sa templo at family history bilang mga indibiduwal at gayundin sa pamamagitan ng pagtulong at pagbibigay-inspirasyon sa mga bata at kabataan na tipunin ang Israel sa kabilang panig ng tabing. Ito ay lalong mahalaga sa tahanan at tuwing Sabbath. Ipinapangako ko na ang mapagmahal na pagsasagawa ng mga ordenansa para sa mga ninuno ay makapagpapalakas at poprotekta sa ating mga kabataan at pamilya mula sa mundo na patuloy na nagiging mas masama. Personal ko ring pinatototohanan na si Pangulong Russell M. Nelson ay tumanggap ng napakahalagang mga paghahayag na may kaugnayan sa mga templo at gawain sa templo.

## Ihanda ang mga Walang Hanggang Pamilya at Indibiduwal na Mamuhay Kasama ng Diyos

Ang bagong pagbibigay-diin sa nakasentro sa tahanan na pag-aaral at pamumuhay ng ebanghelyo at ang mga sanggunian na ibinigay ng Simbahan,



ay isang malaking pagkakataon para mapagmahal na maihanda ang mga walang hanggang pamilya at indibiduwal na makaharap at mamuhay kasama ang Diyos.[21]

Kapag ang isang lalaki at isang babae ay nabuklod sa templo, pumapasok sila sa banal na orden ng matrimonya sa bago at walang hanggang tipan na isang orden ng priesthood.[22] Magkasama nilang natatamo at natatanggap ang mga pagpapala at kapangyarihan ng priesthood para pamahalaan ang pamumuhay ng kanilang pamilya. Ang kababaihan at kalalakihan ay may magkaibang mga tungkulin na ibinalangkas sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,"[23] pero ang kanilang mga responsibilidad ay pantay ang kahalagahan at importansya.[24] Mayroon silang pantay na kapangyarihan na tumanggap ng paghahayag para sa kanilang pamilya. Kapag nagtulungan sila nang may pagmamahal at kabutihan, ang kanilang mga desisyon ay pinagpapala ng langit.

Ang mga nagnanais na malaman ang kalooban ng Panginoon bilang mga indibiduwal at para sa kanilang mga pamilya ay kailangang magsikap na maging matwid, mapagkumbaba, mabait, at mapagmahal. Ang pagiging mapagpakumbaba at mapagmahal ay tanda ng mga naghahangad sa kalooban ng Panginoon, lalo na para sa kanilang mga pamilya.

Ang gawing ganap ang ating sarili, ang gawing marapat ang ating sarili para sa mga pagpapala ng mga tipan, at ang paghahanda na harapin ang Diyos ay mga responsibilidad ng mga indibiduwal. Kailangan nating umasa sa ating sariling kakayahan at maging sabik na gawin ang ating mga tahanan na kanlungan mula sa mga unos na nakapaligid sa atin[25] at "isang santuwaryo ng pananampalataya."[26] Ang mga magulang ay may responsibilidad na mapagmahal na turuan ang kanilang mga anak. Ang mga tahanan na puno ng pagmamahal ay isang kagalakan, isang kasiyahan, at isang literal na langit dito sa lupa.[27]

Ang paboritong himno ng aking ina ay ang "Pag-ibig sa Tahanan."[28] Tuwing maririnig niya ang unang linya, "Kay ganda ng paligid kung may pag-ibig," makikitang siya ay naaantig at naluluha. Bilang mga anak, alam namin na nanirahan kami sa ganoong uri ng tahanan; ito ay isa sa kanyang pinakamatataas na prayoridad.[29]

Bukod sa mapagmahal na kapaligiran sa tahanan, nagtuon si Pangulong Nelson sa paglalagay ng limitasyon sa paggamit ng media na gumagambala sa ating mga pangunahing layunin.[30] Ang isang pagbabago na pakikinabangan ng halos sinumang pamilya ay ang gawin ang internet, social media, at telebisyon na tagapaglingkod sa halip na maging isang panggambala o, ang mas malala, ay maging isang pinaglilingkuran. Ang digmaan para sa lahat ng mga kaluluwa, ngunit lalo na ng mga bata, ay



madalas na nasa tahanan. Bilang mga magulang, kailangan nating tiyakin na ang nilalaman ng media ay kapwa kapaki-pakinabang, akma sa edad, at naaayon sa mapagmahal na kapaligiran na sinisikap nating likhain.

Ang pagtuturo sa ating mga tahanan ay kailangang maging malinaw at nakahihimok[31] ngunit kailangan din na espirituwal, puno ng kagalakan, at puno ng pagmamahal.

Ipinapangako ko na kapag nagtuon tayo sa ating pagmamahal para sa Tagapagligtas at sa Kanyang Pagbabayad-sala, gagawin Siyang sentro ng ating mga pagsisikap na tipunin ang Israel sa parehong panig ng tabing, maglilingkod sa iba, at indibiduwal na maghahanda sa pagharap sa Diyos, ang impluwensiya ng kaaway ay mababawasan at ang kagalakan, kasiyahan, at kapayapaan sa ebanghelyo ay magpapala sa ating tahanan ng pagmamahal na tulad ng kay Cristo.[32] Pinatototohanan ko ang mga pangako ng doktrina na ito at nagbibigay ng tiyak na patotoo kay Jesucristo at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo alang-alang sa atin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■


**MGA TALA**

1. Doktrina at mga Tipan 4:1, 5.
2. Moroni 7:47.
3. Tingnan sa "Pag-ibig sa Kapwa at Pagmamahal," *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero,* rev.ed. (2019), 135.
4. Tingnan sa Deuteronomio 6:5; Mateo 22:36–40.
5. Tingnan sa "Responsibilities of Elders Quorum and Relief Society Presidencies in Member Missionary and Temple and Family History Work," pabatid, Okt. 6, 2018.
6. Ang aking lolo ay binigyan ng awtorisasyon na magbigay ng patriarchal blessing sa mga apo na nakatira sa iba't ibang stake. Ibinigay ito sa akin sa edad na 11 dahil siya ay may sakit at naisip na maaaring siya ay pumanaw.
7. Patriarchal blessing ni Quentin L. Cook na ibinigay ni patriarch Crozier Kimball, Okt. 13, 1951, Draper, Utah.
8. Si President R. Wayne Shute ay naglingkod din kasama ng kanyang asawang si Lorna sa iba pang mga uri ng misyon sa Shanghai, China; Armenia; Singapore; at Greece. Nang mamatay si Lorna, pinakasalan niya si Rhea Mae Rosvall, at naglingkod sila sa Australia Brisbane Mission. Pito sa kanyang siyam na anak ang naglingkod ng full-time mission. Dalawa sa mga taon ng kanyang paglilingkod bilang mission president sa Samoa, si Elder John H. Groberg ay naglilingkod naman bilang mission president sa Tonga. Ang mga karanasan nilang dalawa ay alam ng marami.
9. Si Otto Haleck ay isang lay leader sa Congregational Christian Church of Samoa, na nag-ugat mula sa London Missionary Society. Ang kanyang ama ay may lahing German mula sa Dessau, Germany.
10. Si President Don H. Staheli ay kasalukuyang naglilingkod bilang pangulo ng Bountiful Utah Temple.
11. Kasamang lahat sina Pangulong Gordon B. at Sister Marjorie P. Hinckley, ang kanilang anak na si Jane Hinckley Dudley, Elder Jeffrey R. at Sister Patricia T. Holland, Elder Quentin L. at Sister Mary G. Cook, at Brother Don H. Staheli.
12. Ipinaalam sa akin ni Elder O. Vincent Haleck na inanyayahan ng kanyang ama si Vince at ang kanyang kapatid na si David na bumalik mula sa ibayong dagat para inspeksyunin ang bahay at manatili para sa pagbisita ni Pangulong Hinckley. Sinabi ni Elder Haleck na ipinahayag ng kanyang ama, "Maaaring mga anghel ang mga ito." Sinabi niya sa kanyang mga anak na kung patutuluyin nila ang propeta, gugustuhin nilang maging perpekto ang kanilang bahay.
13. Binati si Pangulong Hinckley ng pambansang mga pinuno ng American Samoa at ng libu-libong Samoan sa football stadium.
14. Ang pagkaisahin ang mga pamilya sa pamamagitan ng masigasig na gawaing misyonero ay naging dakilang katangian ng mga tao sa Samoa at ng iba pang mga Polynesian.
15. Labis na minamahal at pinasasalamatan si President Shute na siya ay inanyayahan na magsalita sa funeral service ni Otto Haleck noong 2006.
16. "Kung minsan maaaring sa una ay naglilingkod tayo dahil sa tungkulin o obligasyon, ngunit maging ang paglilingkod na iyon ay maaaring umakay sa atin na gumamit ng isang bagay na higit pa sa nasasaloob natin . . . [para makapaglingkod] sa 'higit na mabuting paraan' [I Mga Taga Corinto 12:31]" (Joy D. Jones, "Para sa Kanya," *Liahona,* Nob. 2018, 50).
17. Tingnan sa Tad R. Callister, *The Infinite Atonement* (2000), 5–8.
18. Ang mga miyembro ng Simbahan ay dapat makipag-ugnayan sa mga missionary tuwing sila ay nag-aanyaya.
19. Russell M. Nelson, "Pakikibahagi ng Kababaihan sa Pagtitipon ng Israel," *Liahona,* Nob. 2018, 70.
20. Report sa Primary General Presidency nina President B. Jackson at Sister Rosemary M. Wixom, pangulo at matron ng Salt Lake Temple, Mar. 2019. Binanggit ng mga Wixom na sila ay "oorder pa ng mas maraming XXXS na damit na pambinyag para mapunuan ang pangangailangan!"
21. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Pambungad na Pananalita," *Liahona,* Nob. 2018, 6–8.
22. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 131:1–4.
23. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2017, 145.
24. "Ang bawat ama ay patriyarka ng kanyang pamilya at ang bawat ina ay isang matriyarka na pantay sa kanilang magkaibang mga tungkulin bilang mga magulang" (James E. Faust, "The Prophetic Voice," *Ensign,* Mayo 1996, 6).
25. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:26–27; 88:91.
26. Russell M. Nelson, "Pagiging Kapuri-puring mga Banal sa mga Huling Araw," *Liahona,* Nob. 2018, 113.
27. Tingnan sa "Tahana'y Isang Langit," *Mga Himno,* blg. 186.
28. "Pag-ibig sa Tahanan," *Mga Himno,* blg. 183.
29. Kung nais makamit ang uri ng pagmamahal na ito, ang direksiyon sa Doktrina at mga Tipan 121:41–42 ang dapat na maging layunin:

    "Walang kapangyarihan o impluwensya na maaari o nararapat na panatilihin sa pamamagitan ng kabanalan ng pagkasaserdote, tanging sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig;

    "Sa pamamagitan ng kabaitan, at dalisay na kaalaman, na siyang lubos na magpapalaki ng kaluluwa nang walang pagkukunwari, at walang pandaraya."

    Ang hindi nararapat na kritisismo sa mga bata ay dapat na iwasan. Ang pagdaig sa mga pagkakamali at kawalan ng karunungan ay nangangailangan ng pagtuturo, at hindi ng kritisismo. Ang kasalanan ay nangangailangan ng kaparusahan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:25–27).
30. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Pakikibahagi ng Kababaihan sa Pagtitipon ng Israel," 69; tingnan din sa Russell M. Nelson, "Pag-asa ng Israel" (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Lunes, Hunyo 3, 2018), HopeofIsrael.ChurchofJesusChrist.org.
31. Sa isang banda, ang pagtuturo sa tahanan ay katulad ng isang paaralang may isang silid para sa mga bata na nasa lahat ng edad. Sa pagtuturo ng mga 11-taong gulang, hindi natin mababalewala ang 3-taong-gulang.
32. Tingnan ang Juan 17:3; 2 Nephi 31:20; Moroni 7:47.




NI ELDER D. TODD CHRISTOFFERSON
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Paghahanda para sa Pagbabalik ng Panginoon

*Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ang katangi-tanging binigyang-kapangyarihan at inatasan na gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon.*

Dalawang linggo mula ngayon ay ipagdiriwang na natin ang Pasko ng Pagkabuhay. Pinagtitibay ng Pagkabuhay na Mag-uli ang pagkadiyos ni Jesucristo at ang katunayan ng Diyos Ama. Ibinabaling natin ang ating isipan sa Tagapagligtas, at pinagninilayan ang "Kanyang hindi mapapantayang buhay at ang walang hanggang kapangyarihan ng Kanyang dakilang mapagbayad-salang sakripisyo."[1] Nawa ay iniisip din natin ang Kanyang nalalapit na pagbabalik kung kailan "mamamahala Siya bilang Hari ng mga Hari at . . . Panginoon ng mga Panginoon."[2]

Ilang panahon na ang nakalilipas sa Buenos Aires, Argentina, nakibahagi ako sa isang kumperensya kasama ang mga lider mula sa maraming iba't ibang relihiyon. Ang pagmamahal nila sa kanilang kapwa-tao ay malinaw na makikita. Determinado silang pagaanin ang pagdurusa at tumulong sa mga tao na umaahon mula sa pang-aapi at paghihirap. Pinagnilayan ko ang maraming pagkakawanggawa ng Simbahang ito, kabilang na ang mga proyektong kasama ang maraming grupo ng relihiyon na may mga kinatawan sa kumperensya. Nakadama ako ng lubos na pasasalamat sa pagiging bukas-palad ng mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw kaya naging posible ang ganitong paglilingkod na tulad ng kay Cristo.



Sa sandaling iyon, pinatotohanan sa akin ng Espiritu Santo ang dalawang bagay. Una, ang gawain ng ministering sa temporal na pangangailangan ay mahalaga at kailangang magpatuloy. Ang pangalawa ay hindi inaasahan, bagama't makapangyarihan at malinaw. Ito iyon: higit pa sa di-makasariling paglilingkod, labis na napakahalaga na ihanda ang mundo para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoong Jesucristo.

Sa Kanyang pagparito, hindi lamang mababawasan ang kalupitan at kawalang katarungan; ang mga ito ay hihinto:

"At maninirahan din ang lobo na kasama ang kordero, at mahihiga ang leopardo na kasiping ang batang kambing, at ang guya at ang batang leon at ang patabain ay magkasamang manginginain; at aakayin sila ng isang maliit na bata. . . .

"Hindi sila mananakit ni maninira sa lahat ng aking banal na bundok; sapagkat mapupuno ang mundo ng kaalaman tungkol sa Panginoon, tulad ng pagkapuno ng tubig sa karagatan."[3]

Ang kahirapan at pagdurusa ay hindi lamang mababawasan; ang mga ito ay maglalaho:

"Sila'y hindi na magugutom pa, ni mauuhaw pa man; ni hindi na sila tatamaan ng araw, o ng anomang init.

"Sapagka't ang Cordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magiging pastor natin, at sila'y papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay: at papahirin ng Dios ang bawa't luha ng kanilang mga mata."[4]

Maging ang sakit at pighati sa kamatayan ay mawawala:


"Sa araw na iyon ang isang sanggol ay hindi mamamatay hanggang sa siya

ay matanda na; at ang kanyang buhay ay magiging gaya sa gulang ng isang puno;

"At kapag siya ay namatay siya ay hindi matutulog, ibig sabihin ay sa lupa, kundi mababago sa isang kisap-mata, at aagawin, at ang kanyang pamamahinga ay magiging maluwalhati."[5]

Kaya't oo, gawin natin ang lahat ng ating makakaya para pagaanin ang pagdurusa at pighati ngayon, *at* mas masigasig nating ilaan ang ating mga sarili sa mga kailangang paghahanda para sa araw kung kailan ang sakit at kasamaan ay sama-samang matatapos, kung kailan "maghahari si Cristo sa mundo; at, ang mundo ay babaguhin at matatanggap nito ang malaparaisong kaluwalhatian."[6] Ito ay magiging isang araw ng pagtubos at paghatol. Maayos na inilarawan ng Anglican Bishop ng Durham na si Dr. N. T. Wright, ang kahalagahan ng Pagbabayad-sala, Pagkabuhay na Mag-uli, at Paghuhukom ni Cristo sa pagdaig sa kawalang-katarungan at sa paglalagay sa ayos ng lahat ng bagay.

Sabi niya: "Itinakda ng Diyos ang isang araw kung kailan ay matwid na mahuhusgahan ang mundo ng isang taong itinalaga niya—at nagbigay siya sa lahat ng katiyakan sa bagay na ito sa pamamagitan ng pagpapabangon sa taong ito mula sa kamatayan. Ang mga katotohanan tungkol kay Jesus ng Nazareth, at lalo na tungkol sa kanyang pagkabuhay na mag-uli mula sa kamatayan, ay ang pundasyon ng katiyakan na ang mundo ay hindi sapalaran. Ito sa kasukdulan ay hindi isang kaguluhan; na kapag naging patas tayo ngayon, hindi tayo nagpapagod lamang, na nagsisikap na magtayo ng isang gusali na sa huli ay guguho rin naman, o magkukumpuni ng isang kotse na dadalhin din naman sa tambakan ng basura. Nang ibinangon ng Diyos si Jesus mula sa mga patay, iyon ang maliit na pangyayari kung saan napapaloob ang malaking gawain ng paghatol, [ang] binhi . . . ng pinakahuling pag-asa. Ipinahayag ng Diyos, sa pinakamabisang paraan na maaaring maisip, na si Jesus ng Nazareth talaga ang Mesiyas. . . . Sa pinakamalaking kabalintunaan ng kasaysayan,



[si Jesus] mismo ay dumanas ng malupit at hindi patas na paghusga, nagtungo sa lugar na sumisimbolo at nagtitipon ng lahat ng napakaraming kalupitan at kawalan ng hustiya sa kasaysayan, para pasanin ang kaguluhang iyon, ang kadilimang iyon, ang kalupitang iyon, ang kawalang-hustiyang iyon, sa kanyang sarili, at upang wasakin ang kapangyarihan nito."[7]

Habang nasa kumperensya sa Buenos Aires na binanggit ko kanina, nilinaw sa akin ng Espiritu na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ang katangi-tanging binigyang-kapangyarihan at inatasan na gawin ang mga kinakailangang paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon; tunay ngang ito ay ipinanumbalik para sa layuning iyon. Makakahanap ba kayo kahit saan ng mga tao na kinikilala ang kasalukuyang panahon bilang ang dispensasyon ng "kaganapan ng mga panahon" kung kailan nilalayon ng Diyos na "tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo"?[8] Kung hindi kayo nakahanap dito ng komunidad na naglalayong isagawa ang kailangang isakatuparan para sa mga buhay at mga patay para makapaghanda sa araw na iyon, kung hindi kayo nakakita rito ng isang organisasyon na handang maglaan ng napakaraming oras at pondo para sa pagtitipon at paghahanda ng nakipagtipang mga taong handang tumanggap sa Panginoon, hindi ninyo ito makikita kahit saan man.

Nagsalita sa Simbahan noong 1831, ipinahayag ng Panginoon:

"Ang mga susi ng kaharian ng Diyos ay ipinagkatiwala sa tao sa mundo, at mula rito ang ebanghelyo ay lalaganap hanggang sa mga dulo ng mundo. . . .

"Manawagan sa Panginoon, upang ang kanyang kaharian ay lumaganap sa mundo, upang ang mga naninirahan dito ay matanggap ito, at maging handa para sa mga araw na darating, na kung kailan ang Anak ng Tao ay bababa mula sa langit, nadaramitan ng liwanag ng kanyang kaluwalhatian, upang salubungin ang kaharian ng Diyos na itinatag sa mundo."[9]

Ano ang magagawa natin para makapaghanda ngayon para sa araw na iyon? Maaari nating ihanda ang ating mga sarili bilang isang grupo ng tao; maaari nating tipunin ang mga nakipagtipang mga tao ng Panginoon; at maaari nating tulungang tubusin ang pangako ng kaligtasang "ginawa sa mga ama," na ating mga ninuno.[10] Ang lahat ng ito ay kailangang maisagawa sa malawak na antas bago ang muling pagparito ng Panginoon.

Ang una, at napakahalaga para sa pagbabalik ng Panginoon ay ang pagkakaroon ng mga tao sa mundo na handang tumanggap sa Kanya sa Kanyang pagdating. Sinabi Niya na ang mga nananatili sa mundo sa araw na iyon "mula sa pinakamaliit hanggang sa pinakamalaki, . . . [ay] mapupuno ng kaalaman ng Panginoon, at makikita nang mata sa mata, at itataas ang kanilang mga tinig, at sa mga tinig na magkakasabay ay aawit ng bagong awiting ito, sinasabing: Dinala muli ng Panginoon ang Sion. . . . Tinipon ng Panginoon ang lahat ng bagay sa isa. Ibinaba ng Panginoon ang Sion mula sa itaas. Itinaas ng Panginoon ang Sion mula sa ilalim."[11]

Noong sinaunang panahon, kinuha ng Diyos ang matwid na lungsod ng Sion sa Kanyang sarili.[12] Sa kabilang banda, sa mga huling araw, isang bagong Sion ang tatanggap sa Panginoon sa Kanyang pagbabalik.[13] Ang Sion ay ang dalisay na puso, mga

tao na may isang puso at isang isipan, namumuhay sa kabutihan at walang maralita sa kanila.[14] Sinabi ni Propetang Joseph Smith, "Dapat ay pagtatayo ng Sion ang ating pinakadakilang layunin."[15] Itinatayo natin ang Sion sa ating mga tahanan, ward, branch, at stake sa pamamagitan ng pagkakaisa, kabanalan, at pag-ibig sa kapwa-tao.[16]

Dapat nating kilalanin na ang pagtatayo ng Sion ay nagaganap sa magugulong panahon—"isang araw ng poot, isang araw ng pagsunog, isang araw ng kapanglawan, ng pagtangis, ng pagdadalamhati, at ng pananangis; at gaya ng isang ipu-ipo ito ay darating sa balat ng lupa, wika ng Panginoon"[17] Kaya, ang pagtitipon sa mga stake ay nagiging "isang tanggulan, at isang kanlungan mula sa bagyo, at mula sa poot sa panahong ito ay ibubuhos nang walang halo sa buong lupa"[18]

Tulad ng mga nagdaang panahon, tayo ay "madalas na nagtitipun-tipon upang mag-ayuno at manalangin, at makipag-usap sa bawat isa hinggil sa kapakanan ng [ating] mga kaluluwa. At . . . upang makibahagi sa tinapay at [tubig], sa pag-alaala sa Panginoong Jesus."[19] Tulad ng ipinaliwanag ni Pangulong Russell M. Nelson sa pangkalahatang kumperensiya noong nakaraang Oktubre, "Ang pangmatagalan na layunin ng Simbahan ay [ang] tulungan ang lahat ng mga miyembro na dagdagan ang kanilang pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, tulungan sila sa paggawa at pagtupad ng mga tipan nila sa Diyos, at [ang] palakasin at ibuklod ang kanilang mga pamilya."[20] Alinsunod dito, binigyang-diin niya ang kahalagahan ng mga tipan sa templo, pagpapabanal sa Sabbath, at araw-araw na pagpapakabusog sa ebanghelyo, na nakasentro sa tahanan at suportado ng pinag-isang kurikulum ng pag-aaral sa simbahan. Gusto nating malaman ang tungkol sa Panginoon, at gusto nating makilala ang Panginoon.[21]

Ang gawain na pundasyon sa pagtatayo ng Sion ay ang pagtitipon ng matagal nang nagkawatak-watak na mga nakipagtipang tao ng Panginoon.[22] "Naniniwala kami sa literal na



pagtitipon ng Israel at sa pagpapanumbalik ng Sampung Lipi."[23] Ang lahat ng magsisisi, maniniwala kay Cristo, at mabibinyagan ay ang Kanyang mga nakipagtipang tao.[24] Nagpropesiya mismo ang Panginoon na bago Siya bumalik, ang ebanghelyo ay ipapangaral sa buong mundo[25] "upang mapanumbalik muli ang [Kanyang] mga tao, na mula sa sambahayan ni Israel,"[26] "at pagkatapos ay sasapit ang katapusan."[27] Ang propesiya ni Jeremias ay natutupad na:

"Kaya't, narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng Panginoon, na hindi na [nila] sasabihin pa, Buhay ang Panginoon, na nagahon ng angkan ni Israel mula sa lupain ng Egipto;

"Kundi, Buhay ang Panginoon, na nagahon ng mga anak ni Israel mula sa lupain sa hilagaan, at mula sa lahat ng lupain na kinatabuyan sa kanila: at akin silang ipapasok uli sa kanilang lupain na aking ibinigay sa kanilang mga magulang."[28]

Paulit-ulit na binigyang-diin ni Pangulong Nelson na "ang pagtitipon [ng Israel] ang pinakamahalagang nangyayari sa daigdig ngayon. Walang anumang maikukumpara sa laki, walang anumang maikukumpara sa halaga, walang anumang maikukumpara sa kadakilaan. At kung pipiliin ninyo . . . maaari kayong maging malaking bahagi nito."[29] Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay mga missionary na noon pa man. Daan-daang libo ang tumugon sa mga tawag simula pa ng pag-uumpisa ng Pagpapanumbalik; sampu-sampung-libo ang kasalukuyang naglilingkod. At, tulad ng katuturo lamang ni Elder Quentin L. Cook, *lahat* tayo ay maaaring makilahok sa simple at natural na mga paraan, nang may pagmamahal, nag-aanyaya sa iba na sumama sa atin sa simbahan, bumisita sa ating mga tahanan, at maging bahagi ng ating grupo. Ang pagkakalathala ng Aklat ni Mormon ang hudyat na ang pagtitipon ay nagsimula na.[30] Ang Aklat ni Mormon mismo ang instrumento ng pagtitipon at pagbabalik-loob.

Mahalaga rin sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ang dakilang gawain ng pagtubos para sa kapakanan ng ating mga ninuno. Ipinangako ng Panginoon na ipadadala si Elijah, ang propeta bago ang Ikalawang Pagparito, "ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon,"[31] para "[ihayag] . . . ang Pagkasaserdote" at "[itanim] sa mga puso ng mga anak ang mga pangakong ginawa sa mga ama."[32] Dumating si Elijah tulad nang ipinangako. Ang petsa ay Abril 3, 1836; ang lugar ay Kirtland Ohio Temple. Sa lugar na iyon at sa pagkakataong iyon, tunay niyang ipinagkaloob ang ipinangakong pagkasaserdote, ang mga susi para sa pagtubos ng mga patay at ang pagsasama ng mga mag-aasawa, at mga pamilya sa lahat ng mga henerasyon ng panahon at sa kabuuan ng



kawalang-hanggan.[33] Kung wala nito, ang layunin ng paglikha ay mabibigo, at kaugnay nito, ang mundo ay isusumpa o "lubusang mawawasak."[34]

Sa debosyonal para sa mga kabataan na idinaos bago ang dedikasyon ng Rome Italy Temple, daan-daang kabataang lalaki at babae na dumalo ang nagpakita kay Pangulong Nelson ng mga kard na may mga pangalan ng kanilang mga ninuno na inihanda nila. Handa silang pumasok sa templo para gawin ang mga pagbibinyag para sa kanilang mga ninuno sa oras na magbukas ito. Ito ay tunay na kasiya-siyang sandali, gayunman ito ay isang halimbawa ng mga gawaing nagpapabilis sa pagtatayo ng Sion para sa mga henerasyong nauna.

Habang nagsisikap tayong maging masigasig sa pagtatayo ng Sion, kabilang na sa ating bahagi sa pagtitipon ng mga hinirang ng Panginoon at sa pagtubos sa mga patay, dapat tayong tumigil sandali para alalahanin na ito ay ang gawain ng Panginoon at Siya ang gumagawa nito. Siya ang Panginoon ng ubasan, at tayo ang Kanyang mga tagapaglingkod. Inaatasan Niya tayong magtrabaho sa ubasan gamit ang ating kakayahan sa "huling pagkakataong" ito at Siya ay gumagawa kasama natin.[35] Maaaring mas tumpak na sabihin na pinahihintulutan Niya tayong gumawa na kasama Niya. Tulad ng sinabi ni Pablo, "Ako ang nagtanim, si Apolos ang nagdilig; nguni't ang Dios ang siyang nagpalago."[36] Siya ang nagpapabilis sa Kanyang gawain sa panahon nito.[37] Gamit ang ating mga pagsisikap—ang ating "maliliit na pamamaraan"—na inaamin nating hindi perpekto, ay naisasagawa ng Panginoon ang mahahalagang bagay.[38]

Ang dakila at huling dispensasyong ito ay tuluy-tuloy ang paglago patungo sa kasukdulan nito—Sion sa lupa, na sasamahan ng Sion mula sa itaas sa maluwalhating pagbabalik ng Tagapagligtas. Ang Simbahan ni Jesucristo ay inatasang maghanda—at inihahanda nito—ang mundo para sa araw na iyon. Kaya, ngayong Pasko ng Pagkabuhay, ipagdiwang natin ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo at ng lahat ng ibinabadya nito: ang Kanyang pagbabalik upang maghari sa loob ng isang libong taon ng kapayapaan, isang matuwid na kahatulan at perpektong katarungan para sa lahat, ang imortalidad ng lahat ng nabuhay sa mundong ito, at ang pangako ng buhay na walang hanggan. Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo ang katiyakan na lahat ay maiwawasto. Gumawa tayo tungo sa pagtatayo ng Sion para pabilisin ang araw na iyon. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol," *Liahona,* Mayo 2017, sa loob ng pabalat sa harap.
2. "Ang Buhay na Cristo."
3. 2 Nephi 21:6, 9; tingnan din sa Isaias 11:6, 9.
4. Apocalipsis 7:16–17.
5. Doktrina at mga Tipan 101:30–31.
6. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10.
7. N. T. Wright, "Full of the Knowledge of the Lord" (isang sermon sa matins, Durham, England, Mar. 30, 2016), ntwrightpage.com.
8. Mga Taga Efeso 1:10.
9. Doktrina at mga Tipan 65:2, 5.
10. Doktrina at mga Tipan 2:2.
11. Doktrina at mga Tipan 84:98–100.
12. Payak na sinasabi sa tala sa mga banal na kasulatan, "Ito ay nangyari na ang Sion ay naglaho, sapagkat tinanggap ito ng Diyos sa kanyang sariling sinapupunan" (Moises 7:69).
13. Ipinahayag ng Diyos: "At kabutihan ang aking ipadadala mula sa langit; at katotohanan ay aking ipadadala sa lupa, upang magpatotoo sa aking Bugtong na Anak; ang kanyang pagkabuhay na mag-uli mula sa mga patay; oo, at ang pagkabuhay na mag-uli rin ng lahat ng tao; at kabutihan at katotohanan ay papapangyarihin kong umabot sa mundo gaya nang isang baha, upang tipunin ang aking mga hinirang mula sa apat na sulok ng mundo, sa isang lugar na aking ihahanda, isang Banal na Lunsod, upang ang aking mga tao ay makapagbigkis ng kanilang mga balakang, at umasa sa araw ng aking pagparito; sapagkat doon ang aking magiging tabernakulo, at ito ay tatawaging Sion, isang Bagong Jerusalem. . . . At sa loob ng isanlibong taon ang mundo ay mamamahinga" (Moises 7:62, 64).
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 97:21; Moises 7:18.
15. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 216.
16. Tingnan sa D. Todd Christofferson, "Sa Sion ay Magsitungo," *Liahona,* Nob. 2008, 37–40.
17. Doktrina at mga Tipan 112:24.
18. Doktrina at mga Tipan 115:6.
19. Moroni 6:5–6; tingnan din sa Alma 6:5–6; 4 Nephi 1:12.
20. Russell M. Nelson, "Pambungad na Pananalita," *Liahona,* Nob. 2018, 7.
21. Tingnan sa Jeremias 31:34; Juan 17:3; Doktrina at mga Tipan 84:98.
22. Isa-isang tinitipon ang mga hinirang sa mga stake ng Sion, "ang mga lugar na [itinakda ng Diyos]" (Doktrina at mga Tipan 109:39; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 124:36).
23. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10.
24. Tingnan sa 2 Nephi 30:2.
25. Tingnan sa Joseph Smith—Mateo 1:31.
26. Doktrina at mga Tipan 39:11.
27. Joseph Smith—Mateo 1:31.
28. Jeremias 16:14–15; tingnan din sa Jeremias 23:7–8.
29. Russell M. Nelson, "Pag-asa ng Israel" (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), HopeofIsrael.ChurchofJesusChrist.org; tingnan din sa Russell M. Nelson, "Remnants Gathered, Covenants Fulfilled," sa Paul Y. Hoskisson, ed., *Sperry Symposium Classics: The Old Testament* (2005), 1–17.
30. Tingnan sa 3 Nephi 21:1–7.
31. Malakias 4:5.
32. Doktrina at mga Tipan 2:1–2.
33. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110.
34. Doktrina at mga Tipan 2:3; tingnan din sa Malakias 4:6.
35. Tingnan sa Jacob 5:71–72.
36. I Mga Taga Corinto 3:6.
37. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:73.
38. Tingnan sa 1 Nephi 16:29.



NI TAD R. CALLISTER
*Ni-Release Kamakailan na Sunday School General President*

# Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo

*Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay hindi lamang walang hanggan ang sakop, kundi ang mga indibiduwal ay naaabot nito.*

Sa panahong ito ng taon, lalo tayong nagdiriwang at nagninilay sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Tunay ngang ito ang pinakabanal, pinakanagpapalawak ng isipan, at pinaka-nakaaantig na doktrina na mayroon sa mundo o sansinukob. Ito ang nagbibigay ng pag-asa at layunin sa ating buhay.

Ano kung gayon ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo? Sa isang banda, ito ay ang magkakasunod na mga banal na pangyayari na nagsimula sa Halamanan ng Getsemani, na nagpatuloy sa krus, at natapos sa Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas mula sa libingan. Ito ay ginawa dahil sa hindi kayang maunawaan na pag-ibig para sa bawat isa sa atin. Ito ay nangangailangan ng isang nilalang na walang kasalanan; na walang-hanggan ang kapangyarihan sa mga elemento—maging sa kamatayan; na nagtataglay ng walang hanggang kakayahang pagdusahan ang mga ibinunga ng lahat ng ating mga kasalanan at sakit; at sa katunayan ay nagpakababa-baba sa lahat ng bagay.[1] Ito ang misyon ni Jesucristo—ito ang Kanyang Pagbabayad-sala.

Ano kung gayon ang layunin nito? Ito ay upang gawing posible para sa atin na bumalik sa piling ng Diyos, maging mas katulad Niya, at magkaroon ng lubos na kagalakan. Ito ay nagawa sa pamamagitan ng pagdaig sa apat na hadlang:

1. Pisikal na kamatayan
2. Espirituwal na kamatayan na dulot ni Adan at ng ating mga kasalanan
3. Ang ating mga paghihirap at sakit
4. Ang ating mga kahinaan at pagiging hindi perpekto

Ngunit paano ito magagawa ng Tagapagligtas nang hindi nilalabag ang mga batas ng katarungan?



*Kapag tayo ay nagkakasala, ang Tagapagligtas ay nagbibigay sa atin ng espirituwal na parachute sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala.*

Isipin sandali na pinag-iisipan ng isang lalaki ang kapana-panabik na pagbagsak at basta na lamang tumalon mula sa isang maliit na eroplano. Pagkatapos magawa ito, natanto niya ang kahangalang ginawa niya. Gusto niyang bumagsak nang ligtas, pero mayroong isang hadlang—ang batas ng gravity. Mabilis niyang iniunat ang kanyang bisig, umaasang makalipad, ngunit walang nangyari. Ipinosisyon niya ang kanyang sarili para lumutang o dahan-dahang lumapag, ngunit ang batas ng gravity ay hindi napipigil at walang-awa. Sinubukan niyang mangatwiran sa pangunahing batas ng kalikasan: "Isa itong pagkakamali. Hindi ko na ito gagawing muli." Ngunit ang kanyang mga pagsamo ay hindi narinig. Ang batas ng gravity ay walang-awa; wala itong eksepsyon. Buti na lang, biglang may nadama ang lalaki sa kanyang likuran. Ang kanyang kaibigan sa eroplano, na nakatunog sa kanyang sandali ng kahangalan, ay naglagay roon ng parachute bago siya tumalon. Nahanap niya ang pambukas na kurdon at hinila ito. Napanatag siya, at ligtas na nakalapag sa lupa. Maaaring maitanong natin, "Nilabag ba ang batas ng gravity, o sumunod ang parachute sa batas para magkaroon ng ligtas na paglapag?"

Kapag nagkakasala tayo, tayo ay katulad ng hangal na lalaking lumundag mula sa eroplano. Anuman ang gawin natin gamit ang sarili nating kakayahan, tanging mabilis na pagbagsak ang naghihintay sa atin. Tayo ay nasasakop ng batas ng katarungan na, tulad ng batas ng gravity, ay maraming hinihingi at hindi nagpapatawad. Tayo ay maliligtas lamang dahil ang Tagapagligtas, sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, ay buong-awang nagbibigay sa atin ng isang bagay na katulad ng isang espirituwal na parachute. Kung mayroon tayong pananampalataya kay Jesucristo at nagsisisi (ibig sabihin ay ginagawa natin ang ating bahagi at hinihila ang pambukas na kurdon), kung gayon ang mga pumuprotektang kapangyarihan ng Tagapagligtas ay nabubuksan alang-alang sa atin, at makalalapag tayo sa lupa nang hindi espirituwal na nasasaktan.

Gayunman, magiging posible lamang ito dahil dinaig ng Tagapagligtas ang apat na hadlang na nakapipigil sa ating espirituwal na pag-unlad.

**1. Kamatayan.** Dinaig Niya ang kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang maluwalhating Pagkabuhay na Mag-uli. Itinuro ni Apostol Pablo, "Sapagka't kung paanong kay Adan ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin."[2]

**2. Kasalanan.** Dinaig ng Tagapagligtas ang kasalanan at pagkabagabag ng konsensya para sa lahat ng nagsisisi. Napakalalim at napakalawak ng Kanyang nakalilinis na kapangyarihan na ipinangako ni Isaias, "Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe."[3]

May mga pagkakataon na may nakikilala akong mabubuting Banal na may problema sa pagpapatawad sa kanilang sarili, na sa kawalang-muwang at sa maling paraan ay naglagay ng mga hangganan sa mga nakatutubos na kapangyarihan ng Tagapagligtas. Hindi nila sinasadyang lagyan ng hangganan ang walang katapusang Pagbabayad-sala na sa ilang paraan ay nagkukulang para sa kanilang partikular na kasalanan o kahinaan. Ngunit ito ay isang walang hanggang Pagbabayad-sala dahil sinasakop at ibinibilang nito ang bawat kasalanan at kahinaan, gayundin ang bawat pang-aabuso o sakit na idinulot ng iba.

Ibinigay ni Truman G. Madsen ang nakapapanatag na obserbasyong ito:

"Kung mayroon sa inyo na nalinlang sa paniniwalang huli na ang lahat para sa inyo . . . na nalason na kayo ng kasalanan kaya imposible na muli kayong maging tulad ng dapat na kinahinatnan ninyo—kung gayon ay pakinggan ninyo ako.

"Pinatototohanan ko sa inyo na hindi kayo maaaring lumubog nang higit pa sa maaabot ng liwanag at malawak na katalinuhan ni Jesucristo. Pinatototohanan ko na hangga't mayroong isang kislap ng hangaring magsisi at humingi ng tulong, *Siya ay naroon*. Hindi lamang Siya bumaba *sa* inyong kalagayan; Siya ay mas nagpakababa-baba sa *ibaba* nito, 'upang Siya ay mapasalahat at magdaan sa lahat ng bagay, ang liwanag ng katotohanan.' [Doktrina at mga Tipan 88:6.]"[4]

Isang dahilan kung bakit napakahalaga na maunawaan ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at ang walang hanggang implikasyon nito ay dahil ang dagdag na pagkaunawa ay nagdudulot ng dagdag na hangaring patawarin ang ating sarili at ang iba.

Kahit na naniniwala tayo sa nakapaglilinis na kapangyarihan ni Cristo, madalas na naitatanong: "Paano ko malalaman kung napatawad na ako sa aking mga kasalanan?" Kung nadarama natin ang Espiritu, kung gayon iyon ang ating patunay na tayo ay napatawad na, o nagaganap na ang proseso ng paglilinis. Itinuro ni Pangulong Henry B. Eyring, "Kung nadarama ninyo ang impluwensya ng Espiritu Santo . . . , maituturing ninyong katibayan ito na nagkakaroon ng epekto ang Pagbabayad-sala sa inyong buhay."[5]

Naitanong ng ilan, "Kung napatawad na ako, bakit binabagabag pa rin ako ng konsensya ko?" Marahil sa awa ng Diyos, ang alaala ng kasalanang iyon ay isang babala, isang espirituwal na "hudyat na tumigil," kahit man lang sa sandaling panahon, na nananawagan kapag nahaharap tayo sa iba pang mga tukso: "Huwag kang dumaan diyan. Alam mo ang pasakit na maidudulot nito." Sa ganitong paraan, ito ay nagsisilbing proteksiyon, hindi isang parusa.

Kung gayon, posible ba na maalaala ang ating mga kasalanan at hindi makonsensya?

Naalaala ni Alma ang kanyang mga kasalanan, kahit mga taon na ang nakalipas matapos siyang magsisi. Ngunit nang nagsumamo siya kay Jesus para kaawaan siya, sinabi niya, "Hindi ko na naaalaala pa ang aking mga pasakit; oo, hindi na ako sinaktan pa ng alaala ng aking mga kasalanan."[6]

Paano niya naaalaala ang kanyang mga kasalanan at hindi na ang kanyang pasakit o pagkakonsensya? Dahil kapag tayo ay nagsisisi, tayo ay "isini[si]lang sa Diyos."[7] Tulad ng sinasabi sa mga banal na kasulatan, tayo ay nagiging "mga bagong nilikha"[8] kay Cristo. Masasabi na natin ngayon nang may ganap na katapatan, "Hindi na ako ang lalaki o babae na gumawa ng mga kasalanang iyon noon. Isa na akong bago at nagbagong nilalang."

**3. Mga Paghihirap at Sakit.** Iprinopesiya ni Alma na si Cristo ay "hahayo, magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso." Bakit? "Upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, . . . upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan."[9]

Paano Niya ito nagagawa? Kung minsan, inaalis Niya ang ating mga paghihirap, kung minsan ay pinalalakas Niya tayo para makapagtiis tayo, at kung minsan ay binibigyan Niya tayo ng walang hanggang pananaw para mas maunawaan natin ang mga pansamantalang katangian ng mga ito. Matapos ang pagtitiis ni Joseph Smith sa Liberty Jail sa loob ng dalawang buwan, sa huli ay ibinulalas niya, "O Diyos, nasaan kayo?"[10] Sa halip na magbigay ng agarang kaginhawahan, tumugon ang Diyos, "Aking anak, kapayapaan ay mapasaiyong kaluluwa; ang iyong kasawian at ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang; at muli, kung ito ay iyong pagtitiisang mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas."[11]

Naunawaan na ngayon ni Joseph na ang mapait na karanasang ito ay isang tuldok lamang sa walang hanggan. Taglay ang mas mabuting pananaw, isinulat niya sa mga Banal mula sa kulungang iyon, "Mga minamahal na kapatid, ating malugod na gawin ang lahat ng bagay sa abot ng ating makakaya; at pagkatapos nawa tayo ay makatayong hindi natitinag, na may lubos na katiyakan, na makita ang pagliligtas ng Diyos."[12] Dahil sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, maaari tayong magkaroon ng walang hanggang pananaw na nagbibigay ng kahulugan sa ating mga pagsubok at pag-asa para sa ating kaginhawahan.

**4. Mga Kahinaan at Pagiging Hindi Perpekto.** Dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala, ang Tagapagligtas ay mayroong mga nakapagbibigay-

kakayahang kapangyarihan, na kung minsan ay tinatawag na biyaya,[13] na makatutulong sa atin na madaig ang ating mga kahinaan at pagiging hindi perpekto at sa gayon ay matulungan tayo sa ating pagsisikap na maging mas katulad Niya.

Tulad ng itinuro ni Moroni: "Oo, lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya, . . . upang sa pamamagitan ng kanyang biyaya kayo ay maging ganap kay Cristo."[14] Tila may hindi bababa sa dalawang daluyan o paraan para magkaroon tayo ng nagbibigay-kakayahan na mga kapangyarihang iyon na nakadadalisay—nagpeperpekto—sa atin.

Una, ang mga nakapagliligtas na ordenansa. Sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan, "Sa mga ordenansa nito, ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita."[15] Kung minsan, maaaring naiisip natin na ang mga ordenansa ay isang listahan—kailangan para sa kadakilaan; ngunit sa katotohanan ang bawat isa ay nagbibigay ng banal na kapangyarihan na tumutulong sa atin na maging mas katulad ni Cristo. Halimbawa:

- Kapag tayo ay bininyagan at tinanggap ang kaloob na Espiritu Santo, tayo ay ginagawang malinis—kaya nagiging mas banal na tulad ng Diyos.
- Dagdag pa rito, sa kaloob na Espiritu Santo, maaaring maliwanagan ang ating isipan at mapalambot ang ating puso para mas makapag-isip at makadama tayo na tulad Niya.
- At kapag tayo ay nabuklod bilang mag-asawa, minamana natin ang karapatan sa "mga trono, kaharian, pamunuan, at kapangyarihan"[16] bilang mga kaloob mula sa Diyos.

Ang ikalawang daluyan para sa mga kapangyarihang nakapagbibigay-kakayahan na ito ay ang mga kaloob ng Espiritu. Dahil sa Pagbabayad-sala ni Cristo, tayo ay marapat na tumanggap ng kaloob na Espiritu Santo at ng mga kalakip na espirituwal na kaloob nito. Ang mga kaloob na ito ay mga katangian ng pagiging banal; kung gayon, sa tuwing nagkakaroon tayo ng isang



kaloob ng Espiritu, tayo ay nagiging mas katulad ng Diyos. Walang duda na iyon ang dahilan kung bakit hinihikayat tayo ng mga banal na kasulatan nang ilang ulit na hangarin ang mga kaloob na ito.[17]

Itinuro ni Pangulong George Q. Cannon: "Hindi dapat sabihin ng sinuman na, 'Ah, hindi ko kontrolado ito; likas na sa akin ito.' Hindi siya mabibigyang-katwiran dito, dahil ipinangako ng Diyos na . . . bibigyan tayo ng mga kaloob para alisin ang [ating mga kahinaan]. . . . Kung hindi perpekto ang sinuman sa atin, tungkulin nating ipagdasal na mapasaatin ang kaloob na gagawin tayong perpekto."[18]


Bilang buod, ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay nagbibigay sa atin ng buhay na kahalili ng kamatayan, "putong na bulaklak na kahalili ng mga abo,"[19] kagalingan na kahalili ng pasakit, at pagiging perpekto na kahalili ng kahinaan. Ito ang lunas ng langit para sa mga hadlang at paghihirap sa mundong ito.

Sa huling linggo ng Tagapagligtas sa mortalidad, sinabi Niya, "Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan."[20] Dahil ginawa ng Tagapagligtas ang Kanyang Pagbabayad-sala, walang panlabas na lakas o pangyayari o tao—walang kasalanan o kamatayan o diborsiyo—na makapipigil sa atin para makamit ang kadakilaan, kung susundin natin ang mga utos ng Diyos. Taglay ang kaalamang iyon, makasusulong tayo nang may nagagalak na puso at lubos na katiyakan na kasama natin ang Diyos sa banal na pagsisikap na ito.

Pinatototohanan ko na ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay hindi lamang walang hanggan ang sakop, kundi ang mga indibiduwal ay naaabot nito—na hindi lamang tayo nito maibabalik sa piling ng Diyos, kundi bibigyan tayo nito ng kakayahang maging katulad Niya—ang pangunahing layunin ng Pagbabayad-sala ni Cristo. Sa mga bagay na iyon ay ibinibigay ko ang aking nagpapasalamat at tiyak na patotoo sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:6.
2. I Mga Taga Corinto 15:20–22.
3. Isaias 1:18.
4. Truman G. Madsen, *Christ and the Inner Life* (1978), 14.
5. Henry B. Eyring, "Gifts of the Spirit for Hard Times," *Ensign,* Hunyo 2007, 23.
6. Alma 36:19; tingnan din sa Alma 36:20–21.
7. Alma 36:23; tingnan din sa Alma 36:24–26.
8. Mosias 27:26.
9. Alma 7:11–12.
10. Doktrina at mga Tipan 121:1.
11. Doktrina at mga Tipan 121:7–8.
12. Doktrina at mga Tipan 123:17.
13. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Biyaya," scriptures.ChurchofJesusChrist.org.
14. Moroni 10:32.
15. Doktrina at mga Tipan 84:20.
16. Doktrina at mga Tipan 132:19.
17. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:31; Moroni 10:30; Doktrina at mga Tipan 46:8.
18. George Q. Cannon, "Paghahangad ng mga Espirituwal na Kaloob," *Liahona,* Abr. 2016, 80.
19. Isaias 61:3.
20. Juan 16:33.



NI PANGULONG RUSSELL M. NELSON

# “Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin”

*Inaanyayahan tayo ni Jesucristo na tahakin ang landas ng tipan pabalik sa ating mga Magulang sa Langit at para makasama ang mga mahal natin sa buhay.*

Minamahal kong mga kapatid, kami ng asawa kong si Wendy ay nagagalak na makasama kayo sa umaga ng Sabbath na ito. Napakaraming naganap simula noong huling pangkalahatang kumperensya. Inilaan ang mga bagong templo sa Concepción, Chile; Barranquilla, Colombia; at Rome, Italy. Naranasan natin ang saganang pagbuhos ng Espiritu sa mga sagradong pangyayaring ito.

Binabati ko ang maraming kababaihan (at kalalakihan) na nagbasa kamakailan ng Aklat ni Mormon at nakatuklas ng kagalakan at mga nakatagong kayamanan. Nabigyang-inspirasyon ako ng mga ulat tungkol sa mga natanggap na himala.

Namamangha ako sa mga 11-anyos na binatilyo, na mga deacon na ngayon, na marapat na nagpapasa ng sakramento tuwing Linggo. Pumupunta sila sa templo kasama ng ating mga 11-anyos na dalagita, na ngayon ay sabik na natututo at naglilingkod bilang mga Beehive. Kapwa mga kabataang lalaki at kabataang babae ay nangangaral ng mga katotohanan ng ebanghelyo nang may kalinawan at matibay na paniniwala.

Lubos akong nagagalak para sa mga bata at kabataan na tumutulong na ituro ang ebanghelyo sa kanilang tahanan habang nakikipagtulungan sila sa kanilang mga magulang na sundin ang nakasentro sa tahanan at suportado ng Simbahan na kurikulum.

Natanggap namin ang larawang ito ng apat na taong gulang na si Blake, na kumuha ng isang libro ng Simbahan isang Sabado ng umaga at bumulalas ng “Kailangan kong pakainin ang aking espiritu!”



*Apat na taong gulang na si Blake, na nagsabing kailangang “pakainin ang aking espiritu.”*

Blake, labis kaming natutuwa sa iyo at sa iba pa na pinipiling pakainin ang kanilang espiritu sa pagpapakabusog sa mga katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. At nagagalak kami na malaman na marami ang nakatatanggap ng kapangyarihan ng Diyos sa kanilang buhay habang sila ay sumasamba at naglilingkod sa templo.

Tulad ng alam ng marami sa inyo, ang aming pamilya ay nakaranas ng malungkot na paghihiwalay tatlong buwan na ang lumipas nang pumanaw ang anak naming si Wendy. Sa mga huling araw ng kanyang pakikibaka sa kanser, mapalad ako na nakapag-usap kaming mag-ama para mamaalam.

Hinawakan ko ang kanyang mga kamay at sinabi sa kanya kung gaano ko siya kamahal at kung gaano kalaki ang pasasalamat ko na maging ama niya. Sinabi ko: “Ikinasal ka sa templo at matapat na tinupad ang iyong mga tipan. Kayo ng asawa mo ay malugod na tinanggap ang pitong anak sa inyong tahanan at pinalaki sila na maging matatapat ng disipulo ni Jesucristo, magigiting na miyembro ng Simbahan, at mga mamamayang tumutulong. At pumili sila ng mga asawa na may mga katangiang katulad ng sa kanila. Labis kang ipinagmamalaki ng iyong daddy. Napakalaki ng kagalakang ibinigay mo sa akin!”

Tahimik siyang tumugon ng, “Salamat po, Daddy.”

Emosyonal na sandali iyon para sa amin na puno ng mga luha. Sa kanyang 67 taon, gumawa kami nang magkasama, kumanta nang magkasama, at madalas na nag-ski nang magkasama. Subalit nang gabing iyon, nag-usap kami tungkol sa mga bagay na pinakamahalaga, tulad ng mga tipan, ordenansa, pagsunod, pananampalataya, pamilya, katapatan, pagmamahal, at buhay na walang hanggan.

Labis kaming nangungulila sa aming anak. Gayunman, dahil sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, hindi kami nag-aalala para sa kanya. Habang patuloy naming tinutupad ang aming mga tipan sa Diyos, namumuhay

kami nang may pananabik na makasama siyang muli. Samantala, pinaglilingkuran namin ang Panginoon dito at pinaglilingkuran niya ang Panginoon doon—sa paraiso.[1]

Katunayan, binisita namin ng asawa ko ang Paradise sa simula ng taong ito—ang Paradise, California. Dahil sa nangyari, ang aming nakaiskedyul na pagbisita doon ay naganap nang kulang sa 40 oras matapos pumanaw ang aming anak mula sa mundong ito. Kami, kasama si Elder Kevin W. Pearson at ang asawa niyang si June, ay pinalakas ng mga Banal ng Chico California Stake. Nalaman namin ang kanilang malaking pananampalataya, ang kanilang ministering, at ang mga himalang naganap sa kabila ng mga nawala sa kanila dahil sa mapaminsalang sunog sa kagubatan sa kasaysayan ng California.

Habang naroon, matagal naming nakausap ang isang batang pulis, si John, na isa sa matatapang na naunang rumesponde. Nagbalik-tanaw siya sa makapal na kadiliman na bumalot sa Paradise noong Nobyembre 8, 2018, habang ang apoy at baga ay mabilis na kumalat sa bayan, nilalamon ang mga gamit at ari-arian na tulad ng isang salot at walang iniiwan kundi mga bunton ng abo at puro laryong tsimenea.

Sa loob ng 15 oras, nagmaneho si John sa di madaanang kadiliman na puno ng nagliliparang mga alipato habang isa-isa niyang tinulungang maging ligtas ang mga tao at pamilya—lahat ng ito sa gitna ng panganib sa kanyang buhay. Gayunman sa gitna ng nakahahapong kakila-kilabot na karanasang iyon, ang labis na nagbigay



*Sa pagbisita sa Paradise, California, nalaman ni Pangulong Nelson ang malaking pananampalataya, paglilingkod at mga himala doon.*



ng pangamba kay John ay ang pinakamahalaga niyang tanong: "*Nasaan* ang *aking* pamilya?" Matapos ang napakahaba at nakakatakot na mga oras ng pagdurusa, nalaman niya sa wakas na ligtas silang nakalikas.

Ang salaysay tungkol sa pag-aalala ni John sa kanyang pamilya ang nagudyok sa akin na magsalita ngayon sa inyo na maaaring nagtatanong habang papalapit sa katapusan ang buhay ninyo dito sa mundo, "*Nasaan* ang *aking* pamilya?" Sa araw na iyon kapag natapos na ang inyong pagsubok sa buhay na ito at papasok na kayo sa mundo ng mga espiritu, haharapin ninyo ang makadurog-pusong tanong na iyon: "*Nasaan* ang *aking* pamilya?"

Itinuturo ni Jesucristo ang daan pabalik sa ating tahanan sa langit. Nauunawaan Niya nang higit kaysa sinuman sa atin ang plano ng walang hanggang pag-unlad ng ating Ama sa Langit. Ito ay dahil Siya rin naman ang saligang bato ng lahat ng ito. Siya ang ating Manunubos, ang ating Manggagamot, at ang ating Tagapagligtas.

Mula nang pinalayas sina Adan at Eva sa Halamanan ng Eden, ibinigay ni Jesus na siyang Cristo ang Kanyang makapangyarihang bisig para tulungan ang lahat ng pumipiling sumunod sa Kanya. Paulit-ulit na itinala sa mga banal na kasulatan na sa kabila ng lahat ng uri ng kasalanan mula sa lahat ng uri ng tao, ang Kanyang mga bisig ay nananatiling nakaunat sa atin.[2]

Ang espiritu sa bawat isa sa atin ay likas na nagnanais na tumagal ang pagmamahalan ng pamilya magpakailanman. Ang mga awitin ng pag-ibig ay nagbibigay ng maling pag-asa na pagmamahal lang ang kailangan kung gusto ninyong magkasama magpakailanman. At ang ilan ay may maling paniniwala na ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo ay may pangako na makakasama ng lahat ng tao ang kanilang mga mahal sa buhay pagkatapos ng buhay na ito.

Ang totoo, nilinaw nang husto ng Tagapagligtas mismo na bagamat tinitiyak ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli na ang bawat tao na nabuhay ay tiyak na mabubuhay na mag-uli at mabubuhay magpakailanman,[3] higit pa rito ang kailangan kung gusto nating magkaroon ng mataas na pribilehiyo ng kadakilaan. Ang kaligtasan ay responsibilidad ng bawat indibiduwal, ngunit ang kadakilaan ay responsibilidad ng pamilya.

Pakinggan ang mga salita ng Panginoong Jesucristo sa Kanyang propeta: "Lahat ng tipan, kasunduan, pagkakabigkis, pananagutan, sumpaan, panata, gawain, kaugnayan, samahan, o inaasahan, na hindi ginawa at ipinasok sa at ibinuklod ng Banal na Espiritu ng pangako . . . ay walang bisa, kapangyarihan, o lakas sa at pagkaraan ng pagkabuhay na maguli mula sa patay; sapagkat lahat ng kasunduan na hindi ginawa sa layuning ito ay may katapusan kapag patay na ang mga tao."[4]

Kaya, ano ang kailangan para dakilain ang isang pamilya magpakailanman? Nagiging marapat tayo sa pribilehiyong *iyon* sa pakikipagtipan sa Diyos, pagtupad sa mga tipang iyon, at pagtanggap ng mga kinakailangang ordenansa.

Ito ay totoo magmula pa sa simula ng panahon. Sina Adan at Eva, Noe at ang kanyang asawa, Abraham at Sara, Lehi at Saria, at ang lahat ng iba pang matatapat na disipulo ni Jesucristo—mula pa nang nilikha ang mundo—ay gumawa ng *katulad* na mga tipan sa Diyos. Tumanggap sila ng *katulad* na mga ordenansa na tinatanggap nating mga miyembro ng ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon ngayon: ang mga tipan na natanggap natin sa binyag at sa templo.

Inaanyayahan ng Tagapagligtas ang lahat na sundan Siya sa mga tubig ng binyag at, kalaunan, ay makipagtipan pa sa Diyos sa templo at tanggapin at maging matapat sa mga karagdagang kinakailangang ordenansang iyon. Ang lahat ng ito ay kinakailangan kung gusto nating madakilang kasama ng ating pamilya at ng Diyos magpakailanman.

Masakit sa puso ko na marami sa mga tao na aking minamahal, hinahangaan, at iginagalang ay tumatanggi sa Kanyang paanyaya. Binabalewala nila ang mga pakiusap ni Jesucristo kapag nag-aanyaya Siya na, "Pumarito ka, sumunod ka sa akin."[5]

Nauunawaan ko kung bakit umiiyak ang Diyos.[6] Umiiyak din ako para sa mga kaibigan at kamag-anak kong iyon. Kahanga-hanga silang kalalakihan at kababaihan na mapagmahal sa kanilang mga pamilya at matapat sa kanilang mga tungkulin sa lipunan. Bukas-palad silang nagbibigay ng kanilang oras, lakas, at kabuhayan. At nagiging mas mabuti ang mundo dahil sa kanilang mga ginagawa. Subalit pinili nilang *hindi* gumawa ng mga tipan sa Diyos. Hindi nila tinanggap ang mga ordenansa na magpapadakila sa kanila kasama ang kanilang pamilya at magbibigkis para magkasama-sama sila magpakailanman.[7]

Kung maaari ko lang sana silang kausapin at anyayahan na pag-isipang mabuti ang nagbibigay-kakayahang mga batas ng Panginoon. Iniisip ko kung ano kaya ang maaari kong sabihin para madama nila kung gaano sila kamahal ng Tagapagligtas, para malaman nila kung gaano ko sila kamahal, at para maunawaan nila kung paano



makatatanggap ang mga babae at lalaki na tumutupad sa tipan, ng "ganap na kagalakan".[8]

Kailangan nilang maunawaan na kahit *may* lugar para sa kanila sa kabilang-buhay—kasama ng mga kahanga-hangang lalaki at babae na pumili rin na *hindi* gumawa ng mga tipan sa Diyos—*hindi* iyon ang lugar kung saan magsasamang muli ang mga pamilya at mabibigyan ng pribilehiyo na mabuhay at umunlad magpakailanman. *Hindi* iyon ang kaharian kung saan nila mararanasan ang ganap na kagalakan—ng walang hanggang pag-unlad at kaligayahan.[9] Ang mga pinakadakilang pagpapalang iyon ay darating lamang sa pamumuhay sa dakilang selestiyal na kaharian kasama ng Diyos, na ating Amang Walang Hanggan; ng Kanyang Anak na si Jesucristo; at ng ating kahanga-hanga, marapat, at kwalipikadong mga kapamilya.

Gusto kong sabihin sa mga kaibigan kong nag-aalinlangan:

"Sa buhay na ito, ayaw ninyo ang anumang bagay na ikalawa lamang sa pinakamainam. Gayon man, dahil pinipigilan ninyo ang inyong sarili na yakapin nang lubos ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, tinatanggap ninyo ang ikalawa lamang sa pinakamainam.

"Sinabi ng Tagapagligtas, 'Sa bahay ng aking Ama ay maraming mansiyon.'[10] Gayon man, kapag pinipili ninyo na *hindi* makipagtipan sa Diyos, tinatanggap ninyo ang manipis na bubungan sa ibabaw ng inyong mga uluhan sa buong kawalang-hanggan."

Daragdagan ko ang aking paanyaya sa mga kaibigan kong nag-aalinlangan sa pagsasabing:

"Ibuhos sa Diyos ang inyong niloloob. Itanong sa Kanya kung ang mga bagay na ito ay totoo. Maglaan ng oras para pag-aralan ang Kanyang mga salita. Mag-aral nang husto! Kung talagang mahal ninyo ang inyong pamilya at kung nais ninyong madakila kasama nila sa buong kawalang hanggan, pagtrabahuhan ito ngayon—sa pag-aaral nang mabuti at taimtim na panalangin—para malaman ang mga walang-hanggang katotohanang ito at pagkatapos ay sundin ang mga ito.

"Kung hindi ninyo tiyak kung naniniwala nga ba kayo sa Diyos, magsimula roon. Unawain na ang kawalan ng mga karanasan sa Diyos ang maaaring dahilan ng pagdududa na mayroong Diyos. Kaya, ilagay ang inyong sarili sa posisyon na masimulang magkaroon ng mga karanasan sa Kanya. Magpakumbaba. Manalangin na magkaroon ng mga mata na makakakita sa kamay ng Diyos sa inyong buhay at sa mundong nakapaligid sa inyo. Hilingin sa Kanya na sabihin sa inyo kung naroroon Siya talaga—kung nakikilala Niya kayo. Tanungin Siya kung ano ang nadarama Niya para sa inyo. At pagkatapos ay makinig."

Ang isang mahal kong kaibigan ay may kakaunting karanasan sa Diyos. Ngunit nais niyang makasama ang kanyang pumanaw na asawa. Kaya hiniling niya na tulungan ko siya. Hinikayat ko siya na makipagkita sa ating mga missionary para maunawaan ang doktrina ni Cristo at matutuhan ang mga tipan, ordenansa, at pagpapala ng ebanghelyo.

Ginawa niya iyon. Ngunit nadama niya na ang ipinayo nilang landas ay humihiling ng napakaraming pagbabago sa kanyang buhay. Sinabi niya, "Ang mga kautusan at tipang iyon ay talagang napakahirap para sa akin. At,

hindi ko kayang magbayad ng ikapu, at wala akong panahong maglingkod sa Simbahan." Pagkatapos ay hiniling niya sa akin, "Kapag namatay ako, pakigawa mo ang mga kinakailangang gawain sa templo para sa amin ng asawa ko para magkasama kaming muli."

Mabuti na lang, hindi ako ang hahatol sa lalaking ito. Pero nagdududa ako sa bisa ng mga proxy na gawain sa templo para sa isang lalaki na nagkaroon ng pagkakataon na mabinyagan sa buhay na ito—na maorden sa priesthood at matanggap ang mga pagpapala sa templo habang narito sa buhay na ito—ngunit kusang nagdesisyon na tanggihan ang landas na iyon.


Minamahal kong mga kapatid, inaanyayahan tayo ni Jesucristo na tahakin ang landas ng tipan pabalik sa ating mga Magulang sa Langit at makasama ang mga mahal natin sa buhay. Inaanyayahan Niya tayong "pumarito ka, sumunod ka sa akin."

Ngayon, bilang Pangulo ng Kanyang Simbahan, nakikiusap ako sa inyong mga lumayo sa Simbahan at sa inyo na hindi pa talaga naghangad na makaalam na ipinanumbalik na ang Simbahan ng Tagapagligtas. Gawin ang espirituwal na gawain para malaman ninyo ito mismo, at gawin na ito ngayon. Paubos na ang oras.

Pinatototohanan ko na ang Diyos ay buhay! Si Jesus ang Cristo. Ang Kanyang Simbahan at ang kabuuan ng Kanyang ebanghelyo ay ipinanumbalik na para pagpalain ang ating buhay ng kagalakan, dito at sa kabilang-buhay. Ito ang patotoo ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Alma 40:12–14.
2. Tingnan sa Jeremias 27:5; Mateo 23:37; Lucas 13:34; Alma 5:33; 3 Nephi 9:14.
3. Ang Pagkabuhay na Mag-uli ay darating sa lahat dahil sa pagdaig ni Cristo sa kamatayan (tingnan sa Alma 11:41–45; 40; Doktrina at mga Tipan 76; Moises 7:62).
4. Doktrina at mga Tipan 132:7.
5. Lucas 18:22.
6. Tingnan sa Juan 11:35; Moises 7:28–29.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:50–70.
8. Doktrina at mga Tipan 138:17.
9. Tingnan sa Mosias 2:41; Alma 28:12.
10. Juan 14:2.



**Sesyon sa Linggo ng Hapon**

NI PANGULONG DALLIN H. OAKS
*Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan*

# Nalinis sa Pamamagitan ng Pagsisisi

*Dahil sa plano ng Diyos at sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, tayo ay maaaring maging malinis sa pamamagitan ng proseso ng pagsisisi.*

Sa buhay na ito, nasasaklawan tayo ng mga batas ng tao at mga batas ng Diyos. Nagkaroon ako ng hindi pangkaraniwang karanasan na maghatol sa matitinding maling gawain sa ilalim ng dalawang batas na ito—bilang hukom ng Utah Supreme Court noon at bilang miyembro ngayon ng Unang Panguluhan. Ang nalaman kong pagkakaiba ng mga batas ng tao at ng mga batas ng Diyos ay nagpaibayo ng aking pasasalamat sa katotohanan at kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Sa ilalim ng mga batas ng tao, ang isang taong nakagawa ng pinakamabibigat na krimen ay maaaring mahatulan ng habambuhay na pagkabilanggo nang walang posibilidad na mabigyan ng parole. Ngunit hindi ganito sa maawaing plano ng mapagmahal na Ama sa Langit. Nasaksihan ko na ang kaparehong mga kasalanang ito ay maaaring mapatawad sa buhay na ito dahil sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas para sa mga kasalanan ng "lahat ng yaong may bagbag na puso at nagsisising espiritu" (2 Nephi 2:7). Nanunubos si Cristo, at ang Pagbabayad-sala Niya ay totoo.





Ang mapagmahal na awa ng ating Tagapagligtas ay ipinahayag sa napakagandang himnong kakakanta lamang ng koro.

*Magsipaglapit kay Jesucristo,*
*Kung ikaw man ay naliligaw,*
*Kanyang pag-ibig ang S'yang aakay*
*Sa liwanag ng araw.*[1]

Ang nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo ay nagbubukas ng pinto para sa "lahat ng tao [upang] magsisi at lumapit sa kanya" (Doktrina at mga Tipan 18:11; tingnan din sa Marcos 3:28; 1 Nephi 10:18; Alma 34:8, 16). Ang aklat ni Alma ay naglalahad ng pagsisisi at kapatawaran maging ng mga tao na naging masasama at uhaw sa dugo (tingnan sa Alma 25:16; 27:27, 30). Ang aking mensahe ngayon ay mensahe ng pag-asa para sa ating lahat, kabilang ang mga taong nawala ang pagiging miyembro sa Simbahan sa pamamagitan ng pagkakatiwalag o pagtatanggal ng pangalan. Tayong lahat ay mga makasalanan na maaaring malinis sa pamamagitan ng pagsisisi. "Hindi madaling magsisi ng kasalanan," itinuro ni Elder Russell M. Nelson sa isang pangkalahatang kumperensiya noon. "Ngunit sulit ang kapalit nito."[2]

## I. Pagsisisi

Ang pagsisisi ay nagsisimula sa Tagapagligtas, at ito ay isang kagalakan, hindi isang pasanin. Sa pinakahuling Pamaskong debosyonal noong Disyembre, itinuro ni Pangulong Nelson: "Ang tunay na pagsisisi ay hindi isang pangyayari. Ito ay isang walang-hanggang pribilehiyo. Ito ay *napakahalaga* sa pag-unlad at pagkakaroon ng kapayapaan ng isip, kapanatagan, at kagalakan."[3]

Ang ilan sa pinakadakilang turo tungkol sa pagsisisi ay nasa sermon ni Alma sa Aklat ni Mormon sa mga miyembro ng Simbahan na kalaunan ay inilarawan niya na nasa kalagayan ng "labis na kawalang-paniniwala," "naiangat sa . . . kapalaluan," at ang mga puso ay inilagak "sa mga kayamanan at sa mga walang kabuluhang bagay ng sanlibutan" (Alma 7:6). Ang bawat miyembro ng ipinanumbalik na Simbahang ito ay maraming matututuhan mula sa mga inspiradong turo ni Alma.

Nagsisimula tayo sa pananampalataya kay Jesucristo, dahil "siya itong paparito upang alisin ang mga kasalanan ng sanlibutan" (Alma 5:48). Kailangan tayong magsisi dahil, tulad ng itinuro ni Alma, "maliban kung kayo ay magsisisi hindi kayo sa anumang paraan magmamana ng kaharian ng langit" (Alma 5:51). Ang pagsisisi ay mahalagang bahagi ng plano ng Diyos. Dahil ang lahat ay magkakasala sa buhay na ito at mawawalay mula sa piling ng Diyos, ang tao ay hindi "maliligtas" kung walang pagsisisi (Alma 5:31; tingnan din sa Helaman 12:22).

Ito ay itinuro na sa simula pa lamang. Iniutos ng Panginoon kay Adan, "Ituro ito sa iyong mga anak, na ang lahat ng tao, sa lahat ng dako, ay kinakailangang magsisi, o sila sa anumang paraan ay hindi makamamana ng kaharian ng Diyos, sapagkat walang maruming bagay ang makatatahan doon, o makatatahan sa kanyang kinaroroonan" (Moises 6:57). Kailangan nating magsisi sa lahat ng ating mga kasalanan—lahat ng ating mga ginawa o hindi ginawa na salungat sa mga kautusan ng Diyos. Dapat itong gawin ng lahat. Kagabi lamang ay hinimok tayo ni Pangulong Nelson, "Mga kapatid, kailangan nating lahat na magsisi."[4]

Para malinis sa pamamagitan ng pagsisisi, kailangan nating talikuran ang ating mga kasalanan at aminin ang mga ito sa Panginoon at sa Kanyang mortal na tagahatol kung kinakailangan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 58:43). Itinuro ni Alma na kailangan nating "gumawa ng mga gawa ng kabutihan" (Alma 5:35). Ang lahat ng ito ay bahagi ng madalas na paanyaya mula sa mga banal na kasulatan na lumapit kay Cristo.

Kailangan nating makibahagi ng sakramento tuwing araw ng Sabbath. Sa ordenansang iyan, gumagawa tayo ng mga tipan at tumatanggap ng mga pagpapala na tumutulong sa atin na mapaglabanan ang lahat ng mga gawain at pagnanais na humahadlang sa atin sa pagiging perpekto na siya ring paanyaya ng Tagapagligtas na kamtin natin (tingnan sa Mateo 5:48; 3 Nephi 12:48). Kapag "pinagkakaitan [natin] ang [ating mga] sarili ng lahat ng kasamaan, at iibigin ang Diyos nang buo [nating] kakayahan, pag-iisip at

lakas," kung gayon tayo ay maaaring maging "ganap kay Cristo" at maging "pinabanal" sa pamamagitan ng pagbubuhos ng Kanyang dugo para "maging banal, na walang bahid-dungis" (Moroni 10:32–33). Napakagandang pangako! Kaylaking himala! Kaylaking pagpapala!

### II. Pananagutan at mga Paghatol ng Tao

Ang isang layunin ng plano ng Diyos para sa mortal na karanasan na ito ay ang "subukin" tayo "upang makita kung [ating] gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa [atin] ng Panginoon [nating] Diyos" (Abraham 3:25). Bilang bahagi ng plano, tayo ay may pananagutan sa Diyos at sa Kanyang mga piniling tagapaglingkod, at ang pananagutang iyon ay nangangailangan ng kapwa mga paghatol ng tao at ng Diyos.

Sa Simbahan ng Panginoon, ang mga paghatol ng tao para sa mga miyembro o magiging miyembro ay ginagawa ng mga lider na naghahangad ng patnubay ng Diyos. Responsibilidad nila na hatulan ang mga tao na nagnanais na lumapit kay Cristo para matanggap ang kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala sa landas ng tipan tungo sa buhay na walang hanggan. Ang mga paghatol ng tao ang tutukoy kung ang tao ay handa nang mabinyagan. Ang tao bang ito ay marapat para sa isang recommend para makadalo sa templo? Ang tao bang ito na naalis ang pangalan mula sa mga rekord ng Simbahan ay nagsisi na nang husto sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo para muling tanggapin sa pamamagitan ng binyag?

Kung ang isang mortal na hukom na tinawag ng Diyos ay nagpahintulot sa isang tao na patuloy na umunlad, tulad ng pagkakaroon ng mga pribilehiyo sa templo, hindi niya ipinahihiwatig na ang taong iyon ay perpekto, at hindi siya ang nagpapatawad sa anumang kasalanan. Itinuro ni Elder Spencer W. Kimball na pagkatapos ng "pag-aalis [ng] mga parusa" sa buhay na ito, "kailangan ring hingin at matanggap [ng taong ito] ang kapatawaran mula sa Diyos ng kalangitan sa pamamagitan ng pagsisisi, dahil siya lamang ang maaaring magpatawad."[5] At kung ang makasalanang mga gawain at pagnanais ay hindi pa rin napagsisihan hanggang sa Huling Paghuhukom, ang taong hindi nagsisi ay mananatiling marumi. Ang lubos na pananagutan, kabilang na ang huling nakalilinis na epekto ng pagsisisi, ay nasa pagitan ng bawat isa sa atin at ng Diyos.

### III. Pagkabuhay na Mag-uli at ang Huling Paghuhukom

Ang paghuhukom na pinakakaraniwang inilalarawan sa mga banal na kasulatan ay ang Huling Paghuhukom na magaganap pagkatapos ng Pagkabuhay na Mag-uli (tingnan sa 2 Nephi 9:15). Maraming banal na kasulatan ang nagsasabi na "tayong lahat ay tatayo sa hukuman ng Dios" (Mga Taga Roma 14:10; tingnan din sa 2 Nephi 9:15; Mosias 27:31) "upang hatulan alinsunod sa mga gawang kanilang ginawa sa katawang-lupa" (Alma 5:15; tingnan din sa Apocalipsis 20:12; Alma 41:3; 3 Nephi 26:4). Ang lahat ay hahatulan "alinsunod sa kanilang mga gawa" (3 Nephi 27:15) at "alinsunod sa [mga] pagnanais ng kanilang mga puso" (Doktrina at mga Tipan 137:9; tingnan din sa Alma 41:6).

Ang layunin ng Huling Paghuhukom na ito ay upang malaman kung nagawa natin ang inilalarawan ni Alma na isang "malaking pagbabago ng puso" (tingnan sa Alma 5:14, 26), kung saan tayo ay nagiging mga bagong nilalang na "wala nang hangarin pang gumawa ng masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti" (Mosias 5:2). Ang hukom nito ay ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo (tingnan sa Juan 5:22; 2 Nephi 9:41). Pagkatapos ng Kanyang paghatol, tayong lahat ay magsasabi "na ang kanyang mga paghahatol ay makatarungan" (Mosias 16:1; tingnan din sa 27:31; Alma 12:15), dahil nalalaman Niya ang lahat ng bagay (tingnan sa 2 Nephi 9:15, 20), Siya ay may perpektong kaalaman sa lahat ng ating mga gawain at pagnanais, kapwa sa mga matwid o napagsisihan at sa mga hindi matwid o hindi napagsisihan o hindi binago.

Inilarawan sa mga banal na kasulatan *ang proseso* ng Huling Paghuhukom na ito. Itinuro ni Alma na kinakailangan sa katarungan ng ating Diyos na ang "lahat ng bagay ay manumbalik sa kanilang wastong kaayusan" (Alma 41:2) sa Pagkabuhay na Mag-uli. Nangangahulugan ito na "kung ang kanilang mga gawa sa buhay na ito ay mabuti, at ang mga pita ng kanilang mga puso ay mabuti, . . . sa huling araw, [sila] ay manunumbalik doon sa mabuti" (Alma 41:3). Tulad nito, "kung ang kanilang mga gawa [o ang kanilang mga pagnanais] ay masama, ito ay manunumbalik sa kanila sa masama" (Alma 41:4–5; tingnan din sa Helaman 14:31). Tulad din nito, itinuro ng propetang si Jacob na sa Huling Paghuhukom "sila na mabubuti ay mananatili pa ring mabubuti, at sila na marurumi ay mananatili pa ring marurumi" (2 Nephi 9:16; tingnan din sa Mormon 9:14; 1 Nephi 15:33). Iyan ang proseso bago tayo tumayo sa tinatawag ni Moroni na "nakalulugod na hukuman ng dakilang Jehova, ang Walang Hanggang Hukom ng kapwa buhay at patay" (Moroni 10:34; tingnan din sa 3 Nephi 27:16).

Para matiyak na magiging malinis tayo sa harapan ng Diyos, kailangan nating magsisi *bago* ang Huling Paghuhukom (tingnan sa Mormon 3:22). Tulad ng sinabi ni Alma sa kanyang makasalanang anak, hindi natin maitatago ang ating mga kasalanan sa Diyos "at *maliban kung ikaw ay magsisisi*, ang mga ito ay tatayo bilang patotoo laban sa iyo sa huling araw" (Alma 39:8; idinagdag ang pagbibigay-diin). Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay nagbibigay sa atin ng nag-iisang paraan para makamit ang kailangang paglilinis sa pamamagitan ng pagsisisi, at ang buhay na ito ang panahon para gawin ito. Bagamat itinuro sa atin na ang ilang pagsisisi ay maaaring maganap sa mundo ng mga espiritu (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:31, 33, 58), iyan ay hindi kasing tiyak ng pagsisisi sa mundong ito. Itinuro ni Elder Melvin J. Ballard: "Higit na mas madali na magtagumpay at paglingkuran ang Panginoon kapag magkasama ang laman at ang espiritu. Ito ang panahon



kung kailan ang mga tao ay mas naiimpluwensiyahan at nakakatugon. . . . Ang buhay na ito ang panahon upang magsisi."[6]

Kapag tayo ay nagsisisi, tinitiyak sa atin ng Panginoon na ang ating mga kasalanan, kabilang na ang ating mga gawa at pagnanais, ay malilinis at ang ating huling hukom na maawain ay "hindi na [ma]aalaala ang mga ito" (Doktrina at mga Tipan 58:42; tingnan din sa Isaias 1:18; Jeremias 31:34; Mga Hebreo 8:12; Alma 41:6; Helaman 14:18–19). Nalinis sa pamamagitan ng pagsisisi, tayo ay maaaring maging marapat para sa buhay na walang hanggan, na inilarawan ni Haring Benjamin na "[pananahanang] kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan" (Mosias 2:41; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 14:7).

Bilang isa pang bahagi ng "plano ng panunumbalik" ng Diyos (Alma 41:2), ipanunumbalik ng Pagkabuhay na Maguli ang "lahat ng bagay . . . sa kanilang wasto at ganap na anyo" (Alma 40:23). Kabilang dito ang pagiging perpekto ng lahat ng ating mga *pisikal* na kapansanan at depekto ng katawan sa buhay na ito, kabilang na ang mga kapansanan o karamdaman mula sa pagsilang o sanhi ng trauma o sakit.

Gagawin bang perpekto ng panunumbalik na ito ang lahat ng ating mga hindi banal o hindi nasupil na mga pagnanasa o adiksiyon? Hindi ito mangyayari. Nalaman natin mula sa paghahayag sa panahong ito na tayo ay hahatulan ayon sa ating mga *pagnanais* gayundin sa ating mga gawa (tingnan sa Alma 41:5; Doktrina at mga Tipan 137:9) at maging ang ating mga *iniisip* ay magpapahamak sa atin (tingnan sa Alma 12:14). Hindi natin dapat "ipagpaliban ang araw ng [ating] pagsisisi" hanggang kamatayan, ayon sa itinuro ni Amulek (Alma 34:33), dahil ang parehong espiritu na nag-aangkin ng ating katawan sa buhay na ito—sa Panginoon man ito o sa diyablo—"ang may kapangyarihan na angkinin ang [ating] katawan sa walang hanggang daigdig na yaon" (Alma 34:34). Ang ating Tagapagligtas ang may kapangyarihan at handang linisin tayo mula sa kasamaan. Ngayon ang panahon para hangarin ang Kanyang tulong para mapagsisihan natin ang ating mga masasama o hindi marapat na mga pagnanais at iniisip para maging malinis at handa tayo na tumayo sa harapan ng Diyos sa Huling Paghuhukom.

## IV. Ang mga Bisig ng Awa

Nangingibabaw sa plano ng Diyos at sa lahat ng Kanyang mga kautusan ang Kanyang pagmamahal sa bawat isa sa atin, na "pinakakanais-nais sa lahat ng bagay . . . at ang labis na nakalulugod sa kaluluwa" (1 Nephi 11:22–23). Tiniyak ng propetang si Isaias maging sa masasama na kapag sila ay "[n]anumbalik . . . sa Panginoon . . . kaaawaan niya [sila] . . . [at patatawarin nang] sagana" (Isaias 55:7). Itinuro ni Alma, "Masdan, siya ay nagpadala ng paanyaya sa lahat ng tao, sapagkat ang mga bisig ng awa ay nakaunat sa kanila" (Alma 5:33; tingnan din sa 2 Nephi 26:25–33). Sinabi ng nagbangon na Tagapagligtas sa mga Nephita, "Masdan, ang aking bisig ng awa ay nakaunat sa inyo, at kung sinuman ang lalapit, siya ay tatanggapin ko" (3 Nephi 9:14). Mula sa mga ito at sa marami pang ibang mga turo sa mga banal na kasulatan, nalalaman natin na nakabukas ang mga bisig ng ating mapagmahal na Tagapagligtas para tanggapin ang lahat ng lalaki at babae ayon sa mapagmahal na kondisyon na ibinigay Niya para matamasa ang pinakamalalaking pagpapala ng Diyos para sa Kanyang mga anak.[7]

Dahil sa plano ng Diyos at sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, nagpapatotoo ako nang may "ganap na kaliwanagan ng pag-asa" na minamahal tayo ng Diyos at tayo ay *maaaring* maging malinis sa pamamagitan ng proseso ng pagsisisi. Ipinangako sa atin na "kung [t]ayo ay magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan" (2 Nephi 31:20). Nawa'y magawa nating lahat ito, ang aking pagsusumamo at dalangin, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. "Magsipaglapit kay Jesucristo," *Mga Himno,* blg. 68.
2. Russell M. Nelson, "Pagsisisi at Pagbabalik-loob," *Liahona,* Mayo 2007, 102.
3. Russell M. Nelson, "Ang Apat Na Regalong Inihahandog ni Jesucristo sa Inyo" (Pamaskong Debosyonal ng Unang Panguluhan 2018, Dis. 2, 2018), broadcasts.ChurchofJesusChrist.org.
4. Russell M. Nelson, "Maaari Tayong Gumawa nang Mas Mahusay at Maging Mas Mahusay," *Liahona,* Mayo 2019, 69.
5. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball (1982), 101.
6. Melvin J. Ballard, sa Melvin R. Ballard, *Melvin J. Ballard: Crusader for Righteousness* (1966), 212–13.
7. Tingnan sa Tad R. Callister, *The Infinite Atonement* (2000), 27–29.



NI ELDER JUAN PABLO VILLAR
*Ng Pitumpu*

# Paggamit ng Ating mga Espirituwal na Kalamnan

*Tulad ng pagbabasa at pag-aaral ng tungkol sa mga kalamnan ay hindi sapat para palakasin ang kalamnan, ang pagbabasa at pag-aaral ng tungkol sa pananampalataya nang walang dagdag na pagkilos ay hindi sapat para palakasin ang pananampalataya.*

Nagpapasalamat ako para sa biyaya ng pagkakaroon ng pisikal na katawan, na isang kamangha-manghang kaloob mula sa ating Ama sa Langit. Ang ating mga katawan ay may mahigit 600 kalamnan.[1] Maraming kalamnan ang nangangailangan ng ehersisyo para maging handa ang mga ito sa pagsasagawa ng ating mga aktibidad araw-araw. Maaari tayong magbasa at mag-aral nang husto tungkol sa ating mga kalamnan, ngunit kung iniisip natin na mapapalakas nito ang ating mga kalamnan, mabibigo lamang tayo. Lumalakas lamang ang ating mga kalamnan kapag ginagamit natin ang mga ito.

Napagtanto ko na gayon din ang mga espirituwal na kaloob. Kailangan ding gamitin ang mga ito para lumakas. Ang espirituwal na kaloob na pananampalataya, halimbawa, ay hindi lamang isang pakiramdam o nasasaloob; ito ay isang alituntunin ng pagkilos na madalas makita sa mga banal na kasulatan na karugtong ng pandiwang *gamitin*.[2] Tulad ng pagbabasa at pag-aaral ng tungkol sa mga kalamnan ay hindi sapat para palakasin ang kalamnan, ang pagbabasa at pag-aaral ng tungkol sa pananampalataya nang walang dagdag na pagkilos ay hindi sapat para palakasin ang pananampalataya.

Noong 16 na taong gulang ako, umuwi isang araw ang panganay kong kapatid na si Ivan, na 22 taong gulang noon, at may ibinalita sa pamilya. Nagpasiya siyang magpabinyag sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Tiningnan siya ng aming mga magulang nang bahagyang may pagdududa, at naaalala ko na hindi ko lubos na naunawaan ang nangyayari. Pagkaraan ng isang taon o mahigit pa, may isa pa siyang nakakagulat na balita: nagpasiya siyang maglingkod bilang isang missionary ng Simbahan, na nangangahulugang dalawang taon namin siyang hindi makikita. Hindi natuwa ang mga magulang ko sa balitang ito; gayunman, nakita ko sa kanya ang matibay na determinasyon na nagpatindi ng aking paghanga sa kanya at sa ginawa niyang desisyon.

Ilang buwan kalaunan, habang nasa misyon si Ivan, nagkaroon ako ng pagkakataong magplano ng isang bakasyon kasama ng ilan sa aking mga kaklase. Gusto naming ipagdiwang ang pagtatapos namin sa high school at magpalipas ng ilang araw sa beach.

Sumulat ako sa aking kapatid na missionary, na binabanggit ang aking mga plano para sa bakasyon sa tag-init. Sumagot siya na madaraanan ko ang bayan kung saan siya naglilingkod papunta sa aking destinasyon. Nagpasiya ako na magandang ideya na tumigil doon saglit at bisitahin siya. Kalaunan ko na nalaman na hindi pala dapat bisitahin ng pamilya ang mga missionary.

Naisaayos ko na ang lahat. Naaalala ko na habang nakaupo ako sa bus, iniisip ko ang pagsasaya na gagawin namin ni Ivan sa maganda at maaliwalas na araw na iyon. Kami ay mag-aalmusal, mag-uusap, maglalaro sa buhangin, magbibilad sa araw—magiging masaya kami!

Pagdating ng bus sa terminal, nakita kong nakatayo si Ivan sa tabi ng isa pang binata, pareho silang nakasuot ng puting polo at kurbata. Bumaba ako sa bus, nagyakapan kami, at ipinakilala niya sa akin ang kanyang kompanyon. Para hindi maaksaya ang oras, sinabi ko kaagad kay Ivan ang aking mga plano para sa araw na iyon, pero hindi ko alam kung ano ang kanyang iskedyul. Tiningnan niya ako, ngumiti, at sinabing, "Sige! Gayunman, may mga kailangan muna kaming gawin. Gusto mo bang sumama sa amin?" Pumayag ako dahil inisip ko na magkakaroon pa kami ng sapat na oras para magpunta sa beach pagkatapos.



Noong araw na iyon, sa loob ng mahigit 10 oras, naglakad ako sa mga kalye ng bayang iyon kasama ng aking kapatid at ng kanyang kompanyon. Buong araw akong ngumiti sa mga tao. Binati ko ang mga taong hindi ko pa nakita kailanman. Kami ay nakipag-usap sa lahat, kumatok sa mga pintuan ng mga taong hindi namin kilala, at bumisita sa mga tinuturuan ng aking kapatid at ng kanyang kompanyon.

Sa isang pagbisita, nagturo ang aking kapatid at ang kanyang kompanyon tungkol kay Jesucristo at sa plano ng kaligtasan. Biglang huminto si Ivan at tumingin sa akin. Nagulat ako nang magalang niya akong inanyayahan na ibahagi ang aking opinyon tungkol sa itinuturo nila. Naging tahimik ang lahat ng nasa silid, at nakatingin silang lahat sa akin. Kahit medyo mahirap, sa wakas ay naisip ko rin ang sasabihin at ibinahagi ko ang aking damdamin tungkol sa Tagapagligtas. Hindi ko alam kung tama o mali ang sinabi ko. Hindi ako itinama ng aking kapatid kahit kailan; bagkus, pinasalamatan niya ako para sa pagbabahagi ng aking naisip at nadama.

Sa mga oras na iyon na magkasama kami, ang kapatid ko at ang kanyang kompanyon ay hindi gumugol ni isang minuto sa pagtuturo ng isang lesson na para lamang sa akin, pero mas marami akong natutuhan noon kaysa sa lahat ng nauna naming mga pag-uusap. Nasaksihan ko kung paano nagbago ang ekspresyon sa mga mukha ng mga tao nang matanggap nila ang espirituwal na liwanag sa kanilang buhay. Nakita ko kung paano nakasumpong ng pag-asa sa mga mensahe ang ilan sa kanila, at natutuhan ko kung paano maglingkod sa iba at kalimutan ang aking sarili at ang aking sariling mga hangarin. Ginawa ko noon kung ano ang itinuro ng Tagapagligtas: "Kung ang sinomang tao'y ibig sumunod sa akin ay tumanggi sa kaniyang sarili."[3]

Sa pagbabalik-tanaw, napagtanto ko na lumakas ang aking pananampalataya noong araw na iyon dahil binigyan ako ng aking kapatid ng oportunidad na gamitin iyon. Ginamit ko ang aking pananampalataya nang kami ay magbasa ng mga banal na kasulatan, maghanap ng mga tuturuan, magpatotoo, maglingkod sa iba, at iba pa. Hindi kami nagkaroon ng oras para makapagbilad sa araw noong araw na iyon, ngunit napuno ang aking puso ng liwanag mula sa langit. Wala akong nakita ni isang butil ng buhangin sa dalampasigan, ngunit nadama kong lumago ang aking pananampalataya katulad ng isang maliit na butil ng binhi ng mustasa.[4] Hindi ko ginugol ang maaliwalas na araw bilang isang turista, ngunit nagkaroon ako ng magagandang karanasan, at hindi ko namalayan na naging missionary ako—kahit hindi pa ako miyembro ng Simbahan!

## Mga Oportunidad para Mapalakas ang mga Espirituwal na Kalamnan

Dahil sa Panunumbalik ng ebanghelyo, maaari nating maunawaan kung paano tayo tinutulungan ng Ama sa Langit na magkaroon ng mga espirituwal na kaloob. Mas malamang na bibigyan Niya tayo ng mga oportunidad na paunlarin ang mga kaloob na iyon sa halip na ipagkaloob lang sa atin ang mga iyon nang walang espirituwal at pisikal na pagsisikap. Kung nakaayon tayo sa Kanyang Espiritu, matututo tayong tukuyin ang mga oportunidad na iyon at pagkatapos ay kumilos ayon doon.

Kung hangad nating magkaroon ng higit na pasensya, maaaring kailanganin nating gamitin iyon habang naghihintay ng isang sagot. Kung nais nating magkaroon ng higit na pagmamahal para sa ating kapwa, maaari natin itong pag-ibayuhin sa pamamagitan ng pagtabi sa isang taong hindi natin kilala sa simbahan. Gayon din sa pananampalataya: kapag pumapasok ang mga pagdududa sa ating mga isipan, kakailanganin nating magtiwala sa mga pangako ng Panginoon para makasulong. Sa ganitong paraan, nagagamit natin ang ating mga espirituwal na kalamnan at napapalakas ang mga ito upang mapagkunan ng lakas sa ating buhay.

Maaaring hindi ito magiging madali sa simula, at maaari pa nga itong maging isang malaking hamon sa atin. Ang mga salita ng Panginoon, sa pamamagitan ng propetang si Moroni, ay angkop sa atin ngayon: "At kung ang mga tao ay lalapit sa akin ay ipakikita ko sa kanila ang kanilang kahinaan. Ako ay nagbibigay ng kahinaan sa mga tao upang sila ay magpakumbaba; at ang aking biyaya ay sapat para sa lahat ng taong magpapakumbaba ng kanilang sarili sa aking harapan; sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon [o gagamit] ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila."[5]

Nagpapasalamat ako sa kapatid kong si Ivan, na hindi lamang ibinahagi sa akin ang ebanghelyo kundi inimbitahan din ako nang di-tuwiran na isabuhay iyon at tanggapin ang aking mga kahinaan. Tinulungan niya akong tanggapin ang paanyaya ng Panginoon: "Pumarito ka, sumunod ka sa akin"[6]—na gawin ang ginawa ng Tagapagligtas,

hangarin ang hinangad ng Tagapagligtas, at mahalin ang iba katulad ng pagmamahal sa atin ng Tagapagligtas. Makalipas ang ilang buwan, pagkatapos ng aking karanasan sa misyon, nagpasiya akong magpabinyag at magmisyon din.

Tanggapin natin ang paanyaya ni Pangulong Russell M. Nelson at buong pusong lumapit sa Tagapagligtas[7] sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kalamnang iyon na nangangailangan ng higit na espirituwal na aktibidad at simulang gamitin ang mga iyon. Ang buhay na ito ay isang mahabang karera, isang maraton, at hindi isang sprint o maikling takbuhan, kaya huwag ninyong kalimutan ang maliliit ngunit pang-araw-araw na mga espirituwal na aktibidad na iyon na magpapalakas sa mahahalagang espirituwal na kalamnang iyon. Kung nais nating palakasin ang ating pananampalataya, gumawa tayo ng mga bagay na nangangailangan ng pananampalataya.

Pinatototohanan ko na tayo ay mga anak ng mapagmahal na Ama sa Langit. Mahal tayo ng Kanyang Anak na si Jesucristo. Pumarito Siya sa mundong ito para ipakita sa atin ang daan at pagkatapos ay kusang ibinigay ang Kanyang buhay para bigyan tayo ng pag-asa. Inaanyayahan tayo ng Tagapagligtas na tularan ang Kanyang perpektong halimbawa, sumampalataya sa Kanya at sa Kanyang Pagbabayad-sala, at palakasin ang lahat ng espirituwal na kaloob na ibinigay sa atin. Siya ang daan. Ito ang aking patotoo sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. *Encyclopedia Britannica,* s.v. "Human Muscle System," huling binago noong Abr. 26, 2018, britannica.com/science/human-muscle-system.
2. Tingnan, halimbawa, sa, Alma 5:15; 32:27; 34:17; Moroni 7:25; Doktrina at mga Tipan 44:2.
3. Mateo 16:24.
4. Tingnan sa Lucas 17:6.
5. Eter 12:27.
6. Lucas 18:22.
7. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Magpatuloy Tayo," *Liahona,* Mayo 2018, 118–19.



NI ELDER GERRIT W. GONG
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Mabuting Pastol, Kordero ng Diyos

*Tinatawag tayo ni Jesucristo sa Kanyang tinig at sa Kanyang pangalan. Hinahanap at tinitipon Niya tayo. Tinuturuan Niya tayo kung paano maglingkod nang may pagmamahal.*

Mahal kong mga kapatid, nahirapan na ba kayong makatulog at sinubukang magbilang ng mga tupa sa inyong isip? Habang tumatalon ang mga mabalahibong tupa sa bakod, nagbibilang kayo ng: 1, 2, 3, . . . 245, 246, . . . 657, 658 . . .[1]

Para sa akin, hindi ako inaantok sa pagbibilang ng mga tupa. Nag-aalala ako na baka may hindi ako mabilang o may mawala, kaya hindi ako makatulog.

Kasama ng batang pastol na naging hari, sinasabi nating:

"Ang Panginoon ay aking pastol; hindi ako mangangailangan.

"Kaniyang pinahihiga ako sa sariwang pastulan: pinapatnubayan niya ako sa siping ng mga tubig na pahingahan.

"Kaniyang pinapananauli ang aking kaluluwa."[2]

Sa panahong ito ng Pasko ng Pagkabuhay, ipinagdiriwang natin ang Mabuting Pastol, na siya ring Kordero ng Diyos. Sa lahat ng Kanyang mga banal na titulo, wala nang mas magiliw o mahalaga kaysa sa mga ito. Marami tayong natututuhan mula sa ating Tagapagligtas mula sa pagtawag Niya sa Kanyang sarili bilang Mabuting Pastol at mula sa mga patotoo ng mga propeta tungkol sa Kanya bilang Kordero ng Diyos. Ang mga tungkulin at simbolo na ito ay makapangyarihan kapag magkasama—sino ba ang mas makatutulong sa bawat minamahal na tupa maliban sa Pastol, at sino ba ang mas mainam na maging ating Mabuting Pastol maliban sa Kordero ng Diyos?

"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak," at ibinigay ng Bugtong na Anak ng Diyos ang Kanyang buhay bilang kusang pagsunod sa Kanyang Ama.[3] Nagpapatotoo si Jesus, "Ako ang mabuting pastol: ibinibigay ng mabuting pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa."[4] Si Jesus ay may kapangyarihan na ibigay ang Kanyang buhay at may kapangyarihan na kunin itong muli.[5] Kaisa ng Kanyang Ama, natatangi ang pagpapala sa atin ng ating Tagapagligtas, kapwa bilang ating Mabuting Pastol at bilang Kordero ng Diyos.

Bilang ating Mabuting Pastol, tinatawag tayo ni Jesucristo sa Kanyang tinig at Kanyang pangalan. Hinahanap at tinitipon Niya tayo. Tinuturuan Niya tayo kung paano maglingkod nang may pagmamahal. Nais kong pag-isipan natin ang tatlong temang ito, simula sa pagtawag Niya sa atin sa Kanyang tinig at sa Kanyang pangalan.

Una, "tinatawag [ng ating Mabuting Pastol] ang kaniyang sariling mga tupa sa pangalan. . . . Nakikilala nila ang kaniyang tinig."[6] At "sa kanyang sariling pangalan kayo ay tinatawag niya, na ang pangalan ay Cristo."[7] Kapag hinahangad natin nang may tunay na layunin na sundin si Jesucristo, dumarating ang inspirasyon na gumawa ng mabuti, ibigin ang Diyos, at maglingkod sa Kanya.[8] Kapag tayo ay nag-aaral, nagninilay, at nagdarasal; kapag palagi nating pinaninibago ang mga tipan sa sakramento at templo; at kapag inaanyayahan natin ang lahat na lumapit sa Kanyang ebanghelyo at mga ordenansa, tayo ay nakikinig sa Kanyang tinig.

Sa ating panahon, pinapayuhan tayo ni Pangulong Russell M. Nelson na tawagin ang ipinanumbalik na Simbahan sa pangalang inihayag ni Jesucristo: Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.[9] Sinabi ng Panginoon, "Anuman ang inyong gagawin, gawin ninyo ito *sa aking pangalan;* kaya nga tatawagin ninyo ang simbahan *sa aking pangalan;* at kayo ay mananawagan sa Ama *sa aking pangalan* upang kanyang pagpalain ang simbahan alang-alang sa akin."[10] Sa iba't ibang panig ng mundo, sa ating mga puso at mga tahanan, nananawagan tayo sa Ama sa pangalan ni Jesucristo. Nagpapasalamat tayo para sa masaganang pagpapala ng ating pagsamba, pag-aaral ng ebanghelyo, at mga makabuluhang aktibidad ng pamilya na nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan.

Pangalawa, hinahanap at tinitipon tayo ng ating Mabuting Pastol sa Kanyang isang kawan. Itinanong Niya, "Aling tao sa inyo, na kung mayroong isang daang tupa, at mawala ang isa sa mga yaon, ay hindi iiwan ang siyam na pu't siyam sa ilang, at hahanapin ang nawala, *hanggang sa ito'y kaniyang masumpungan*?"[11]

Kadalasan, magkasabay na tinutulungan ng ating Tagapagligtas ang isang naligaw at ang siyam na pu't siyam na nanatili. Habang naglilingkod tayo, kinikilala natin ang siyam na pu't siyam na matatatag at di-natitinag, habang ninanais nating mahanap ang isang naligaw ng landas. Hinahanap at inililigtas tayo ng ating Panginoon sa "lahat ng dako,"[12] "mula sa apat na sulok ng mundo."[13] Tinitipon Niya tayo sa pamamagitan ng banal na tipan at ng Kanyang nagbabayad-salang dugo.[14]

Sinabi ng ating Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo sa Bagong Tipan, "Mayroon akong ibang mga tupa, na hindi sa kulungang ito."[15] Sa mga lupain ng Amerika, nagpatotoo ang nabuhay na mag-uling Panginoon sa mga nakipagtipang anak ni Lehi, "Kayo ay aking mga tupa."[16] At sinabi ni Jesus na may iba pang mga tupa na makakarinig sa Kanyang tinig.[17] Napakagandang pagpapala ng Aklat ni Mormon bilang isa pang tipan na sumasaksi sa tinig ni Jesucristo!

Inaanyayahan ni Jesucristo ang Simbahan na tanggapin ang lahat ng nakikinig sa Kanyang tinig[18] at sumusunod sa Kanyang mga kautusan. Kabilang sa doktrina ni Cristo ang binyag sa pamamagitan ng tubig at ng apoy at ng Espiritu Santo.[19] Itinanong ni Nephi, "Kung ang Kordero ng Diyos, siya na isang banal, ay kinakailangang mabinyagan sa pamamagitan ng tubig, upang ganapin ang lahat ng katwiran, O gaano pa kaya higit na kinakailangan na tayong mga hindi banal ay mabinyagan, oo, maging sa pamamagitan ng tubig!"[20]

Ngayon, nais ng ating Tagapagligtas na ang mga ginagawa natin at kung anong uri ng tao ang kinahihinatnan natin ay mag-aanyaya sa iba na lumapit at sumunod sa Kanya. Halina't maghanap ng pagmamahal, paggaling, kaugnayan, at tipan na nasa Kanya, kabilang na ang nasa banal na templo ng Diyos, kung saan maaaring mapagpala ng mga sagradong ordenansa ng kaligtasan ang lahat ng mga miyembro ng pamilya, at sa gayon ay natitipon ang Israel sa magkabilang panig ng tabing.[21]

Pangatlo, bilang "Pastol ng Israel,"[22] ipinakita ni Jesucristo kung paano naglilingkod nang may pagmamahal ang mga pastol sa Israel. Kapag nagtatanong ang ating Panginoon kung mahal natin Siya, tulad ng ginawa Niya noon kay Simon Pedro, iniuutos ng ating Tagapagligtas na: "Pakanin mo ang aking mga kordero. . . . Pakanin mo ang aking mga tupa. . . . Pakanin mo ang aking mga tupa."[23] Ipinangako ng Panginoon na kapag pinapakain ng Kanyang mga pastol ang Kanyang mga kordero at tupa, ang mga yaong nasa Kanyang kawan ay hindi na "matatakot, o manglulupaypay pa, o kukulangin ang sinoman sa kanila."[24]

Nagbabala ang ating Mabuting Pastol na ang mga pastol sa Israel ay hindi dapat matulog,[25] ni ikalat o iligaw ang mga tupa,[26] ni lumiko sa ating sariling daan para sa ating sariling pakinabang.[27] Kabilang sa gawain ng mga pastol ng Diyos ang pagpapalakas, pagpapagaling, pagtatali ng may bali, pagbabalik ng naligaw, at paghahanap ng nawala.[28]

Nagbabala rin ang Panginoon tungkol sa mga upahan, na "hindi ipinagmamalasakit ang mga tupa,"[29] at "mga bulaang propeta, na lumalapit sa inyo na nakadamit tupa, ngunit sa loob ay lobong maninila."[30]

Nagagalak ang ating Mabuting Pastol kapag ginagamit natin ang ating moral na kalayaan nang may pagkukusa at pananampalataya. Ang mga yaong nasa Kanyang kawan ay tumitingin sa ating Tagapagligtas nang may pasasalamat para sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Nakikipagtipan tayong susunod sa Kanya, hindi nang basta-basta lang, nang walang lubos na pagkaunawa, o "nahihiya," kundi sa halip ay nang may paghahangad sa ating buong puso at isipan na mahalin ang Diyos at ang ating kapwa, na pinapasan ang pasanin ng isa't isa at nagagalak sa kagalakan ng bawat isa. Tulad ng kusang pagsunod ng kalooban ni Cristo sa kalooban ng Ama, tayo rin ay mapitagang tinataglay sa ating sarili ang Kanyang pangalan. Masaya nating hinahangad na makiisa sa Kanyang

gawain ng pagtitipon at paglilingkod sa lahat ng anak ng Diyos.

Mga kapatid, si Jesucristo ang ating perpektong Mabuting Pastol. Dahil ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa atin at ngayon ay maluwalhating nabuhay na mag-uli, si Jesucristo rin ang perpektong Kordero ng Diyos.[31]

Ang isasakripisyong Kordero ng Diyos ay nakinita na sa simula pa lang. Sinabi ng anghel kay Adan na ang kanyang sakripisyo "ay kahalintulad ng sakripisyo ng Bugtong na Anak ng Ama," na nag-aanyaya sa atin na "magsisi at manawagan sa Diyos sa pangalan ng Anak magpakailanman."[32]

Naranasan ni Amang Abraham, na nagpasimula ng mga pagpapala ng tipan para sa lahat ng mga bansa sa mundo, kung ano ang ibig sabihin ng ialay ang kanyang bugtong na anak.

"At nagsalita si Isaac kay Abraham na kaniyang ama, [at] sinabi, Ama ko: at kaniyang sinabi, Narito ako, anak ko. At sinabi [niya], Narito ang apoy at ang kahoy, ngunit saan naroon ang kordero . . .?

"At sinabi ni Abraham, [Anak ko,] Dios ang maghahanda ng kordero."[33]

Nakinita at ikinagalak ng mga apostol at ng mga propeta ang misyon ng Kordero ng Diyos na naorden noon pa man. Si Juan mula sa Bagong Tipan at si Nephi mula sa mga lupain ng Amerika ay nagpatotoo tungkol sa "Kordero ng Diyos,"[34] "oo, maging ang Anak ng Walang Hanggang Ama[,] . . . ang Manunubos ng sanlibutan."[35]

Nagpatotoo si Abinadi tungkol



sa nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo: "Tayong lahat, tulad ng tupa, ay nangaligaw; ang bawat isa sa atin ay nagkani-kanyang landas; at pinasan ng Panginoon ang [kasamaan] nating lahat."[36] Tinawag ni Alma ang dakila at huling sakripisyo ng Anak ng Diyos na "isang bagay na higit na mahalaga kaysa sa lahat ng ito." Naghikayat si Alma, "Magkaroon ng pananampalataya sa Kordero ng Diyos," "halina at huwag matakot."[37]

Ibinahagi ng isang malapit na kaibigan kung paano niya nakamit ang kanyang natatanging patotoo tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Lumaki siyang naniniwala na ang kasalanan ay palaging naghahatid ng malaking kaparusahan, na mag-isa nating papasanin. Nagsumamo siya sa Diyos na maunawaan ang posibilidad ng banal na pagpapatawad. Nanalangin siya upang maintindihan at malaman kung paano mapapatawad ni Jesucristo ang mga taong nagsisisi, kung paano matatapatan ng awa ang katarungan.



Isang araw ay nasagot ang kanyang panalangin sa isang espirituwal na karanasan na nakapagpapabago ng buhay. Isang desperadong binatilyo ang tumakbo palabas ng isang tindahan na may bitbit na dalawang ninakaw na supot ng pagkain. Tumakbo siya sa isang kalsada na maraming tao, na hinahabol ng tagapamahala ng tindahan, na nakahuli sa kanya at nagsimulang magsisisigaw at makipaglaban. Sa halip na husgahan ang takot na binatilyo dahil sa pagiging magnanakaw nito, di-inaasahang napuspos ang aking kaibigan ng matinding pagkaawa para sa kanya. Walang takot o pangamba para sa sarili niyang kaligtasan, kaagad niyang nilapitan ang dalawang lalaking nag-aaway. At sinabi niya na, "Babayaran ko ang pagkain. Palayain na ninyo siya. Hayaan na ninyong ako ang magbayad para sa pagkain."

Nahikayat ng Espiritu Santo at napuno ng pagmamahal na noon lang niya nadama, sinabi ng aking kaibigan, "Ang nais ko lamang gawin noong panahong iyon ay tulungan at iligtas ang binatilyo." Sinabi ng kaibigan ko na nagsimula niyang maunawaan si Jesucristo at ang Kanyang Pagbabayad-sala—kung paano at bakit sa taglay na dalisay at perpektong pag-ibig ay handa si Jesucristo na magsakripisyo para maging kanyang Tagapagligtas at Manunubos, at kung bakit nais niyang Siya ay maging kanyang Tagapagligtas at Manunubos.[38]

Kaya hindi nakapagtataka na kinakanta natin:

*Masdan, sila'y hinahanap,*
*Hinahanap ng Pastol,*
*Kaysayang 'binabalik N'ya,*
*Bawat tupang makita.*[39]

Bilang Kordero ng Diyos, alam ng ating Tagapagligtas kapag tayo



ay nakakaramdam ng pag-iisa, nanliliit, hindi nakatitiyak, o natatakot. Sa pangitain, nakita ni Nephi ang kapangyarihan ng Kordero ng Diyos na "[bumaba sa] mga banal ng simbahan ng Kordero, at sa mga pinagtipanang tao ng Panginoon." Bagaman "nakakalat sa lahat ng dako ng mundo . . . nasasandatahan sila ng kabutihan at kapangyarihan ng Diyos sa dakilang kaluwalhatian."[40]

Kasama ang ating panahon sa pangakong ito ng pag-asa at kapanatagan.

Ikaw lang ba ang tanging miyembro ng Simbahan sa inyong pamilya, paaralan, trabaho, o komunidad? Kung minsan ba ay nararamdaman ninyo na maliit o nakahiwalay ang inyong branch? Lumipat na ba kayo sa isang bagong lugar, na marahil ay may kakaibang wika o mga kaugalian? Marahil ay nagbago na ang mga kalagayan ng inyong buhay, at ang mga bagay noon na hindi ninyo inaakalang mangyayari ay nararanasan na ninyo ngayon? Tinitiyak sa atin ng Tagapagligtas, anuman ang ating kalagayan, sino man tayo, sa mga salita ni Isaias: "Kaniyang pipisanin ang mga kordero sa kaniyang kamay, at dadalhin sila sa kaniyang sinapupunan, at papatnubayan na marahan yaong mga nagpapasuso."[41]

Mga kapatid, tinatawag tayo ng ating Mabuting Pastol sa Kanyang tinig at sa Kanyang pangalan. Siya ay naghahanap, nagtitipon, at lumalapit sa Kanyang mga tao. Sa pamamagitan ng Kanyang mga buhay na propeta at ng bawat isa sa atin, inaanyayahan Niya ang lahat na maghanap ng kapayapaan, layunin, paggaling, at kagalakan sa kabuuan ng Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo at sa Kanyang landas ng tipan. Sa pamamagitan ng halimbawa, tinuturuan Niya ang mga pastol ng Israel na maglingkod na taglay ang Kanyang pagmamahal.

Bilang Kordero ng Diyos, ang banal na misyon ni Jesus ay naorden na noon pa man at ikinagalak ito ng mga apostol at mga propeta. Ang Kanyang Pagbabayad-sala, na walang katapusan at walang-hanggan, ay sentro sa plano ng kaligayahan at sa layunin ng paglikha. Tinitiyak Niya sa atin na mahal Niya tayo.

Mahal kong mga kapatid, nawa'y hangarin natin na maging "mga mapagpakumbabang tagasunod ng Diyos at ng Kordero,"[42] marahil upang balang-araw ay maisulat ang ating mga pangalan sa aklat ng buhay ng Kordero,[43] upang awitin ang awit ng Kordero,[44] upang maimbitahan sa hapunan ng Kordero.[45]

Bilang Pastol at Kordero, panawagan Niya, Magsilapit muli "sa tunay na kaalaman . . . tungkol sa [inyong] Manunubos, . . . [inyong] dakila at tunay na pastol."[46] Nangangako Siya na "sa pamamagitan ng kanyang biyaya [tayo] ay [magiging] ganap kay Cristo."[47]

Sa panahong ito ng Pasko ng Pagkabuhay, pinupuri natin Siya:

"Karapatdapat ang Cordero"[48]

"Hosanna sa Diyos at sa Kordero!"[49]

Pinatototohanan ko Siya, ang ating perpektong Mabuting Pastol, ang perpektong Kordero ng Diyos. Tinatawag Niya tayo sa ating pangalan, sa Kanyang pangalan—maging ang sagrado at banal na pangalan ni Jesucristo—amen. ■

**MGA TALA**

1. Nakasaad sa isang sikat na kanta:
   *Kapag ako'y nag-aalala at hindi makatulog,*
   *Nagbibilang ako ng aking mga biyaya kaysa sa mga tupa.*
   *At nakakatulog ako sa pagbibilang ng aking mga biyaya.*
   (Irving Berlin, "Count Your Blessings Instead of Sheep" [1952])
2. Mga Awit 23:1–3.
3. Juan 3:16.
4. Juan 10:11.
5. Tingnan sa Juan 10:15, 17–18.
6. Juan 10:3–4.
7. Alma 5:38; tingnan din sa Alma 5:37, 39, 59–60.
8. Tingnan sa Moroni 7:13; Doktrina at mga Tipan 8:2–3.
9. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Ang Tamang Pangalan ng Simbahan," *Liahona,* Nob. 2018, 87–89.
10. 3 Nephi 27:7; idinagdag ang pagbibigay-diin.
11. Lucas 15:4; idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 18:15.
12. Ezekiel 34:12; tingnan din sa Jeremias 31:10; Ezekiel 34:6, 11–14; Mikas 5:8; Mateo 10:6; 15:24. Ang mga propesiyang ito tungkol sa pagkalat at ang mga propesiya at mga pangako tungkol sa pagtitipon ay tugma sa tema ng mga propeta, kabilang si Pangulong Russell M. Nelson.
13. 1 Nephi 22:25.
14. Tingnan sa Sa Mga Hebreo 13:20.
15. Juan 10:16; tingnan din sa 3 Nephi 15:21; 16:1, 3; Doktrina at mga Tipan 10:59–60.
16. 3 Nephi 15:24; tingnan din sa 3 Nephi 15:17, 21.
17. Tingnan sa 3 Nephi 16:1, 3; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 10:59–60.
18. Tingnan sa Mosias 26:21.
19. Tingnan sa 2 Nephi 31:13–14, 21.
20. 2 Nephi 31:5; tingnan din sa Alma 7:14.
21. Tingnan sa Malakias 4:5–6; Juan 15:9–13; Mosias 25:18; Helaman 11:21; tingnan din sa Russell M. Nelson, "Pag-asa ng Israel" (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), HopeofIsrael.ChurchofJesusChrist.org; Russell M. Nelson, "Ang Pagtitipon ng Ikinalat na Israel," *Liahona,* Nob. 2006, 79–82.
22. Mga Awit 80:1.
23. Juan 21:15–17; tingnan din ang buong kabanata.
24. Jeremias 23:4.
25. Tingnan sa Nahum 3:18.
26. Tingnan sa Jeremias 23:1; 50:6, 44.

27. Tingnan sa Isaias 56:11; Ezekiel 34:2–6.
28. Tingnan sa Ezekiel 34:2–6.
29. Juan 10:13.
30. 3 Nephi 14:15; tingnan din sa Mateo 7:15; Alma 5:60.
31. Tingnan sa 2 Nephi 9:10–12. Sa pamamagitan ng pagdaig sa pisikal na kamatayan at sa espirituwal na pagkahiwalay, ginagawang posible ng Kordero ng Diyos ang pagtitipon ng lahat upang magkaroon, sa panahong ito at sa kawalang-hanggan, ng isang Pastol.
32. Moises 5:7–8.
33. Genesis 22:7–8; tingnan din sa Jacob 4:5.
34. Juan 1:29; 1 Nephi 11:21.
35. 1 Nephi 11:21, 27.
36. Mosias 14:6; tingnan din sa Isaias 53:6.
37. Alma 7:7, 14–15.
38. Pakikipag-usap kay Pornthip "Tippy" Coyle, Peb. 2019, ginamit nang may pahintulot.
39. "Nasa Puso ng Pastol," *Mga Himno,* blg. 134. Ang iba pang mga himno na nakatuon sa ating Pastol at sa Kanyang mga tupa ay kinabibilangan ng sumusunod: "Pastulan Ko ay Alay ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 63:
    *Pastulan ko ay alay ng Diyos*
    *Ang pangangailangan ko ay tustos.*
    *Bilang pastol, aruga'y lubos,*
    *Maingat N'yang pagtanod sa 'ki'y puspos.*
    *Sa araw ma't gabi na kay lalim,*
    *Sa paglakbay ko, S'ya'y kaagapay lagi.*
    "Tulungan Akong Magturo," *Mga Himno,* blg 159:
    *Tulungang aking mahanap,*
    *Tupa N'yong nawawalay.*
    *Diyos, nawa ako'y turuang*
    *Maging pastol na tunay.*
    "Mga Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 200:
    *Nagsimula na'ng gawain,*
    *Ang Israel ay tipunin,*
    *Nang sa Sion nila purihin ang Diyos.*
    *Nawalay na tupa, inyong Pastol ay dinggin.*
40. 1 Nephi 14:14; tingnan din sa 1 Nephi 13:35, 37: Ang mga isinulat na "malinaw at mahalaga [ay] . . . [lalabas] . . . sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Kordero. . . . Kung [tayo] ay makapagtitiis hanggang wakas . . . [tayo] ay . . . maliligtas sa walang hanggang kaharian ng Kordero."
41. Isaias 40:11.
42. Helaman 6:5.
43. Tingnan sa Apocalipsis 21:27.
44. Tingnan sa Apocalipsis 15:3; Doktrina at mga Tipan 133:56.
45. Tingnan sa Apocalipsis 19:9; Doktrina at mga Tipan 58:11; tingnan din sa Apocalipsis 7:17: "Sapagkat ang Kordero . . . ay siyang magiging pastol nila, at sila'y papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay: at papahirin ng Dios ang bawat luha ng kanilang mga mata"; Apocalipsis 22:1: Ang "tubig ng buhay, na maningning na gaya ng bubog, na lumalabas sa luklukan ng Dios at ng Kordero."
46. Helaman 15:13.
47. Tingnan sa Moroni 10:32–33.
48. Apocalipsis 5:12.
49. Doktrina at mga Tipan 109:79.



NI ELDER DAVID A. BEDNAR
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Handa na Matamo ang Bawat Kinakailangang Bagay

*Ang mga pagpapala ay darating kapag sinikap nating gampanan ang ating personal na responsibilidad na pag-aralan at mahalin ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.*

Ang mga programa at aktibidad ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nagiging mas nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan, na makikita sa maraming pagbabagong inihayag sa mga pangkalahatang kumperensya kamakailan. Ipinayo sa atin ni Pangulong Russell M. Nelson na: "Napakarami pang magaganap. . . . Uminom kayo ng mga bitamina. Matulog kayo nang sapat. Magiging kapana-panabik ang hinaharap ng Simbahan."[1]

Dalangin at hiling ko na tulungan tayo ng Espiritu Santo habang magkakasama nating pinag-iisipan ang ilang pangunahing inaasahang epekto ng patuloy na mga pagbabagong ito sa ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon.





### Pag-aaral ng Ebanghelyo na Nakasentro sa Tahanan at Sinusuportahan ng Simbahan

Kamakailan lamang ay magkompanyon kami ni Elder Craig C. Christensen sa isang priesthood leadership conference, at gumamit siya ng dalawang simpleng tanong para bigyang-diin ang alituntunin ng pagiging nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan. Iminungkahi niya na sa halip na umuwi pagkatapos ng mga miting sa Simbahan tuwing Linggo at magtanong, "Ano ang natutuhan ninyo ngayong araw sa simbahan tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo?" dapat nating itanong sa ating mga miting sa Simbahan, "Ano ang natutuhan ninyo ngayong linggo sa inyong tahanan tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo?" Ang nararapat na paggalang sa araw ng Sabbath, ang bagong kurikulum, at ang binagong iskedyul ng miting ay nakakatulong lahat sa atin na matutuhan ang ebanghelyo kapwa sa ating mga tahanan at sa simbahan.

Ang bawat miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay may personal na responsibilidad na pag-aralan at ipamuhay ang mga turo ng Panginoon at tanggapin ang mga ordenansa ng kaligtasan at kadakilaan sa pamamagitan ng wastong awtoridad. Hindi natin dapat asahan ang Simbahan bilang isang organisasyon na magtuturo o magsasabi sa atin ng lahat ng bagay na kailangan nating malaman at gawin para maging matatapat na disipulo at magiting na makapagtiis hanggang wakas.[2] Sa halip, ang ating personal na responsibilidad ay matutuhan kung ano ang dapat nating matutuhan, mamuhay sa paraang alam nating nararapat, at maging uri ng tao na nais ng Panginoon na kahinatnan natin. At ang ating mga tahanan ang pinakaangkop na lugar para matuto, mamuhay nang nararapat, at maging uri ng tao na dapat nating kahinatnan.

Noong bata pa si Joseph Smith, natutuhan niya ang tungkol sa Diyos mula sa kanyang pamilya. Ang kanyang pagsisikap na malaman ang kalooban ng Diyos para sa kanya ang naghikayat kay Joseph na saliksikin ang katotohanan sa iba't ibang relihiyong Kristiyano, pagnilayan nang masigasig ang mga banal na kasulatan, at manalangin nang taimtim sa Diyos. Sa pag-uwi ng batang si Joseph Smith sa kanyang tahanan mula sa Sagradong Kakahuyan matapos ang pagpapakita ng Ama at ng Anak, una niyang kinausap ang kanyang ina. At habang siya ay "nakasandig sa dapugan, ang [kanyang] ina ay nagtanong kung ano ang nangyari. Sumagot [si Joseph], 'Walang anuman, maayos ang lahat—mabuti na ang aking pakiramdam.' Pagkatapos ay sinabi [niya] sa [kanyang] ina, 'Nalaman ko para sa aking sarili.'"[3] Ang karanasan ni Joseph ay nagbibigay ng makapangyarihang huwaran ng pagkatuto na dapat tularan ng bawat isa sa atin. Kailangan din nating malaman para sa ating mga sarili.

Ang pangunahing layunin ng plano ng ating Ama sa Langit ay maging higit na katulad Niya ang Kanyang mga anak. Alinsunod dito, nagbibigay Siya sa atin ng mahahalagang pagkakataon para lumago at umunlad. Ang ating determinasyong matuto at mamuhay ayon sa katotohanan ay lalong nagiging mahalaga sa mundo na "[n]agkakagulo"[4] at lalo pang nagiging mas maligalig at masama. Hindi tayo maaaring umasa na sa simpleng pagdalo sa mga miting ng Simbahan at pakikilahok sa mga programa ay matatanggap natin ang lahat ng espirituwal na pag-unlad at proteksyon na magbibigay sa atin ng kakayahan na "mangakatagal sa araw na masama."[5]

"Ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan."[6] Ang mga inspiradong lider, guro, at aktibidad ng Simbahan ay tumutulong sa mga indibiduwal at pamilya na nagsisikap umunlad sa espirituwal. At bagaman kailangan nating lahat ng tulong sa patuloy na paglalakad sa landas ng tipan, ang pangunahing responsibilidad para sa pagpapaunlad ng espirituwal na lakas at tibay ay nakasalalay sa bawat isa sa atin.

Alalahanin kung paanong si Nephi, anak ng propetang si Lehi, ay naghangad na makita, marinig, at malaman para sa kanyang sarili sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ang mga bagay na nalaman ng kanyang ama sa pangitain ng punungkahoy ng buhay. Siguradong nangailangan at napagpala si Nephi sa kanyang kabataan ng halimbawa at mga turo ng kanyang "butihing mga magulang."[7] Subalit, katulad ni Joseph Smith, hinangad din niya na matuto at malaman para sa kanyang sarili.

Kung ang lahat ng nalalaman natin tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo ay mula sa itinuturo o sinasabi sa atin ng ibang tao, ang saligan ng ating patotoo tungkol sa Kanya at sa Kanyang dakilang gawain sa mga huling araw ay nakatayo sa buhangin.[8] Hindi tayo maaaring umasa o humiram lamang ng liwanag at kaalaman sa ebanghelyo mula sa

ibang tao—maging sa mga taong minamahal at pinagkakatiwalaan natin.

Kaya nga mariing itinuro ni Propetang Joseph Smith na kailangang maunawaan sa kanyang sarili ng bawat Banal sa mga Huling Araw "ang mga plano at layunin ng Diyos sa pagparito natin sa mundo."[9]

"Kung mababasa natin at mauunawaan ang lahat ng isinulat mula sa panahon ni Adan, tungkol sa kaugnayan ng tao sa Diyos at mga anghel sa hinaharap, kaunti lamang ang malalaman natin tungkol dito. Ang pagbabasa ng karanasan ng iba, o ng paghahayag na ibinigay sa *kanila,* ay hinding-hindi magbibigay sa *atin* ng malinaw na pananaw tungkol sa ating kalagayan at tunay na kaugnayan sa Diyos. *Ang kaalaman sa mga bagay na ito ay makakamit lamang sa karanasan sa pamamagitan ng mga ordenansa ng Diyos na itinalaga para sa layuning iyon.*"[10]

Ang pagsasakatuparan ng dakilang espirituwal na layuning ito para sa mga indibiduwal at pamilya ay isa sa mga pangunahing dahilan kaya ang mga programa at aktibidad ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nagiging mas nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan sa partikular na panahong ito ng dispensasyon ng kaganapan ng panahon.

## Mga Inaasahang Epekto ng Pag-aaral na Nakasentro sa Tahanan at Sinusuportahan ng Simbahan

Hayaan ninyong ibuod ko ang ilang pangunahing epekto ng pag-aaral ng ebanghelyo na lalong nagiging nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan.

Ang nangungunang missionary training center ay nasa ating mga tahanan; ang mga pumapangalawang missionary training center ay matatagpuan sa Provo, Manila, Mexico City, at iba pang mga lugar. Dapat ang ating indibiduwal at pampamilyang pag-aaral sa ating mga tahanan ang maging klase sa Sunday School kung saan pinakamarami tayong matututuhan; nakakatulong ngunit pumapangalawa lamang ang mga klase sa Sunday School na idinaraos sa ating mga meetinghouse.

Ang mga family history center ay nasa ating mga tahanan na ngayon. Ang mga karagdagang tulong para sa pagsasaliksik natin ng tungkol sa family history ay makukuha sa ating mga meetinghouse.

Ang mga kinakailangang klase para sa paghahanda sa pagpasok sa templo ay nagaganap sa ating mga tahanan; mahalaga ngunit pumapangalawa lamang ang mga klase para sa paghahanda sa pagpasok sa templo na maaari ring idaos paminsan-minsan sa ating mga meetinghouse.

Mahalaga na gawing kanlungan ang ating mga tahanan kung saan maaari tayong "tumayo sa mga banal na lugar"[11] sa mga huling araw na ito. At dahil mahalaga ang ating pag-aaral na nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan para sa ating espirituwal na lakas at proteksyon ngayon, lalo pa itong magiging mahalaga sa hinaharap.

## Pag-aaral at Paghahanda sa Templo na Nakasentro sa Tahanan at Sinusuportahan ng Simbahan

Mangyaring isipin kung paano naaangkop ang alituntunin na "nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan" sa ating indibiduwal na paghahanda at pagiging marapat na tumanggap ng mga sagradong ordenansa at tipan sa bahay ng Panginoon.

Tunay ngang ang paghahanda sa pagpasok sa templo ay pinakaepektibo sa ating mga tahanan. Ngunit maraming miyembro ng Simbahan ang hindi sigurado kung ano ang naaangkop at hindi naaangkop sabihin hinggil sa karanasan sa loob ng templo kapag nasa labas na sila ng templo.

Ipinaliwanag ni Pangulong Ezra Taft Benson kung bakit hindi sigurado ang mga miyembro kung ano ang naaangkop at hindi naaangkop sabihin:

"Ang templo ay isang sagradong lugar, at ang mga ordenansa sa templo ay sagrado. Dahil sa kasagraduhan nito kung minsan ay atubili tayong magsabi ng anuman tungkol sa templo sa ating mga anak at apo.

"Dahil dito, maraming hindi nagkakaroon ng tunay na hangaring pumunta sa templo, o kapag nagpupunta sila roon, ginagawa nila iyon nang walang gaanong nauunawaan sa mga bagay na maghahanda sa kanila para sa mga obligasyon at tipan na pinapasukan nila.

"Naniniwala ako na *ang wastong pagkaunawa o pagkaalam sa mga bagay-bagay* ay makakatulong nang malaki sa paghahanda ng ating mga kabataan para sa templo . . . [at] maghihikayat sa kanila na hangarin ang mga basbas ng priesthood na tulad ni Abraham."[12]

Dalawang pangunahing patnubay ang makakatulong sa atin na makamit ang wastong pagkaunawa na binigyang-diin ni Pangulong Benson.

Patnubay #1. *Dahil mahal natin ang Panginoon, dapat tayong magsalita tungkol sa Kanyang banal na bahay nang may pagpipitagan. Hindi natin dapat ipaalam o ilarawan ang mga natatanging simbolong kaugnay ng mga tipan na natatanggap natin sa mga sagradong seremonya sa templo. Hindi rin natin dapat sabihin ang banal na impormasyon na ipinangako natin sa templo na hindi natin ipapaalam sa iba.*

Patnubay #2. *Ang templo ay bahay ng Panginoon. Ang lahat ng bagay sa templo ay umaakay sa atin tungo sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Maaari nating talakayin ang mga pangunahing layunin, doktrina, at alituntunin na kaugnay ng mga ordenansa at tipan sa templo.*


Ipinayo ni Pangulong Howard W. Hunter: "Ibahagi natin sa ating mga anak ang espirituwal na damdamin natin sa templo. At mas masigasig nating ituro sa kanila sa mas komportableng paraan ang mga bagay na nararapat nating sabihin tungkol sa mga layunin ng bahay ng Panginoon."[13]

Sa mga henerasyon, mula kay Propetang Joseph Smith hanggang kay Pangulong Russell M. Nelson, ang mga doktrina tungkol sa layunin ng mga ordenansa at tipan sa templo ay masusing itinuro ng mga lider ng Simbahan.[14] Napakaraming materyal na mababasa, mapapakinggan, mapapanood, at iba pang anyo para matulungan tayo na matuto tungkol sa mga panimulang ordenansa o initiatory, endowment, pagkakasal, at iba pang

mga ordenansa ng pagbubuklod.[15] May makukuha ring impormasyon tungkol sa pagsunod sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagtanggap at pagtupad sa mga tipan na susundin ang batas ng pagsunod, ang batas ng pagsasakripisyo, ang batas ng ebanghelyo, ang batas ng kalinisang-puri, at ang batas ng paglalaan.[16] Ang lahat ng mga miyembro ng Simbahan ay dapat maging pamilyar sa napakagagandang materyal na makukuha sa temples.ChurchofJesusChrist.org.

Binigyang-diin ni Pangulong Russell M. Nelson ang kinakailangang balanse sa pagitan ng kasagraduhan ng mga seremonya sa templo at ng mahalagang impormasyon tungkol sa mga templo na inilalathala ng Simbahan na wasto, nararapat, at maaaring malaman ng publiko. Ipinaliwanag niya: "Iminumungkahi ko na basahin ng mga miyembrong pupunta sa templo . . . ang mga nakasulat sa Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan na may kinalaman sa templo, tulad ng 'Pagpapahid ng Langis,' 'Tipan,' 'Sakripisyo,' at 'Templo.' Maaari ring basahin ng isang tao ang Exodo, mga kabanata 26–29, at Levitico, kabanata 8. Binibigyang-diin ng Lumang Tipan, gayundin ng mga aklat nina Moises at Abraham sa Mahalagang Perlas, na noon pa man ay may gawain na sa templo at walang hanggan ang epekto ng mga ordenansa nito."[17]

Kaya, isipin na kunwari ay itinatanong sa inyo ng inyong anak, "May nagsabi po sa akin sa paaralan na may kakaibang damit daw na isinusuot sa loob ng templo. Totoo po ba iyon?" May isang maikling video na mapapanood sa temples.ChurchofJesusChrist.org na pinamagatang "Sacred Temple Clothing." Ipinapaliwanag sa napakagandang video na ito kung paano tinanggap ng mga kalalakihan at kababaihan simula noong unang panahon ang sagradong musika, iba't ibang uri ng panalangin, kasuotang panrelihiyon na may mga simbolo, mga pagkumpas, at mga ritwal para maipahayag ang kanilang taos-pusong pagmamahal sa Diyos. Sa gayon, sinusuportahan ng Simbahan ang paghahanda na nakasentro sa tahanan para sa mga



maluwalhating pagpapala ng templo sa pamamagitan ng panimulang pagtuturo at mga epektibong resources na katulad ng video na ito. Marami pang nakakatulong na impormasyon ang ibinibigay sa inyo.[18]

Kapag nagsikap tayo na lumakad sa kaamuan ng Espiritu ng Panginoon,[19] pagpapalain tayo na maunawaan at matamo sa ating mga tahanan ang kinakailangang balanse sa kung ano ang nararapat at hindi nararapat na pag-usapan tungkol sa mga sagradong ordenansa at tipan sa templo.

## Pangako at Patotoo

Malamang na itinatanong ng ilan sa inyo kung talaga nga bang maaaring maging nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan ang inyong pag-aaral ng ebanghelyo. Marahil kayo ay nag-iisang miyembro ng Simbahan sa inyong tahanan, o may asawang hindi sumusuporta sa inyo, o walang katuwang sa buhay, o nabubuhay nang mag-isa bilang isang Banal sa mga Huling Araw na wala pang asawa o kaya'y hiwalay na sa asawa, at maaaring may mga tanong kayo tungkol sa kung paano naaangkop ang mga alituntuning ito sa inyo. Maaaring nagtitinginan kayong mag-asawa at nagtatanong, "Kaya ba natin itong gawin?"

Oo, kaya ninyo ito! Ipinapangako ko na ang mga pagpapala na nagpapalakas sa inyo ay patuloy na darating at makikita sa inyong buhay. Darating ang mga oportunidad. Magniningning ang liwanag. Madaragdagan ang inyong kakayahang magpatuloy nang may sigasig at tiyaga.

Maligaya kong pinatototohanan na ang mga katumbas na pagpapala ay darating kapag sinikap nating gampanan ang ating personal na responsibilidad na pag-aralan at mahalin ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Tunay ngang kaya nating "maging handa na matamo ang bawat kinakailangang bagay."[20] Ipinangangako ko ito at pinatototohanan sa sagradong pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■

### MGA TALA

1. Russell M. Nelson, sa "Latter-day Saint Prophet, Wife and Apostle Share Insights of Global Ministry," Newsroom, Okt. 30, 2018, newsroom.ChurchofJesusChrist.org.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:29.
3. Joseph Smith—Kasaysayan 1:20.
4. Doktrina at mga Tipan 45:26.
5. Mga Taga Efeso 6:13.
6. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2017, 145.
7. 1 Nephi 1:1.
8. Tingnan sa Mateo 7:24–27; 3 Nephi 14:24–27; 18:13.
9. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 245.
10. *Mga Turo: Joseph Smith,* 491; idinagdag ang pagbibigay-diin.
11. Doktrina at mga Tipan 101:22.
12. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Ezra Taft Benson* (2014), 202–03; idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa Ezra Taft Benson, "What I Hope You Will Teach Your Children about the Temple," *Ensign,* Ago. 1985, 8.
13. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Howard W. Hunter* (2015), 179.
14. Para sa halimbawa, tingnan sa James E. Talmage, *The House of the Lord* (1912), 99–101.
15. Tingnan sa James E. Talmage, *The House of the Lord,* 89–109; Russell M. Nelson, "Personal Preparation for Temple Blessings," *Liahona,* Hulyo 2001, 37–39; Boyd K. Packer, *The Holy Temple* (1980), 153–55.
16. Tingnan sa *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 121; James E. Talmage, *The House of the Lord,* 100; *Preparing to Enter the Holy Temple* (polyeto, 2002).
17. Russell M. Nelson, "Maghanda para sa mga Pagpapala ng Templo," *Liahona,* Okt. 2010, 47.
18. Para sa halimbawa, panoorin ang video tour sa Rome Italy Temple, o pag-aralan ang mga turo ng mga propeta tungkol sa mga templo (tingnan sa temples.ChurchofJesusChrist.org).
19. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 19:23.
20. Doktrina at mga Tipan 109:15.



NI ELDER KYLE S. MCKAY
*Ng Pitumpu*

# Ang Kagyat na Kabutihan ng Diyos

*Bagama't matiyaga tayong naghihintay sa Panginoon, mayroong mga pagpapala na sumasaatin kaagad.*

Ilang taon na ang nakaraan, nilapitan ako ng aming limang taong gulang na anak at sinabing, "Itay, may natuklasan po ako. Naunawaan ko na ang *sandali na lang* para sa iyo ay napakatagal para sa akin."

Kapag sinasabi ng Panginoon o ng Kanyang mga tagapaglingkod ang mga bagay na tulad ng, "Hindi maraming araw mula ngayon" o "Ang panahon ay hindi nalalayo," maaaring literal na ibig sabihin nito ay habang buhay o mas matagal pa.[1] Ang Kanyang oras, at madalas ang Kanyang pagsasaoras, ay naiiba sa atin. Pagtitiyaga ang susi. Kung wala nito, maaaring hindi tayo magkaroon ni makapagpakita ng pananampalataya sa Diyos sa buhay at kaligtasan. Subalit ang mensahe ko ngayon ay, bagama't matiyaga tayong naghihintay sa Panginoon, mayroong mga pagpapala na kaagad dumarating sa atin.

Nang madakip ng mga Lamanita si Alma at ang kanyang mga tao, ipinagdasal nilang makalaya sila. Hindi sila kaagad pinalaya, ngunit habang matiyagang naghihintay, ipinakita ng Panginoon ang Kanyang kabutihan sa ilang agarang pagpapala. Kaagad Niyang pinalambot ang mga puso ng mga Lamanita upang hindi sila patayin. Pinalakas rin Niya ang mga tao ni Alma at pinagaan ang kanilang mga pasanin.[2] Nang sa wakas ay napalaya sila, naglakbay sila patungong Zarahemla kung saan nila inilahad ang kanilang karanasan sa mga namanghang tagapakinig. Namangha ang mga tao ng Zarahemla, at "nang maisip nila ang *kagyat na kabutihan ng Diyos,* at kanyang kapangyarihan sa pagpapalaya kay Alma at sa kanyang mga kapatid mula sa . . . pagkaalipin, inilakas nila ang kanilang mga tinig at nagbigay-pasalamat sa Diyos."[3]

Ang kagyat [o agarang] kabutihan ng Diyos ay napapasalahat ng nagsisitawag sa Kanya nang may tunay na hangarin at buong layunin ng puso. Kabilang dito ang mga sumasamo dahil sa kawalan ng pag-asa, kapag ang kaligtasan ay tila napakalayo at ang paghihirap ay tila napakatagal, na lalo pang tumitindi.

Ganito ang nangyari sa isang batang propeta na naghirap nang matindi sa malamig na piitan bago nagsumamo sa huli: "O Diyos, nasaan kayo? . . . Hanggang kailan pipigilan ang inyong kamay . . . ? Oo, O Panginoon, hanggang kailan . . . ?"[4] Bilang tugon, hindi kaagad pinalaya ng Panginoon si Joseph, ngunit kaagad Siyang nagbigay ng kapayapaan.[5]

Nagkakaloob din ang Diyos ng agarang pag-asa para sa kalaunang kaligtasan.[6] Anuman, saanman, tayo ay may pag-asang nakikita kay Cristo at sa pamamagitan ni Cristo na nasa harapan agad natin.[7] Sa harapan agad natin.

Dagdag pa, ipinangako Niya: "Ang aking *kagandahang-loob* ay hindi hihiwalay sa [inyo]."[8]

Higit sa lahat, agaran ang pagmamahal ng Diyos. Kasama si Pablo, pinatototohanan ko na walang "makapaghihiwalay sa atin sa pagibig ng Dios, na nasa kay Cristo Jesus."[9] Kahit ang mga kasalanan natin, bagama't maaaring ihiwalay tayo nito mula sa



Kanyang Espiritu nang panandalian, ay hindi tayo maihihiwalay mula sa katiyakan at kaagaran ng Kanyang pagmamahal.

Ang mga ito ay ilan lamang sa mga paraan at kadahilanang "[tayo] ay kaagad niyang pagpapalain."[10] Ngayon, upang mabigyang-halimbawa ang mga alituntuning ito, ibabahagi ko sa inyo ang mga karanasan ng dalawang tao na ang mga buhay ay tumatayo bilang mga patotoo sa agarang kabutihan ng Diyos.

Mula pa noong dalagita siya, nalulong na si Emilie sa mga nakalululong na bagay. Ang pag-eeksperimento ay naging gawi, at ang gawi ay nauwi sa adiksyon na umalipin sa kanya nang maraming taon, sa kabila ng paminsan-minsang panahon ng pagiging maayos. Inilihim mabuti ni Emilie ang problema niya, lalo na nang makapag-asawa siya at maging ina.

Ang simula ng kanyang pagkakaligtas ay tila hindi talaga pagkakaligtas. Si Emilie sa kanyang regular na pagpapasuri sa doktor ay bigla na lang dadalhin ng ambulansya sa isang inpatient treatment facility. Nagsimula siyang matakot nang maisip niya na mahihiwalay siya mula sa kanyang mga anak, asawa, at tahanan.

Noong gabing iyon, mag-isa sa isang malamig at madilim na silid, si Emilie ay namaluktot sa kanyang higaan at umiyak. Ang kakayahan niyang mag-isip ay nadaig ng pagkabalisa, takot, at ng matinding kawalan ng pag-asa na nadama niya sa silid na iyon at sa kanyang kaluluwa, at inakala talaga ni Emilie na mamamatay siya noong gabing iyon. Nang mag-isa.

Sa gipit na kalagayang iyon, kahit papaano ay nagkaroon si Emilie ng lakas na gumulong pababa sa kama at lumuhod. Nang walang anumang panlilisya na kung minsan ay parte ng kanyang mga panalangin noon, tuluyang isinuko ni Emilie ang kanyang sarili sa Panginoon habang nagsusumamong, "Mahal kong Diyos, kailangan ko po Kayo. Pakitulungan po ako. Ayoko na pong mag-isa. Pakiusap po, tulungan po Ninyo akong malagpasan ang gabing ito."

At kaagad, tulad ng ginawa Niya kay Pedro, iniunat ni Jesus ang Kanyang kamay at sinagip ang kanyang lumulubog na kaluluwa.[11] Dumating kay Emilie ang kamang-manghang kapayapaan, tapang, katiyakan, at pagmamahal. Hindi na malamig ang silid, alam niyang hindi na siya nag-iisa, at sa unang pagkakataon simula noong 14 na taong gulang siya, alam ni Emilie na magiging maayos ang lahat ng bagay. Si Emilie ay "nagising sa Diyos"[12] at nakatulog nang mahimbing. At dahil dito ay nakita natin na "kung kayo ay magsisisi at hindi patitigasin ang inyong mga puso, kapagdaka ang dakilang plano ng pagtubos ay madadala sa inyo."[13]

Ang paggaling at tuluyang pagkakaligtas ni Emilie ay umabot ng mahabang panahon—mga buwan na gamutan, training, at pagpapayo, at sa panahong ito siya ay pinalakas at kung minsan ay binubuhat ng Kanyang kabutihan. At ang Kanyang kabutihan ay nagpatuloy sa kanya nang makapasok siya sa templo kasama ng asawa at mga anak niya upang mabuklod nang magkakasama magpakailanman. Tulad ng mga mamamayan ng Zarahemla, nagpapasalamat ngayon si Emilie habang iniisip niya ang agarang kabutihan ng Diyos at Kanyang kapangyarihan na nagligtas sa kanya mula sa pagkaalipin o mula sa adiksyon.

Ngayon, mula sa buhay ng isang pang magiting na mananampalataya. Noong Disyembre 27, 2013, masayang pinapasok ni Alicia Schroeder ang kanyang mga mahal na kaibigan, sina Sean at Sharla Chilcote, na hindi inaasahang pumunta sa kanilang tahanan. Si Sean, na bishop din ni Alicia, ay inabot ang kanyang cell phone dito at seryosong sinabing, "Alicia, mahal ka namin. Kailangan mong sagutin ang tawag na ito."

Ang asawa ni Alicia, na si Mario, ang nasa telepono. Siya ay nasa isang malayong lugar kasama ang ilan sa kanilang mga anak para sa isang matagal nang inaabangang snowmobile trip. Nagkaroon ng isang kakila-kilabot na aksidente. Malubhang nasugatan si Mario, at ang kanilang 10-taong gulang na anak na lalaking si Kaleb ay namatay. Nang umiiyak na sinabi ni Mario kay Alicia ang pagkamatay ni Kaleb, nanlumo siya sa sobrang pagkagulat at takot na iilan lamang sa atin ang makaaalam. Nahandusay siya dahil dito. Dahil sa nadamang matinding pighati, si Alicia ay hindi makagalaw o makapagsalita.

Siya ay mabilis na itinayo nina Bishop at Sister Chilcote at niyakap siya. Sila ay magkakasamang umiyak at labis na namighati nang ilang sandali. Pagkatapos ay inalok ni Bishop Chilcote na bigyan si Alicia ng basbas.

Ang sumunod na nangyari ay hindi mauunawaan nang walang anumang pagkaunawa tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa agarang kabutihan ng Diyos. Maingat na ipinatong ni Bishop Chilcote ang mga kamay niya sa ulo ni Alicia at, sa nanginginig na tinig, ay nagsimulang magsalita. Narinig ni Alicia ang dalawang bagay na tila ang Diyos mismo ang nagsalita. Una, narinig niya ang kanyang pangalan, Alicia Susan Schroeder. Pagkatapos ay narinig niya ang bishop na tinawag ang awtoridad ng Makapangyarihang Diyos. Sa pagkakataong iyon—sa pagbanggit lamang sa kanyang pangalan at sa kapangyarihan ng Diyos—napuspos si Alicia ng hindi maipaliwanag na kapayapaan, pagmamahal, kapanatagan, at kahit papaano ay *kagalakan*. At patuloy niyang nadama ito.

Ngayon, mangyari pa, sina Alicia, Mario, at ang kanilang pamilya ay patuloy na nagdadalamhati at hinahanap-hanap si Kaleb. *Mahirap* ito! Kapag kinakausap ko siya, napupuno ang mga mata ni Alicia ng mga luha habang sinasabi niya kung gaano niya kamahal at hinahanap-hanap ang kanyang anak. At ang kanyang mga mata ay basa pa rin ng luha habang sinasabi niya kung gaano siya pinalakas ng Dakilang Tagapagligtas para malampasan ang bawat bahagi ng kanyang pagsubok, simula sa Kanyang agarang kabutihan noong nakadama siya ng matinding pighati at nagpapatuloy ngayon nang may pag-asa sa pagsasamang "hindi na maraming araw mula ngayon."

Nauunawaan ko na ang mga karanasan ng buhay kung minsan ay

lumilikha ng kaguluhan at problema na maaaring maging dahilan para mahirap matanggap o makilala o mapanatili ang uri ng kapanatagang dumating kina Emilie at Alicia. Naranasan ko rin ang mga panahong iyan. Pinatototohanan ko, sa mga panahong iyan, na ang simpleng pagkaligtas natin ay patunay ng magiliw at makapangyarihang kabutihan ng Diyos na agad na dumarating sa atin. Tandaan, ang sinaunang Israel ay naligtas sa huli "ng yaon ding Diyos na nangalaga sa kanila"[14] araw-araw.

Pinatototohanan ko na si Jesucristo ang Dakilang Tagapagligtas, at sa Kanyang pangalan, ipinapangako ko na sa inyong pagbaling sa Kanya nang may tunay na hangarin at buong layunin ng puso, ililigtas Niya kayo mula sa lahat ng bagay na nagbabantang magpawalang-halaga o magwasak sa inyong buhay o kaligayahan. Ang kaligtasang iyan ay maaaring mas matagal pang dumating kaysa sa nais ninyo—marahil habang buhay o mas matagal pa. Kaya, upang mabigyan kayo ng kapanatagan, tapang, at pag-asa, na susuporta at magpapalakas sa inyo hanggang sa araw na maligtas kayo, inihahayag at pinatototohanan ko sa inyo *ang kagyat na kabutihan ng Diyos* sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan, para sa halimbawa, ang Alma 7:7; 9:26; Doktrina at mga Tipan 88:87.
2. Tingnan sa Mosias 23:28–29; 24:14–15.
3. Mosias 25:10; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. Doktrina at mga Tipan 121:1–3.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:7.
6. Tingnan sa Alma 58:11:: "Oo, at ito ay nangyari na, na kami ay dinalaw ng mga paniniyak ng Panginoon nating Diyos na ililigtas niya kami; oo, . . . at pinapangyaring kami ay umasa ng aming kaligtasan sa kanya." Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 121:7–8.
7. Tingnan sa "Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta," *Mga Himno,* blg. 15.
8. Isaias 54:10; idinagdag ang pagbibigay-diin.
9. Mga Taga Roma 8:39.
10. Mosias 2:24.
11. Tingnan sa Mateo 14:31.
12. Alma 5:7.
13. Alma 34:31.
14. 1 Nephi 5:15.



NI ELDER RONALD A. RASBAND
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Magtayo ng Isang Muog ng Espirituwalidad at Proteksyon

*Kapag ipinamumuhay natin ang ebanghelyo ni Jesucristo, kapag umaasa tayo sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at sumusulong nang may pananampalataya, tayo ay napapalakas laban sa kaaway.*

Mga kapatid, sa pagtatapos ng kumperensyang ito, nagpapasalamat ako sa ating Ama sa Langit para sa mga payo, katotohanan, at paghahayag na ibinahagi sa pulpitong ito sa nakalipas na dalawang araw. Tinuruan tayo ng mga tagapaglingkod ng Diyos na tinawag para mangusap ng Kanyang mga banal na salita. Pinaalalahanan tayo ng Panginoon sa paghahayag sa mga huling araw, "Maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa."[1]





Habang minamasdan ko ang malaking kongregasyong ito ng mga Banal, at nakikinita sa aking isipan ang mga miyembrong nanonood ng pangkalahatang kumperensya sa iba't ibang dako ng mundo, naisip ko ang pagtitipon sa Aklat ni Mormon nang magpakita si Jesucristo sa mga Nephita pagkatapos ng Pagpako sa Kanya sa krus. Itinuro Niya sa kanila ang ebanghelyo at hinikayat sila na, "Magsiuwi kayo sa inyong mga tahanan, at bulay-bulayin ang mga bagay na aking sinabi, at tanungin ang Ama, sa aking pangalan, upang kayo'y makaunawa."[2]

"Magsiuwi kayo sa inyong mga tahanan, at [magbulay-bulay]" ang kasunod na hakbang sa pagsasapuso ng mga sinabi ng mga propeta at lider ng Simbahan sa sagradong pulong na ito. Ang mga tahanang nakasentro kay Cristo ay mga muog para sa kaharian ng Diyos sa lupa sa panahon na, tulad ng ipinropesiya, ay "sasalantahin [ng diyablo] ang mga anak ng tao, at pupukawin sila na magalit laban sa yaong bagay na mabuti."[3]

Ang mga tao ay nagtatayo ng mga muog sa lahat ng panahon sa kaysaysan para hindi mapasok ng kaaway. Kadalasan, ang mga muog na ito ay may isang bantay sa tore kung saan ang mga bantay—tulad ng mga propeta—ay nagbibigay ng babala tungkol sa mga nagbabantang panganib at pagsalakay.

Noong unang panahon ng mga pioneer sa Utah, ang aking lolo-sa-tuhod na si Thomas Rasband at ang kanyang pamilya ay ilan sa mga naunang nandayuhan na pumasok sa Heber Valley sa magandang Wasatch Mountains ng Utah.

Noong 1859, tumulong si Thomas sa pagtatayo ng Hebert fort, na itinayo para sa kanilang proteksyon. Ito ay isang simpleng istruktura na yari sa mga trosong cottonwood na inayos nang magkakatabi, na siyang naging hangganan ng muog. Ang mga bahay na yari sa troso ay itinayo sa loob ng muog gamit ang istruktura ding iyon. Ang istruktura ay nagbigay ng kapanatagan at kaligtasan sa mga pamilyang pioneer na iyon habang pinatatatag nila ang kanilang mga tahanan at sumasamba sa Panginoon.

Gayon din tayo. Ang ating mga tahanan ay mga muog laban sa mga kasamaan ng mundo. Sa ating mga tahanan lumalapit tayo kay Cristo sa pamamagitan ng pagkatutong sundin ang Kanyang mga kautusan, pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagdarasal nang magkakasama, at pagtulong sa isa't isa na manatili sa landas ng tipan. Ang panibagong pagbibigay-diin sa personal na pag-aaral at pag-aaral ng pamilya sa tahanan gamit ang kurikulum na *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* ay nilalayong "palalimin ang ating pagbabalik-loob at tulungan tayong maging higit na katulad ni Jesucristo."[4] Sa paggawa nito, tayo ay magiging "[mga] bagong nilalang"[5] tulad ng sinabi ni Pablo, na ang mga puso at kaluluwa natin ay nakaayon sa Diyos. Kailangan natin ang lakas na iyan para maharap at maiwasan ang mga pagsalakay ng kaaway.

Kapag namuhay tayo nang tapat dahil sa pananampalataya kay Jesucristo, madarama natin ang payapang presensya ng Espiritu Santo, na gagabay sa atin patungo sa katotohanan, maghihikayat sa atin na mamuhay nang matwid sa mga pagpapala ng Panginoon, at magpapatotoo na buhay ang Diyos at minamahal Niya tayo. Lahat ng ito ay nangyayari sa loob ng muog ng ating sariling mga tahanan. Ngunit tandaan, ang ating mga tahanan ay kasinglakas lamang ng espirituwal na lakas ng bawat isa sa atin sa loob ng ating tahanan.

Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson, "Sa darating na mga araw, hindi magiging posible na espirituwal na makaligtas kung walang patnubay, tagubilin, at nakapagpapanatag [at patuloy] na impluwensya ng Espiritu Santo."[6] Bilang buhay na propeta, tagakita, at tagapaghayag ng Panginoon sa panahong ito, ang bantay sa tore ng ating muog, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, nakikita niya ang kilos ng kaaway.

Mga kapatid, tayo ay nakikipaglaban kay Satanas para sa mga kaluluwa ng mga tao. Ang magkabilang panig sa labanang ito ay natukoy na sa premortal na buhay. Hindi tinanggap ni Satanas at ng ikatlong bahagi ng mga anak ng ating Ama sa Langit ang Kanyang mga pangako ng kadakilaan. Mula noong panahong iyon, ang mga kampon ng kaaway ay nakikipaglaban na sa matatapat na pinipili ang plano ng Ama.

Alam ni Satanas na bilang na ang kanyang mga araw at kakaunti na lang ang oras. Bagama't siya ay tuso at mapanlinlang, hindi siya mananalo. Gayunman, patuloy siyang nakikipaglaban para mahila niya ang ating mga kaluluwa.

Para sa ating kaligtasan, dapat tayong magtayo ng isang muog ng espirituwalidad at proteksyon para sa ating mga kaluluwa, isang muog na hindi mapapasok ng yaong masama.

Si Satanas ay isang ahas na tuso, padahan-dahang pumapasok sa ating isipan at puso kapag ibinaba natin ang

ating mga depensa, kapag nalulungkot, o nawawalan tayo ng pag-asa. Tinutukso niya tayo ng kanyang matatamis na salita, nangangako ng kaginhawahan, kapanatagan, o pansamantalang saya kapag nalulungkot tayo. Binibigyang-katwiran niya ang kapalaluan, kalupitan, kasinungalingan, pagiging hindi kuntento, at imoralidad at kalaunan maaari tayong maging "manhid."[7] Lilisan ang Espiritu sa atin. "At sa gayon lilinlangin ng diyablo ang kanilang mga kaluluwa, at maingat silang aakayin pababa sa impiyerno."[8]

Sa kabilang banda, madalas nating madama nang napakalakas ang Espiritu kapag umaawit tayo ng mga papuri sa Diyos gamit ang mga salitang ito:

*Diyos ay moog na matibay,*
*'Di matinag na tanggulan.*
*Diyos ay moog na matibay,*
*Sa 'ti'y laging kaagapay.*[9]

Kapag nagtatayo tayo ng muog ng espirituwal na lakas, makakaiwas tayo sa mga tukso ng kaaway, tatalikuran siya, at madarama ang kapayapaan ng Espiritu. Matutularan natin ang halimbawa ng ating Panginoon at Tagapagligtas, na, nang tuksuhin sa ilang, ay nagsabing, "[Lumayo ka sa akin, Satanas]."[10] Kailangang matutuhan ng bawat isa sa atin kung paano iyan gawin sa buhay.

Ang gayong matwid na layunin ay malinaw na nailarawan sa Aklat ni Mormon nang ihanda ni Kapitan Moroni ang mga Nephita sa pagharap sa pagsalakay ng isang mapanlinlang, uhaw sa dugo, at uhaw sa kapangyarihan na si Amalikeo. Si Moroni ay nagtayo ng mga muog para proteksyunan ang mga Nephita "upang sila ay mabuhay sa Panginoon nilang Diyos, at upang mapanatili nila ang yaong tinatawag ng kanilang mga kaaway na layunin ng mga Cristiyano."[11] Si Moroni ay "di matitinag sa pananampalataya kay Cristo,"[12] at matapat "sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos . . . at paglaban sa kasamaan."[13]

Nang dumating ang mga Lamanita para makipaglaban, nanggilalas sila sa paghahandang ginawa ng mga



Nephita, at sila ay natalo. Pinasalamatan ng mga Nephita "ang Panginoon nilang Diyos, dahil sa kanyang walang kapantay na kapangyarihan sa pagliligtas sa kanila mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway."[14] Nagtayo sila ng mga muog na poprotekta sa kanila sa labas, at pinalakas nila ang kanilang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo sa loob—sa kaibuturan ng kanilang mga kaluluwa.

Ano ang ilang paraan na mapapalakas natin ang ating sarili sa panahon ng kaguluhan, upang tayo ay maging "mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos upang maisagawa ang dakilang gawaing ito"?[15] Tingnan natin ang mga banal na kasulatan.

Tayo ay masunurin. Iniutos ng Panginoon kay Amang Lehi na pabalikin ang kanyang mga anak sa Jerusalem upang "hanapin ang mga talaan, at dalhin ang mga yaon dito sa ilang."[16] Hindi nagtanong si Lehi; hindi siya nagtanong kung bakit o paano. Gayon din si Nephi, na tumugon ng "Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon."[17]

Kumikilos ba tayo nang may kahandaang sumunod tulad ni Nephi? O mas kukuwestiyunin natin ang mga utos ng Diyos tulad ng mga kapatid ni Nephi, na dahil sa kawalan nila ng pananampalataya ay tumalikod kalaunan sa Panginoon? Ang pagsunod, na ginawa nang "buong kabanalan ng puso,"[18] ang hinihingi ng Panginoon sa atin.

Tayo ay nagtitiwala sa Panginoon, na nagsabi kay Josue habang naghahanda siyang pamunuan ang mga Israelita patungo sa lupang pangako, "Magpakalakas at magpakatapang na mabuti; huwag kang matakot, ni manglupaypay: sapagka't ang Panginoon mong Dios ay sumasa iyo saan ka man pumaroon."[19] Nagtiwala si Josue sa mga salitang iyon at pinayuhan ang mga tao, "Magpakabanal kayo; sapagka't bukas ay gagawa ng mga kababalaghan ang Panginoon sa inyo."[20] Hinati ng Panginoon ang mga tubig ng Jordan at natapos ang 40 taong paggala-gala ng mga Israelita sa ilang.

Naninindigan tayo sa katotohanan, tulad ng ginawa ng propetang si Abinadi sa Aklat ni Mormon. Dinakip, at dinala sa harapan ni Haring Noe at ng masasamang saserdote nito, itinuro ni Abinadi ang Sampung Utos at nangaral nang may kapangyarihan na si Cristo ay "bababa sa mga anak ng tao, at . . . tutubusin ang kanyang mga tao."[21] Pagkatapos, nang may pananampalataya sa kaibuturan ng kanyang puso, ipinahayag niya, "O Diyos, tanggapin ang aking kaluluwa,"[22] at si Abinadi ay "nagdanas ng kamatayan sa pamamagitan ng apoy."[23]

Tayo ay gumagawa at nagpapanibago ng ating mga tipan sa pamamagitan ng pagtanggap ng sakramento at pagsamba sa templo. Ang sakramento ang pinakamahalagang bahagi sa pagsamba natin sa araw ng Linggo, kung saan natatanggap natin ang pangako na "sa tuwina ay mapasa[atin] ang kanyang Espiritu upang makasama [natin]."[24] Sa pamamagitan ng sagradong ordenansa na iyan, nangangako tayo na tataglayin natin ang pangalan ni Jesucristo, susundin Siya, at gagawin ang ating mga responsibilidad sa banal na gawaing ito tulad ng ginawa Niya. Sa templo, "[maisasantabi natin] ang mga bagay ng daigdig na ito"[25] at madarama ang presensya ng Panginoon at ang Kanyang pambihirang kapayapaan. Mapagtutuunan natin ng pansin ang ating mga ninuno, pamilya, at buhay na walang hanggan sa presensya ng Ama.



Kaya't hindi nakapagtatakang ipinahayag kamakailan ni Pangulong Nelson sa Roma, "Ang kabutihang magmumula sa templong ito ay hindi masusukat."[26]

Dapat maging tapat tayo sa lahat ng ating ginagawa. Dapat marunong tayong makahiwatig at mayroong disiplina sa sarili nang sa gayon ay hindi na natin kinakailangang palaging tukuyin kung ano ang tama at kung ano ang mali. Dapat nating isapuso ang mga salita ni Pedro, ang Apostol noon sa Simbahan na nagbabala na, "Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya."[27]

Kapag masigasig nating pinatibay ang ating mga muog, tayo ay magiging katulad ni Jesucristo, bilang Kanyang mga tunay na disipulo, na ang ating kaluluwa ay nasa Kanyang pangangalaga.

Ang inyong patotoo tungkol kay Jesucristo ay ang inyong personal na muog, ang kaligtasan para sa inyong kaluluwa. Nang itayo ng aking lolo-sa-tuhod at ng kapwa niya mga pioneer ang Heber Fort, paisa-isa nilang inilagay ang mga troso hanggang sa ang muog ay "nakalapat na mabuti"[28] at sila ay naproteksyunan. Angkop din ang paraang ito sa ating patotoo. Bawat isa sa atin ay nagtatamo ng patotoo mula sa Banal na Espiritu kapag nangungusap Siya sa ating espiritu, nagtuturo ng "katotohanan sa mga loob na sangkap."[29] Kapag ipinamumuhay natin ang ebanghelyo ni Jesucristo, kapag umaasa tayo sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at sumusulong nang may pananampalataya, nang hindi natatakot, tayo ay napapalakas laban sa mga tukso ng kaaway. Ikinokonekta tayo ng ating mga patotoo sa kalangitan, at nabibiyayaan tayo ng "katotohanan ng lahat ng bagay."[30] At, tulad ng mga pioneer na pinrotektahan ng isang muog, tayo ay ligtas na nayayakap ng mga bisig ng pagmamahal ng Tagapagligtas.


Itinuro ng propetang si Eter, "Kaya nga, sinuman ang maniniwala sa Diyos ay maaaring umasa nang may katiyakan para sa isang daigdig na higit na mainam, oo, maging isang lugar sa kanang kamay ng Diyos, kung aling pag-asa ay bunga ng pananampalataya, na gumagawa ng isang daungan sa mga kaluluwa ng tao, na siyang magbibigay sa kanila ng katiyakan at katatagan, nananagana sa tuwina sa mabubuting gawa, inaakay na purihin ang Diyos."[31]

Mahal kong mga kapatid, iniiwan ko sa inyo ang aking basbas na humayo nang nagtitiwala sa Panginoon at sa Kanyang ebanghelyo. Tulungan ang mga nanghihina at, sa lakas ng Espiritu na nasa inyo, magiliw na akayin sila pabalik sa muog ng espirituwalidad at proteksyon. Sikaping "maging tulad ni Jesus"[32] sa lahat ng inyong ginagawa; iwaksi ang masama at mga tukso; magsisi, tulad ng payo kahapon ng ating mahal na propeta; maging matapat ang puso; maging matwid at dalisay; magpakita ng awa at pag-ibig; at mahalin ang Panginoon ninyong Diyos nang may katapatan ng isang tunay na disipulo.

Ang ating mga patotoo tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo, ang ating mga tahanan, pamilya, at pagiging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay magiging personal nating muog ng proteksyon na nakapalibot sa atin at pananggalang natin sa kapangyarihan ng yaong masama. Taimtim kong pinatototohanan ito sa inyo sa pangalan ng ating Panginoon at Tagapagligtas, na si Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Doktrina at mga Tipan 1:38.
2. 3 Nephi 17:3.
3. 2 Nephi 28:20.
4. *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya: Bagong Tipan 2019,* v.
5. II Mga Taga Corinto 5:17.
6. Russell M. Nelson, "Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay," *Liahona,* Mayo 2018, 96.
7. 1 Nephi 17:45.
8. 2 Nephi 28:21.
9. "Diyos Natin ay Moog na Matibay," *Mga Himno,* blg. 36.
10. Lucas 4:8.
11. Alma 48:10.
12. Alma 48:13.
13. Alma 48:16.
14. Alma 49:28.
15. Alma 26:3.
16. 1 Nephi 3:4.
17. 1 Nephi 3:7.
18. Doktrina at mga Tipan 46:7.
19. Josue 1:9.
20. Josue 3:5.
21. Mosias 15:1.
22. Mosias 17:19.
23. Mosias 17:20.
24. Doktrina at mga Tipan 20:77.
25. Doktrina at mga Tipan 25:10.
26. Russell M. Nelson, sa Tad Walch, "President Nelson Refers to Apostles Peter, Paul during Rome Temple Dedication," *Deseret News,* Mar. 10, 2019, deseretnews.com.
27. I Ni Pedro 5:8.
28. Mga Taga Efeso 2:21.
29. Mga Awit 51:6.
30. Moroni 10:5.
31. Eter 12:4.
32. "Sinisikap Kong Tularan si Jesus," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 40–41.



NI PANGULONG RUSSELL M. NELSON

# Pangwakas na Mensahe

*Nawa'y ilaan at muli nating ilaan ang ating buhay sa paglilingkod sa Diyos at sa Kanyang mga anak—sa magkabilang panig ng tabing.*

Mahal kong mga kapatid, sa pagtatapos ng makasaysayang kumperensyang ito, nagpapasalamat tayo sa Panginoon para sa Kanyang inspirasyon at proteksyon. Ang mga mensahe ay nagturo at espirituwal na nagpalakas sa atin.

Ang mga nagsalita ay hindi binigyan ng mga paksa. Bawat isa sa kanila ay nanalangin at humingi ng personal na paghahayag sa paghahanda ng kanilang mga mensahe. Para sa akin, kamangha-mangha kung paano nagtugma-tugma ang mga temang iyon sa isa't isa. Habang pinag-aaralan ninyo ang mga ito, sikaping matutuhan kung ano ang nais ituro ng Panginoon sa *inyo* sa pamamagitan ng Kanyang mga tagapaglingkod.

Napakaganda ng musika. Lubos kaming nagpapasalamat sa maraming indibidwal na nakibahagi sa paghahatid sa atin ng musika, na pinagsama-sama ang kanilang mga talento, para maanyayahan ang Espiritu ng Panginoon sa bawat sesyon. At Kanyang binasbasan ang mga panalangin at mga kongregasyon sa bawat sesyon. Tunay ngang ang kumperensya ay muling naging espirituwal na piging para sa ating lahat.

Kami ay umaasa at nananalangin na ang tahanan ng bawat miyembro ay magiging isang tunay na santuwaryo ng pananampalataya, kung saan makapananahan ang Espiritu ng Panginoon. Sa kabila ng kaguluhan sa paligid natin, ang tahanan ng isang tao ay maaaring maging payapang lugar, kung saan ang pag-aaral, pagdarasal, at pananampalataya ay malalakipan ng pagmamahal. Maaari tayong maging tunay na mga disipulo ng Panginoon,



naninindigan at nagsasalita para sa Kanya saanman tayo naroon.

Ang layunin ng Diyos ay dapat na maging layunin natin. Nais Niya na *piliin* ng Kanyang mga anak na bumalik sa Kanya, handa, karapat-dapat, na-endow, nabuklod, at tapat sa mga tipang ginawa sa mga banal na templo.

Ngayon ay mayroon tayong 162 inilaang mga templo. Ang pinakaunang mga templo ay sumasagisag sa pananampalataya at mithiin ng ating mga minamahal na pioneer. Ang bawat templong itinayo nila ay bunga ng kanilang malaking sakripisyo at pagsisikap. Ang bawat isa sa kanila ay maituturing na isang napakagandang hiyas sa korona ng mga pioneer na simbolo ng kanilang mga nagawa.

Sagradong responsibilidad natin na pangalagaan ang mga ito. Kaya, ang naunang mga templong ito ay muling aayusin at pagagandahin, at, ang ilan ay mapapasailalim sa masusing restorasyon. Gagawin ito para mapreserba ang pambihirang kasaysayan ng bawat templo hangga't maaari, pananatilihin ang nakasisiglang kagandahan at pambihirang kahusayan ng mga henerasyong lumipas.

Ang mga detalye para sa St. George Utah Temple ay nailabas na. Ang mga plano para sa renobasyon ng Salt Lake Temple, Temple Square, ang kalapit na plaza malapit sa Church Office Building ay ibabalita sa araw ng Biyernes, Sabado, Abril 19, 2019.

Ang Manti at Logan Utah Temple ay gagawan din ng renobasyon sa darating na mga taon. Kapag handa na ang mga planong iyon, ibabalita rin ang mga ito.

Sa paggawa nito, kakailanganing isara ang mga templong ito sa mahabahabang panahon. Maipagpapatuloy ng mga miyembro ng Simbahan ang pagsamba at paglilingkod sa templo sa ibang mga kalapit na templo. Kapag natapos na ang bawat proyekto, ang bawat makasaysayang templo ay muling ilalaan.

Mga kapatid, itinuturing natin ang templo na pinakasagradong gusali sa Simbahan. Kapag ibinalita namin ang mga plano sa pagtatayo ng isang *bagong* templo, nagiging bahagi ito ng

ating sagradong kasaysayan. Ngayon, mangyaring makinig mabuti at nang tahimik. Kung ibabalita ko ang isang templo sa lugar na espesyal sa inyo, iminumungkahi ko na yumuko na lamang kayo at tahimik na magpasalamat sa pamamagitan ng isang panalangin sa inyong puso. Ayaw natin ng anumang hiyawan na nakakabawas sa kasagraduhan ng kumperensyang ito at sa mga banal na templo ng Panginoon.

Ngayon ay masaya naming ibinabalita ang planong pagtatayo ng marami pang templo, na itatayo sa mga sumusunod na lugar:

Pago Pago, American Samoa; Okinawa City, Okinawa; Neiafu, Tonga; Tooele Valley, Utah; Moses Lake, Washington; San Pedro Sula, Honduras; Antofagasta, Chile; Budapest, Hungary.

Salamat, mahal kong mga kapatid.

Kapag binabanggit natin ang ating mga luma at bagong templo, nawa'y ipakita natin sa ating kilos na tayo ay mga tunay na disipulo ng Panginoong Jesucristo. Nawa'y pagbutihin natin ang ating buhay sa pamamagitan ng ating pananampalataya at pagtitiwala sa Kanya. Nawa'y magamit natin ang kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala sa pamamagitan ng pagsisisi natin sa bawat araw. At nawa'y ilaan at muli nating ilaan ang ating buhay sa paglilingkod sa Diyos at sa Kanyang mga anak—sa magkabilang panig ng tabing.

Ibinibigay ko sa inyo ang aking pagmamahal at basbas, tinitiyak sa inyo na patuloy ang paghahayag dito, sa Simbahan ng Panginoon. Magpapatuloy ito hanggang sa "ang mga layunin ng Diyos ay matupad, at ang dakilang Jehova ay magsabing ang gawain ay naganap na."[1]

Iyan ang basbas ko sa inyo at pinatototohanan ko na ang Diyos ay buhay! Si Jesus ang Cristo! Ito ang Kanyang Simbahan. Tayo ay Kanyang mga tao. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 165.


# Ulat sa Estadistika, 2018

Para sa kaalaman ng mga miyembro ng Simbahan, nag-isyu ang Unang Panguluhan ng sumusunod na ulat sa estadistika hinggil sa paglago at kalagayan ng Simbahan hanggang Disyembre 31, 2018.

| | |
|---|---|
| **MGA UNIT NG SIMBAHAN** | |
| Mga Stake | 3,383 |
| Mga Mission | 407 |
| Mga District | 547 |
| Mga Ward at Branch | 30,536 |
| **MGA MIYEMBRO NG SIMBAHAN** | |
| Kabuuang Bilang ng mga Miyembro | 16,313,735 |
| Mga Bagong Children of Record | 102,102 |
| Mga Nabinyagan | 234,332 |
| **MGA MISSIONARY** | |
| Mga Full-Time Missionary | 65,137 |
| Mga Church-Service Missionary | 37,963 |
| **MGA TEMPLO** | |
| Mga Templong Inilaan Noong 2018 (Concepción Chile at Barranquilla Colombia) | 2 |
| Mga Templong Muling Inilaan Noong 2018 (Houston Texas at Jordan River Utah) | 2 |
| Mga Templong Nagagamit sa Pagtatapos ng Taon | 161 |

*Ang sumusunod na listahan ng mga piling karanasan na ikinuwento sa pangkalahatang kumperensya ay maaaring gamitin sa personal na pag-aaral, family home evening, at iba pang pagtuturo. Ang numero ay tumutukoy sa unang pahina ng mensahe.*


| | |
|---|---|
| **Neil L. Andersen** | (34) Nanatiling tapat sa kanyang mga tipan ang isang lalaking naaakit sa kapareho niya ng kasarian. Nagtuon sa paglilingkod ang isang babaeng hindi ikinasal kailanman. |
| **D. Todd Christofferson** | (81) Ipinakita kay Pangulong Russell M. Nelson ng mga kabataan sa Italy ang mga temple card na inihanda para sa kanilang mga ninuno. |
| **Carl B. Cook** | (51) Napagpala ng isang "Pangkat ng Magkakapatid" na pinalakas at tinulungan ang isa't isa na magbalik-loob sa Botswana ang maraming buhay sa pamamagitan ng paglilingkod bilang missionary. Sinuportahan at pinagpala ng mga korum sa priesthood ang batang si Carl B. Cook. |
| **Quentin L. Cook** | (76) Isang paanyaya mula kay Pangulong Gordon B. Hinckley ang nakatulong sa pagpapabinyag ng ama ni Elder O. Vincent Haleck. |
| **Becky Craven** | (9) Inireklamo ng isang saksi na hindi sinubukan ng train engineer na iiwas ang kanyang tren bago ito bumunggo sa kotse na nasa riles. |
| **Sharon Eubank** | (73) Ang mga ilaw sa gabi ay hindi sumindi sa Salt Lake Temple. Isang panaginip ang nagbigay kay Sharon Eubank ng hangaring palakasin ang kanyang pananampalataya. |
| **Gerrit W. Gong** | (97) Pagkatapos maawa sa isang magnanakaw, nagsimulang maunawaan ng kaibigan ni Gerrit W. Gong si Jesucristo at ang Kanyang Pagbabayad-sala. |
| **Brook P. Hales** | (11) Natutuhan ng dalawang anak na lalaki ni Brook P. Hales na ang Diyos, sa pagsagot sa mga panalangin, ay nalalaman ang wakas mula sa simula. "Lilipas din ito" ang naging motto ng isang matapat na babae na tinanggap ang kanyang pagkabulag. |
| **Mathias Held** | (31) Sumapi sina Mathias at Irene Held sa Simbahan pagkatapos malaman ang katotohanan sa pamamagitan ng pag-aaral at ng Espiritu. |
| **David P. Homer** | (41) Habang nakasakay sa isang maliit na eroplano, natutuhan ni David P. Homer ang kahalagahan ng pakikinig sa tamang tinig. Nalaman ni David P. Homer at ng kanyang asawa na maaaring matagal dumating ang mga sagot sa panalangin. Nagtiis hanggang sa wakas ang kapatid ni David P. Homer sa kabila ng mga hirap na naranasan nito. |
| **Kyle S. McKay** | (105) Pinanatag at tinulungan ng Dakilang Tagapagligtas ang isang babaeng may problema sa adiksyon sa droga at ang isang ina na namatayan ng anak sa isang aksidente. |
| **Russell M. Nelson** | (67) Ang isang ina at kanyang mga anak na babae ay nakikipagkumpetensya sa mga sport at laro para sa atensyon ng mga lalaki sa kanilang pamilya.<br>(88) Nag-usap sina Russell M. Nelson at ang kanyang anak na si Wendy "tungkol sa mga bagay na pinakamahalaga" sa kanilang "usapang mag-ama para mamaalam." Isang pulis na tinutulungan ang mga tao na makaligtas mula sa mapaminsalang sunog ang nangamba at nagtanong, "*Nasaan* ang *aking* pamilya?" Tumangging magbago ang isang kaibigan ni Russell M. Nelson para maging karapat-dapat sa mga pagpapala ng ebanghelyo. |
| **Dallin H. Oaks** | (60) Pinanood ng mga estudyante sa kolehiyo ang isang aso na dahan-dahang lumalapit sa isang squirrel at hindi inisip, "Saan ito hahantong?" Nabago ang nadama tungkol sa kasal sa templo at sa ebanghelyo ng isang magkasintahang taga Colombia na nagbiyahe sa bus nang limang araw at limang gabi para ikasal sa templo. |
| **Dale G. Renlund** | (70) Nakatulong ang "unang di-bihasang pagdarasal" sa isang di-gaanong aktibong miyembro na madama ang impresyon sa simbahan na "ito ay Aking bahay." |
| **Ulisses Soares** | (6) Itinimo ng isang single mother ang mga pagpapala ng ebanghelyo sa puso ng kanyang mga anak. |
| **Gary E. Stevenson** | (47) Noong siya ay nasa high school at isang priest, tumanggi ang isang magiging Apostol na manood ng hindi angkop na pelikula, na nagpalakas sa loob ng isang kaibigan. |
| **Juan Pablo Villar** | (95) Pagkatapos gugulin ang isang araw sa pagpo-proselyte kasama ang kanyang kapatid na missionary, nagpasiya si Juan Pablo Villar na magpabinyag at magmisyon. |
| **Takashi Wada** | (38) Sumapi sa Simbahan ang ina ni Takashi Wada pagkatapos antigin ng Panginoon ang kanyang puso sa pamamagitan ng kabaitan ng isang batang lalaki. |
| **W. Christopher Waddell** | (19) Salamat sa ministering na ginawa ng pamilya at mga kaibigan, muling tinanggap ng kapatid ni W. Christopher Waddell ang ebanghelyo bago siya namatay. |



## Elder Rubén V. Alliaud

*General Authority Seventy*

Si Rubén Alliaud ay 14 anyos nang umalis sa kanyang tahanan sa Argentina para mamalagi ng isang taon sa kanyang tiyuhin sa Estados Unidos. Ang kanyang ama na si Rubén Reynaldo Alliaud, ay pumanaw na bago pa iyon, kaya unti-unting naging "mapagrebelde" si Ruben.

Dahil sa pag-aalala, ipinadala siya ng kanyang ina sa Houston, Texas, para patirahin siya sa kanyang kapatid, si Manuel Bustos, at sa pamilya nito. May isang kondisyon siyang hiniling sa pamilya ng kanyang kapatid: "Huwag ninyong ituro sa anak ko ang mga paniniwala ninyong mga Banal sa mga Huling Araw."

Subalit ang diwa ng ebanghelyo ay nakaakit sa balisang tinedyer. Nakita niya kung paano pinag-isa ng Simbahan ang pamilya Bustos sa pamamagitan ng panalangin at paglilingkod, at hindi niya maiwasang pansinin ang maraming kopya ng Aklat ni Mormon sa mga estante ng kanyang silid.

Nais pang malaman ang tungkol dito, kumuha siya ng isang kopya at natuklasan ang pangako ni Moroni na malalaman niya na totoo ang Aklat ni Momron sa pamamagitan ng panalangin.


"Naantig ako ng pangakong iyon," sabi ng bagong tawag na General Authority Seventy. "Ginusto kong basahin ang aklat."

Sineryoso niya ang pangako ni Moroni, tumanggap ng positibong sagot, at sinabi sa kanyang nagulat na tiyuhin na gusto niyang magpabinyag. Kaagad na pinauwi ni Tiyo Manuel si Rubén sa Argentina para humingi ng pahintulot sa kanyang ina. Hindi nagtagal ay nabinyagan siya. Mula noon, ang ipinanumbalik ng ebanghelyo ang naging sentro ng buhay ni Elder Alliaud.

Si Rubén Vicente Alliaud ay ipinanganak noong Enero 8, 1966, sa Buenos Aires. Pinakasalan niya si Fabiana Bennett Lamas sa Buenos Aires Argentina Temple noong Disyembre 17, 1992. Sila ay may anim na anak.

Si Elder Alliaud ay nagtapos ng kurso sa abogasya mula sa University of Belgrano, sa Buenos Aires, at nagtagumpay sa kanyang propesyon bilang abogado, na ang espesyalisasyon ay criminal law. Simula noong 1998 nagtrabaho siya bilang managing partner para sa Alliaud & Asociados.

Siya ay naglingkod bilang Area Seventy, pangulo ng Argentina Córdoba Mission, stake president, high councilor, bishop, elders quorum president, at missionary sa Uruguay Montevideo Mission. Noong tinawag sa tungkulin, siya ay kasalukuyang naglilingkod bilang institute teacher, unang tagapayo sa panguluhan ng Argentina Missionary Training Center, at public affairs director. ■



## Jorge M. Alvarado

*General Authority Seventy*

Sina Miguel at Iris Alvarado ay sumapi sa Simbahan sa Puerto Rico noong 1977 noong ang kanilang anak na si Jorge ay anim na taong gulang. Ang batang si Jorge ay nabinyagan pagkatapos ng dalawang taon at hindi kailanman lumiban sa pagdalo sa mga miting sa Sabbath.

"Pero naganap ang aking sariling pagbabalik-loob noong ako ay 16 anyos," sabi ng bagong tawag na General Authority Seventy.

Noong high school ay nagsimula siyang maglingkod bilang pangulo ng kanyang klase sa seminary sa Ponce na bayan na kanyang sinilangan. Pinag-aaralan ng mga estudyante ang Aklat ni Mormon noong taong iyon. Ang kanyang bagong tungkulin ay nag-udyok sa kanya na suriin ang kanyang sarili.

"Kailangan kong tanungin ang aking sarili, 'Nalalaman ko ba talaga na ang Aklat ni Mormon ay totoo?' Paano ako naging pangulo ng klase ko sa seminary kung hindi ko alam kung totoo ang aklat?"

Dinampot niya ang kanyang Aklat ni Mormon at sa unang pagkakataon ay binasa ito nang taimtim.

"Lumuhod ako at nanalangin, at nalaman ko dahil dito na ito ay totoo," sabi niya.

Ang Aklat ni Mormon ay nananatiling isang malaking impluwensya sa buhay ni Elder Alvarado.

Habang naglilingkod bilang full-time missionary sa Florida Tampa Mission, ibinahagi niya ang Aklat ni Mormon sa lahat ng tinuruan niya. Kalaunan, pinag-aralan niya ang aklat kasama ng kanyang asawa at ng kanyang tatlong anak. Bilang pangulo ng Puerto Rico San Juan Mission, hinamon niya ang kanyang mga missionary na mahalin at ibahagi ang Aklat ni Mormon.

Ngayon, bilang isang General Authority Seventy, si Elder Alvarado ay nananatiling sabik sa pag-anyaya sa iba na tuklasin ang nakapagpapabagong-buhay na mga katotohanan sa Aklat ni Mormon.

Si Jorge Miguel Alvarado Pazo ay ipinanganak noong Nobyembre 21, 1970. Noong Disyembre 19, 1992, pinakasalan niya si Cari Lu Rios sa Washington D.C. Temple.

Pagkatapos mag-aral ng business management sa University of Puerto Rico, nagkaroon siya ng iba't ibang trabahong may kinalaman sa business management sa Puerto Rico at sa Estados Unidos. Ang pinakahuli niyang trabaho ay sa headquarters ng Simbahan sa Salt Lake City bilang isang international manager ng Self-Reliance Services.

Si Elder Alvarado ay naglingkod bilang Area Seventy, stake president, high councilor, branch president, at ward mission leader. ■



## Elder Hans T. Boom

*General Authority Seventy*

Noong walong taong gulang si Elder Hans T. Boom, ang kanyang pamilya ay lumipat sa lungsod ng Breda, na nasa timog na bahagi ng Netherlands mula sa Amsterdam. Nadama ng kanyang ama, na isang Dutchman na lumaki sa Indonesia at nabinyagan sa Simbahan, na kailangang lisanin ng kanyang pamilya ang malaking lungsod at bumalik sa bayan ng kanyang mga ninuno.

Ang panahong ginugol ni Elder Boom kasama ang kanyang pamilya sa maliit na branch ay naging lugar ng pagsasanay para sa paglilingkod sa Simbahan—paglilingkod na ibinigay niya sa buong buhay niya at patuloy na ibibigay sa kanyang bagong tungkulin bilang General Authority Seventy.

"Ang lahat ng narating ko at lahat ng mayroon ako ay utang ko sa Panginoon at sa mga pagkakataong ibinigay sa akin para matuto at umunlad," sabi niya.

Isinilang noong Hulyo 13, 1963, sa Amsterdam kina Hans at Ankie Boom, si Hans Theodorus Boom ay pangalawa sa apat na mga anak ng mga Boom. Itinuro ng kanyang mga magulang ang ebanghelyo sa kanilang pamilya at hinikayat ang kanilang mga anak na magsipag sa trabaho.

Sa edad na 18, nagmisyon si Elder Boom sa England London East Mission. Ilang buwan pagkatapos ng kanyang misyon, nakilala niya ang kanyang mapapangasawa, na si Ariena Johanna "Marjan" Broekzitter, sa isang kumperensya para sa mga young adult ng Simbahan. Ikinasal ang magkasintahan noong Hulyo 27, 1984, sa Rhoon, Netherlands, at ibinuklod kalaunan sa London England Temple. Mayroon silang tatlong anak na lalaki.

Si Elder Boom ay nagtrabaho bilang secretary sa prinsipal ng Markenhage College at recruiter para sa Franchise Development Benelux. Nang tawagin siya para maging General Authority, nagtatrabaho siya bilang sales manager para sa MacLean Agencies.

Si Elder Boom ay naglingkod bilang Area Seventy, tagapayo sa a stake presidency, stake Young Men president, branch president, at tagapayo sa branch presidency. Noong tawagin siya sa tungkuling ito, naglilingkod siya bilang institute teacher at temple ordinance worker sa The Hague Netherlands Temple. ■



## Elder L. Todd Budge

*General Authority Seventy*

Noong bata pa si Todd Budge, tinuruan siya ng kanyang mga magulang kung paano hangarin ang kalooban ng Panginoon. Buong buhay niyang sinikap na gawin ito sa bawat desisyon niya.

Pagkaraan ng ilang taon, nang silang mag-asawa ay nakatira na sa isang tahanan at may limang anak, nakadama siya ng mga espirituwal na patnubay na iwanan ang kanyang trabaho sa banking and finance. Ang pagbabagong ito ay mangangailangan ng malaking sakripisyo para maging matatag siya sa isang bagong trabaho.

Matapos ang maraming pagsisikap at paghahanda para sa pagbabago ng trabaho, nakilala ni Elder Budge ang isang tao na talagang kwalipikadong magbigay sa kanya ng payo. Ang taong ito ay nagmungkahi na manatili si Elder Budge sa kanyang trabaho sa bangko habang pinapaalalahanan siya na magkakaroon siya ng maraming pagkakataon na magpayo at tumulong ng mga tao. "Kailangan namin ng mga taong may integridad sa negosyo," sabi sa kanya ng taong ito.


Itinuring ni Elder Budge ang pagkakataong iyon na magiliw na awa ng Panginoon. "Sa tingin ko ay nais Niyang malaman kung saan nakalagak ang aking puso," sabi niya. "Matapos malaman ng Panginoon ang nasa puso ko, hindi na Niya hiningi ang sakripisyo, at nagtiwala ako na gagamitin Niya ako para sa Kanyang mga layunin kahit hindi ako magpalit ng trabaho."

Naging daan ang kanyang trabaho para maging mabuting impluwensya siya mundo ng pagnenegosyo, at nakapagbukas pa siya ng mga pinto para maibahagi ang ebanghelyo sa Japan.

Si Lawrence Todd Budge ay ipinanganak noong Disyembre 29, 1959, sa Pittsburg, California, USA, at ang kanyang mga magulang ay sina Lowell Jensen at Deanna Price Budge. Nakilala niya si Lori Capener noong freshman pa sila sa Brigham Young University. Walong buwan matapos siyang makabalik mula sa kanyang paglilingkod sa Japan Fukuoka Mission, ikinasal sila sa Logan Utah Temple. Mayroon silang anim na anak.

Nang makapagtapos siya sa BYU noong 1984 na may bachelor's degree sa economics, nagtrabaho si Elder Budge sa Bain & Company Japan; Citibank, N.A.; at GE Capital. Siya ay naging pangulo at chief executive officer ng Tokyo Star Bank Limited noong 2003, naglilingkod bilang chairman of the board ng bangko mula 2008 hanggang 2011.

Si Elder Budge ay naglingkod bilang Area Seventy, pangulo ng Japan Tokyo Mission, stake president, bishop, elders quorum president, at stake Young Men president. ■



## Elder Ricardo P. Giménez

*General Authority Seventy*

Hindi malilimutan ng mga miyembro ng Simbahan sa Antofagasta, Chile, ang pangkalahatang kumperensya ng Abril 2019 dahil sa ibinalitang templong itatayo roon at sa pagtawag sa tagaroon, na si Elder Ricardo P. Giménez, bilang General Authority Seventy.

Habang pinagninilayan niya ang mga responsibilidad ng kanyang bagong tungkulin, napalakas ang pananampalataya at lumakas ang loob ni Elder Giménez dahil sa kasabihang "Sinumang tawagin ng Panginoon, ay ginagawang karapat-dapat ng Panginoon" (Thomas S. Monson, "Duty Calls," *Ensign,* Mayo 1996, 44).

"Naituro ko nang maraming beses ang kasabihang iyan noon, at ngayon ay sinusubukan kong gamitin ito sa aking sarili," ang sabi niya. "Tinatawag ka ng Ama sa Langit. Kilala ka Niya. Kaya't humayo ka at gawin ang ipinagagawa Niya at lahat ng bagay ay magiging maayos."

Si Ricardo Patricio Giménez Salazar ay isinilang noong Nobyembre 28, 1971, ang panganay sa dalawang anak nina Ricardo Benjamín Giménez Gimeno at Myrto Lucisca Amalia Salazar Signorini. Sumapi siya sa Simbahan sa edad na 11 at lumipat kasama ang kanyang ina at kapatid na babae sa Santiago, Chile, pagkatapos magdiborsiyo ang kanyang mga magulang.

Noong 1995, nakilala niya si Catherine Ivonne Carrazana Zúñiga sa Santiago nang magsimulang dumalo si Catherine sa kanyang ward habang nakatira roon kasama ang isang tiyo. Nabuklod sila sa Santiago Chile Temple noong Setyembre 12, 1997, at nagkaroon ng dalawang anak.

Natanggap ni Elder Giménez ang kanyang undergraduate degree sa accounting at auditing sa University of Santiago noong 1997 at ang master of business administration degree sa University of Chile noong 2003. Nagsimula siya ng kanyang propesyon sa mining industry, at kalaunan ay lumipat sa information technology bilang finance director para sa Computer Sciences Corporation sa Latin America. Bumalik siya sa industriya ng pagmimina noong 2012, una sa Sierra Gorda Mining at pagkatapos sa Robinson Nevada Mining Company.

Nang tawagin siya sa tungkuling ito, si Elder Giménez ay naglilingkod bilang tagapayo sa stake presidency. Siya ay naglingkod na rin bilang Area Seventy sa South America South Area, stake president, high councilor, bishop, tagapayo sa bishopric at sa ward Young Men presidency, at full-time missionary sa Chile Concepción Mission. ■



## Elder Peter M. Johnson

*General Authority Seventy*

Matapos tanggapin ni Peter M. Johnson, anak ng isang facility supervisor at drayber ng taxi, ang basketball scholarship sa Brigham Young University–Hawaii, natagpuan niya ang sarili na nakatayo sa harap ng isang institute teacher.

"Sasapi ka agad sa Simbahan, o maaaring matagalan pa, ngunit tiyak na sasapi ka," ang hula ng guro.

Tama ang guro. Mahigit isang taon kalaunan, si Peter ay "nag-ayuno at nagdasal at nakatanggap ng sagot." Siya ay nabinyagan noong Agosto 16, 1986.


Si Peter Matthew Johnson, ang pang-apat sa limang anak, ay isinilang kina McKinley Johnson at Geneva Paris Long noong Nobyembre 29, 1966, sa Queens, New York, USA.

Nagdiborsyo ang Kanyang mga magulang nang siya ay 11, at ang kanyang ina ay lumipat sa Hawaii. Isang taon kalaunan, sumapi si Peter sa Nation of Islam at naging Muslim. Ang samahang ito ay nagbigay ng gabay at suporta at inihanda siya sa pagtanggap sa ebanghelyo ni Jesucristo.

Sa edad na 15, lumipat si Peter sa Hawaii para manirahang kasama ng kanyang ina. Doon, nakahiligan niya ang sports—lalo na ang basketball—at nagsikap makatapos ng kolehiyo, naging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, nagmisyon sa Alabama Birmingham Mission, at pinakasalan si Stephanie Lyn Chadwick sa templo noong 1990. Ang mag-asawa, na nagkakilala habang naglalaro ng basketball sa Southern Utah University, ay may apat na anak.

"Narito ako para maglingkod sa Panginoon," sabi ni Elder Johnson tungkol sa kanyang tungkulin bilang Seventy. "Anuman ang nasyonalidad o kultura o saan man ako nagmula, ang tungkulin ko ay paglingkuran ang Panginoon nang buong puso, isip, at lakas upang kumatawan sa Panginoon at sa Kanyang mga tao. Mahal tayong lahat ng Tagapagligtas. Tayo ay mga anak na lalaki at babae ng Diyos."

Si Elder Johnson ay nagtamo ng bachelor's at master's degree sa accounting mula sa Southern Utah University at PhD sa accounting mula sa Arizona State University. Nagtrabaho siya bilang associate professor sa BYU–Hawaii, assistant professor sa Brigham Young University, at associate professor sa University of Alabama. Siya ay naglingkod bilang Area Seventy, stake president, stake financial clerk, at ward mission leader. ■



## Elder John A. McCune

*General Authority Seventy*

Sa simula ng kanyang business career, nakausap ni Elder John A. McCune ang kanyang boss at nalaman niya kaagad na walang gaanong alam ang taong ito tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Itinanong ng boss ni Elder McCune kung bakit hindi sumasayaw o kumakain ng cookies ang mga Banal sa mga Huling Araw.

"Kumakain ako ng cookies," sabi ni Elder McCune sa kanyang boss na nakangiti at hinahaplos ang kanyang tiyan. "Sa palagay ko ay hindi kami ang tinutukoy mo."

Habang nag-uusap sila, nilinaw ni Elder McCune ang mga maling paniniwala tungkol sa Simbahan. Ang pag-uusap na iyon ay humantong sa iba pang mga pag-uusap tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo at napatunayan ni Elder McCune ang kahalagahan ng pagiging palaging handa na ibahagi ang ebanghelyo.


"Tayo ay mga disipulo ng Tagapagligtas na si Jesucristo, saanman tayo naroon, sa anumang kalagayan, sa anumang pagkakataon," sabi ni Elder McCune. "May mga trabaho at career tayo, ngunit ang mga ito ay para masuportahan ang ating mga pamilya at inilalagay tayo sa mga sitwasyon para maibahagi ang ebanghelyo. Iyan ang pangunahin nating responsibilidad bilang mga disipulo ni Jesucristo."

Si John Allen McCune ay isinilang sa Santa Cruz, California, USA, noong Hunyo 20, 1963, sa kanyang mga magulang na sina Clifford at Joan Schulthies McCune. Siya ay lumaki sa Nyssa, Oregon, USA.

Pagkatapos ng full-time mission sa Fukuoka, Japan, pinakasalan ni Elder McCune si Debbra Ellen Kingsbury sa Salt Lake Temple noong 1984. Mayroon silang apat na anak at nakatira sa Midway, Utah, USA.

Natanggap ni Elder McCune ang bachelor of science degree in finance mula sa Brigham Young University at kalaunan ang master of business administration degree in finance mula sa University of California, Los Angeles (UCLA). Nagtrabaho siya bilang senior vice president at managing director para sa Capital Investment Advisors mula 1997 hanggang 2012. Naglingkod siya noon bilang pangulo ng Utah Provo Mission bago naging donor liaison para sa principal gifts kasama ang LDS Philanthropies.

Si Elder McCune ay naglilingkod bilang Area Seventy noong tinawag siya sa kanyang bagong tungkulin. Siya ay naglingkod din bilang stake president, bishop, tagapayo sa bishopric at sa branch presidency, at elders quorum president. ■



## Elder James R. Rasband

*General Authority Seventy*

Nang tawagin si Elder James R. Rasband sa stake presidency ilang taon na ang nakalilipas, nadama niyang hindi siya handa. "Isa itong pagkakamali," naisip niya.

Ganito rin ang nadama niya bilang isang 19-na-taong-gulang na papasok sa Provo Missionary Training Center bilang paghahanda sa kanyang full-time mission sa Seoul, South Korea. "Paano ko gagawin ito?" tanong niya.

Sa dalawang pagkakataong ito, ang sagot ay pareho: "Ipagpatuloy ito. Dumarating ang kagalakan." O, sa mga salita ng kanyang ina, "Ang Panginoon ay walang makukuhang perpektong mga tao. Basta magtrabaho ka lang."

Nadarama ngayon ni Elder Rasband ang ganitong pag-aatubili sa pagtupad niya ng kanyang bagong tungkulin bilang General Authority Seventy, pero alam niya ang sagot: "Inaasahan lamang sa atin ng ating Ama sa Langit na magtrabaho tayo at ibahagi ang nakapagpapagaling at nakagagalak na mensahe ng Kanyang Anak at ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo."

Si James Richard Rasband ay ipinanganak sa Seattle, Washington, USA noong Marso 20, 1963 sa kanyang mga magulang na sina James E. at Ester Rasband. Lumaki siya sa Pebble Beach, California, USA, sa isang tahanan na humigit kumulang 200 yarda mula sa baybayin ng dagat.

Nakilala ni Elder Rasband si Mary Diane Williams bilang isang freshman sa Brigham Young University. Nagsulatan sila habang nag-aaral siya sa ibang bansa sa loob ng limang buwan sa Israel at pagkatapos ay sa buong paglilingkod niya sa Korea Seoul Mission. Ikinasal sila sa Los Angeles California Temple noong Agosto 11, 1984. Apat ang anak nila.

Pagkatapos ng kanyang misyon, tinapos niya ang kanyang bachelor's degree sa English at Near Eastern studies sa BYU noong 1986 at pagkatapos ay nagkamit ng juris doctor degree mula sa Harvard Law School noong 1989. Pagkatapos magtrabaho bilang isang abogado sa Seattle, bumalik siya sa BYU noong 1995 para magturo sa J. Reuben Clark Law School. Naglingkod siya bilang dean ng law school mula 2009 hanggang 2016, kung kailan siya ay naging academic vice president ng BYU.

Si Elder Rasband ay nakapaglingkod bilang Area Seventy, stake president, tagapayo sa stake presidency, high councilor, bishop, at ward Young Men president. ■



## Elder Benjamin M. Z. Tai

*General Authority Seventy*

Ang ama ng tatay ni Elder Benjamin M. Z. Tai ay dinakip, ibinilanggo, at pinatay ng mga puwersang Hapones na sumakop sa Hong Kong noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Ilang dekada ang lumipas, nakilala ni Elder Tai ang kanyang mapapangasawa, na si Naomi Toma, mula sa Japan, habang naglilingkod bilang elders quorum president sa kanilang student ward sa Brigham Young University. Si Naomi ay naglilingkod bilang Relief Society president.


Nang sabihin ni Benjamin sa kanyang ama, na si emeritus General Authority Elder Kwok Yuen Tai, na idinideyt niya at gustong pakasalan si Naomi, hindi naghinanakit ang kanyang ama. Katunayan, ang mga magulang ni Naomi, sina Rikuo at Fumiko Toma, ay pumunta sa Hong Kong para dalawin ang mga magulang ni Benjamin. Sinabi ng kanyang mga magulang na dahil sa ebanghelyo ni Jesucristo naging posible ang kanilang kasal. Ikinasal ang magkasintahan sa Salt Lake Temple noong Disyembre 23, 1995. Sila ay may anim na anak.

"Nagmula kami sa magkaibang kultura, ngunit magkakapareho ang mga alituntunin ng pananampalataya at pagsasakripisyo," sabi ni Elder Tai. Alam ni Elder Tai na ang mga alituntuning iyon ng pananampalataya at pagsasakripisyo ay mag-uugnay sa kanya sa mga Banal sa mga Huling Araw sa iba't ibang panig ng mundo simula ngayon.

Si Benjamin Ming Zhe Tai ay isinilang noong Mayo 20, 1972, sa Hong Kong kina Kwok Yuen at Hui Hua Tai. Dahil sa trabaho ng kanyang ama napunta sila sa iba't ibang panig ng mundo bago sila nandayuhan sa Southern California, USA, kung saan ginugol ni Elder Tai ang kanyang kabataan. Sa kanilang tahanan, idinispley ng kanyang mga magulang ang isang iskrol na may nakasulat na mga salitang ito sa Chinese calligraphy: "Sa ganang akin at ng aking sangbahayan ay maglilingkod kami sa Panginoon" (Josue 24:15). Nagsilbi itong motto ng pamilya Tai.

Pagkatapos maglingkod sa Australia Melbourne Mission, natapos ni Elder Tai ang bachelor's degree sa exercise science mula sa BYU noong 1996 at master of business administration degree mula sa University of California, Los Angeles (UCLA), noong 2003. Nagtrabaho siya sa Japan at Hong Kong sa investment banking at real estate development.

Si Elder Tai ay naglingkod bilang Area Seventy, district president, tagapayo sa district presidency, district executive secretary, elders quorum president, branch president, at Sunday School teacher. ■



## Elder Alan R. Walker

*General Authority Seventy*

Ang pag-aaral at pag-unawa nang husto ng mga bagong kultura ay isang libangan ni Elder Alan R. Walker sa buong buhay niya na lubos niyang magagamit sa kanyang tungkulin bilang isang General Authority Seventy.

Ipinanganak sa Buenos Aires, Argentina sa mga magulang na sina Victor Adrian Walker at Cristina Ofelia Sparrow Walker noong Enero 2, 1971, lumaki si Alan Roy Walker sa iba't ibang bahagi ng Hilaga at Timog Amerika.

Ginugol niya ang kanyang mga unang taon sa Argentina bago lumipat ang kanyang pamilya sa Boston, Massachusetts, USA, at kalaunan sa Mexico City, Mexico, dahil sa trabaho ng kanyang ama.


"Ang pag-aaral ng Ingles ay isang napakalaking pagpapala," sabi niya. At ang paglaki niya sa ebanghelyo ay nagtulot sa kanya na magkaroon ng patotoo at maghanda sa murang edad para sa misyon. Pagkatapos niyang pumasok sa Brigham Young University sa loob ng isang taon, naglingkod si Elder Walker bilang full-time missionary sa Tennessee Nashville Mission.

Para matulungan ang kanyang ama na gumaling mula sa isang matinding aksidente, ipinagpaliban muna ni Elder Walker ang kanyang mga plano na muling mag-aral pagkatapos ng kanyang misyon at bumalik sa Argentina. Noon niya nakilala si Ines Marcela Sulé sa isang institute dance. Pagkaraan ng walong buwan, noong Agosto 12, 1993, ikinasal sila sa Buenos Aires Argentina Temple. Nang sumunod na araw, ang mga bagong kasal ay lumipat sa Provo, Utah, USA, kung saan tinapos ni Elder Walker ang kanyang bachelor's degree sa economics noong 1996.

Si Elder Walker ay nagtrabaho sa loob ng tatlong taon bilang isang corporate banker sa Citibank, anim na taon bilang controller para sa Simbahan sa South America South Area, 11 taon sa Mexico Area, at ang pinakahuli ay bilang director for temporal affairs ng South America South Area. Noong 2010, tinawag si Elder Walker na mamuno sa Mexico Monterrey East Mission.

Ang mga Walker, kasama ng kanilang anak na babae, ay nasisiyahang maglingkod sa iba, maglakbay, at malaman at makilala ang mga bagong lugar at mga tao.

Bago matawag bilang General Authority Seventy, naglingkod si Elder Walker sa iba't ibang tungkulin sa Simbahan, kabilang na ang pagiging Area Seventy, tagapayo sa stake presidency, high councilor, bishop, tagapayo sa bishopric, at ward mission leader. ■



## Mark L. Pace

*Sunday School General President*

Sa interbyu para sa pagtawag na maglingkod bilang bagong Sunday School General President ng Simbahan, nagbigay si Brother Mark L. Pace ng isang mapanalanging pangako.

"Ama sa Langit, anuman ang nais Ninyong ipagawa sa akin, masaya akong gawin ito," panalangin niya. "Ipinaaalam ko po sa Inyo na buung-buo akong nangangako."

Sinabi ni Brother Pace na ang pangunahing hangarin niya sa kanyang bagong tungkulin ay ang pagpalain, suportahan, at hikayatin ang mga miyembro ng Simbahan. "Gusto naming ibigay ang lahat ng mayroon kami," ang sabi niya tungkol sa bagong Sunday School General Presidency.

Si Mark Leonard Pace ay ipinanganak noong Enero 1, 1957, sa Buenos Aires, Argentina, at kanyang mga magulang ay sina Lorin Nelson at Marylynn Haymore Pace. Noong panahong iyon, ang ama ni Brother Pace ang namumuno sa Argentine Mission.

Nakilala ni Brother Pace ang kanyang magiging asawa kalaunan na si Anne Marie Langeland, nang naging magkaklase sila sa ikalawang baitang sa Salt Lake City, Utah, USA. Kalaunan, habang dumadalo sa magkaibang high school sa lungsod, muli silang nagkita sa isang combined seminary activity. Nagsulatan sila nang sumunod na mga taon habang kasama ni Sister Pace ang kanyang pamilya sa Norway kung saan namuno ang kanyang ama sa Norway Oslo Mission, at habang naglilingkod naman si Brother Pace sa Spain Madrid Mission. Ikinasal sila sa Salt Lake Temple noong Nobyembre 21, 1978, at naging mga magulang ng pitong anak.

Nagtapos si Brother Pace ng bachelor's degree in economics sa University of Utah noong 1980 at master of business administration degree sa Harvard Business School noong 1982. Matapos ang maikling panahon ng pagtatrabaho sa Price Waterhouse sa New York City, sumapi siya sa Boyer Company sa Salt Lake City at nagtrabaho sa commercial real estate development mula 1984 hanggang 2012. Pagkatapos ng tatlong taong tungkulin bilang pangulo ng Spain Barcelona Mission, sumapi siya sa Gardner Company noong 2015 at nagtrabaho sa real estate development.

Nang tawagin siya sa kanyang bagong tungkulin, si Brother Pace ay naglilingkod bilang Area Seventy. Ang kanyang mga nagdaang tungkulin sa Simbahan ay kinabibilangan ng pagiging tagapayo sa stake presidency, high councilor, bishop, tagapayo sa bishopric, pangulo ng elders quorum at ward Young Men, at Scoutmaster. ■



## Milton Camargo

*Unang Tagapayo sa Sunday School General Presidency*

Umabot halos ng isang taon bago nagpasiya si Helio da Rocha Camargo, isang dating pastor sa ibang simbahan, na magpabinyag sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Kalaunan, ang kanyang asawa, na si Nair Belmira da Rocha Camargo, ay nagpasiyang tularan ang halimbawa ng kanyang asawa at nagpabinyag din.

Noong panahong iyon, lalaki ang ipinagbubuntis ni Nair, na pinangalanan nilang Milton. Ang nagkakaisang pasiya ng mga Camargo na sumapi sa Simbahan ay magpapala magpakailanman sa darating na mga henerasyon ng kanilang pamilya.

Si Brother Milton da Rocha Camargo ay isinilang noong Marso 10, 1958, sa São Paulo, Brazil. Si Brother Camargo, na sinang-ayunan noong Abril 6, 2019, bilang Unang Tagapayo sa Sunday School General Presidency, ay nagsabing mapalad siyang lumaki na miyembro ng Simbahan.

"Kilala ng Panginoon ang bawat isa sa atin," ang sabi niya. "Ang plano Niya para sa bawat isa sa atin ay mas malaki kaysa sa inaakala natin."

Nakilala ni Brother Camargo ang kanyang asawang si Patricia habang pinamumunuan ng kanyang ama ang Brazil Rio de Janeiro Mission noong huling bahagi ng 1970s. Ikinasal ang magkasintahan noong Enero 4, 1980, mga isang taon pagkatapos makauwi si Brother Camargo mula sa pagmimisyon sa Portugal Lisbon Mission. Sila ay may tatlong anak.

Sa mga unang taon ng kanilang pagsasama bilang magasawa, ang mga Camargo ay nakatira sa Rio de Janeiro, kung saan nagtapos si Brother Camargo ng civil engineering mula sa Instituto Militar de Engenharia. Kalaunan ay nagtapos siya ng master of business administration mula sa Brigham Young University.

Sa kanyang buong career, inilaan ni Brother Camargo ang kanyang panahon at lakas sa pagtuturo sa iba. Nagtrabaho siya sa ilang unibersidad, kabilang ang Laureate Brazil Online Education, Universidad Tecnológica de México, at pinakahuli ang BYU-Pathway Worldwide bilang bisepresidente ng kurikulum.

Si Brother Carmargo ay naglingkod bilang Area Seventy, pangulo ng Brazil Porto Alegre South Mission (1997–2000), tagapayo sa panguluhan ng Brazil Missionary Training Center (2002–5), bishop, stake mission president, at elders quorum president. ■



## Jan E. Newman

*Pangalawang Tagapayo sa Sunday School General Presidency*

Bilang batang missionary na naglilingkod sa Strasbourg, France, si Jan E. Newman ay nagkaroon ng espesyal na espirituwal na karanasan na nagpalakas sa kanyang patotoo at ipinadama sa kanya ang pagmamahal ng Ama sa Langit. Nangyari ang karanasang ito nang mabasa niya ang mga salita ni propetang Alma sa Aklat ni Mormon tungkol sa pagtatanim ng binhi ng ebanghelyo sa ating mga puso (tingnan sa Alma 32:28; 33:22–23).

"Nabasa ko na kung bibigyan mo ng puwang sa puso mo ang binhi, lalaki ito, at talagang madarama mo ang paglaki nito" sabi ni Brother Newman. "Naaalala ko na nabasa ko iyan at matinding pinatotohanan sa akin ng Espiritu na ito ay totoo. Nadama ko ang gayong paglaki. Hinding-hindi ko malilimutan ito habang ako'y nabubuhay."

Ito at ang iba pang mga karanasan ang nakatulong para mapatibay ang patotoo ni Brother Newman sa ebanghelyo at maihanda siya sa patuloy na paglilingkod bilang asawa, ama, at disipulo ni Jesucristo.

Si Jan Eric Newman ay ipinanganak noong Abril 16, 1960, sa Jerome, Idaho, USA, kina George Raymond at Dora Walker Newman. Siya ay lumaki sa Overton, Nevada, USA. Ang kanyang ama ay convert sa Simbahan, at ang kanyang ina ay mula sa pamilya na maraming henerasyon nang mga Banal sa mga Huling Araw.

Nagkaroon siya ng patotoo sa murang edad at naglingkod ng full-time mission sa France at Belgium. Kasunod ng kanyang misyon, si Brother Newman ay nagtamo ng bachelor's degree in French mula sa Brigham Young University. Gustung-gusto niya ang kanyang digri kaya kinunsidera niyang magturo ng French pero pinili niyang magtrabaho sa software industry. Nagtrabaho siya bilang serial entrepreneur nang mahigit 30 taon, at nagtatag ng ilang matagumpay na software company. Sa kasalukuyan, siya ay kasosyo sa SageCreek Partners, isang technology consulting company sa Alpine, Utah.

Sina Brother Newman at Lucia Price ay ikinasal sa Oakland California Temple noong Agosto 18, 1984. Sila ay may anim na anak at nakatira sa Elk Ridge, Utah.

Si Brother Newman ay naglingkod bilang stake president, bishop, ward Young Men president, Scoutmaster, at temple worker. Mula 2006 hanggang 2009, naglingkod siya bilang pangulo ng Nebraska Omaha Mission. ■



# Ministeryo ni Pangulong Nelson Nagpapatuloy

Hindi nagtagal matapos ang Oktubre 2018 na pangkalahatang kumperensya, si Pangulong Russell M. Nelson ay naglakbay sa **Peru, Bolivia, Paraguay, Uruguay,** at **Chile,** kung saan siya bumisita sa mga miyembro at mga missionary at nagdaos ng mga debosyonal, kabilang na ang debosyonal sa Chile na dinaluhan ng 1,500 na tao at ibinrodkast din sa buong bansa. Nagsalita siya sa mga miyembro sa wikang Espanyol, inilaan ang Concepción Chile Temple, at nakipagpulong sa mga lider ng pamahalaan sa lugar.

Libu-libong kababaihan ang tumugon sa social media sa paanyaya ni Pangulong Nelson na mag-ulat tungkol sa kanilang mga karanasan sa apat na hamong ibinigay niya sa Oktubre 2018 na pangkalahatang kumperensya: (1) hindi paggamit ng social media at negatibong media sa loob ng 10 araw, (2) basahin ang Aklat ni Mormon hanggang sa katapusan ng 2018, (3) regular na pumunta sa templo, at (4) ganap na makibahagi sa Relief Society. "Gusto ko kayong pasalamatang lahat sa pagtugon sa aking mga paanyaya," sabi ni Pangulong Nelson, na umaasa na "bawat isa mga paanyayang ito ay lalong nagpalapit sa inyo sa Tagapagligtas."

Si Pangulong Nelson ang namuno sa serbisyo sa burol ng kanyang anak na si Wendy Nelson Maxfield, na pumanaw matapos ang matapang na pakikipaglaban sa kanser. "Ang aming mga luha ng kalungkutan ay mapapalitan ng mga



*Sina Pangulong Russell M. Nelson at Elder Enrique R. Falabella ng Pitumpu ay malugod na tinanggap sa debosyonal sa Lima, Peru.*

luha ng pag-asa habang lumalawak ang aming pananaw na pang-walang hanggan," sabi niya. Nagsalita siya tungkol sa kanyang anak sa isang espesyal na kumperenya para sa mga miyembro ng Chico California Stake, na kinabilangan ng dalawang unit mula sa paradise na sinalanta ng apoy. "Natutuhan ninyo na bawat isa ay may mga hamon sa buhay," sabi niya. "Kung gusto ninyong gumaan ang inyong pakiramdam, kalimutan ang sarili at paglingkuran ang iba."

Sa **Arizona, USA,** inanyayahan ni Pangulong Nelson ang 65,000 miyembro na nagtipon sa sports stadium "na tumulong a pagtipon sa Israel sa magkabilang panig ng tabing." Sumulat din si Pangulong Nelson ng guest column na inilathala sa pahayagan na *Arizona Republic* upang hikayatin ang mga tao na "bumaling [sa Panginoon] at gawin Siyang sentro ng inyong buhay." Nakibahagi siya sa isang interbyu na ibinrodkast sa mga istasyon ng telebisyon sa estado; at dumalo sa ilang pagtitipon kasama ang mga lider ng pamahalaan, edukasyon, at relihiyon; at nagdaos ng sesyon sa mga young single adult na nagsipagtanong at nakatanggap ng sagot.

Mula nang inordena siya noong Enero 14, 2018, si Pangulong Nelson ay nakabisita na sa 5 kontinente, 16 na bansa at teritoryo, at 24 na lungsod, at nakapaglakbay nang mga 55,000 milya (88,515 km). ■

## Inspiradong Pamamahala

Sa termino ni Pangulong Russell M. Nelson bilang pangulo:

- Binago ang istraktura ng mga korum ng priesthood.
- Pinalitan ng ministering ang home teaching at visiting teaching.
- Isang bagong programa para sa personal na pag-unlad ng mga bata at kabataan ang nililikha.
- Inihahanda ang mga bagong edisyon ng himnaryo at ng *Aklat ng mga Awit Pambata*.
- Ginawa ang mga bagong gabay sa pag-iinterbyu ng mga bishop sa mga kabataan.
- Binigyang-diin ang pagtawag sa Simbahan gamit ang buong pangalan nito.
- Ang mga mission call ay ipinapadala online sa U.S. at Canada.
- Ang pangalan ng Mormon Tabernacle Choir ay ginawang Tabernacle Choir at Temple Square.
- Nagsimula ang nakasentro sa tahanan at suportado ng Simbahan na pag-aaral, na kinapapalooban ng pagbabago na pagkakaroon ng dalawang oras na mga miting tuwing Linggo.
- Dalawampu't pitong bagong templo ang ibinalita.
- Ang lahat ng pageant sa Simbahan ay hindi na ipagpapatuloy maliban sa tatlo.
- Ang paglipat ng mga Primary at kabataan, ordinasyon sa priesthood ng mga kabataang lalaki, at ang pagkakaroon ng temple recommend ng kabataan ay maaari na ngayong maganap sa Enero sa halip na tuwing birthday o kaarawan nila.
- Ang mga sister missionary ay maaari nang magsuot ng pantalon.
- Ang mga detalye na may kinalaman sa gawain sa templo ay ginawang mas akma.
- Nilikha ang mga bagong mission at nagkaroon ng mga pagbabago sa mga hangganan, at dalawang missionary training center ang isinara.
- Ang mga anak ng mga LGBT na magulang ay maaari na ngayong basbasan at binyagan, at ang patakaran tungkol sa mga kasal sa pagitan ng magkapareho ang kasarian o same-gender ay nilinaw.

At ipinangako ni Pangulong Nelson na sa patnubay ng Panginoon, marami pang pagbabagong darating! ■

# Iaayon ang Kurikulum ng Seminary sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*

Ang pag-aaral sa seminary sa buong mundo ay iaayon na sa kurikulum at iskedyul ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*, isang pagbabago na magpapaibayo sa nakasentro sa tahanan at suportado ng Simbahan na paraan sa pag-aaral ng ebanghelyo sa pamamagitan ng nagkakaisang pag-aaral sa tahanan, Sunday School, at seminary.

Simula 2020, ang mga klase sa seminary ay mag-aaral ng parehong aklat ng mga banal na kasulatan na ginagamit para sa kurikulum ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* sa bawat taon. Sa halip na sumunod sa kalendaryo ng mga paaralan, ang kurso ng pag-aaral sa seminary ay susunod sa taunang kalendaryo.

Bagamat ang pag-aaral sa seminary ay mananatiling nakabatay sa mga banal na kasulatan, ang kurikulum ay magiging mas nakabatay sa doktrina at tutulong na palakasin, protektahan, at ihanda ang mga kabataan sa mga misyon, kasal, at paglilingkod sa Simbahan. ■

*Basahin ang isang mas detalyadong artikulo—na mayroong link sa video ng mga pinuno ng Simbahan, na kinabibilangan ni Elder Holland, na nagpapaliwanag ng pagbabagong ito—sa* ***ChurchofJesusChrist.org/go/519122.***



## Ang Paglalaan ay Hudyat ng "Di-mapapantayang Hinaharap"

"Ang Simbahan ay magkakaroon ng di-mapapantayang hinaharap, na walang katulad," sabi ni Pangulong Russell M. Nelson sa paglalaan ng Rome Italy Temple noong Marso 2019. "Ginagawa pa lamang natin ngayon ang saligan ng hinaharap."

Sa paglalaan, ang lahat ng miyembro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ay nagtipon sa kauna-unahang pagkakataon sa isang lugar sa labas ng Estados Unidos. "Bilang makabagong mga Apostol ni Jesucristo," sabi ni Pangulong Nelson, "ibinabahagi namin ngayon ang siya ring mensahe na ibinahagi noon ng mga Apostol—na ang Diyos ay buhay at si Jesus ang Cristo."

Bukod pa sa paglalaan ng templo, nagsalita si Pangulong Nelson sa mga kabataan sa distrito ng templo at nakipagkita kay Pope Francis, na unang pagkakataon na ang Pangulo ng Simbahan ay pormal na nakipag-usap sa puno ng Simbahang Romano Katoliko. ■

*Basahin ang mga komentaryo tungkol sa Rome Italy Temple at tingnan ang mga larawan mula sa Rome sa* ***ChurchofJesusChrist.org/prophets-and-apostles.***

# Mga Bagong Patakaran, Pamamaraan, at Sanggunian

**Mga pahayag tungkol sa mga templo**. Ang Unang Panguluhan ay nag-isyu ng pahayag noong Enero 2, 2019, na may isinasaad na: "Sa paglipas ng maraming siglong ito, ang mga detalyeng may kinalaman sa gawain sa templo ay iniaakma sa bawat panahon, kabilang na ang pananalita, pamamaraan ng pagtatayo, komunikasyon, at pag-iingat ng tala. Itinuro ng mga propeta na walang katapusan ang gayong mga pag-aakma tulad nang itinagubilin ng Panginoon sa Kanyang mga tagapaglingkod."

**Paglipat ng mga bata at kabataan.** Ang mga bata na natapos na sa Primary at mga kabataan ay lilipat ng klase o korum bilang magkakaedad sa Enero sa halip na sa pagkatapos ng kanilang kaarawan. Ibig ding sabihin nito na ang mga kabataan ay makatatanggap ng limited-use temple recommend sa unang pagkakataon sa Enero ng taong sasapit sila ng 12 taong gulang, at ang mga kabataang lalaki ay maaari nang maordena sa Aaronic Priesthood sa Enero ng taong sasapit sila ng 12 taong gulang.

**Mga pagkakataong makapaglingkod.** Ipinabatid ng LDS Charities ang pakikipagpartner nito sa JustServe.org upang ilunsad ang proyektong #YouCanDoSomething, na nag-aanyaya sa mga tao na maglingkod sa kanilang lugar at mag-ambag sa mabubuting adhikain saan mang dako upang makatulong sa pagbabago ng mundo. Para makapagsimula, bisitahin ang "How to Help" page sa LDSCharities.org.

**Mga bagong sanggunian sa ministering.** Ang website na This Is Ministering (ministering.ChurchofJesusChrist.org) ay in-update na ng karagdagang mga artikulo at video. Ang resources sa site ay makatutulong sa mga mambabasa na tumulong nang may habag, magbuo ng mas makabuluhang ugnayan, mapagbuti ang kanilang kakayahang makinig, at marami pang iba. Kabilang sa bagong nilalaman ang mga artikulo tungkol sa Mga Alituntunin ng Ministering na inilathala sa *Ensign* at *Liahona*, mga link sa pangkalahatang kumperensya tungkol sa ministering, at mga video, quote, at mga banal na kasulatan na maibabahagi.

**Pag-asa at pagpapagaling para sa mga biktima ng pang-aabuso.** Isang bagong website ng Simbahan, ang abuse.ChurchofJesusChrist.org, ay naglalaman ng mga sanggunian at praktikal na mga kagamitan para sa mga biktima ng pang-aabuso at para sa mga gustong makatulong na maiwasan ang pang-aabuso. Nag-isyu rin ang Unang Panguluhan ng liham noong Maro 26, 2019, na naghihikayat sa mga lider ng Simbahan na tumulong nang may pagmamahal upang maalalayan ang mga nagdurusa mula sa pang-aabuso ng iba. Kalakip sa sulat ang dokumento na nagbibigay ng mga bagong gabay tungkol sa kung paano papayuhan ng mga bishop at stake president ang mga biktima ng seksuwal na pang-aabuso at paano nila dapat interbyuhin ang mga miyembro ng Simbahan. Inilunsad din ng Simbahan ang video na, "Protect the Child," at in-update ang mga artikulo sa Gospel Topics tungkol sa pang-aabuso.

**Mga bagong features at apps.** Ang Study Plans feature sa pinakabagong update sa Gospel Library app ay tutulong sa iyo na magtakda ng iskedyul para sa pag-aaral ng anumang paksa na matatagpuan sa app. Ang Ordinances Ready ay isang bagong FamilySearch tool na nagpapasimple sa paghahanap ng mga pangalan para sa templo, na magbibigay sa iyo ng mas maraming oras na mapaglingkuran ang iyong pamilya at matamasa ang mga pagpapala ng templo. Ang FamilySearch ay mayroong halos tatlong dosenang bagong in-home activities, tulad ng "Walk Where They Walked," upang tulungan ang mga nakababatang miyembro ng pamilya na makabahagi sa family history. Ang mga aktibidad ay makukuha sa 10 wika.

**Mga malakihang produksyon hindi na hinihikayat.** Bagamat angkop ang mga pagdiriwang ng kultura at kasaysayan ng isang lugar, hindi na hinihikayat ngayon ng Simbahan ang malalakihang produksyon tulad ng mga pageant. Tatlong pageant ang magpapatuloy: ang Nauvoo Pageant sa Illinois, USA, na may suporta mula sa Church headquarters; ang Mesa Pageant sa Arizona, USA, sa ilalim ng pamumuno ng area; at British Pageant, sa ilalim ng pamumuno ng area, na gaganapin tuwing apat na taon. Hindi na rin ipagpapatuloy ng Simbahan ang mga kultural na pagtatanghal bago ang mga paglalaan ng templo at ipapalit dito ang mga debosyonal para sa mga kabataan ng mga bumibisitang lider ng Simbahan. ■



*Ang mga bata at kabataan ay lilipat ng klase o korum bilang magkakaedad sa Enero sa halip na pagkatapos ng kanilang kaarawan.*



*Ang matatagal nang templo, kabilang ang Salt Lake Temple, ay gagawan ng renobasyon, at walo pang templo ang itatayo.*

# Ibinalita ang Walong Bagong Templo, mga Makasaysayang Restorasyon

Tinapos ni Pangulong Russell M. Nelson ang pangkalahatang kumperensya ng Abril 2019 na ibinabalita ang walong bagong templo at restorasyon ng apat na matatagal nang templo, kabilang ang marami pang detalye tungkol sa restorasyon ng Salt Lake Temple.

Ang mga bagong templo ay itatayo sa Pago Pago, American Samoa; Okinawa City, Okinawa; Neiafu, Tonga; Tooele Valley, Utah, USA; Moses Lake, Washington, USA; San Pedro Sula, Honduras; Antofagasta, Chile; at Budapest, Hungary.

Kabilang sa mga plano para sa gagawing malaking restorasyon sa Salt Lake Temple ay ang renobasyon ng Temple Square at ng katabing plaza malapit sa Church Office Building sa Salt Lake City, Utah, USA. Ang mga templo sa St. George, Manti, at Logan, Utah, USA, ay gagawan din ng renobasyon sa darating na panahon. "Sa paggawa nito, kakailanganing isara ang bawat templo sa mahaba-habang panahon," sabi ni Pangulong Nelson. "Maipagpapatuloy ng mga miyembro ng Simbahan ang pagsamba at paglilingkod sa templo sa ibang mga kalapit na templo. Kapag natapos na ang bawat proyekto, ang bawat makasaysayang templo ay muling ilalaan."

Mula noong maging Pangulo ng Simbahan noong Enero 2018, naibalita ni Pangulong Nelson ang pagtatayo ng 27 bagong templo. Mula noong huling pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2018, ang mga templo ay nailaan sa Rome, Italy; Barranquilla, Colombia; at Concepción, Chile. ■

*Para sa kumpletong listahan ng mga templo at kung ano ang estado ng mga ito, magpunta sa* ***temples.ChurchofJesusChrist.org.***

## Patakaran para sa mga Anak ng mga Magulang na LGBT, mga Miyembro sa mga Kasal na Homosekswal

Ang mga magulang na itinuturing ang kanilang mga sarili na naaakit sa kapwa lalaki, sa kapwa babae, sa magkaparehong kasarian, o na transgender [na kasal sa kaparehong kasarian] ay maaari na ngayong humiling na basbasan ang kanilang mga anak na sanggol ng isang marapat na maytaglay ng Melchizedek Priesthood, at ang kanilang mga anak ay maaari nang mabinyagan kapag sumapit sila ng walong taong gulang nang hindi kinakailangan ang pahintulot ng Unang Panguluhan, pahayag ni Pangulong Dallin H. Oaks, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, sa sesyon ng pamumuno noong pangkalahatang kumperensya.

Bukod dito, bagamat ang kasal na homosekswal ay itinuturing pa rin na "isang malaking paglabag," hindi na ito itinuturing ng Simbahan na "apostasiya" para sa mga layunin ng pagdisiplina sa Simbahan. "Ang imoral na pag-uugali sa heterosekswal o homosekswal na pakikipagrelasyon ay ituturing na magkatulad," sabi ni Pangulong Oaks.

Ang mga pagbabago sa patakarang ito "ay hindi nagpapakita ng pagbabago ng doktrina ng Simbahan na may kinalaman sa kasal o mga kautusan ng Diyos tungkol sa kalinisang-puri o moralidad," pagsulat ng Unang Panguluhan sa isang opisyal na pahayag. "Ang doktrina ng plano ng kaligtasan at ng kahalagahan ng kalinisang-puri ay hindi magbabago."

Sinabi ni Pangulong Oaks na ang mga patakarang ito ay dapat makatulong sa mga apektadong pamilya, at, "gayundin, ang pagsisikap ng mga miyembro na magpakita ng pag-unawa, pakikiramay at pagmamahal ay dapat magpataas ng paggalang at pag-unawa ng lahat ng tao na may mabubuting layunin." ■

## Pagbibigay-diin sa Tamang Pangalan

Upang matawag sa tamang pangalan ang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, may mga pagbabago nang ipinapatupad sa mga communication channel.

**Mga Pagbabago sa mga Website**

- Papalitan ng ChurchofJesusChrist.org ang LDS.org bilang pangalan ng official website ng Simbahan.
- Ilang buwan mula ngayon, papalitan ng Newsroom.ChurchofJesusChrist.org ang MormonNewsroom.org.
- Ang ComeUntoChrist.org ang ipapalit kalaunan sa Mormon.org, na kasalukuyang isinasaayos muli para mabigyan ang pangunahing gumagamit nito (sa labas ng Simbahan) ng mas personal na karanasan.

**Mga Pagbabago sa mga Social Media Channel**

- Lahat ng pangunahing social media account ng Simbahan ay binago upang bigyang-diin ang pangalan ng Simbahan ng Tagapagligtas.
- Maaaring sumali ang mga miyembro sa bagong Facebook group na may pangalang "The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints—Inspiration and News" upang makatanggap ng impormasyon tungkol sa mga balita at update at makabuo ng komunidad at koneksyon sa Simbahan.

**Mga Pagbabago sa Mobile Apps**

- Papalitan ng mga Sagradong Musika ang LDS Music.
- Ang Gospel Library app ay hindi babaguhin.

Asahan ang mga karagdagang pagbabago habang sama-sama nating pinagtutulungan na mabigyang-diin ang pangalan ng Simbahan ng Tagapagligtas, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. ■

# Nakatulong sa Libu-libo ang mga Gawain ng Kawanggawa

Ang bisig na pangkawanggawa ng Simbahan na LDS Charities ay nakibahagi sa 2,885 na mga proyekto sa 141 na mga bansa noong nakaraang taon, sa pakikipagtulungan sa 1,900 na kabalikat na mga organisasyon sa pagkakawanggawa. Mula noong 1985, nakapagbigay na ang LDS Charities ng mahigit sa $2.2 bilyon na tulong—na kinabibilangan ng salapi, mga kagamitan, at iba pang mga donasyon sa 197 na mga bansa at teritoryo, ayon sa taunang ulat ng LDS Charities na inilabas noong Pebrero 19, 2019.

Ang mga gawain ng kawanggawa ng Simbahan ay bunsod ng pakikiramay at pagmamahal para sa lahat ng mga anak ng Diyos at nagbibigay-diin sa tatlong gabay na alituntunin—pangangalaga sa mga lubhang nangangailangan, paghihikayat ng pag-asa sa sariling kakayahan, at pagpapalaganap ng bolunterismo at paglilingkod. Ang mga alituntuning ito, na batay sa pananampalataya kay Jesucristo, ay nagpapalakas sa mga indibiduwal at pamilya anuman ang kanilang lahi, relihiyon, o nasyonalidad.

Tumutulong ang Simbahan sa pagtugon sa mga emergency (na kinabibilangan ng mga gawain ng mga boluntaryo), pagbibigay ng mga serbisyo para sa mga may problema sa mata, pag-aalaga sa mga ina at bagong silang na sanggol, malinis na tubig at sanitasyon, mga bakuna, paggawa ng mga wheelchair at mga walking aid, pagtulong sa mga tao na matustusan ang kanilang sariling pagkain gamit ang lokal na mga solusyon at mapagkukunan, at pangmadalian at pangmatagalan na tulong para sa mga refugee. Nakikibahagi rin ang Simbahan sa mga proyekto ng lokal na komunidad sa 43 estado at probinsya sa U.S. at Canada para makatulong sa kawalan ng tahanan, pagpapatira sa mga refugee, at sa iba pang mga pangangailangan.

"Nakakadama tayo ng napakalaking pasasalamat at pagkakapatiran sa bawat tao na nag-ambag sa tagumpay ng gawain ng kawanggawa noong 2018," sabi ni Sister Sharon Eubank, pangulo ng LDS Charities at Unang Tagapayo ng Relief Society General Presidency. Sinabi niya na kinakatawan ng ulat ang kabaitan ng libu-libong mga tao. ■

*Basahin ang kumpletong ulat sa* ***ldscharities.org.***



*Isang nars sa Indonesia ang nakatayo sa tabi ng isang bagong ina. Ang mga nars sa paanakang ito ay nakatapos ng Helping Babies Breathe course na ibinibigay ng LDS Charities.*



*Nakangiti ang isang binatilyo sa Ghana matapos bigyan ng kasukat na wheelchair sa tulong ng isang LDS Charities technician.*

# Balita tungkol sa Mission

**Pakikipag-ugnayan sa tahanan.** Ang mga missionary ay pinapahintulutan nang makipag-ugnayan sa kanilang pamilya bawat linggo tuwing preparation day sa pamamagitan ng text messaging, online messaging, mga pagtawag sa telepono, at video chat bukod pa sa mga sulat at email.

**Planning tool para sa paghahanda ng mga magmimisyon.** Isang bagong online mission planning tool mula sa Missionary Department ng Simbahan ang makatutulong sa mga magmimisyon na mas pag-isipang mabuti kung kailan sila lubos na handang maglingkod sa Panginoon bilang missionary.

**Mga service mission.** Simula Enero 2019, ang mga batang Church-service missionary ay tinatawag nang "service missionaries." Ang lahat ng mga young adult na nag-a-apply para sa missionary service ay gagawin ito sa gayunding paraan, sa pamamagitan ng online portal, at lahat ng mission call—ito man ay proselyting mission o service mission—ay nagmumula sa propeta. Ang mga karapat-dapat na young adult na sa iba't ibang kadahilanan ay hindi makapaglingkod ng proselyting mission ay maaaring matawag sa service mission.

**Ang mga sister missionary ay maaari nang magsuot ng pantalon.** Ang mga sister missionary ay may opsyon na ngayon na magsuot ng pantalon sa pang-araw-araw na gawain, pero dapat pa rin silang patuloy na magsuot ng bestida o palda kapag pumupunta sa templo at tuwing nagsisimba, dumadalo ng leadership at zone conference, baptismal service, at mga debosyonal sa missionary training center. Ang pagsusuot ng pantalon ay makatutulong na maproteksyunan ang mga sister mula sa sakit na dulot ng kagat ng lamok, magkaroon ng panlaban sa maginaw na panahon, at makapagbisikleta nang mas komportable.

**Mga nilikhang mission, mga boundary na isinaayos muli.** Apat na bagong mission ang nilikha, at labindalawang mission ang isasama sa mga kasalukuyang mission. Ang ganitong pagbabago ay nangyayari paminsan-paminsan upang makapag-akma sa bilang ng mga missionary na naglilingkod. Ang mga bagong mission ay ang Democratic Republic of the Congo Kinshasa East, Guatemala Antigua, Peru Limatambo, at Philippines Antipolo. Ang mga magulang na naglilingkod sa mga apektadong mission—binuo man o isinara na—ay makatatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa kanilang mga mission president.

**Bilang ng mga missionary training center binago.** Upang mas magamit nang lubos ang mga missionary training center sa buong mundo, isinara ang mga center sa Argentina, Spain, Chile, at sa Dominican Republic. Sa pagsasarang ito, ang Simbahan ay gagamit ng 11 missionary training center, na matatagpuan sa Brazil; Colombia; England; Ghana; Guatemala; Mexico; New Zealand; Peru; Philippines; Provo, Utah, USA; at South Africa.

**Mga video tungkol sa kaligtasan o seguridad.** Ang bagong 12-bahaging serye ng mga video na tinatawag na *The Safety Zone* ay ginawa para mapag-ibayo ang kaligtasan ng 65,000 full-time missionary na kasalukuyang naglilingkod at ng mga maglilingkod pa lamang. Ang unang video ay ginawa upang panoorin ng mga magmimisyon pa lamang at ng kanilang mga magulang matapos matanggap ang mission call at bago pumasok sa missionary training center. Sa MTC, muling panoorin ng missionary ang unang video gayundin ang 11 pang video. Palagi ring papaalalahanan ang mga missionary tungkol sa kaligtasan sa buong mission nila. ■



## Opisyal na Kinilala ang Simbahan sa Kuwait

Tinanggap ng Simbahan ang opisyal na pagkilala sa mga lokal na pinuno at organisasyon nito mula sa Estado ng Kuwait. Halos 300 mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang nakatira at nagtatrabaho sa Kuwait; nagmula sila sa maraming bansa sa buong mundo. Ang pormal na pagkilala ng pamahalaan ay nagpapahintulot sa mga lokal na pinuno na mas mainam na matugunan ang mga pangangailangan ng mga miyembro sa Kuwait.

Si Bishop Terry Harradine ng Kuwait Ward, Manama Bahrain Stake, ay nagpahayag ng pasasalamat sa pamahalaan ng Kuwait para sa pagtutulot nila ng kalayaan sa pagsamba sa Kuwait, lalo na para sa mga dayuhang manggagawa, at sa pagtataguyod ng pagpaparaya sa mga relihiyon sa bansa. ■

Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin

# Matuto mula sa mga Mensahe ng Pangkalahatang Kumperensya



Ang mga turo ng mga buhay na propeta at ng iba pang mga pangkalahatang lider ng Simbahan ay nagbibigay ng inspiradong patnubay kapag sinisikap nating makibahagi sa gawain ng Panginoon. Tuwing pangalawa at pang-apat na Linggo ng bawat buwan, ang mga panguluhan ng korum at Relief Society ay pipili ng isang mensahe sa kumperensya na tatalakayin, batay sa mga pangangailangan ng mga miyembro at ayon sa patnubay ng Espiritu. Kung minsan, maaari ring magmungkahi ang bishop o stake president kung anong mensahe ang tatalakayin. Sa pangkalahatan, dapat bigyang-diin ng mga lider ang mga mensahe ng mga miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol. Gayunpaman, anumang mensahe mula sa pinakahuling kumperensya ay maaaring talakayin.

Dapat humanap ang mga lider at guro ng mga paraan upang mahikayat ang mga miyembro na basahin ang piniling mensahe bago ang araw ng miting.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga miting ng elders quorum at Relief Society, tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church, 7.8.1, 9.4.1,* ChurchofJesusChrist.org.

## Pagpaplano na Magturo

Ang mga sumusunod na tanong ay makakatulong sa mga guro habang nagpaplano sila na ituro ang isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya.

**1.** Ano ang nais ipaunawa sa atin ng nagsalita? Anong mga alituntunin ng ebanghelyo ang itinuturo niya? Paano ito maipamumuhay ng aming korum o Relief Society?

**2.** Anong mga banal na kasulatan ang ginamit ng nagsalita para suportahan ang kanyang mensahe? May iba pa bang mga banal na kasulatan na mababasa namin na magpapalalim ng aming pag-unawa? (Maaaring may makuha ka sa mga tala sa katapusan ng mensahe o sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan.)

**3.** Ano ang mga itatanong ko na makakatulong sa mga miyembro na pag-isipang mabuti ang mensahe? Anong mga tanong ang tutulong sa kanila para maunawaan ang kaugnayan ng mensahe sa kanilang buhay, sa kanilang pamilya, at sa gawain ng Panginoon?

**4.** Ano pa ang maaari kong gawin para maanyayahan ang Espiritu sa aming miting? Ano ang maaari kong gamitin para mapaganda pa ang talakayan, kabilang ang mga kuwento, analohiya, musika at sining? Ano ang ginamit ng nagsalita?

**5.** May ipinaabot bang paanyaya ang nagsalita? Paano ko matutulungan ang mga miyembro na magkaroon ng hangaring gawin ang mga paanyayang iyon?



# Mga Ideya para sa Aktibidad

Maraming paraan para matulungan ang mga miyembro na matuto mula sa mga mensahe ng pangkalahatang kumperensya. Narito ang ilang halimbawa; maaaring may iba kang mga ideya na magiging mas epektibo sa inyong korum o Relief Society.

- ***Talakayin sa mga grupo.***
  Hatiin ang mga miyembro sa maliliit na grupo, at bigyan ang bawat grupo ng iba-ibang bahagi ng mensahe sa kumperensya para basahin at talakayin. Pagkatapos ay ipabahagi sa bawat grupo ang katotohanang natutuhan nila. O maaaring igrupu-igrupo mo ang mga taong nag-aral ng iba't ibang bahagi at sabihin sa kanila na ibahagi sa isa't isa ang natutuhan nila.

- ***Sumagot ng mga tanong.***
  Anyayahan ang mga miyembro na sagutin ang mga tanong na gaya ng mga sumusunod tungkol sa mensahe sa kumperensya: Anong mga katotohanan ng ebanghelyo ang makikita natin sa mensaheng ito? Paano natin maipamumuhay ang mga katotohanang ito? Anong mga paanyaya at ipinangakong mga pagpapala ang ibinigay? Ano ang itinuturo ng mensaheng ito sa atin tungkol sa gawaing nais ng Diyos na gawin natin?

- ***Magbahagi ng mga sipi o quotation.***
  Sabihin sa mga miyembro na magbahagi ng mga sipi o quotation mula sa mensahe sa kumperensya na nagbigay-inspirasyon sa kanila na gawin ang kanilang mga responsibilidad sa gawain ng kaligtasan. Hikayatin sila na isipin kung paano nila maibabahagi ang mga quotation na ito para mapagpala ang isang tao, kabilang ang mga mahal nila sa buhay at mga taong pinaglilingkuran nila.

- ***Magbahagi ng isang object lesson.***
  Maaga pa lang, anyayahan ang ilang miyembro na magdala ng mga bagay mula sa kanilang tahanan na magagamit nila sa pagtuturo ng tungkol sa mensahe sa kumperensya. Sa oras ng miting, sabihin sa mga miyembro na ipaliwanag kung paano nauugnay ang mga bagay na iyon sa mensahe.

- ***Maghanda ng lesson na ituturo sa tahanan.***
  Pagpartner-partnerin ang mga miyembro para magtulungan sa paggawa ng isang home evening lesson batay sa mensahe sa kumperensya. Paano natin maiuugnay ang mensahe sa ating mga pamilya? Paano natin maibabahagi ang mensaheng ito sa mga taong pinaglilingkuran natin?

- ***Magbahagi ng mga karanasan.***
  Magkakasamang basahin ang ilang pahayag mula sa mensahe sa kumperensya. Hilingin sa mga miyembro na magbahagi ng mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan at mula sa kanilang buhay na naglalarawan o nagbibigay-diin sa doktrinang itinuro sa mga pahayag na ito.

- ***Pag-aralan ang isang banal na kasulatan.***
  Anyayahan ang mga miyembro na basahin ang isang banal na kasulatan na binanggit sa mensahe sa kumperensya. Ipatalakay sa kanila kung paano nakatulong sa kanila ang mga turo sa mensahe para mas maunawaan ang banal na kasulatan.

- ***Maghanap ng sagot.***
  Maaga pa lang, gumawa ng ilang tanong na masasagot gamit ang mensahe sa kumperensya. Magtuon sa mga tanong na naghihikayat ng malalim na pag-iisip o pagsasabuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 31–32). Pagkatapos ay hayaang pumili ang mga miyembro ng isang tanong at humanap ng mga sagot sa mensahe. Sabihin sa kanila na talakayin ang mga sagot nila sa maliliit na grupo.

- ***Maghanap ng parirala.***
  Anyayahan ang mga miyembro na saliksikin ang mensahe sa kumperensya, at maghanap ng mga parirala na makahulugan sa kanila. Ipabahagi sa kanila ang mga parirala at kung ano ang natutuhan nila mula sa mga ito. Paano tumutulong sa atin ang mga turong ito na magawa ang gawain ng Panginoon?

- ***Lumikha ng isang bagay.***
  Anyayahan ang mga miyembro na gumawa ng isang poster o bookmark na may nakasulat na maikling pahayag na nagbibigay-inspirasyon mula sa mensahe sa kumperensya. Bigyan sila ng pagkakataong ibahagi ang natutuhan nila. ■

***Ligtas sa Yakap (Kasama Nila ang Aking Nag-iisang Anak na Lalaki),*** **ni Julie Rogers**

*"Hindi mawawalan ng pagdurusa sa mundong ito, sa loob at labas ng Simbahan, kaya tumingin kayo saanmang dako at makakakita kayo ng taong may pasakit na tila napakahirap pasanin at dalamhati na tila walang katapusan. Isang paraan upang 'lagi siyang aalalahanin' ay ang samahan ang Dalubhasang Manggagamot sa Kanyang walang katapusang gawain na pagtulong sa may mga pasanin at ibsan ng pasakit ng mga namimighati."*

Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Masdan ang Kordero ng Diyos," 46.



© JULIE ROGERS, HINDI MAARING KOPYAHIN



“Kapag binabanggit natin ang ating mga luma at bagong templo, nawa’y ipakita natin sa ating kilos na tayo ay mga tunay na disipulo ng Panginoong Jesucristo,” sabi ni Pangulong Russell M. Nelson sa pagtatapos ng huling sesyon ng ika-189 Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan. “Nawa’y pagbutihin natin ang ating buhay sa pamamagitan ng ating pananampalataya at pagtitiwala sa Kanya. Nawa’y magamit natin ang kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala sa pamamagitan ng pagsisisi natin sa bawat araw. At nawa’y ilaan at muli nating ilaan ang ating buhay sa paglilingkod sa Diyos at sa Kanyang mga anak—sa magkabilang panig ng tabing.”

TAGALOG
4 02186 05893 4

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW